# LUCAS



Naging Kristiyano si *Lucas* na isang doktor na taga-Siria nang magpadala ang mga pamayanan ng Jerusalem at Cesarea ng mga unang misyonero para ihatid ang Ebanghelyo sa labas ng lupain ng mga Judio. Hindi nagtagal, nilisan niya ang bayang sinilangan para sumama kay apostol Pablo.

Nakarating siya sa Roma, ang kapitolyo ng mundo noon. Mga dalawang taon siya roon at nakilala niya sina Pedro at Marcos na nangangaral sa mga Kristiyano sa Roma.

Sa pagsulat ng kanyang ebanghelyo, mga taong 70 noon, pinagbatayan niya ang iba't ibang tekstong naglalaman ng mga gawa at himala ni Jesus na ginamit din nina Marcos at Mateo. Nakatulong din sa kanya ang iba pang mga kuwentong galing sa mga unang alagad ni Jesus na iningatan ng mga kauna-unahang Iglesya ng Jerusalem at Cesarea. Nalaman niya sa kanyang mga paglalakbay ang mga ito.

Sa mga ito hinango ni Lucas ang unang dalawang kabanata ng kanyang Ebanghelyo na nagsasalaysay ng kamusmusan ni Jesus. Hindi malayong si Maria mismo na ina ni Jesus ang nagbigay ng mga impormasyon ng nasabing mga kuwento.

Laki sa kulturang Griyego si Lucas at nagsulat siya para sa mga Griyego. Kaya naman di niya inuulit ang ilang detalyeng binabanggit ni Marcos tungkol sa mga batas at mga kaugaliang Judio na hindi gaanong maiintindihan ng kanyang mga mambabasang Griyego.

Nakita ni Lucas sa ebanghelyo ang kapangyarihang muling nagbubuklod sa mga tao at sa Diyos, at sa mga tao sa isa't isa. Kaya binigyang-diin niya na maihatid sa atin ang mga talinhaga ng awa at ang mga salitang laban sa pera na dahilan ng pagkakawatak-watak ng mga tao. Ipinakita rin ni Lucas ang makataong pakikitungo ni Jesus sa mga babae na lubhang binabale-wala noon.

1 • 1 Marami na ang nagsikap na
isalaysay ang mga nangyari sa pi-
ling natin, 2 batay sa mga ipinaabot sa atin
ng mga nakakita nito noong unang
panahon na naging mga lingkod din ng
Salita. 3 Kaya minarapat ko ring isulat ang
mga ito nang may kaayusan para sa iyo,
matapos maingat na masuri ang lahat ng
ito mula pa sa simula. Kaya kagalang-
galang na Teofilo, 4 ikaw mismo ang
makaaalam na matatag ang mga bagay
na iyong natutuhan.

**Ibinalita ang kapanganakan ni Juan Bautista**

• 5 Sa kapanahunan ni Herodes na hari
ng Judea, may isang paring nag-
ngangalang Zacarias, mula sa pangkat ni
Abias. Mula rin sa lahi ni Aaron ang
kanyang asawa na Elizabeth ang panga-
lan. 6 Kapwa sila matuwid sa harap ng
Diyos at namumuhay nang walang kapin-
tasan ayon sa lahat ng batas at kautusan
ng Panginoon. 7 Ngunit wala silang anak
dahil baog si Elizabeth at kapwa matanda
na sila.

---

• **1.1** Handog ni Lucas ang kanyang sinulat kay Teofilo na isa sigurong mayamang Kristiyano. Ayon sa kaugalian ng panahong iyon (na wala pang imprenta), ibinigay ni Lucas ang kanyang sinulat kay Teofilo sa pag-asang gagastusan nito ang pagpapakopya para naman magamit ng mga pamayanang Kristiyano. Kay Teofilo rin ihahandog ni Lucas ang Aklat ng Mga Gawa ng Mga Apostol.

Sinasabi ni Lucas na personal niyang tiniyak ang katotohanan at kawastuhan ng mga kuwentong ginamit niya sa kanyang ebanghelyo pagkat isinusulat ang kasaysayan hindi batay sa mga sabi-sabi o mga alamat. Pero meron pang mas importante: nakita ni Lucas na ang panunuluyan ni Jesus ang babago sa takbo ng kasaysayan ng mundo.

Di ba't kadalasa'y sinasabi nating ang pananampalatayang Kristiyano ay paraan lamang para iligtas ang ating kaluluwa o para makapunta sa langit o kaya'y para magkalakas ng loob sa oras ng kagipitan? Nakakalimutan nating dumating si Kristo para iligtas ang buong mundo at hindi lamang mga kaluluwa.

• 5. *Sa kapanahunan ni Herodes na hari ng Judea*. Si Herodes ang huling hari ng mga Judio. Pagkamatay niya, naglaho rin ang awtonomiya ng Judea. Nangako nga ang Diyos na di niya kailanman pababayaan ang bansang Judio, pero pahiwatig kaya ito na bigo ang plano ng Diyos? Baka naman may kung anong pagbabagong mangyayari! Pero laging simple lamang at ordinaryo ang anumang simula at hindi nalalagay sa "front page" ng mga diyaryo.

*Pari si Zacarias*. Sa bayang Judio, ang pagpapari ay hindi bunga ng personal na disisyon kundi karapatan ng angkan. May ilang angkan ng mga pari noon na tinatawag na *mga inapo ni Aaron*. Mga pari sa mga sali't salinlahi ang kalalakihan sa mga angkang ito. May nakatakda sa kanilang pribilehiyo at panahon ng paglilingkod sa Templo ng Jerusalem pero liban dito, nagtatrabaho sila bilang ordinaryong mamamayan.

*Baog si Elizabeth*. Tulad ng nangyari kina Sara, Rebeca at Raquel na mga kilalang ninuno ng bayang Israel, at kay Anang ina ni Propeta Samuel, naganap ito para lalong makita ang kagandahang-loob at kapangyarihan ng Diyos sa mga hamak at bale-wala sa lipunan (1 S 1).

*Dininig na ang iyong panalangin*. Gustong magkaanak ni Zacarias pero hindi na siya umaasa pa. Subalit matapos niyang manalangin sa Templo para sa pagliligtas na ipagkakaloob ng Diyos sa kanyang bayan, pareho itong ipinangako sa kanya.

*Hindi siya iinom ng alak*. Maraming lalaki sa Israel ang nagtalaga ng sarili sa Diyos sa ganitong panata: hindi nila ginugupit ang kanilang buhok o umiinom ng anumang inuming nakalalasing, at lumalayo sila sa mundo nang kaunting panahon (Blg 6). Sila ang tinatawag na *Nasireo*.

Ngunit dapat maging Nasireo ang anak ni Zacarias *mula sa sinapupunan ng kanyang ina* hanggang sa kanyang kamatayan, gaya ni Samson (Hkm 13:3). Siya na tatawaging Juan Bautista ay isinusugong mangaral ng pagsisisi, at ang buhay niya mismo ay magiging huwaran ng penitensya (Mc 1:6). Ito ang ikakaiba niya kay Jesus na maliban sa mga natatanging pagkakataon tulad ng pag-aayuno niya sa disyerto ay mamumuhay tulad ng karaniwang tao, at hindi hihingan ng espesyal na pag-aayuno ang kanyang mga alagad (Lc 7:33-34).

At sinabi rin ng anghel kung ano ang magiging misyon ni Juang anak ni Zacarias: *Mangunguna siya taglay ang diwa at kapangyarihan ni Elias*. Nakikita natin sa Biblia na matapos maglaho si Elias na dinala sa Langit ng isang karwaheng apoy (2 H 2:11), patuloy na itinatanong ng pamayanan ng mga sumasampalataya kung ano ang kahulugan ng ekstraordinaryong pangyayaring iyon. Naisip pa nga nila na kung paanong ibinalik ni Elias sa pananampalataya ang kanyang bayan sa panahon ng krisis sa relihiyon, babalik din siya mula sa langit para ibalik ang katapatan ng bayan bago dumating ang Diyos na Tagapagligtas.

Ang paghihintay na ito ng bayang Israel ang tinutukoy ng teksto: hindi nila dapat isipin na si Elias mismo ang babalik mula sa langit, na siyang parang nasasaad sa Mal 4:23. Sa halip, si Juan Bautista ang siyang kikilos *taglay ang diwa ni Elias* para makamit ang pagkakasundo ng lahat sa pamamagitan ng katarungan at katapatan sa batas ng Diyos.

Kaya sa malayong sulok na ito ng daigdig, sa matandang mag-asawa na hindi magkaanak nagsimula ang Magandang Balita. Sapagkat *walang imposible sa Diyos* pero kailangan muna tayong maniwala sa kanyang mga pangako.

8 Minsan, habang naglilingkod si Zaca-
rias sa harap ng Diyos nang turno pa ng
kanyang pangkat, 9 nagpalabunutan sila
ayon sa kaugalian ng kaparian at siya ang
napiling pumasok sa santuwaryo ng Pa-
nginoon para magsunog ng insenso.
10 Kaya sa oras ng pag-aalay ng insenso
habang nananalangin ang buong bayan
sa labas, 11 napakita sa kanya ang anghel
ng Panginoon, nakatayo sa gawing kanan
ng altar ng insenso. 12 Naligalig si Zacarias
at sinidlan ng takot pagkakita rito.

13 Ngunit sinabi sa kanya ng anghel:
"Huwag kang matakot, Zacarias; dininig
na ang iyong panalangin. Ipanganganak
sa iyo ng asawa mong si Elizabeth ang
isang anak na lalaki, at pangangalanan
mo siyang Juan. 14 Magiging ligaya at
tuwa mo siya, at marami rin ang magaga-
lak dahil sa kanyang pagsilang.

15 Magiging dakila nga siya sa harap ng
Panginoon. Hindi siya iinom ng alak ng
ubas o ng butil at mapupuspos siya ng
Espiritu Santo mula sa sinapupunan ng
kanyang ina. 16 Panunumbalikin niya ang
maraming anak ng Israel sa Panginoong
kanilang Diyos. 17 Mangunguna siya sa
kanya taglay ang diwa at kapangyarihan
ni Elias para *papagkasunduin ang mga
magulang at mga anak,* at ibalik ang mga
masuwayin sa pag-unawang bagay sa
mga makatarungan upang maihanda ang
isang bayang angkop sa Panginoon."

18 Sinabi naman ni Zacarias sa anghel:
"Paano ko ito matitiyak? Matanda na nga
ako at may katandaan na rin ang aking
asawa." 19 Sumagot ang anghel at sinabi
sa kanya: "Ako si Gabriel na nasa harap
ng Diyos. Ako ang sinugo sa iyo para
kausapin ka't ihatid ang magandang bali-
tang ito. 20 Matutupad sa takdang pana-
hon ang aking mga salita; ngunit ikaw na
di naniniwala ay magiging pipi at di maka-
pagsasalita hanggang sa araw na mang-
yari ang mga ito."

21 Naghihintay naman kay Zacarias ang
bayan at nagtataka sa pagtatagal niya sa
loob ng santuwaryo. 22 Nang lumabas
siya, hindi na siya makapagsalita kaya
nalaman nilang nakakita siya ng isang
pangitain sa loob ng santuwaryo. Sume-
senyas na lamang siya sa kanila at nana-
tiling pipi.

23 Nang matapos na ang panahon ng
kanyang paglilingkod, umuwi si Zacarias.
24 At pagkaraan ng mga araw, nagdalan-
tao ang asawa niyang si Elizabeth ngunit
limang buwan itong di lumabas ng bahay
at sinabi: 25 "Gawa ito sa akin ng Pangi-
noon sa mga araw ng kanyang pagtingin
sa akin upang alisin ang aking kahihiyan
sa mga tao."

**Ang pagbabalita kay Maria**

*(Mt 1:18)*

• 26 Sa ikanim na buwan, isinugo ng
Diyos ang Anghel Gabriel sa isang bayan
ng Galilea na tinatawag na Nazaret. 27 Si-
nugo ito sa isang birhen na ipinagkasundo
na sa isang lalaking nagngangalang Jose

---

ANG MAHAL NA BIRHENG MARIA

• 26. Ang laki ng respeto ng Diyos sa mga tao! Hindi niya inililigtas ang mga tao kung ayaw nila. Ang Tagapagligtas man ay kinailangan ding naisin at tanggapin ng isang ina. Buong laya at buong kaloobang tinanggap ng isang dalagita na maging lingkod ng Panginoon kayat naging ina siya ng Diyos.

*Maria ang pangalan ng birhen*. Dalawang beses na ginagamit ni Lucas ang salitang *birhen*. Bakit *birhen* at hindi *dalagita* o *babae*? Tinutukoy lamang niya ang mga salita ng mga propeta na nagsasabing tatanggapin ang Diyos ng *birhen ng Israel*. Sa loob ng mga dantaon, pinagtiisan ng Diyos ang di mabilang na pagtataksil ng kanyang bayan, at pinatawad niya sila sa kanilang mga kasalanan. Pero sa pagdating ng Diyos na Tagapagligtas, isang bayang birhen ang dapat tumanggap sa kanya, na ibig sabihi'y kailangan nilang isaisantabi ang sarili nilang mga ambisyon para ilagay sa mga kamay ng Diyos ang kanilang kinabukasan. Isang pusong birhen o bago at hindi laspag sa karanasan ng iba pang mga pag-ibig ang dapat tumanggap sa Diyos. Batay sa propesiya ni Isaias (7:14), marami ang naniniwala, kahit na sa panahon ni Jesus, na ang Mesiyas ay isisilang ng isang birheng ina.

At ngayo'y sinasabi nga sa atin ni Lucas: Si Maria *Ang Birheng* magsisilang sa Mesiyas.

mula sa sambahayan ni David; at Maria
naman ang pangalan ng birhen.
28 Pumasok ang anghel at sinabi sa
kanya: "Matuwa ka, O puspos ng grasya,
sumasaiyo ang Panginoon." 29 Nabagabag
naman si Maria dahil sa pananalitang ito
at pinagwari kung ano ang pagbating ito.
30 At sinabi ng anghel sa kanya:
"Huwag kang matakot, Maria, dahil may
magandang niloloob ang Diyos para sa
iyo. 31 At ngayo'y maglilihi ka at ma-
nganganak ng isang lalaki na panga-
ngalanan mong Jesus. 32 Magiging dakila
siya at tatawagin siyang Anak ng Kataas-
taasan, at ibibigay sa kanya ng Pangi-
noong Diyos ang trono ng kanyang ninu-
nong si David. 33 Maghahari siya sa ang-
kan ni Jacob magpakailanman; talaga

---

*Paano mangyayari ito?* Tinitiyak ng anghel na hindi kay Jose magiging anak ni Maria ang sanggol. Ang mismong nasa Diyos na, na inianak ng Diyos, at Anak ng Ama (tingnan ang Jn 1:1) ang isisilang ni Maria. At ang paglilihi sa kanya sa sinapupunan ni Maria ay walang iba kundi ang pagdating ng Diyos sa ating daigdig.

*Liliiliman ka ng Kapangyarihan ng Kataas-taasan.* Binabanggit sa mga banal na aklat ang *ulap* o *lilim* na pumuno sa Templo (1 H 8:10) tanda ng presensya ng Diyos na bumabalot at nagsasanggalang sa Banal na Lunsod (Sir 24:4). Sa paggamit ng paglalarawang ito, gustong sabihin ng Ebanghelyo na si Maria ang magiging tahanan ng Diyos; at sa pamamagitan ni Maria, isinasagawa ng Diyos ang kanyang mga plano. Kay Maria unang nananahan ang *Espiritu Santo*, at hindi sa Anak nito, pagkat naglihi siya sa kapangyarihan ng Espiritu, gaya ng nakaugalian na nating sabihin, dahil hindi ito gawa ng isang lalaki. Ipinaglihi ni Maria si Jesus sa bisa ng kanyang ganap na pakikipagniig sa bugtong at walang hanggang Salita ng Ama.

Ipinaglihi si Jesus ng birheng ina. Pero bago dumating ang anghel, naisip na kaya ni Maria na italaga sa Diyos ang kanyang pagkabirhen? Walang sinasabi ang Ebanghelyo hinggil dito liban sa salita ni Maria: *Di ako ginagalaw ng lalaki*. Alalahanin natin na si Maria ay nakatakdang ikasal at naipangako na kay Jose, at ayon sa Batas ng mga Judio, itinuturing na rin silang mag-asawa (Mt 1:20). Kaya sa ganitong kalagayan, walang-kabuluhan o mahirap ipaliwanag ang kanyang mga salita kung hindi disidido si Maria na manatiling birhen.

Marami ang nagtataka sa ganitong disisyon ni Maria. Paano niya maiisip na manatiling birhen sa buhay-may-asawa lalo na sa isang bayang walang pagpapahalaga sa pagkabirhen? Kaya kapag nababasa sa Ebanghelyo ang pananalitang "mga kapatid ni Jesus", natural lamang na maisip ng marami sa mga nasa iglesyang di-Katoliko na nagkaanak pa si Maria pagkapanganak niya kay Jesus. Naipaliwanag na natin ang tungkol dito sa Mc 3:31. Ang nakalulungkot ay gusto lang talaga ng mga taong iyon na pabulaanan ang pagkabirhen ni Maria.

Marapat lamang na maging birhen ang mula pa sa simula'y pinili na ng Diyos para tumanggap sa kanyang bugtong na Anak sa bisa ng ganap na pananampalataya. Siya na magbibigay kay Jesus ng dugo nito, ng namamanang mga ugali, karakter at ng unang edukasyon ay siguradong lumaki sa lilim ng Makapangyarihan, tulad ng isang natatagong bulaklak na walang sinumang nagmamay-ari at tinalikuran ang lahat liban sa Diyos na buhay. Kaya siya ang magiging huwaran ng lahat dahil tinalikuran din ng sinumang sumasampalataya ang maraming bagay, sa iba't ibang antas ayon sa misyon ng bawat isa para tahakin ang landas na Diyos lamang ang tanging gantimpala.

Para sa isang sumasampalataya, lalaki man o babae, di pambihira ang ganap na pagwawaksi sa sex. Maraming halimbawa ng mga kabataan na mula pagkabata'y nakadama na mas deretsong daan para mas mapalapit kay Jesus ang daang ito ayon sa ebanghelyo. Puwede ba namang mas kulang pa sa talino si Maria kaysa kanila't di niya madama ang mga bagay na makadiyos? Wala kaya sa kanyang hinagap ang sasabihin ni Jesus hinggil sa pagkabirheng pinili nang dahil sa pag-ibig sa Kaharian? At pagkatapos siyang dalawin ng Espiritu Santo sa natatanging paraan, na siyang hininga ng pag-ibig ng Diyos, kakailanganin pa kaya ni Maria ang mga mapagmahal na yakap ni Jose? Kung ibinibigay sa atin ng kasaysayan ng Iglesya ang napakaraming halimbawa ng selosong pag-ibig ng Diyos sa mga naging kaibigan niya't mga santo, alangan namang mas kaunti pa ang hihingin ng Diyos sa *kanya na puno ng grasya?*

Napakairesponsable at hangal ang mga di nagpatuloy sa tradisyon ng mga apostol na nagpapahayag na naging birhen at nanatiling laging birhen si Maria! Ibababa ba natin ang mga kahanga-hangang gawa ng Diyos sa kaya lamang nating intindihin o gawin.

*ANG PAGBABALITA*

Si Maria lamang ang makapagbabahagi sa Iglesya sa simula nito ng misteryo ng paglilihi kay Jesus. Paano niya maipahahayag ang gayong kalalim na karanasan at paano ito maisasalaysay? Hindi sa pamamagitan ng mga pangitain ang pakikipagkomunikasyon ng Diyos sa kanyang mga dakilang santo at mga propeta o kung may pangitain man, hindi ang mga ito ang pinakaimportante. Nagaganap ang lahat sa isang matalik na pagniniig ng dalawang kalooban. Iniuukit ng Diyos ang kanyang salita sa kaibuturan ng pag-iisip, at ang kanyang grasya ang nagbibigay-kakayahan sa espiritu ng kanyang mga lingkod upang buong puso nilang matugunan ang inaasahan ng Diyos.

Kaya sa kanyang pagsulat kinailangang gamitin ni Lucas ang mga salita at paglalarawang pambiblia na mas madaling makapagpapaliwanag sa karanasan ni Maria sa Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo: isang karanasang di maipahahayag sa salita ng tao.

*Ang Anghel Gabriel.* Ayon sa paniwala ng mga

ngang walang katapusan ang kanyang paghahari."
34 Sinabi ni Maria sa anghel: "Paanong mangyayari ito gayong di ako ginagalaw
ng lalaki?" 35 At sumagot sa kanya ang anghel: "Papanaog sa iyo ang Espiritu Santo at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan kaya magiging banal ang isisilang at tatawaging Anak ng Diyos.
36 At nagdalantao naman ngayon ang pinsan mong si Elizabeth sa kabila ng kanyang katandaan, at siyang itinuturing na baog ay nasa ikanim na buwan na.
37 Wala ngang imposible sa Diyos."
38 Sinabi naman ni Maria: "Narito ang utusan ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi." At nilisan siya ng anghel.

---

Judio nang panahong iyon, pitong anghel lamang na may pinakamataas na ranggo ang puwedeng pumasok sa presensya ng Diyos. At tinawag nilang Gabriel ang isa sa kanila, ito ang nasa aklat ni Daniel na nagbabalita sa oras ng kaligtasan (Dn 8:16; 9:21). Kaya sa paglalahad ng Ebanghelyo tungkol kay Gabriel, ipinaliliwanag lamang nito sa atin na para kay Maria, nagsimula ang lahat nang may katiyakan na iyon na nga ang lugar at sandali ng pagdidisisyon sa kahihinatnan ng mundo.

*Matuwa ka.* Ito ang masayang pagbati ng mga propeta sa "Dalagang Sion", na ibig sabihi'y pamayanan ng mga abang naghihintay sa pagdating ng Tagapagligtas (Sof 3:14; Zac 9:9).

*Puspos ng grasya. Minamahal at kinakalooban* ang mas eksaktong kahulugan ng salitang ginagamit sa Ebanghelyo. May iba pang mga minahal at pinili at kinalugdan ang Diyos, pero ngayo'y ito mismo ang nagiging pangalan ni Maria.

*Nabagabag siya sa pananalitang ito.* Pero hindi *takot* ang sinasabi rito, tulad ng nangyari kay Zacarias (1:12). Mula sa unang sandali ng pagkagising ng espiritu ni Maria, ang presensya ng Diyos ang nagbibigay-inspirasyon sa lahat ng kanyang disisyon. Kaya hindi nagbubunga ng takot ang pagpapahayag sa kanya ng Diyos. Pero naliligalig siya sa mga salita ng Diyos na nagbubunyag ng kanyang walang katulad na bokasyon.

*Maglilihi ka.* Nabanggit na natin na tinutukoy ng pangungusap na ito ang propesiya ni Isaias (7:14). Ibinalita noon ni Isaias ang magiging *Emmanuel* na ang ibig sabihi'y *sumasaatin-ang-Diyos*; panganganlanan siyang *Jesus* ni Maria, na nangangahulugang *Tagapagligtas*.

*Maghahari siya sa angkan ni Jacob* (o bayan ng Israel) *magpakailanman.* Isang paraan ito ng pagsasabing si Jesus ang Tagapagligtas, ang anak ni David na ipinahayag ng mga propeta: 2 S 7:16; Is 9:6.

*Magiging dakila siya* pero di sa pagiging *dakila sa harap ng Panginoon* gaya ng sinasabi tungkol kay Juan Bautista na isang tao lamang (1:15). *Anak ng Kataastaasan* at Anak ni David si Jesus: ang hinihintay na Mesiyas o Tagapagligtas (2 S 7:14; Slm 2:7) ang tinutukoy ng dalawang katangiang ito. Kaya nilinaw ng teksto na mula *sa angkan ni David* si Jose: tingnan ang paliwanag sa Mt 1:20.

*ANG LINGKOD NG PANGINOON*

*Narito ang utusan ng Panginoon.* Hindi huwad na pagpapakumbaba ni Maria ang mga salitang ito kundi pagpapahayag ng kanyang pananampalataya at pagpapaubaya ng sarili sa Diyos. Mula sa kanya isisilang ang kapwa magiging *utusan* na ibinalita ng mga propeta (Is 42:1; 50:4; 52:13) at bugtong na Anak (Heb 1).

Marami ang nagkakamali tungkol sa salitang *utusan* na ang tingin nila sa Diyos ay parang isang makapangyarihang gumagamit sa kanyang mga lingkod para sa sariling kapakanan nang hindi man lamang tumitigil sandali para tingnan sila't mahalin. Para sa kanila'y mababawasan ang kadakilaan ng Diyos kung bibigyan niya ng tunay na responsabilidad si Maria sa Pagkakatawang-tao ng kanyang Anak at kung gagawin niyang marapat si Maria sa kanyang Anak. Ayon sa kanila'y likas sa Diyos ang magdisisyon, kumilos at lumikha nang hindi tayo kasama pagkat mga instrumento lamang tayo ng Diyos. At kailangan lamang ng Diyos si Maria para bigyan ng katawang-tao ang kanyang anak.

Pero lubha itong salungat sa diwa ng Biblia na nagbibigay-diin sa mga pagsisikap ng Diyos na makapiling ng mga tao (Dt 4:7; Kas 8:31). Hindi kailangan ng Diyos ang isang babae para gumawa ng katawang-tao, kundi isang ina ang hinahanap niya para sa kanyang Anak. At kailangang mahalin siya ng Diyos kaysa alinmang nilalang para maging tunay na ina ng kanyang Anak si Maria. Kaya tinawag si Maria na *puspos ng grasya*.

Tinatawag nating *grasya* ang kapangyarihan ng Diyos para pagalingin ang ating espiritu, para ipunla ang disposisyong sumampalataya at gawin tayong bukas sa katotohanan upang isilang sa atin sa natural at di-inaasahang paraan ang tunay na pagmamahal. Ang nanggaling sa Diyos na buhay para mamulaklak sa lupa ang tinatawag nating grasya: Is 45:8; Slm 85:11.

Tunay na *puspos ng grasya* si Maria pagkat sa kanya isinilang si Jesus kung paano siya isinisilang sa Ama. Anak niya si Jesus hindi lamang sa laman na isang anak na kaiba at malayo sa kanyang ina gaya ng paniwala ng maraming di-Katoliko. Ngunit anak siya ng kanyang kaluluwa at ng kanyang pananampalataya dahil siya ang lingkod ng Panginoon, na siyang *naniwala* (Lc 1:45) at ginawan ng Diyos ng mga dakilang bagay (Lc 1:49).

Kaya naiintindihan ng Iglesya na may natatanging lugar si Maria sa gawa ng ating kaligtasan. Siya ang kahanga-hanga't walang katulad na gawa ng Diyos na niloob niyang gawin sa simula ng muling paghubog sa

**Dinalaw ni Maria si Elizabeth**

• 39 Nang mga araw ring iyo'y nag-
mamadaling naglakbay si Maria papunta
sa isang bayan sa mataas na lupain ng
Juda. 40 Pumasok siya roon sa bahay ni
Zacarias at binati si Elizabeth. 41 Nang
marinig ni Elizabeth ang bati ni Maria,
sumikad ang sanggol sa sinapupunan
niya, at napuspos ng Espiritu Santo si
Elizabeth 42 at malakas siyang sumigaw at
sinabi: "Lubos kang pinagpala sa mga
kababaihan. Pinagpala rin ang bunga ng
iyong sinapupunan! 43 Sino nga ba naman
ako't naparito sa akin ang ina ng aking
Panginoon? 44 Nang umabot sa aking pan-
dinig ang iyong pagbati, sumikad sa tuwa
ang sanggol sa aking sinapupunan.
45 Pinagpapala ang naniniwalang maga-
ganap ang mga sinabi sa kanya ng Pa-
nginoon."

**Ang awit ni Maria**

46 At sinabi ni Maria:
"Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon
47 at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas
48 dahil isinaalang-alang niya ang hamak na utusan niya,
at mula ngayon, ituturing akong mapalad ng lahat ng salinlahi.

---

sangkatauhan sa pagkakahawig sa kanya. Kasama ng Anak ng Diyos na naging tao, si Maria ang nilalang na itinaas ng Diyos at inilapit sa kanyang sarili upang sa kanya'y maibigay niya ang kanyang sarili sa mundo. Kasama ni Kristong bagong Adan (Roma 6:6; 1 Cor 15:45), siya ang tunay na Ina ng mga buhay, ang Ina ng bagong paglikha, di tulad ni Evang makasalanan.

*ANG MGA ABA*

• 39. Bilang sagot sa maingat na imbitasyon ng anghel, pinuntahan ni Maria ang kanyang matandang pinsang si Elizabeth para ibahagi rito ang kanyang kaligayahan. At natupad ang sinabi kay Zacarias: *Mapupuspos ng Espiritu Santo* ang anak mo *mula sa sinapupunan ng kanyang ina*.

Hindi ang pinakaekstraordinaryo ang siyang pinakaimportante sa kasaysayan. Mas gusto ng Ebanghelyo na tawagin ang ating pansin sa mga pangyayaring naghahatid ng buhay.

Pagkatapos ng ilang taon, pupunta kay Juan Bautista ang maraming Judio sa paghahanap ng kaligtasan at makikilala nila na ibinigay sa kanya ng Diyos ang apoy ng kanyang Espiritu at ng kanyang Salita. Pero walang magtatanong kung paano niya tinanggap ang Espiritu ng Diyos. At walang makaaalam na pinasimulan ng pagdalaw ni Mariang hamak na dalagita ang katuparan ng plano ng Diyos.

*Pinagpapala ang naniniwala.* May kagalakang nadidiskubre ni Maria na mabunga ang kanyang pagkabirhen. Tinalikuran niya ang pagkakaroon ng mga anak at pagbibigay ng buhay na hangad ng lahat ng babae, ngunit siya ang magbibigay ng buhay ng Espiritu Santo, na siyang Espiritu ni Jesus. Naging Templo ng Diyos si Maria.

Tungkol sa *Awit ni Maria*. Si Maria na di kapansin-pansin sa Ebanghelyo at walang bahagi sa pangangaral ni Jesus ang siyang nagpapahayag ng rebolusyon ng kasaysayan na nagsimula sa pagdating ng Tagapagligtas.

Ipahahayag niya

– ang awa ng Diyos na tumutupad sa kanyang mga pangako,

– ang pagbabagong magaganap sa kalagayan ng tao.

Ito ang inalaala ni Martin Luther King na tagapagpalaya sa mga Negro: "Kahit madalas ay walang nakikita sa Iglesya kundi isang puwersang salungat sa anumang pagbabago, sa katunaya'y iniingatan ng Iglesya ang isang malakas na mithiing nagtutulak sa mga tao tungo sa pinakamataas na tuktok at iminumulat ang kanilang mga mata sa kanilang patutunguhan. Mula sa mainit na lugar ng Afrika hanggang sa mga baryo ng mga Negro sa Alabama, nakita kong nag-aalsa ang mga tao at kinakalag ang kanilang mga kadena. Kadidiskubre lamang nila na mga anak pala sila ng Diyos at imposibleng alipinin ang mga anak ng Diyos."

Ang ikadalawampung dantaon ng kasaysayan ang panahon ng pagkamulat ng daigdig na hangga't hindi gagamitin ng mga dukha at hamak ang mga sandata ng mayayaman at mararahas, kaya nilang ibagsak ang mapang-aping puwersa gaano man ito kalakas.

Ipinahahayag ng Awit ni Maria sa panahong ito ang damdaming nagmumula sa kaibuturan ng kaluluwa ng isang Kristiyano. May panahon tayo para hanapin ang katotohanan, para diskubrihin ang mabibigat na tungkulin natin at para tunay na magpakatao. May panahon para magtanong at maglingkod sa Diyos. At sa dakong huli'y mauunawaan natin na ang pinakadukha pala at pinakamahina ang siyang hinahanap ng pagibig ng Diyos para puspusin at gawing dakila. Kayat wala na tayong magiging panalangin pa kundi pasasalamat sa Diyos para sa kanyang maunawaing kalooban.

[49] Dakila nga ang ginawa sa akin ng Makapangyarihan,
banal ang kanyang Pangalan.
[50] Patuloy ang kanyang awa sa mga sali't salinlahi
para sa mga may pitagan sa kanya.
[51] Ipinakita niya ang lakas ng kanyang bisig,
ipinagtabuyan ang mga taong may mapagmataas na balak.

[52] Pinatalsik niya sa luklukan ang mga makapangyarihan,
itinampok naman ang mga bale-wala.
[53] Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom
at itinaboy namang walang-wala ang mayayaman.

[54] Nilingap niya ang Israel na kanyang lingkod,
inalaala ang kanyang awa
[55] ayon sa ipinangako niya sa ating mga ninuno,
kay Abraham at sa kanyang angkan magpakailanman."

[56] Mga tatlong buwang nanatili si Ma-
riang kasama ni Elizabeth at saka nag-
balik sa kanyang bahay.

**Ang pagsilang ni Juan Bautista**

• [57] Nang sumapit na ang panganganak
ni Elizabeth, isang anak na lalaki ang isi-
nilang niya. [58] Narinig ng mga kapitbahay
at mga kamag-anakan niya kung gaano
nagdalang-awa sa kanya ang Panginoon
kayat nakigalak sila sa kanya.
[59] Nang ikawalong araw na, dumating
sila para tuliin ang sanggol at panganga-
lanan sana nila itong Zacarias gaya ng
kanyang ama. [60] Sumagot naman ang
kanyang ina: "Hindi, tatawagin siyang
Juan." [61] Pero sinabi nila sa kanya: "Wala
ka namang kamag-anak na may ganyang
pangalan." [62] Kaya sumenyas sila sa ama
ng sanggol kung ano ang gusto niyang
itawag dito. [63] Humingi siya ng isang sula-
tan, at sa pagtataka ng lahat ay kanyang
isinulat: "Juan ang pangalan niya." [64] No-
on di'y nabuksan ang kanyang bibig at
nakalag ang kanyang dila. Nakapagsalita
siya at nagpuri sa Diyos.
[65] Kaya namayani ang banal na pagka-
takot sa kanilang mga kapitbahay. At na-
ging usap-usapan ang lahat ng pangyaya-
ring ito sa buong mataas na lupain ng
Juda. [66] Nag-isip-isip ang mga nakarinig at
nagtanungan: "Ano na kaya ang mangya-
yari sa sanggol na ito?" Dahil sumasakan-
ya ngang talaga ang kamay ng Panginoon.

**Ang awit ni Zacarias**

[67] Napuspos ng Espiritu Santo ang ama
niyang si Zacarias at nagpropesiya nang
ganito:

[68] "Purihin ang Panginoon, ang Diyos ng Israel,
dahil nilingap niya at tinubos ang kanyang bayan.
[69] Mula sa sambahayan ni David na kanyang lingkod,
ibinangon niya ang magliligtas sa atin,
[70] ayon sa ipinangako niya noong una
sa pamamagitan ng mga banal niyang propeta:
[71] kaligtasan mula sa ating mga kaaway

• 57. Ano ang pagtutuli? (tingnan ang Gen 17).
*Nanirahan* ang bata *sa disyerto*. Ito ang disyerto ng Judea sa may Dagat na Patay kung saan naroon ang ilang malalaking pamayanan ng mga sumasampalataya na umaasang darating ang Tagapagligtas sa lalong madaling panahon. Itinalaga ng mga grupong ito na tinatawag na *Esenio* ang kanilang mga sarili sa panalangin at pagninilay sa Biblia. Nagtuturo rin sila ng mga bata.

at sa kamay ng mga namumuhi sa
atin.
72 Nagpakita siya ng awa sa ating mga
ninuno
at inalaala ang banal niyang tipan,
73 ang pangakong sinumpaan niya sa
ating amang si Abraham
74 na ililigtas tayo sa kamay ng ating
mga kaaway,
upang walang takot natin siyang ma-
paglingkuran,
75 nang may kabanalan at katarungan
sa harap niya sa buong buhay natin.
76 At ikaw naman na munti pang anak
ay tatawaging propeta ng Kataas-
taasan.
Mangunguna ka nga sa Panginoon para
ihanda ang kanyang daan.
77 Ituturo mo ang kaligtasan sa kan-
yang bayan
sa pagpapatawad niya sa kanilang mga
sala.
78 Ito ang gagawin ng maawaain nating
Diyos
sa pagpapasikat niya sa atin ng araw
na galing sa kaitaasan
79 upang liwanagan ang mga nananatili
sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan,
at akayin ang ating mga yapak sa daan
ng kapayapaan."

80 Habang lumalaki ang bata, pinatatag
siya ng espiritu. Nanirahan siya sa dis-
yerto hanggang sa araw ng kanyang
pagkakahayag sa Israel.

**Kapanganakan ni Jesus**

**2** • 1 Nang mga araw na iyon, nagpa-
labas ng kautusan si Emperador
Augusto na magpalista ang buong im-
peryo. 2 Naganap ang unang sensong ito

---

• **2.1** *Nagpalabas ng kautusan si Emperador Augusto.* Ang mga Judio ay isang maliit na bansang nasa ilalim ng imperyong Romano na binubuo ng marami at iba't ibang bansa. Ginawa ang senso nang *si Quirinio ang gobernador sa Siria*. Binibigyan tayo nito ng medyo eksaktong petsa: taong 5 o 6 "bago kay Kristo", na ibig sabihi'y may kaunting mali ang pagbilang natin ng mga taon "pagkarating ni Kristo", dahil ipinanganak si Jesus bago ang taong 1 ng panahong Kristiyano.

Dahil sa senso, kailangang iwan nina Jose at Maria ang kanilang bahay sa Nazaret noong kagampan na si Maria. Hindi malayong may mga kamag-anak sa Betlehem si Jose na inapo ni David, sapagkat iyon ang lunsod ni David at ng kanyang angkan. Malamang na ipinanganak si Jesus sa bahay ng isa sa mga kamag-anak na ito.

Maraming kuweba sa lupain at mga nayon ng Palestina. Maraming tao ang gumagamit sa mga yungib na ito bilang una nilang tirahan. At sa paglipas ng panahon ay nagtayo sila sa paligid ng isa o ilang kuwarto na yari sa bato at kahoy. Nakaugalian na ng mga tagabukid na kulungin sa kanilang bahay mismo, sa pinakasimpleng kuwarto, ang mga alaga nilang hayop. Dahil sa kakulangan ng lugar sa iisang kuwarto ng pamilya, sa lugar na kulungan ng mga hayop pinatuloy sina Jose at Maria.

Ganito nga ang itinakda ng Ama: lalaki si Jesus sa isang tunay na tahanan, sa isang bahay na hindi na mauubusan ng trabaho o pagkain. Pero sa kanyang pagsilang tulad sa kanyang kamatayan, matutulad si Jesus sa mga labis na pinabayaan. Sa kusang-loob na karukhaang ito, makikilala natin ang pag-ibig ng Diyos na hindi natatakot sa anumang kahihiyan. At naiintindihan natin na bale-wala ang lahat ng kaalwanan at kaginhawahan sa buhay kung ikukumpara sa walang katapat na kayamanan: si Kristo sa ating piling.

*Nagsilang siya ng isang lalaki na kanyang panganay.* Ginagamit din ang salitang ito noon para tukuyin ang isang bugtong na anak; binibigyang-diin lamang nito na nakatalaga sa Diyos ang unang anak na ito (Ex 13:1). Tingnan din ang Roma 8:29; Col 1:15.

Tapos na ang mga kailangang hakbang sa edukasyon sa relihiyon ng sangkatauhan kaya isinugo ng Diyos sa lupa ang kanyang Anak para palayain tayo sa takot at ituro sa atin ang tunay na relihiyon. At ngayo'y *kapayapaan sa mga tao na kanyang mahal* ang ipinahahayag ng anghel. Ganito tayo kamahal ng Diyos! Patangay sana tayo sa kanyang pag-ibig! Bakit patuloy na matatakot? Hindi pa ninyo naiintindihan na naging sanggol ang Diyos at mula ngayo'y lagi na natin siyang makakapiling bilang isang sanggol na hindi nagsasalita at di maipagtatanggol ang sarili. Takot sa Diyos o kaligayaha't kasimplihan?

"Masayang Ina ng Diyos! Ipinanganak mo ngayon ang Tagapagligtas ng lahat ng panahon at nanatili kang birhen sa iyong pagsisilang." Sa totoo'y hindi nga napakadakila ng Diyos para kay Maria, dahil mula sa kaitaasa'y nakikita niya ang mga mapagmataas pero nagiging mahina siya kasama ng hamak.

Nitong nakaraang dalawampung dantaon, nagkaroon ng maraming paglihis sa pananampalataya: napakadalas na itinatanggi ng mga ito na talaga ngang naging tunay na tao ang Diyos. Sinasabi nating Ina ng Diyos si Maria at hindi lamang ina ng taong si Jesus sapagkat hindi puwedeng hatiin ang Anak ng Diyos na naging tao.

nang si Quirinio ang gobernador sa Siria.
3 Kaya kailangang maglakbay ang bawat
isa para sa kanya-kanyang bayan mag-
palista. 4 Umahon din si Jose mula sa
bayan ng Nazaret sa Galilea. Mula siya sa
angkan at lahi ni David kaya pumunta
siya sa Judea upang sa bayan ni David na
tinatawag na Betlehem magpalista, 5 ka-
sama si Maria na ipinagkasundo na sa
kanya na nagdadalantao noon.

6 Habang naroon sila, dumating ang
sandali ng panganganak ni Maria. 7 At
nagsilang siya ng isang lalaki na kanyang
panganay. Binalot ito ng lampin at inihiga
sa sabsaban – dahil walang lugar para sa
kanila sa bahay.

**Ang mga pastol at mga anghel**

• 8 Sa lupain ding iyo'y may mga pastol
na nasa silungan na halinhinan sa pagba-
bantay sa kanilang kawan sa gabi. 9 Big-
lang dumating sa kanila ang isang anghel
ng Panginoon at nagningning sa paligid
nila ang luwalhati ng Panginoon; gayon na
lamang ang takot nila. 10 Ngunit sinabi sa
kanila ng anghel: "Huwag kayong ma-
takot, ipinahahayag ko nga sa inyo ang
magandang balita na magdudulot ng ma-
laking kagalakan sa lahat ng bansa.
11 Ngayo'y isinilang sa inyo sa bayan ni
David ang Tagapagligtas na si Kristong
Panginoon. 12 At ito ang magiging pala-
tandaan ninyo: makikita ninyo ang isang
sanggol na nababalot ng lampin at naka-
higa sa sabsaban."

13 Biglang-bigla namang lumitaw ka-
sama ng anghel ang isang makapal na
hukbo ng langit, na nagpupuri sa Diyos at
sinasabi: 14 "Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga tao na
kanyang mahal."

15 Pagkaalis ng mga anghel papunta sa
langit, nag-usap-usap ang mga pastol:
"Tayo na, pumunta tayo sa Betlehem at
tingnan natin ang nangyaring ito na ipina-
alam sa atin ng Panginoon." 16 Kaya nag-
mamadali silang pumunta at natagpuan
nila si Maria at si Jose at ang sanggol na
nakahiga sa sabsaban. 17 Pagkakita rito,
pinatotohanan nila ang pahayag na binig-
kas sa kanila tungkol sa batang ito. 18 Na-
mangha rin ang mga nakarinig sa mga
sinasabi ng pastol sa kanila.

• 19 Iningatan naman ni Maria ang mga
ito at pinagnilay-nilay sa kanyang puso.

---

• 8. *Nagningning sa paligid nila ang luwalhati ng Panginoon*. Nanaig ang takot sa mga pastol nang makita nilang nababalutan sila ng misteryo ng Diyos. Pero pagkatapos ay tungkol naman sa *kaligayahan* ang ating maririnig pagkat kaligayahan at kapayapaan ang unang bunga ng Ebanghelyo sa oras na tanggapin natin ito.

*Ito ang magiging palatandaan ninyo*. Makikilala natin ang Diyos na naging pobreng kasama natin upang maibahagi naman niya sa atin ang kanyang mga yaman.

*Kapayapaan sa mga tao na kanyang mahal*. Hindi eksakto ang nakagisnan na nating salin nito: kapayapaan sa mga taong may mabuting kalooban. Sa totoo'y ang Diyos ang siyang nagpapakita sa atin ng kanyang kagandahang-loob o pagmamahal (ibinibigay niya sa atin ang kanyang grasya) bago pa man tayo magpakabuti. Dahil sa pamamagitan ng kanyang Anak, iniaalok sa atin ng Diyos ang isang pakikipag-kasundo. Lahat ng pangangaral ni Jesus mula sa simula ay para sabihing nasa atin na ang Diyos.

*Umuwi ang mga pastol na pinupuri ang Diyos*. Samantalang nasa kadiliman ang daigdig, nakita ng ilang mga pastol ang Diyos. Bakit sila tinawag sa sabsaban? Para naman siguro magkaroon ng kon-suwelo sina Maria at Jose na makakita ng mga duk-hang nakarating sa kanilang tinuluyan. At ang mas malamang ay dahil wala nang hihigit pang kaligayahan sa Diyos kundi ang pagpapakilala niya sa kanyang sarili.

Sa pagsilang ni Jesus nagsisimula ang isang bagong panahon (ang huling panahon gaya ng sasabihin ng mga apostol) na sa isang banda ay patuloy na hinihintay ang kaligtasan ng mundo at sa kabilang dako nama'y tinatamasa na ang kaligtasang ito. Ang mga pastol ang huwaran ng mga nagtatalaga ng sarili sa kontemplasyon. Kasunod naman ng mga ito, hindi kailanman magiging pawang sa pagkakawanggawa lamang o sa pagsulong ng tao ang Iglesya, kundi sa pinakawagas na diwa nito'y patuloy na pagmamasdan si Kristong nasa kanyang piling para magpasalamat at magalak sa Diyos.

• 19. *Iningatan ni Maria ang mga ito*, sapagkat para sa kanya, anumang mangyari sa buhay niya ay paraan ng paghahayag ng Diyos ng mga plano nito para sa kanya. At lalo na ngayong nabubuhay siyang kapiling si Jesus! Nagtaka siya, namangha pero hindi

20 Umuwi ang mga pastol na niluluwalhati
at pinupuri ang Diyos dahil nakita nila ang
lahat ng kanilang narinig ayon sa ipina-
sabi sa kanila.

21 Pagsapit ng ikawalong araw, kaila-
ngan nang tuliin ang bata; noon siya pi-
nangalanang Jesus, ang itinawag sa kan-
ya ng anghel bago pa siya ipinaglihi.

**Dinala si Jesus sa Templo**

• 22 Nang dumating na ang araw ng pag-
lilinis nila ayon sa Batas ni Moises, dinala
ang sanggol sa Jerusalem para iharap sa
Panginoon – 23 tulad ng nasusulat sa Batas
ng Panginoon: *Lahat ng panganay na lalaki ay ituturing na banal para sa Panginoon.*
24 Dapat din silang mag-alay
ng sakripisyo tulad ng binabanggit sa
Batas ng Panginoon: *isang pares na batubato o dalawang inakay na kalapati.*

25 Ngayon, sa Jerusalem ay may isang
taong nagngangalang Simeon; totoong
matuwid at makadiyos ang taong iyon.
Hinihintay niya ang pagpapaginhawa ng
Panginoon sa Israel at sumasakanya ang
Espiritu Santo. 26 Ipinaalam naman sa
kanya ng Espiritu Santo na hindi siya ma-
mamatay hangga't hindi niya nakikita ang
Mesiyas ng Panginoon. 27 Kaya pumunta
siya ngayon sa Templo sa pagtutulak ng
Espiritu, nang dalhin ng mga magulang
ang batang si Jesus para tuparin ang kau-
galiang naaayon sa Batas tungkol sa
kanya.

28 Kinalong siya ni Simeon sa kanyang
mga braso at pinuri ang Diyos, at sinabi:

29 "Mapayayaon mo na ang iyong utusan, Panginoon,
nang may kapayapaan ayon na rin sa iyong wika;
30 pagkat nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas
31 na inihanda mo sa paningin ng lahat ng bansa,
32 ang liwanag na ibubunyag mo sa mga bansang pagano
at ang luwalhati ng iyong bayang Israel."

---

naligalig. Walang anumang pagdadalawang-isip ang kanyang pananampalataya. Ngunit kailangan din niyang maghirap na dahan-dahang madiskubre ang mga daan ng kaligtasan. *Pinagnilay-nilay* niya ang mga ito *sa kanyang puso* hanggang sumapit ang mga araw ng Pagkabuhay at ng Pentekostes kung kailan naging malinaw ang lahat ng salita at gawa ni Jesus.

• 22. Nagpunta na si Maria at Jose sa Templo para tuparin ang isang seremonya ng relihiyong Judio (Lev 12:18). Isa pa'y kailangang italaga sa Diyos si Jesus dahil panganay na lalaki siya. Sa pagkakataong ito nakatagpo ng Banal na Mag-anak ang dalawang matanda na naghihintay rin sa pagliligtas ng Diyos gaya ng lahat. Pero sila lamang ang karapat-dapat makakilala sa Tagapagligtas bago pa nito magawang magpakilala.

Kapwa naghihintay ng Tagapagligtas sina Simeon at Ana sa tunay na kahulugan nito: di isang tagapagligtas na pangmateryal o pampulitika tulad ng karaniwang inaasahan noon sa panahon ni Jesus kundi isang unibersal na tagapagligtas sa kasamaan at kasalanan, ang tagapagsimula sa tunay na Kaharian ng Diyos. Kabilang ang dalawang banal na taong ito – at maging sina Maria at Jose – sa "maliit na nalabi sa Israel", isang maliit na grupo ng mga Judio na naging matapat sa pinakamagandang aral ng mga propeta.

Kinarga ni Simeon ang batang Diyos at itinaas na parang iniaalay. Ang totoo'y sarili niyang buhay na malapit nang magwakas ang iniaalay ng matanda.

*Nakita na ng aking mga mata ang iyong Pagliligtas.* Hindi lamang "iyong pagliligtas" kundi ng *lahat ng bansa*.

Ano ang ibig sabihin ng *paglalagusan ng isang punyal ang puso* ni Maria? Tiyak na ang mga hapis ng ina sa pagkakita sa kanyang anak na naghihingalo sa krus ang tinutukoy ng salitang ito. Pero nangangahulugan din ito ng lahat ng pagdurusang daranasin ni Maria pagkat di niya laging maiintindihan ang ginagawa ng kanyang anak. Kahit na mas alam niya kaysa kaninuman ang mga intensyon ni Jesus, may panahon ding hindi niya maiintindihan ang dahilan ng mga kilos nito at pagkat lubos niyang mahal si Jesus, lalo naman siyang magdurusa.

Si Kristo ang liwanag ng Diyos. *Liwanag* na tumatanglaw siyempre sa mga tao ngunit siya ring bumubulag at lumilito sa kanila kung minsan. Siya ang tandang humahati sa mga tao – narito ang isang misteryo – di naman laging ang pinakamasama ang sumasalungat sa kanya. May ilang naniniwala kay Kristo pero nananatiling masama dahil hindi nila makita ang kanyang liwanag. Kayat hindi rin nila makita na hinuhugasan sila ng liwanag na ito. At meron din namang mabubuting taong hindi naniniwala pagkat niloob ng Diyos na habambuhay nilang hanapin ang liwanag.

33 Nagtataka ang ama at ina ng bata sa
mga sinasabi tungkol sa kanya. 34 Pinag-
pala naman sila ni Simeon at sinabi kay
Mariang ina ng bata: "Dahil sa kanya,
babagsak o babangon ang mga Israelita
at magiging tanda siya sa harap nila at
kanilang sasalungatin. 35 Kaya mahaha-
yag ang lihim na pag-iisip ng mga tao.
Ngunit paglalagusan naman ng isang
punyal ang puso mo."

36 May isa ring babaeng propeta, si Ana
na anak ni Panuel na mula sa tribu ng
Aser. Matandang-matanda na siya. Pag-
kaalis sa bahay ng kanyang ama, pitong
taon lamang silang nagsama ng kanyang
asawa, 37 at nagbuhay-biyuda na siya at
hindi siya umaalis sa Templo. Araw-gabi
siyang sumasamba sa Diyos sa pag-
aayuno at pananalangin. Walumpu't apat
na taon na siya. 38 Sa pag-akyat niya sa
sandaling iyon, nagpuri rin siya sa Diyos
at nagpahayag tungkol sa bata sa lahat
ng naghihintay sa katubusan ng Jeru-
salem.

39 Nang matupad na ang lahat ng ayon
sa Batas ng Panginoon, umuwi sila sa
kanilang bayan, sa Nazaret sa Galilea.
40 Lumalaki at lumalakas ang bata; napus-
pos siya ng karunungan at sumasakanya
ang kagandahang-loob ng Diyos.

**Ang pagkakatagpo kay Jesus sa Templo**

• 41 Pumupunta taun-taon sa Jerusalem
ang mga magulang ni Jesus para sa
Piyesta ng Paskuwa. 42 Kayat nang mag-
labindalawang taon na siya, umahon sila
tulad ng nakaugalian para sa pagdiri-
wang. 43 Subalit nang umuwi na sila pag-
katapos ng mga araw ng piyesta, naiwan
sa Jerusalem ang batang si Jesus nang
hindi namamalayan ng kanyang mga
magulang.

44 Sa pag-aakalang kasama siya ng iba
pang mga kasamahan, maghapon silang
nakipaglakbay at noon nila hinanap ang
bata sa mga kamag-anakan nila't mga
kakilala. 45 Nang hindi nila siya matag-
puan, bumalik sila sa Jerusalem sa pag-
hahanap sa kanya. 46 At sa ikatlong araw,
natagpuan nila siya sa Templo, naka-
upong kasama ng mga guro at nakikinig
at nagtatanong sa kanila. 47 At namangha

---

*NAZARET – PAGTATAMO NG KALAYAAN*

• 41. Sa kanyang mga taon sa Nazaret, nadiskubre ni Jesus ang buhay gaya ng alinmang bata o kabataang kaedad niya. Hindi siya tumanggap ng espesyal na edukasyon. Hindi siya nagpakita ng mga ekstraordinaryong talento liban sa ganap niyang karunungang sumuri't tumimbang sa lahat ayon sa pamantayan ng Diyos.

Sa edad na *labindalawang taon*, ang isang nagbibinata ay nakatakdang magsimulang tumupad sa mga patakaran ng relihiyon, at isa na rito ang pagpunta sa Jerusalem para sa mga piyesta. Sa lilim ng mga pasilyo ng Templo, nakaupo ang *Mga Guro ng Batas* na nagtuturo sa mga pumupunta roon at nakikipagtalakayan sa kanila.

Sa ganitong okasyon, unang ipinakita ni Jesus ang pagtayo niya sa sariling mga paa. *Bakit mo ito ginawa sa amin?* Puwede namang humingi muna ng permiso sa kanila ang batang ito o kaya'y nagsabi man lamang sa kanyang mga magulang. Paano niya nagawang magpaiwan nang dalawang araw nang hindi iniisip na labis silang mag-aalala? Pero hindi, sa totoo'y nakamit ni Jesus ang isang radikal na kalayaan bago siya umuwing kasama nila. At hindi niya sinisi ang sarili sa pagdudulot sa kanila ng sama ng loob.

Mula noon, magiging *masunurin siya sa kanila*, pero naipakita na niya sa kanila na kilala niya kung sino siya, at kaya niyang isakripisyo ang anuman o putulin ang ano pa mang relasyon makapaglingkod lamang siya sa *kanyang Ama* sa paraang maganda sa palagay niya.

Sa pagbasa natin sa tekstong ito, magandang pagnilayan ang respetong dapat ibigay ng mga magulang sa bokasyon ng kanilang mga anak at ang pagsisikap na dapat nilang gawin para maunawaan ang mga anak na nagsisimulang magsarili. Sa halip na sabihing nawala ang batang si Jesus, mas eksaktong sabihing natagpuan ng nagbibinatang si Jesus ang kanyang sarili.

Nakapagtataka na lumalabas na parang kay Maria pa ang unang problema ni Jesus. Problema ito ng di-pagkakaunawaan, at di dapat sisihin si Jesus o si Maria: tama ang kanilang ginawa ayon sa pananaw at katayuan ng bawat isa. Isinasagisag nito marahil ang maraming di-pagkakasundong nangyayari sa loob mismo ng Iglesya. Ito ang mga problemang bunga ng iba't iba at tunay na mga pananaw at katayuan, mga ministeryo at karisma na hindi nalulutas sa pagsisisihan kundi sa pag-uusap at pag-intindi sa isa't isa.

sa kanyang talino at mga sagot ang mga
nakarinig sa kanya.
48 Nagulat ang kanyang mga magulang
pagkakita sa kanya, at sinabi sa kanya ng
kanyang ina: "Anak, bakit mo naman ito
ginawa sa amin? Nagdusa nga ang iyong
ama at ako habang hinahanap ka namin."
49 Ngunit sinabi niya sa kanila: "At bakit
ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo
alam na dapat ay nasa bahay ako ng
aking Ama?" 50 Pero hindi nila naintin-
dihan ang sinabi niya sa kanila.
51 Kaya bumaba siyang kasama nila
pa-Nazaret, at patuloy siya sa pagiging
masunurin sa kanila. Iningatan naman ng
kanyang ina ang lahat ng ito sa kanyang
puso.

• 52 At umunlad si Jesus sa karunungan
at edad at kagandahang-loob sa paningin
ng Diyos at ng mga tao.

**Inihanda ni Juan Bautista ang daan ng Panginoon**

*(Mc 1:1; Mt 3:1; Jn 1:19)*

3 • 1 Ito ang nangyari sa ikalabin-
limang taon ng paghahari ni Empe-
rador Tiberio. Gobernador noon ng Judea
si Poncio Pilato at mga tetrarka si Herodes
sa Galilea, si Felipe na kapatid nito sa
Iturea at Traconitide, at si Lisanias sa
Abilene; 2 sina Anas at Caifas naman ang
mga Punong-pari nang panahong iyon. At
noon dumating kay Juan na anak ni
Zacarias ang salita ng Diyos sa disyerto.

• 3 Ipinahayag ni Juan ang binyag ng
pagbabalik-loob para sa kapatawaran ng
mga kasalanan, at nilibot niya ang buong
rehiyon sa tabi ng Ilog Jordan. 4 Nasusulat
nga sa aklat ng pahayag ni Propeta Isaias:
*"Naririnig ang sigaw sa disyerto: Ihanda*
*ang daan para sa Panginoon, ituwid ang*

---

• 52. Wala nang binabanggit si Lucas tungkol sa buhay ni Jesus sa Nazaret hanggang sa edad na tatlumpung taon, na simula ng kanyang pangangaral. Aprentis siya ni Jose at pagkamatay nito, si Jesus ang naging karpintero ng Nazaret. Tiyak na namatay si Jose bago nagpakilala si Jesus dahil kung hindi ay naiwan sana si Maria kay Jose nang umalis si Jesus. Isang tao sa piling ng mga tao ang anak ni Maria, at matagal ding iningatan ng pamayananang Kristiyano ng Nazaret ang mga gawa ng karpinterong Anak ng Diyos.

• **3.**1 Binibigyan tayo ni Lucas ng mga detalyeng maglalagay kay Jesus sa kasaysayan. Nasa taong 27 tayo "pagkarating ni Kristo" at sa katunaya'y mga tatlumpung taon o tatlumpu't limang taon si Jesus. Wala na ang awtonomiya ng mga Judio at nahahati ang kanilang bansa sa apat na maliliit na probinsya. Sina *Herodes* at *Felipe* na mga anak ni Herodes na binanggit sa pagsilang ni Jesus (tingnan Mt 2:1) ang namumuno sa dalawa sa mga probinsyang ito.

Puwede ring basahin ng mga interesado sa mga paliwanag na may kinalaman sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ayon sa panahon ang Juan 2:20.

Nang taong 'yon, naghirap ang mga Judio sa imperyalismong Romano, sa korupsyon ng kanilang mga lider, sa kakulangan ng pananampalataya ng mga pari nilang materyalista, at sa radikal na pulitika sa bayan na nahahati sa di magkakasundong mga pangkat at partido. Ang mismong paglubha ng sitwasyon ang kumukumbinsi sa kanila na malapit nang matupad ang mga pangako ng Diyos tungkol sa kanyang pagdating. Ngayon na ang Paghahari ng Diyos o wala na kailanman. Kaya gumigising ng malaking interes ang pangangaral ni Juan Bautista.

*ANG KAPATAWARAN NG MGA KASALANAN*

• 3. Itinuturo ni Juan ang daang dapat nating sundin para matanggap ang pagliligtas ng Diyos: dapat nating aminin na makasalanan tayo at may pananagutan tayong lahat sa kritikal na sitwasyong ating ginagalawan.

Dapat tanggapin ng mga tao na makasalanan sila at *humingi ng tawad* sa Diyos. Hindi mababago ng unang hakbang na ito ang mundo pero ito ang magbibigay-daan sa tunay na kaligtasan. Ibang mga paraan para sa pagbabago ng lipunan ang gagamitin ng mga taong humingi na ng tawad sa Diyos kaysa ginagamit ng mga naniniwalang mabuti sila at matuwid sa harap ng mga mapagsamantala't masasama.

May matinding kamalayan sa *kasalanan* ang bayang Judio na laki sa turo ng Biblia kaya handa silang makinig kay Juan nang mangusap ito tungkol sa paghahanap sa kapatawaran ng Diyos.

Sa katunaya'y hindi handa ang lahat na magbalik-loob: tayong lahat ay may magagandang dahilan para isipin na lagi tayong may maikakatwiran para sa ating mga personal na pagkakasala: Mali nga ang aking ginagawa pero... Isa pa'y kinukumbinsi natin ang ating sarili na magiging maunawain ang Diyos sa atin na kabilang sa kanyang Iglesya. Nasa panig tayo ng mabubuti at ipinagtatanggol natin ang kabutihan ng relihiyon: *si Abraham ang ama namin*. Mga tunay na mananampalataya tayo at magagaling na Katoliko... at *lahi ng mga ulupong*.

Nagpunta kay Juan ang lahat ng klase ng matindi

*kanyang landas.* 5 *Patataasin ang bawat*
*lambak at pabababain ang bawat*
*bundok at burol. Papatagin ang mga*
*batong kinatitisuran at papantayin ang*
*lupang lubak-lubak.* 6 *At makikita ng*
*lahat ng tao ang pagliligtas ng Diyos."*
7 Kaya sinabi ni Juan sa maraming
taong lumabas para magpabinyag sa
kanya: "Lahi ng mga ulupong! Sino ang
nagsabi sa inyong matatakasan ninyo ang
darating na paghatol? 8 Kaya gumawa
kayo ng mga tunay na bunga ng pagba-
bagong-buhay. Huwag ipagyabang na 'si
Abraham ang ama namin!' Sinasabi ko sa
inyo na kahit sa mga batong ito'y
makagagawa ng mga anak ang Diyos
para kay Abraham! 9 Nakaamba na ang
palakol sa tabi ng ugat ng mga puno para
sibakin ang alinmang punong hindi
namumunga nang mabuti, at itatapon ito
sa apoy."
10 Tinatanong siya ng maraming tao:
"Ano ngayon ang aming gagawin?" 11 Su-
magot si Juan sa kanila: "Ang may dala-
wang balabal ay magbigay sa taong wala,
at gayon din ang gawin ng may pagkain."
12 Pinuntahan siya pati ng mga mani-
ningil ng buwis para magpabinyag at si-
nabi sa kanya: "Guro, ano ang aming
gagawin?" 13 At sinabi ni Juan: "Huwag
kayong maningil ng higit sa ipinag-uutos
sa inyo." 14 Nagtanong din sa kanya ang
mga sundalo: "Ano naman ang gagawin
namin?" At sinabi niya sa kanila: "Huwag
kayong mangikil o magparatang nang
di totoo kanino man; masiyahan na kayo
sa inyong suweldo."

• 15 Nananabik noon ang mga tao at
nag-isip-isip ang lahat kung hindi nga
kaya si Juan ang Mesiyas. 16 At sumagot
si Juan sa pagsasabi sa kanilang lahat:
"Nagbibinyag ako sa inyo sa tubig pero
dumarating na ang isang mas makapang-
yarihan sa akin. Ni hindi ako karapat-
dapat magkalag ng tali ng kanyang mga

---

ang loob na makamit ang kapatawaran ng Diyos: maging ang mga babaeng bayaran, mga kolektor ng buwis (Mc 2:13) at mga sundalo ng kaapihan. Walang sinumang tinanggihan si Juan pero hiningi niya sa bawat isa ang personal na komitment sa katarungan. Ang Kaharian ng Diyos ay hindi magsisimula sa tawag para sa kagandahang-loob, na isa sa mga tawag na hanggang mga salita na lamang at mabubuting intensiyon: mga taong nagtakwil na ng kanilang mga bisyo ang binibinyagan, at mula sa kanila mang-gagaling ang mga alagad ni Jesus.

Iniimbita tayo ni Juan na makibahagi, na ibig sabihi'y ihanda ang isang lipunang nagkakaisa sa pagmamalasakit na mabigyan ng kanyang kinakailangan ang bawat isa at hindi kayang bulagin ng mga pagkakaibang hatid ng pera o lakas: *huwag abusuhin ang mga tao.*

Magiging malalim at pangmatagalan ang ating pagbabagumbuhay kung magiging kritikal tayo sa mali nating pagtingin sa daigdig at sa mga tao. Ang pagpapabalik-loob sa isang mayaman ay nangangahulugan ng pagtulong sa kanya para tanungin ang kanyang sarili kung bakit siya mayaman gayong napakaraming dukha sa piling niya. Dapat makilala ng isang lalaking madaling magtaksil sa kanyang asawa ang higit na pagpapahalaga niya sa sariling pagkalalaki at makipag-ugnayan sa kanyang asawa bilang mga taong may sapat na gulang.

Ang tawag ni Juan para sa isang personal na pagbabagumbuhay ang maghahatid ng pagbabago ng lipunan. Hindi sapat na ilang babaeng bayaran lamang at mga lasenggo ang magbagumbuhay bilang halimbawa. Kailangan din nating tanungin ang sarili tungkol sa pagkakaugnay-ugnay ng mga dahilan ng paglaganap ng prostitusyon, tungkol sa iniikutang ekonomiya na nagbubunga ng alkoholismo, tungkol sa mekanismong panlipunan na sanhi ng paghihikahos ng mga manggagawa, magbubukid at ng mga katutubo.

• 15. Paglubog sa tubig at pag-ahon ang ibig sabihin ng *pagpapabinyag*. Binibinyagan noon ang mga Esenio sa disyerto sa okasyon ng ilang piyesta para ipakita ang paghahangad nilang marating ang isang mas dalisay na buhay pagdating ng Tagapagligtas. At nagbibinyag naman si Juan sa mga may gustong ituwid ang kanilang buhay at pinagtitibay ang kanilang komitment sa pamamagitan ng isang nakikitang seremonya.

*Hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak* (b. 16): nang panahong iyon, ang nagbibinyag ang nagkakalag sa sandalyas ng binibinyagan, at saka niya ito tutulungang maghubad. Ibig sabihin nito'y hindi karapat-dapat si Juan na magbinyag kay Jesus.

Pinaghahambing dito ng Ebanghelyo si Juan at si Jesus, ang binyag ni Juan at ang binyag-Kristiyano.

Narinig na nating lahat ang ganitong mga salita: dahil tatlumpung taon si Jesus nang binyagan, kaya dapat din tayong binyagan kapag may sapat na gulang na. Pero walang silbi ang argumentong ito pagkat magkaibang binyag ang tinutukoy dito at hindi pareho ang mga hinihingi ng mga ito.

panyapak. Sa Espiritu Santo at apoy niya
kayo bibinyagan. 17 Siya ang nakahan-
dang magtahip sa lahat ng butil ng trigo.
Iipunin niya ang lahat ng butil sa kanyang
kamalig pero susunugin ang mga ipa sa
apoy na walang hanggan."
18 Sa pamamagitan nito at sa iba pang
pangangaral nagturo si Juan sa bayan.
19 Tinuligsa naman ngayon ni Juan ang
tetrarkang si Herodes dahil kinakapisan si
Herodyas na asawa ng kanyang kapatid
at dahil sa lahat ng kasamaang ginawa
nito. 20 At gumawa pa ng mas masama si
Herodes: ipinabilanggo niya si Juan sa
kulungan.

### Bininyagan ni Juan si Jesus

*(Mt 3:13; Mc 1:9; Jn 1:29)*

• 21 Nang mabinyagan ang lahat ng tao,
nabinyagan din si Jesus. At nabuksan ang
langit habang siya'y nananalangin.
22 Bumaba sa kanya ang Espiritu Santo sa

---

*Binyag sa tubig... binyag sa apoy...* Isang napakaordinaryong karanasan ang tinutukoy ng paghahambing na ito. Hinuhugasan sa tubig ang mantsa sa damit pero malayong maging parang bago ang nilabhan na. At saka may mga mantsang di puwedeng alisin. Dinadalisay naman ng apoy ang metal na may kalawang kayat lumalabas itong makinang mula sa tunawan, parang bago tulad ng dati. At kaya ring tupukin ng apoy ang mantsa pati na ang bagay na namantsahan.

Binibinyagan ni Juan sa tubig ang mga taong may gustong ituwid ang kanilang buhay. Para sa kanila'y isang paraan ng paghahayag sa publiko ng kanilang mga disisyon at mga pangako ang binyag. Ngunit kasinrupok pa rin ang mga resolusyong ito ng alinmang komitment ng tao at di sapat para bunutin ang pinakaugat ng kasamaan mula sa ating puso.

Inaatasan naman ni Jesus ang kanyang mga apostol na binyagan ang sumasapi sa Iglesya. Sa pagkakataong iyon, kung tinatanggap nang may pananampalataya ang binyag, ibinibigay ng Diyos ang kanyang Espiritu na bumabago sa kalooban ng mga tao.

Hindi nagbinyag ng mga bata (o mga babae) si Juan. Subalit para naman sa binyag-Kristiyano, hindi sa komitment ng binibinyagan nagmumula ang bisa nito kundi sa kaloob ng Diyos na nagpapaging mga anak ng Diyos sa atin. Kaya puwede ring binyagan ang mga bata. At matatanggap din nila ang kaloob na ito ng Diyos kung tatanggapin ng kanilang pamilya at pamayanang Kristiyano ang pananagutan sa kanilang paglago sa pananampalataya.

• 21. Hindi kailangang magbagumbuhay ni Jesus ni tumanggap ng binyag ni Juan. Pero bilang Tagapagligtas, gusto niyang makasama ang mga kapatid niyang makasalanan na naghahanap ng daan ng kapatawaran. Sa pagtanggap ni Jesus ng binyag ni Juan, sinasabi niya na ito ang tamang daan: hanapin ang katarungan at magbagumbuhay.

Mga dantaon nang walang mga propeta. Parang walang-imik ang Diyos at sinasabi ng mga Judio na "sara ang mga langit". Pero muling nagsasalita ngayon ang Diyos at si Jesus ang humalili sa mga propeta. *Nabuksan ang langit* o may tinanggap si Jesus na paghahayag mula sa Diyos (tingnan Ez 1:1 at Pag 4:1).

*Ikaw ang aking Hinirang.* Sino ang nakakita at sino ang nakarinig sa tinig na iyon? Hindi ito malinaw sa Ebanghelyo (Mt 3:16; Mc 1:10; Jn 1:32). Dinadala tayo ng pag-aaral ng mga teksto sa sumusunod na kongklusyon: kinasihan si Jesus ng isang rebelasyon mula sa Diyos na maaaring ibinahagi ni Juan Bautista. Pero bakit ang gayong paghahayag? Kinailangan ba ni Jesus na malamang siya ang Anak ng Diyos?

Huwag nating kalimutan na ang mga salitang *Anak ng Diyos* ay puwedeng intindihin sa iba't ibang paraan. Sa panahong bago dumating si Jesus, tinatawag na *anak ng Diyos* ang hari ng Israel. Ginamit din ang *anak ng Diyos* para sa hinihintay na Mesiyas na hinirang ng Diyos para iligtas ang Israel.

Anak ng Diyos si Jesus (ayon sa pagpapakahulugan natin sa salitang ito: Bugtong na Anak ng Ama, Diyos buhat sa Diyos), mula pa nang ipaglihi siya. At mula sa sandaling iyon, alam na ni Jesus na Anak siya ng Diyos.

Subalit tanging sa sandali lamang ng pagbibinyag sa kanya ni Juan saka tinanggap ni Jesus ang tawag ng Diyos na nag-iimbita sa kanya na simulan ang kanyang ministeryo ng kaligtasan, at ginawa siya ng Diyos na anak nito (ayon sa matandang pagkaintindi ng Biblia), o propeta at hari ng kanyang bayan. Kaya inaalaala ng b. 20 ang isang pangungusap sa Isaias 42:1 tungkol sa Tagapagligtas.

Dahil ang salita ng Diyos (kung talaga ngang galing ito sa Diyos) ay laging mabisa at tumutupad sa ipinahahayag nito, tinatanggap din ni Jesus ang kapuspusan ng Espiritung nagtatalaga sa mga propeta at gumagawa ng mga himala. Mula sa paglilihi sa kanya, tinamasa na ni Jesus ang kapuspusang iyon ng Espiritung nag-uugnay sa kanya sa kanyang Ama sa isang natatanging relasyon. Tinatanggap naman niya ngayon ang Espiritu para siya ang maging *propeta* at *lingkod* ng Ama.

Kaya *pinahiran* si Jesus para ipahayag ang Paghahari ng Diyos at mga dukha ang unang tawagin (4:18). Kaiba sa maraming tagapagpalaya na ayon sa Biblia'y tumanggap ng Espiritu para lamang sa isang tiyak na misyon, naging tagapagligtas si Jesus nang buungbuo. Kaiba sa atin na laging pinoproblema ang pagkakaroon ng lusot mula sa ating mga komitment, hindi mapapanatag si Jesus hangga't di siya naihahatid ng kanyang Salita at patotoo sa Katotohanan sa kamatayan.

Nakikita natin sa maraming pahina ng Ebanghelyo

pangkatawang hugis ng isang kalapati at
narinig mula sa langit ang isang tinig:
"Ikaw ang aking Anak, ang aking Mina-
mahal, ikaw ang aking Hinirang."

• 23 Higit nang tatlumpung taong gu-
lang ni Jesus nang magsimula siya. Sa
akala ng mga tao, siya'y anak ni Jose na
anak ni Heli, 24 ni Matat, ni Levi, ni Melki,
ni Yanai, ni Jose, 25 ni Matatias, ni Amos,
ni Nahum, ni Esli, ni Nagai, 26 ni Maat, ni
Matatias, ni Semein, ni Yosek, ni Yoda,
27 ni Yoanan, ni Resa, ni Zerubabel, ni
Sealtiel, ni Neri, 28 ni Melki, ni Adi, ni
Kosam, ni Elmadam, ni Er, 29 ni Josue, ni
Eliezer, ni Yorim, ni Matat, ni Levi, 30 ni
Simeon, ni Juda, ni Jose, ni Yonam, ni
Eliakim, 31 ni Melea, ni Mena, ni Matata, ni
Natan, ni David, 32 ni Jese, ni Obed, ni
Boaz, ni Sala, ni Nason, 33 ni Aminadab, ni
Admin, ni Arni, ni Hezron, ni Perez, ni
Juda, 34 ni Jacob, ni Isaac, ni Abraham, ni
Tera, ni Nahor, 35 ni Serug, ni Reu, ni
Peleg, ni Eber, ni Sela, 36 ni Cainan, ni
Arfaxad, ni Sem, ni Noe, ni Lamek, 37 ni
Metusela, ni Enok, ni Yared, ni Malaleel, ni
Cainan, 38 ni Enos, ni Set, ni Adan – na
galing sa Diyos.

**Tinukso si Jesus sa disyerto**

*(Mt 4:1; Mc 1:12)*

**4** • 1 Umalis mula sa Jordan si Jesus
na puspos ng Espiritu Santo at
naglibot sa disyerto na akay ng Espiritu

---

ang pakikitungo ni Jesus sa mga tao. Ngunit sa iba at mas mahahalagang pangyayari, inilalarawan si Jesus bilang tagapagligtas ng sangkatauhan, tulad sa pagbibinyag na ito. Kahit na marami ang mga taong personal na kaligtasan lamang ang pinoproblema, inilalahad sa atin ng Biblia ang isang Diyos na lumilikha, nag-aalaga, nagtuturo at naghahatid sa paglago at pamumunga sa nag-iisang "Adan", na ibig sabihi'y ang kabuuan ng sangkatauhan. Si Jesus ay hindi tagapagligtas ng "mga tao", na ibig sabihi'y isa-isa, para lamang bigyan sila ng libreng tiket sa langit. *Inaakay* ni Jesus *ang sangkatauhan* (Heb 2:16) at ginagawa itong isang banal na katawan na pagkakakilanlan ng Diyos Ama sa kanyang bugtong na Anak.

• 23. Inilalahad dito ni Lucas ang listahan ng mga ninuno ni Jesus, na malaki ang kaibahan doon sa ibinibigay ni Mateo (Mt 1:1). Hindi lamang si Abraham ang binabalikan ni Lucas kundi ibinibigay pa rin niya ang mga ninuno ni Abraham ayon sa mga alamat pabalik sa unang tao na para bang pag-alaala na dumating si Jesus para iligtas ang buong sangkatauhang nakalubog sa pagkakasala mula sa pagsuway ni Adan. Gayundin naman, nagkakaiba ang lista ng mga ninuno mula kay Jose hanggang kay Abraham, kung ang mga ama ay mga ama sa dugo o naging mga ama lamang sa turing, pagkat karaniwan noon sa mga Judio ang pag-aampon.

*ANG PAGTUKSO*

• **4.1** Sa ordinaryong kasaysayan, mga tao lamang ang kasangkot na kumikilos at nakikipagharap sa iba pang mga tao. Tinitingnan naman ng banal na kasaysayan ang mga bagay-bagay nang may ibang pananaw: nagkakatotoo ang plano ng Diyos sa kabila ng paghadlang ng mga pampagulong pakana ng masamang espiritu, at tinatawag naman ang mga tao na makibahagi sa ganitong pakikibaka na lampas na sa sarili nilang mga plano. Ito ang dahilan kung bakit kinailangang harapin ni Jesus ang masamang espiritu.

Sinasabi nating *Tukso* pag nararamdaman natin ang puwersa ng masasamang likas na gawi natin o pag nakikita nating nadadala tayo ng mga pangyayari sa paggawa ng masama. Wala kay Jesus ang masasamang likas na gawi natin pero dinala siya ng Espiritu Santo sa pagsubok sa disyerto. Alalahanin natin na iisa ang ibig sabihin ng *pagtukso* at pagsubok. Doon naramdaman ni Jesus ang pinakamalalakas na pag-engganyo ng masamang espiritu para ilihis siya sa kanyang misyon (tingnan din ang Mt 4:1).

*Puspos ng Espiritu Santo*, sinimulan ni Jesus ang kanyang ministeryo sa pagpapasailalim sa isang napakahirap na pagsubok: *apatnapung araw* ng ganap na katahimikan at pag-aayuno. Sa ganitong sitwasyon, nadama ni Jesus ang kanyang kahinaan bilang nilalang, at ang kanyang mga pag-aalinlangan bago niya suungin ang hindi alam. Kaya iniwan niya ang buhay sa Nazaret para ipaubaya ang sarili sa kalooban ng Ama, sa isang misyon na maghahatid sa kanya sa kamatayan sa loob lamang ng dalawang taon.

Nakipag-usap kay Jesus ang *diyablo* o ang tagapagparatang. Ganito ang tawag sa demonyo sa Biblia pagkat lagi siyang nambabatikos at nang-aakusa. Itinutulak niya tayong akusahin ang Diyos at pag napabagsak na niya tayo, tayo naman ang inaakusa niya at sisikaping kumbinsihin na di patatawarin ng Diyos ang ating pagkadapa.

*Kung ikaw ang Anak ng Diyos*. Alam na ni Jesus kung sino siya pero hindi pa niya nasusubok ang kanyang kapangyarihan. Hindi ba siya makapagpalabas ng puwersa ng Diyos kahit sandali lang sa panghihina ng kanyang katawan sa gutom? Hindi ba siya makabababa sa krus para iligtas ang sarili pagdating ng panahon?

Ayaw ni Jesus na sarili lamang ang paglingkuran. May mas dakila siyang mga layunin: kaya *itinaas* siya

[2] sa loob ng apatnapung araw; at sinubok siya roon ng diyablo. Hindi siya kumain ng anuman sa loob ng mga araw na iyon at sa katapusa'y nagutom siya. [3] Sinabi sa kanya ng diyablo: "Kung ikaw ang anak ng Diyos, iutos mo sa batong ito na maging tinapay." [4] Ngunit sumagot sa kanya si Jesus: "Sinasabi ng Kasulatan: *Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao.*"

[5] Pagkatapos ay itinaas niya si Jesus at ipinakita sa kanya sa isang kisap-mata ang lahat ng kaharian sa mundo. [6] Sinabi ng diyablo sa kanya: "Sa iyo ko ibibigay ang kapangyarihan sa lahat ng ito at ang kaluwalhatiang kalakip nito dahil sa akin ito ipinagkatiwala at maibibigay ko ito sa maibigan ko. [7] Kaya mapapasaiyo itong lahat kung magpapatirapa ka sa harap ko." [8] Ngunit sumagot sa kanya si Jesus: "Sinasabi ng Kasulatan: *Ang Panginoon mong Diyos ang iyong sasambahin at siya lamang ang iyong paglilingkuran.*"

[9] Pagkatapos ay dinala siya ng diyablo sa Jerusalem at itinayo siya sa nakausling pader ng Templo at sinabi sa kanya: "Kung ikaw ang Anak ng Diyos, tumalon ka mula rito paibaba [10] sapagkat sinasabi ng Kasulatan: *Iniutos niya sa kanyang mga anghel na pangalagaan ka* at [11] *bubuhatin ka nila para hindi matisod ang iyong paa sa bato.*" [12] Ngunit sumagot si Jesus sa kanya: "Nasasaad: *Huwag mong hamunin ang Panginoon mong Diyos.*"

[13] Kaya matapos siyang subukin ng diyablo sa lahat ng paraan, nilisan siya nito hanggang sa takdang panahon.

**Ipinahayag ni Jesus sa Nazaret ang kanyang misyon**

*(Mt 13:53)*

• [14] Nagbalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Espiritu at lumaganap sa buong kapaligiran ang balita tungkol sa kanya. [15] Kinaugalian niyang magturo sa kanilang mga sinagoga, at pinupuri siya ng lahat.

• [16] Pagdating niya sa Nazaret, kung

---

ng Diyablo. Sa pagkakilala kung ano talaga ang mga tao, natutukso si Jesus na ipilit ang sarili sa mga tao at gamitin sila. Natutukso siyang makipagkasunduan at gamitin ang mga sandata ng diyablo na di iginagalang ang katotohanan o ang kalayaan ng konsiyensya. Kaya hindi magiging mahirap maghari sa mga bansa "sa ngalan ng Diyos" dahil *maibibigay* ng diyablo ang mga ito sa sinumang *maibigan* niya.

Pero buo na ang pasya ni Jesus na *Diyos lamang ang paglingkuran*. Itinatanong ng diyablo: "Bakit hindi mo ngayon simulan ang iyong pangangaral sa pamamagitan ng isang kahanga-hangang bagay tulad ng paglundag mula sa isang mataas na lugar at pagbagsak sa gitna ng makapal na taong nagdarasal sa Templo? Hindi ka ba naniniwala na magmimilagro ang Diyos para sa iyo?" Mga salita mismo ng Biblia ang ginagamit ngayon ng diyablo: sa pagbasa sa mga ito, maiisip ng sinuman na kung may malaking pananampalataya e lagi na siyang magiging malusog at matagumpay. Sinasabi ni Jesus ang mga kamalian ng isang "pananampalatayang" nagsisikap alisin ang krus. Hindi hihingi ng mga milagro si Jesus sa Ama para hindi siya dumanas ng mga kahihiyan at pagtakwil na bahagi ng pagiging sugo ng Diyos: magiging *paghamon ito sa Diyos* na kunwari'y pagtitiwala sa kanya.

*Nilisan siya nito hanggang sa takdang panahon.* Sa Pasyon ni Jesus, ibabaling ng diyablo ang kasamaan ng sambayanan laban sa Tagapagpalayang di niya magawang ilihis ng landas. Tingnan ang Juan 12:31 at 14:30.

• 14. Umuwi si Jesus kasama ang ilang alagad ni Juan na magiging mga alagad niya (Jn 1:35), at ginawa niya ang una niyang himala sa Kana (Jn 2:1). Sisimulan ng milagrong ito ang misyon ni Jesus. Mula sa Capernaum kung saan tumira si Jesus sa bahay nina Simon at Andres na malapit sa mga mangingisda sa lawa, sisimulang mangaral ni Jesus sa mga sinagoga ng Galilea (Mc 1:35), at mabisa ang dating ng kanyang salita sa mga tao pagkat gumagawa siya *taglay ang kapangyarihan ng Espiritu*, na ibig sabihi'y nagsasalita siya nang may higit na awtoridad at pinatototohanan ng kanyang mga himala ang kanyang mga salita.

*Kinaugalian niyang magturo sa mga sinagoga* ng mga Judio. Hindi nagsisimula si Jesus sa pangangaral sa napakaraming tao na wala namang alam tungkol sa kanya, kundi sa mga sinagoga siya nagpakilala sa loob ng ilang buwan.

• 16. Iisa lang ang Templo sa Israel, ang Templo sa Jerusalem kung saan nag-aalay ng mga handog ang mga pari. Pero may sinagoga sa lahat ng lugar na may

saan siya lumaki, pumasok siya sa sina-
goga sa Araw ng Pahinga ayon sa kan-
yang kinaugalian. Tumindig siya para bu-
masa ng Kasulatan, 17 at iniabot sa kanya
ang aklat ni Propeta Isaias.
Sa paglaladlad niya sa rolyo, natag-
puan niya ang lugar kung saan nasusulat:
18 *"Sumasaakin ang Espiritu ng Pangi-
noon kayat pinahiran niya ako upang
ihatid ang mabuting balita sa mga dukha.
Sinugo niya ako upang ipahayag ang
paglaya sa mga bilanggo, sa mga bulag
ang pagkabawi ng paningin, upang
bigyang-ginhawa ang mga api,* 19 *at ipa-
hayag ang taon ng kabutihang-loob ng
Panginoon."*
20 Binilot ni Jesus ang aklat, ibinigay
ito sa tagapaglingkod at naupo. At naka-
tuon sa kanya ang mga mata ng lahat ng
nasa sinagoga. 21 Sinimulan niyang mag-
salita sa kanila: "Isinakatuparan ang Ka-
sulatang ito ngayon habang nakikinig
kayo."
22 At sumang-ayon silang lahat sa
kanya habang nagtataka sa gayong
pagpapahayag ng kabutihang-loob ng
Diyos na nanggaling sa kanyang bibig. At
sinabi nila: "Hindi ba't ito ang anak ni
Jose?" 23 Nagsalita si Jesus sa kanila:
"Tiyak na babanggitin ninyo sa akin ang
kasabihang: 'Manggagamot, pagalingin
mo ang iyong sarili! Gawin mo rin dito sa
iyong bayan ang mga bagay na narinig
naming ginawa mo sa Capernaum'."
24 At idinagdag niya: "Talagang sina-
sabi ko: walang propetang katanggap-
tanggap sa sarili niyang bayan. 25 Tini-
tiyak ko sa inyo na maraming babaeng
balo noon sa kapanahunan ni Elias nang
sarhan ang langit sa loob ng tatlo't kala-

---

di bababa sa sampung lalaking may komitment. Doon ipinagdiriwang tuwing Araw ng Pahinga ang isang liturhiya sa pamumuno ng mga kasapi ng pamayanan. Madaling makilahok sa mga pagbasa at pagpapaliwanag sa mga ito. Kaya naipakilala ni Jesus ang sarili sa pamamagitan ng pagsali sa mga pagdiriwang sa Araw ng Pahinga sa mga sinagoga sa kanyang probinsya, sa *Galilea*.

Tumanyag si Jesus pagkaraan ng ilang panahon, dumaan siya sa Nazaret pero hindi siya tinanggap. Ipinakikita ni Lucas sa salaysay na ito kung bakit naakit ni Jesus ang mga tao at kung bakit di siya tinanggap lalo na sa Nazaret.

*Natagpuan niya ang lugar kung saan nasusulat...* sa Isaias 61:1-2 ang talatang ito. Tinutukoy ng matandang propeta ang kanyang misyon, pero lumilitaw na mas bagay ang kanyang mga salita kay Jesus na isinugo para maghatid ng tunay na kalayaan sa bayang naghihintay nito.

Wala sa tekstong ito ng Isaias ang mga salitang *upang bigyang-ginhawa ang mga api*. Kinuha ito ni Lucas mula sa iba pang teksto ng naturang propeta (Is 58:6) at isiningit dito pagkat ang mga salitang *upang bigyang-ginhawa* ang lubos na nakapaglalarawan kaysa anupaman sa mga gawa ni Jesus sa kanyang misyon.

Hindi nagsasabi ng mga kuru-kuro si Jesus: ipinagugunita niya ang kanyang mga ginagawa na: ang mga pagpapagaling at pagpapaalis ng mga demonyo.

*Isinakatuparan ang Kasulatang ito ngayon*. Dumating si Jesus para pasinayaan ang isang bagong panahon kung saan naroon ang Diyos at pinagkakasundo ang sangkatauhan. Ipinagdiriwang sa Israel tuwing ikalimampung taon ang Taon ng Magandang Pahayag kung kailan pinatatawad ang mga utang at nababawi ng mga alipin ang kanilang kalayaan (Lev 25:10). Gayundin naman nagsisimula ngayon ang *taon ng kabutihang-loob ng Panginoon*.

Tapos na ang panahon ng mga pangako at mga propesiya. Sinisimulan ngayon ng Diyos na ipakita sa mga tao kung sino talaga siya: Ipinakikilala ni Jesus ang Ama at ipinakikilala naman ng Ama ang kanyang Anak sa pamamagitan ng mga tanda at mga himalang ginagawa niya.

*Sinugo niya ako upang bigyang-ginhawa ang mga api*. Tunay na pagpapalaya sa lahat ang hatid ni Jesus pagkat ibinubunsod ng kanyang mga gawa ang bawat isa sa atin na mamuhay sa katotohanan: "pinalalaya kayo ng Anak... ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo..." (Jn 8:32). Una at higit sa lahat, pagpapalayang pulitikal siyempre ang inaasam ng mga Judio, na bahagi lamang ng ganap na pagpapalaya sa tao. Bakit hindi ito ang ginawa ni Jesus? Dahil ba na sa *mga kaluluwa* lamang siya interesado?

Sa totoo'y di kailanman ipinangako ng Matandang Tipan ang *kaligtasan ng mga kaluluwa* na gaya ng naririnig nating ipinagdidiinan ngayon sa iba't ibang grupo at iglesya. Naniniwala ang gayong mga manampalataya na naililigtas nila ang kanilang mga kaluluwa samantalang nananatili naman silang walang imik, takot, bayaran o bulag na mga kasabwat sa araw-araw na pagkakasalang laganap sa kabuuan ng buhay sa ekonomiya at lipunan.

Inihayag ng Matandang Tipan si Jesus bilang Tagapagligtas ng kanyang bayan at ng kanyang lahi. Ang kanyang mga salita't gawa ay gumigising sa isang bayang paralisado at nagbubukas ng daan sa pagpapalaya sa tao sa lahat ng bahagi ng buhay. Ngunit parang binhi ang mga iyon na di agad makapamumunga. Walang anumang hangarin si Jesus na sumali

hating taon at nagkaroon ng matinding taggutom sa buong lupain. 26 Gayon pa ma'y hindi ipinadala si Elias sa isa man sa kanila kundi sa babaeng balo ng Sarepta sa may Sidon. 27 Marami ring mayketong sa Israel sa kapanahunan ni Propeta Eliseo pero wala sa kanilang pinagaling kundi ang Siriong si Naaman."

28 Napuno ng galit ang lahat sa sinagoga pagkarinig dito, 29 tumindig sila at ipinagtulakan siya sa labas ng bayan. Dinala nila siya sa gilid ng burol na kinatatayuan ng kanilang bayan para ihulog. 30 Ngunit dumaan siya sa gitna nila at umalis.

**Sa kapangyarihan ng Espiritu**

*(Mc 1:23; Mt 4:24; 8:14)*

• 31 Bumaba siya sa Capernaum na isang bayan ng Galilea, kung saan niya nakaugaliang magturo tuwing Araw ng Pahinga. 32 At nagulat ang mga tao sa kanyang aral dahil nagtuturo siya nang may kapangyarihan.

33 May isang tao sa sinagoga na inaalihan ng maruming demonyo, na sumigaw nang malakas: 34 "Ah, ano ang pakialam mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Para ipahamak kami kaya ka dumating. Alam ko kung sino ka, ang Banal ng Diyos!" 35 Ipinag-utos naman sa kanya ni Jesus: "Tumahimik ka at lumabas sa kanya!" Pagkatapos ibulagta ng demonyo ang tao sa gitna nila, lumabas ito mula sa kanya nang hindi sinasaktan. 36 Pagtataka ang sumalahat at nag-usap-usap sila; "Ano ito? Nakapag-uutos siya sa maruruming espiritu nang may kapangyarihan at lakas, at lumalabas sila!" 37 Kayat kumalat ang usap-usapan tungkol sa kanya sa lahat ng lugar sa kabayanan.

38 Pag-alis niya sa sinagoga, nagpunta siya sa bahay ni Simon. Inaapoy ng lagnat ang biyenang babae ni Simon. Kayat pinakiusapan nila siya tungkol sa kanya. 39 Pagkayuko niya sa kanya, inutusan niya ang lagnat at nilisan siya nito. Agad siyang tumindig para maglingkod sa kanila.

40 Paglubog ng araw, dinala naman sa kanya ang lahat ng may sakit na may iba't ibang karamdaman. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa bawat isa sa kanila at pinagaling sila. 41 Lumabas ang mga demonyo mula sa maraming tao at

---

sa mga panatiko at mararahas na mga kababayan niya para makamit ang pambansang kasarinlan at kapangyarihan na mapang-api ring gaya ng pananakop ng mga Romano. Nagpapatotoo si Jesus sa katotohanan at itinatayo niya ang pundasyon ng lahat ng pagkilos sa hinaharap para sa pagpapalaya.

Gayundin naman, kung may tunay na pag-eebanghelyo, nakikita ang mga gawang nagpapalaya at nagkakaroon ng mga taong malaya na kayang magpalaya sa kapwa. Sa mga natatanging panahon nagkakaroon ng ganap na kahulugan ang pag-eebanghelyo kapag wala nang ibang pagpipilian ang mga nakikinig o ang isang komunidad o ang buong daigdig kundi ang tanggapin ang grasya ng Diyos o mapahamak.

*Sinugo niya ako upang ihatid ang mabuting balita sa mga dukha*. Tingnan ang paliwanag sa Lucas 6:20.

Ipinaliliwanag din ni Lucas kung bakit di tinanggap si Jesus ng mga taga-Nazaret:

– una, dahil sa kanilang pagmamataas: madaling humahanga sa mga dayuhan ang mga taong ordinaryo at mapurol ang diwa, pero ayaw na ayaw nilang maging bida ang isa sa kanila o maging guro kaya nila: *hindi ba't ito ang anak ni Jose* (tingnan ang paliwanag ng Mc 6:1).

– dahil sa kanilang pagkamakasarili: di nila matanggap na dapat ibahagi sa iba ang mga kabutihan ng Diyos. Kaya ipinaaalaala sa kanila ni Jesus na hindi hanggang sa mga kababayan lamang nilimitahan ng mga propeta sa Biblia ang kanilang kabutihan (tingnan ang 1 H 17:7 at 2 H 5).

• 31. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 1:21.

Bakit inutusan ni Jesus na tumahimik ang masamang espiritu? Ganito rin ang makikita natin sa 4:41.

Ayaw ni Jesus na tawagin siya ng mga tao bilang *Kristo* o *Mesiyas* o *Ang Banal ng Diyos* (lahat ng salitang ito'y kasingkahulugan ng tagapagligtas na *pinahiran* ng Diyos), pagkat hindi siya katulad ng tagapagligtas na inaasahan ng mga tao. At kung ipahahayag siya ng mga demonyo, di ba't maghahasik ito ng pagkalito at sisira sa kanya dahil sa gayong katanyagan? Paano ngang di maiinis si Jesus sa ganoong mga papuri na sa masamang espiritu naman nanggagaling?

pasigaw na sinabi ng mga ito: "Ikaw ang
Anak ng Diyos!" Ngunit pinatatahimik
niya sila at di pinahihintulutang magsalita
dahil alam ng mga ito na siya ang Mesi-
yas.

**Umalis si Jesus sa Capernaum**

• 42 Nang mag-uumaga na, lumabas si
Jesus at pumunta sa isang ilang na lugar.
Ngunit pinaghahanap siya ng maraming
tao, at nang matagpuan siya'y sinikap
nilang hadlangan na makaalis pa siya sa
kanila. 43 Pero sinabi niya sa kanila: "Da-
pat ko ring ipahayag ang mabuting balita
ng paghahari ng Diyos sa iba pang mga
bayan; ito ang dahilan kung bakit ako
isinugo." 44 At nagpatuloy siyang manga-
ral sa mga sinagoga ng Judea.

**Mangingisda kayo ng mga tao**

*(Mt 4:18; Mc 1:16)*

**5** • 1 Minsan, dinagsa si Jesus ng na-
pakaraming taong nakikinig sa sal-
ita ng Diyos at nakatayo naman siya sa
baybayin ng Lawa ng Genesaret. 2 Nakita
niya noon ang dalawang bangka sa bay-
bay. Kababa pa lamang ng mga ma-
ngingisda mula sa mga ito para hugasan
ang mga lambat. 3 Kaya sumakay siya sa
isa rito na pag-aari ni Simon at hiniling
dito na lumayo nang kaunti mula sa
dalampasigan. Umupo siya at mula sa
bangka'y sinimulang turuan ang maram-
ing tao.
4 Matapos siyang magsalita, sinabi niya
kay Simon: "Pumalaot ka at ihulog ninyo

---

• 42. Si Jesus ang huwarang misyonero. Babago pa lamang niyang natitipon ang ilang mananampalataya, pero gusto na siyang solohin ng mga ito dahil siguro sa nakita nila sa kanya ang isang tunay na propeta o para mabigyan niya sila ng higit na pormasyon o para makabuo sila ng isang tunay na komunidad sa ilalim ng kanyang patnubay.

Ngunit iniaatang ni Jesus sa iba ang tungkulin ng pagiging pastol (sa diwa ng paggabay sa isang komunidad mismo) pagkat nasa isip niya ang mas marami pang taong patuloy na naghihintay sa Ebanghelyo.

*MGA APOSTOL*

• **5.**1 Dito ipinaliliwanag ni Lucas nang may mas maraming detalye ang nabasa na natin sa Marcos 1:16.

Inimbita ni Jesus ang sarili sa basnig ni Pedro at hindi naman ipinagkait ni Pedro ang paglilingkod na ito sa kanya. Pero higit pa ang kinakailangan ni Jesus: marami man ang nag-aabot sa kanya ng kamay, ang hinahanap niya ay mga taong ganap na makapagbibigay ng buong sarili nila sa kanyang gawain. Marami nga ang mga nakikinig pero mga apostol ang kailangan niya.

Isa pang paraan ng pagtuturo ni Jesus ang mga himala. Nililinaw ng himalang ito kung ano ang ibig sabihin ng "*mangisda ng mga tao*" para sa mga apostol sa lahat ng panahon. *Ihulog ang mga lambat*: sumunod si Pedro kahit na walang pag-asang makahuhuli pa ng anuman. Gayundin gagawa at magsasalita ang mga apostol, na nagtitiwala hindi sa sariling kakayahan kundi sa utos ni Jesus. *Halos magkandasira ang mga lambat*: katiyakan at paniwalang magtatagumpay. *Mula ngayo'y mga tao ang huhulihin mo*: para pagbuklurin ang mga taong pinagwatakwatak ng kasalanan, para pag-isahin ang nakakalat na mga anak ng Diyos sa kaisa-isahang Iglesyang itinatag ni Kristo.

*Lumayo ka sa akin sapagkat taong makasalanan lamang ako*. Ito ang pagkatakot ng taong nakakadiskubreng pinasok ng Diyos ang kanyang kalooban: ito ang unang pahayag ng pagsampalataya sa pagkadiyos ni Jesus. Subalit mga makasalanan din ang tinatawag ni Jesus para magligtas sa mga makasalanan.

*Iniwan nila ang lahat at sumunod sa kanya*. Hindi naman marami ang kanilang ari-arian pero ito ang buong buhay nila: hanapbuhay, pamilya at ang buo nilang nakaraan bilang mga mangingisda.

Isinugo ang ibig sabihin ng *apostol*. Si Kristo ang siyang pumipili sa kanyang mga apostol at nagsusugo sa kanila sa kanyang pangalan. Pero saan siya makakakita ng isusugo kundi sa mga taong handang makipagtulungan sa kanya? Maaari nating itanong kung bakit napakaraming Katoliko ang nakikinig sa Ebanghelyo at napakakaunti naman ang nagiging mga katulong ni Kristo.

Nagsisimula ang pagiging apostol o ang pagiging katulong man lang ni Kristo sa pagsisimulang gumawa ng higit pa sa mga materyal na paglilingkod sa ating mga simbahan, kapag nadarama mong pananagutan mo ang mga tao: *mangingisda ng mga tao*.

*Posibleng pinagsama rito ni Lucas ang dalawang magkaibang pangyayari: ang pagtawag sa mga apostol na maikling inilalahad sa Marcos 1:16 at ang mahimalang huli ng isda. Isinasalaysay rin ni Juan ang isang mahimalang huli ng isda (Jn 21) pero inilalagay niya ito pagkatapos ng Pagkabuhay ni Jesus. Marami tayong magagandang dahilan para isiping iisa ang tinutukoy nating himala pero minabuti ni Juan na isama ito sa pagpapakita sa mga apostol ni Jesus na muling nabuhay, na sa lugar ding iyon nangyari.*

ang inyong mga lambat para humuli."
5 Ngunit sumagot si Simon: "Guro, buong
magdamag kaming nagpagod at wala
kaming nakuha pero dahil sinabi mo,
ihuhulog ko ang mga lambat." 6 At nang
gawin nila ito, nakahuli sila ng napaka-
raming isda kaya halos magkandasira ang
kanilang mga lambat. 7 Kaya kinawayan
nila ang kanilang mga kasamahang nasa
kabilang bangka para lumapit at tulungan
sila. Dumating nga ang mga ito at pinuno
nila ang dalawang bangka hanggang halos
lumubog ang mga iyon.

8 Nang makita ito ni Simon Pedro, nag-
patirapa siya sa harap ni Jesus at sinabi:
"Lumayo ka sa akin, Panginoon, sapagkat
taong makasalanan lamang ako." 9 Talaga
ngang nasindak siya at ang lahat niyang
kasama dahil sa huli ng mga isda na
nakuha nila. 10 Gayundin naman ang mga
anak ni Zebedeo na sina Jaime at Juan na
mga kasama ni Simon.

Ngunit sinabi ni Jesus kay Simon:
"Huwag kang matakot; mula ngayo'y mga
tao ang huhulihin mo." 11 Kayat nang ma-
dala na nila ang mga bangka sa lupa,
iniwan nila ang lahat at sumunod sa kanya.

**Pagpapagaling sa ketongin**

*(Mc 1:40; Mt 8:20)*

• 12 Nang nasa isang bayan si Jesus,
may isang taong tadtad ng ketong doon.
Nang makita niya si Jesus, nagpatirapa
siya at nakiusap sa kanya: "Ginoo, kung
gusto mo, mapalilinis mo ako."

13 Kaya iniunat ni Jesus ang kanyang
kamay at hinipo siya at sinabi: "Gusto ko,
luminis ka!" Nang oras ding iyo'y iniwan ng
ketong ang lalaki. 14 Iniutos sa kanya ni
Jesus: "Huwag mo itong sabihin kanino
man kundi pumunta ka sa pari para masuri
ka niya at maialay alang-alang sa iyo ang
handog na iniutos ni Moises para mag-
karoon sila ng patunay."

• 15 Ngunit lalo namang kumalat ang
balita tungkol sa kanya at pumunta sa
kanya ang maraming tao para makinig at
mapagaling sa kanilang mga karam-
daman. 16 Kaya madalas na mag-isang
pumupunta si Jesus sa mga ilang na lugar
para manalangin.

**Pagpapapagaling sa paralitiko**

*(Mc 2:1; Mt 9:1)*

• 17 Isang araw, nagtuturo siya at na-
kaupo naman ang mga Pariseo at mga
guro ng Batas na galing sa iba't ibang
bayan ng Galilea at Judea at mula sa
Jerusalem. Gumagawa ang kapangya-
rihan ng Panginoon sa kanya na mag-
pagaling. 18 May mga lalaking dumating
na dala sa isang papag ang isang lalaking
paralitiko. Sinikap nilang dalhin siya at
ilagay sa harapan ni Jesus. 19 Nang hindi
nila makita kung paano nila madadala
ang paralitiko dahil sa dami ng tao,

---

• 12. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 1:40.
*Maialay alang-alang sa iyo ang handog na iniutos ni Moises*. Ang mismong batas na nagtatakdang ihiwalay ang ketongin (Lev 13:45) ang siya ring nagtatadhana na sa kasong gumaling ang ketongin ay ibalik siya sa pamayanan matapos suriin ng mga pari. Dahil itinuturing na parusa ng Diyos ang ketong, kaya ang paggaling ay nangangahulugang pinatawad na ng Diyos ang ketongin at kailangan siyang magpasalamat sa pamamagitan ng pag-aalay ng handog.

• 15. *Sa mga ilang na lugar para manalangin*. Madalas binabanggit ni Lucas ang pananalangin ni Jesus (3:21; 6:12; 9:28...). Bumubukod si Jesus hindi lamang para tumahimik kundi dahil sa bawat pagkakataon, isang pangangailan para sa kanya ang panalangin.

• 17. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 2:1.
May ilang *Pariseo at guro ng Batas*. Hindi palaban kay Jesus ang mga Pariseo at mga guro ng Batas pero dahil sila ang mga taong may higit na pormasyon sa relihiyon, sila ang mga unang nagtaka sa mga sinasabi ni Jesus tungkol sa kanyang sarili: isa lang kaya siyang mabuting mananampalataya na may respeto sa Batas ng Diyos o promotor ng isang bagong relihiyon? Itinaon ni Jesus na naroroon sila para ipakita na hindi lamang siya alagad ni Moises at ng mga propeta kundi siya pa ang guro nilang lahat.

Madaling maintindihan kung bakit naiskandalo ang mga guro ng Batas. Paano nagagawa ng taong ito na wala namang pinag-aralan o titulo ang humarap sa kanila na parang guro? Inaasam nila ang pagdating ng isang Diyos na magpapatotoo sa kanilang aral at kikilala sa kanilang mga kabutihan. Ngunit si Jesus ay

umakyat sila sa bubungan at sa bubong
nila siya idinaan pababa na nasa kanyang
papag hanggang sa gitna sa harap ni
Jesus.
20 Nang makita niya ang kanilang pana-
nalig, sinabi niya: "Kaibigan, pinatatawad
ka sa iyong mga kasalanan." 21 Nagsimula
noong mag-isip-isip ang mga guro ng
Batas at mga Pariseo: "Talagang iniinsulto
ng taong ito ang Diyos. Sino ba ang may
kapangyarihang magpatawad ng mga
kasalanan? Di ba't ang Diyos lamang?"
22 Ngunit alam ni Jesus ang kanilang
mga pag-iisip kaya sinabi niya sa kanila:
"Ano ang mga kaisipan ninyong ito? 23 Ano
ba ang mas madaling sabihin: 'Pinatata-
wad ka sa iyong mga kasalanan' o
'Tumayo ka't lumakad'? 24 Dapat ninyong
malaman na may kapangyarihan sa lupa
ang Anak ng Tao na magpatawad ng mga
kasalanan." At sinabi niya sa paralitiko:
"Sinasabi ko sa iyo: bumangon ka, dalhin
ang iyong higaan at umuwi." 25 At kapag-
daka'y tumayo siya sa harap nila, kinuha
ang kanyang higaan at umuwing nagpu-
puri sa Diyos.
26 Namangha ang lahat at nagpuri sa
Diyos. Nasindak nga sila at sinabi: "Naka-
kita tayo ng mga kagila-gilalas na bagay
sa araw na ito!"

### Ang pagtawag kay Levi

*(Mc 2:13; Mt 9:9)*

• 27 Pagkatapos nito, nang lumabas si
Jesus, nakita niya ang isang kolektor ng
buwis na nagngangalang Levi na nakaupo
sa paningilan ng buwis. Sinabi niya rito:
"Sumunod ka sa akin." 28 Tumayo naman
ito, iniwan ang lahat at sumunod sa
kanya.
29 Naghandog sa kanya si Levi ng isang
marangyang handaan sa kanyang bahay
at nakisalo sa kanila ang maraming
kolektor ng buwis at iba pang mga tao.
30 Dahil dito'y pabulong na nagreklamo
ang mga Pariseo at ang panig sa kanilang
mga guro ng Batas sa mga alagad ni
Jesus: "Bakit kayo kumakain at umiinom
kasama ng mga maniningil ng buwis at
mga makasalanan?" 31 Sumagot naman si
Jesus at sinabi sa kanila: "Hindi ang ma-
lulusog ang nangangailangan ng doktor
kundi ang mga maysakit. 32 Hindi ako pu-
marito para tawagin ang mabubuti kundi
ang mga makasalanan tungo sa pagba-
balik-loob."
33 Sinabi nila kay Jesus: "Madalas mag-
ayuno at may mga panalangin ang mga
alagad ni Juan, at gayon din naman ang
mga alagad ng mga Pariseo; kumakain
naman at umiinom ang mga iyo." 34 Kaya
sinabi sa kanila ni Jesus: "Hindi ninyo
mapag-aayuno ang mga abay sa kasalan
habang kasama pa nila ang nobyo, di ba?
35 Ngunit darating ang panahon na
aagawin sa kanila ang nobyo at sa araw na
iyon sila mag-aayuno."
36 Sinabi pa ni Jesus sa kanila ang isang
talinhaga: "Walang pumuputol ng panagpi
mula sa bagong damit at itinatagpi sa
lumang damit. Kung hindi'y napupunit na
ang bago at hindi pa magiging bagay sa
lumang damit ang tagping mula sa bago.
37 At wala ring naglalagay ng bagong alak
sa mga lumang sisidlan. Kung hindi'y si-
sirain ng bagong alak ang mga lumang
sisidlan kaya matatapon ang alak at masi-
sira pati mga sisidlan. 38 Sa halip ay sa mga
bagong sisidlan dapat ilagay ang bagong
alak. 39 Hindi naman humihingi ng bagong

---

nasa piling mismo ng mga ordinaryong taong bumabale-wala sa awtoridad ng mga guro ng Batas na nangmamata naman sa kanila. Dahil hindi magawang maniwala ng mga ito, wala silang ibang magagawa kundi salungatin si Jesus.

• 27. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 2:13. Ipinakikita ng mga pangyayaring isinasalaysay sa kabanatang ito kung paano inilalagay ni Jesus ang kanyang sarili sa lipunan at kung kani-kanino siya nakikipag-ugnay: isang maliit na grupo ng mga mangingisda na siyang magiging responsable sa kanyang bagong relihiyon; hinahanap siya ng mga ketongin at mga maysakit. Tinatawag niya ang taong gaya ni Levi na kabilang sa isang pangkat na hinahamak.

alak ang umiinom ng luma, sinasabi nga
niya: 'Ang luma ang siyang mabuti'."

**Panginoon ng Araw ng Pahinga si Jesus**
*(Mc 2:23; Mt 12:1; Mc 3:1)*

6 • 1 Isang Araw ng Pahinga, nagla-
lakad si Jesus sa bukirin ng trigo.
Nangyari na hinimay ng kanyang mga
alagad ang mga butil sa pagkiskis sa
kanilang mga kamay, at kinain ang mga
ito. 2 Sinabi ng ilang Pariseo: "Bakit ninyo
ginagawa ang ipinagbabawal sa Araw ng
Pahinga?" 3 Ngunit nagsalita si Jesus at
sinabi niya sa kanila: "Hindi ba ninyo na-
basa ang ginawa ni David nang magutom
siya at ang kanyang mga kasama? 4 Pu-
masok siya sa Bahay ng Diyos, kinuha
ang tinapay na inihain para sa Diyos,
kinain ito at binigyan pa ang kanyang
mga kasamahan, gayong bawal itong
kainin ninuman liban sa mga pari." 5 At
sinabi pa niya sa kanila: "Panginoon ng
Araw ng Pahinga ang Anak ng Tao."

6 Sa iba namang Araw ng Pahinga,
pumasok siya sa sinagoga at nagturo. May
isang lalaki na hindi maigalaw ang kanang
kamay. 7 Pinagmamasdan siya ng mga
guro ng Batas at mga Pariseo, at baka
pagalingin ito ni Jesus sa Araw ng Pahinga
at nang maisakdal nila siya.

8 Ngunit alam ni Jesus ang kanilang
iniisip kaya sinabi niya sa lalaking hindi
maigalaw ang kamay: "Tumindig ka't
tumayo sa gitna." Tumindig nga ito at
tumayo roon. 9 Sinabi ni Jesus sa kanila:
"Matanong ko nga kayo: ano ang ipi-
nahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa
ng mabuti o gumawa ng masama,
magligtas ng buhay o pumatay?" 10 Ti-
ningnan niya silang lahat sa paligid at
sinabi sa tao: "Iunat mo ang iyong kamay."
Ginawa niya ito at gumaling ang kanyang
kamay. 11 Galit na galit naman sila at
magkakasamang nag-usap-usap kung
ano ang magagawa nila kay Jesus.

**Pinili ni Jesus ang Labindalawa**
*(Mc 3:13; Mt 10:1)*

• 12 Nang panahong iyon, umakyat si
Jesus sa bundok para manalangin at mag-

---

• **6.**1 Narito ang dalawang pagbabanggaan nina Jesus at ng mga taong relihiyoso noong kanyang panahon tungkol sa Araw ng Pahinga.

Tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:1.

Alalahanin nating *pahinga* ang kahulugan ng salitang *Sabado*. Hiniling ng Diyos na gawing banal ang isang araw linggu-linggo, kauna-unahan na hindi para sa mga pagtitipong panrelihiyon kundi para pagpahingahin ang lahat (Ex 20:10). Ang luwalhati ng Diyos, higit sa lahat, ay nasa hindi pagiging alipin ng tao sa kanyang pang-araw-araw na ikabubuhay o sa kanyang trabaho.

Sa unang pangyayari, hindi nakikipagtalo si Jesus sa mga Pariseo. Para sa mga ito'y trabaho na ang manguha ng mga butil mula sa uhay at balatan ang mga ito. Una, inaalaala niya ang mga dakilang mananampalatayang gaya ni David na may pagkakataong nilalakdawan ang mga batas. At saka niya idinagdag: *Panginoon ng Araw ng Pahinga ang Anak ng Tao*. Ngunit sa mga Judio, wala isa man, kahit na ang punong-pari, ang makapaglilibre sa pagsunod sa Araw ng Pahinga. Kaya iniwan niya silang lito at nagtataka: Sino ba 'yang Jesus na 'yan sa akala niya?

Sa ikalawang pangyayari, puwede sanang sabihin ni Jesus sa lalaki: "Bakit mo hinihinging gumawa ako ng isang bagay na bawal sa Araw ng Pahinga? Bumalik ka na lang bukas at pagagalingin kita." Pero mas pinili ni Jesus ang isang paghaharap. Sapagkat nangangahulugan ng pagpapalaya ang Ebanghelyo at magiging malaya lamang ang tao kapag inaamin niyang walang anumang bagay na sagrado sa lipunang nagtatangkang ipilit ang sarili nitong mga pamantayan. Walang anumang sagrado para sa Diyos liban sa konsiyensya, dangal at kabanalan ng kanyang mga anak. Hangga't nasasailalim ang mga tao sa isang kaayusan, sa ilang mga batas at sa ilang mga nasa kapangyarihan na itinuturing na sagrado at di mapupuna ninuman, hindi malaya ang mga taong iyon at hindi sila tunay na mga anak ng Diyos (tingnan 1 Cor 3:21-23; 8:4-5; Col 2:20-23). Ang pagrespeto sa Diyos na pumapatay sa mapanuri nating diwa ay hindi akma sa Ebanghelyo. Hindi tunay ang isang relihiyong pumipigil sa atin sa paghahanap sa katotohanan at pagtatanong sa lahat ng kabalisahan sa buhay ng tao. Ang pag-aaral ng Biblia na di nangangahas na alamin at isaalang-alang ang mga kontribusyon ng makabagong siyensiya dahil sa takot na masira ang napakasimple nating pananaw sa banal na kasaysayan ay nagkakasala laban sa Espiritu.

Kahit na sa ilang pagkakataon lamang ay kinailangang labagin ni Kristo ang pinakasagradong batas ng kanyang bayan. Pero ang pinakamabigat na pupuwedeng dahilan ang kanyang dahilan sa paggawa nito: para *mailigtas* ang kanyang mga kapatid.

• 12. Dala ni Jesus sa kanyang panalangin ang

palipas ng magdamag sa pagdarasal sa
Diyos. 13 Nang nag-umaga na, tinawag
niya ang kanyang mga alagad at pumili
siya ng labindalawa sa kanila na tinawag
niyang apostol: 14 si Simon na pinanga-
lanan niyang Pedro, si Andres na kapatid
nito; si Jaime, si Juan, si Felipe, si Barto-
lome, 15 si Mateo, si Tomas, si Jaimeng
anak ni Alfeo, si Simon na tinataguriang
Zelota, 16 si Judas na kamag-anak ni
Jaime, at si Judas Iskariote na naging
tagapagkanulo.

**Mga pagpapala at kasawiampalad**

*(Mt 6:6-7)*

• 17 Pagkababa kasama nila, tumigil si
Jesus sa isang patag na lugar. Naroon ang
maraming alagad niya, at napakarami ring
tao mula sa buong Judea at Jerusalem at
mula sa baybaying dako ng Tiro at Sidon
18 ang dumating para makinig sa kanya at
mapagaling sa kanilang mga karamda-
man. Gumaling din ang mga pinahihirapan
ng masasamang espiritu. 19 Kayat sinikap
ng lahat ng tao na mahipo siya dahil may
kapangyarihang lumalabas sa kanya, na
nagpapagaling sa lahat.

20 Tumingala noon si Jesus sa kanyang
mga alagad at sinabi:

"Mapapalad kayong mga dukha sapag-
kat sa inyo ang kaharian ng Diyos.

21 Mapapalad kayong mga nagugutom
ngayon sapagkat bubusugin kayo.

Mapapalad kayong mga umiiyak nga-
yon sapagkat tatawa kayo.

22 Mapapalad kayo kapag kinapopo-

---

mga pinakamamahal niya. Hanggang hindi pa siya muling nabubuhay, hindi mayayakap ng kanyang isip ang lahat, kaya itinutuon niya ang kanyang pansin sa mga taong kasama niya at magiging mga apostol niya. Depende sa kanila ang tagumpay ng kanyang misyon. At sa kanila rin masasalalay ang pananampalataya ng iba. Ayaw ni Jesus na maging sarili niyang pakana ang kanilang bokasyon. Kaya bago niya tawagin ang mga ito, gusto niyang makatiyak sa pamamagitan ng panalangin na ito nga ang kalooban ng Ama (Heb 5:8). Nang dahil lamang sa hinirang sila ni Kristo at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang Iglesya, susubukin sila sa napakaraming paraan (Lc 22:31). Kaya gusto silang iadya ni Jesus sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang panalangin (Jn 17:9). Noong gabing bago siya mamatay, magiging konsuwelo niya na *walang nawala isa man sa ibinigay sa kanya ng Ama* (Jn 17:12).

• 17. Tingnan ang paliwanag tungkol sa Mapapalad sa Mateo 5:1. Iniakma ni Mateo ang mga ito sa mga miyembro ng Iglesya sa kanyang panahon. Subalit inilalagay naman dito ni Lucas ang mga ito gaya ng pagkakahayag ni Jesus sa mga ito sa mga taga-Galilea. Sa mga pananalita ni Jesus, ang mga Mapapalad ay isang pagtawag at isang pag-asa para sa mga kinalimutan na ng mundo, simula sa mga dukha sa kanyang bayan na mga tagapagmana ng mga pangako ng Diyos sa mga propeta.

Tulad sa Awit ni Maria (1:51-53), binabaligtad ng Ebanghelyo ang kasalukuyang sitwasyon. Hangad ng Diyos na ipakita mula noon ang kanyang awa, lalo na ang pagmamagandang-loob sa mga dukha at mga binabale-wala. Ngunit gusto rin niyang ipagkatiwala sa kanila ang kanyang Ebanghelyo, gawin silang mga pinakaunang katulong sa kanyang gawain sa daigdig. Kung may kanilang papel sa daigdig ang mga makapangyarihan, ang mga siyentipiko at ang mga tagapag-organisa, ang mga dukha naman ang may pinakamahalagang bahagi sa pagtatayo ng Kaharian.

Napakaraming paraan ng paglalahad kay Jesus at sa kanyang gawa. Pero para maging marapat na tawaging *pag-eebanghelyo* (o pagpapahayag ng Magandang Balita) ang aral na ito, kailangang tanggapin muna ito ng mga dukha bilang Magandang Balita. Kung mas nakikita ng ibang mga grupo sa lipunan ang kanilang sarili sa aral na ito o sila ang unang inaanyayahan, nangangahulugan ito na may kulang sa nilalaman o sa paraan ng pagpapahayag ng mensahe kayat di mabigyang-katarungan ang mga itinakwil.

Isinusunod naman ni Lucas ang mga kasawiampalad. *Sawimpalad kayong mayayaman!* Alalahanin ang iba pang gaya nito sa Isaias 65:13-14. Ang mayayaman at mga busog ang mga bulag na di nakakakilala sa Diyos kapag nagpapakilala ito. Patuloy silang panatag ang konsiyensya dahil pinapalakpakan sila ng lahat sa kanilang kalagayan. Ngunit sa katunaya'y pawang kasinungalingan ang kanilang buhay, mga kabutiha't kasiyahan na naglalaho sa presensya ng Ebanghelyo.

*Kung mabuti ang sinasabi ng lahat tungkol sa inyo* (1 Cor 4:8). Sa loob mismo ng Iglesya ay maaaring magkaroon ng dalawang magkaibang grupo – ang mga inuusig at ang mga taong kinikilala. Kung minsa'y nakikita natin dito ang mga grupo ng mga taong may impluwensiya na wala nang hahanapin pa sa buhay at alam kung paano makakasundo ang mga nanunungkulan, samantalang ang iba nama'y sinisiraan at inuusig dahil sa pagsasabuhay sa mga hinihingi ng Ebanghelyo. Ito ang uri ng iskandalong sinasabi ni Jesus sa Mt 13:41. Naranasan ng mga santo ang ganitong mga pagsubok pero hindi nila kailanman itinakwil ang Iglesya sa kabila ng mga ito.

otan kayo ng mga tao at itinatakwil at
iniinsulto, at sinisiraang-puri dahil sa akin.
23 Magsaya kayo at lubos na magalak sa
araw na iyon sapagkat malaki ang inyong
gantimpalang nasa Diyos; gayundin ang
ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga
propeta.
24 Ngunit sawimpalad kayong mayaya-
man sapagkat tinatamasa na ninyo ang
inyong ginhawa!
25 Sawimpalad kayong mga busog nga-
yon sapagkat magugutom kayo!
Sawimpalad kayong humahalakhak
ngayon sapagkat magluluksa kayo't iiyak!
26 Sawimpalad kayo kapag pinag-
uusapan kayo nang mabuti ng lahat ng tao
dahil ganoon din ang ginawa ng kanilang
mga ninuno sa mga bulaang propeta.

**Pagmamahal sa mga kaaway**

*(Mt 5:40)*

• 27 Ngunit sinasabi ko sa inyong mga
nakikinig: mahalin ninyo ang inyong mga
kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang mga
napopoot sa inyo, 28 pagpalain ninyo ang
mga sumusumpa sa inyo, ipagdasal ninyo
ang tumatrato sa inyo nang masama. 29 Sa
sumasampal sa iyo sa isang pisngi, iharap
mo rin ang kabila. Sa umaagaw ng iyong
kamiseta, huwag mong itanggi ang iyong
sando. 30 Magbigay ka sa sinumang humi-
hingi sa iyo; at kung may kumuha ng
iyong ari-arian, huwag mo nang hingin pa
uli.
31 Kaya ang gusto n'yong gawin sa inyo
ng mga tao ang gawin ninyo sa kanila.

• 32 Kung minamahal ninyo ang mga
umiibig sa inyo, ano ang kahanga-hanga
roon? Minamahal din ng mga makasa-
lanan ang mga nagmamahal sa kanila.
33 Kung ginagawa ninyo ang mabuti sa
mga gumagawa nito sa inyo, ano ang
kahanga-hanga roon? Iyon din ang gi-

---

• 27. Sa mga salita ni Jesus na pinagsama-sama ni Mateo sa mga kabanata 5-7 ng kanyang Ebanghelyo, na atin nang ipinaliwanag, iilan lamang sa mga ito ang inilalahad ngayon dito ni Lucas.

Pakiramdam ng iba'y dinadaya sila pag nakikita nilang nagsasalita si Jesus tungkol sa pagbabagumbuhay at hindi sa pagreporma sa lipunan. Iniisip nilang dala ito ng kultura ng panahong 'yon noong hindi pa iniisip ng mga tao ang pagpapalit sa mga di-makatarungang istruktura ng lipunan. Sa totoo'y sa pinakaugat pumupunta si Jesus. Nasa mga tao ang ugat ng kasamaan. Maliwanag na hadlang ang masasamang istruktura para mabuhay at lumago ang mga tao. Pero maliwanag din namang walang anumang rebolusyon, gaano man karaming benepisyo ang dala, ang makapagtatayo ng isang lipunang di gaanong mapang-api hanggang di nagbabago ang mga tao ayon sa Ebanghelyo. Hindi nagbibigay si Jesus ng mga alituntunin para lamang magkaroon ng isang mas mahusay na lipunan. Ang misyon niya ay ituro sa atin ang daan ng paglago at pamumunga, at ng kalayaan.

Ang totoo nito, sa alinmang lipunan, nangangailangan ng pagbabagumbuhay na hatid ni Jesus ang mayayaman, ang midel klas, ang mga dukha at ang mga pinakadukha, kahit na sa iba't ibang antas, paraan at pamantayan. Ang hayagang malasakit ni Jesus para sa mĝa dukha at api ay hindi nangangahulugang mas mabuti sila. Ang ibig sabihin nito'y maawain ang Diyos, nagbabahagi ng mas matinding awa kung saan mas matindi ang kasawian, nag-aalok ng pag-asa't ganap na pagpapalaya kung saan halos wala nang pag-asa. Hindi walang-malay ang taong api; kung hindi siya iginapos ng takot, pagkakawatak-watak at kasakiman para sa mga pakinabang na iniaalok sa kanya ng uma-api sa kanya, makakamit niya ang pagkakaisa at mata-tamo ang isang puwersang moral na kayang bumago sa daigdig. Kaya hindi makalalaya ang api hanggang hindi siya umuunlad nang malaki sa pagtitiwala sa Diyos para magawa niyang makipagsapalaran, at sa pagiging bukas ng espiritu para magawa niyang una-wain ang kapwa at itaguyod ang pakikipagkasundo.

Itinuturo ng mga sumusunod na pananalita ni Jesus ang mga kinakailangang pagbabago ng puso at mga pamamaraan.

*Magbigay sa sinumang humihingi.* Hindi nagbibigay si Jesus ng isang pamantayang agad-agad na magagamit sa lahat ng sitwasyon: alam natin na may mga pagkakataong hindi tayo dapat magbigay dahil magiging pagkunsinti lamang ito ng bisyo. Gustong ligaligin ni Jesus ang ating konsiyensya: Bakit ayaw mong magbigay? Natatakot ka bang baka di gantihan? Pero paano kung ito ang pagkakataon para magtiwala sa iyong Ama at bitiwan ang kung anong "yaman mo" (12:34)? Gusto mong maging lubos at ganap pero bakit mo ipinagwawalang-bahala ang napakaraming pagkakataon para matalikuran ang sariling karunungan upang ang Diyos ang mag-alaga sa iyo.

• 32. Tulad sa Mateo 5:43, hindi mga personal na sama ng loob at pakikipagkaibigan ang unang tinutukoy rito ni Jesus, kundi ang mga pagsalungat sa larangan ng lipunan, pulitika o relihiyon. Ito ang pagta-

nagawa ng mga makasalanan. 34 Kung
nagpapautang kayo sa mga inaasahan
ninyong makapagbabayad, ano ang ka-
hanga-hanga roon? Nagpapautang din
ang mga makasalanan sa mga makasa-
lanan para matanggap ang katumbas.

• 35 Sa halip ay mahalin ninyo ang in-
yong mga kaaway; gumawa kayo ng
mabuti at magpautang na walang ina-
asahang anuman. Kaya gagantimpalaan
kayo nang malaki at magiging mga anak
ng Kataas-taasan dahil butihin siya sa mga
walang-utang-na-loob at masasama.
36 Maging maawain kayo gaya ng inyong
Amang maawain.

37 Huwag kayong humatol, at hindi kayo
hahatulan; huwag ninyong sumpain ang
sinuman, at hindi kayo susumpain; mag-
patawad kayo, at kayo'y patatawarin.
38 Magbigay kayo, at kayo'y bibigyan –
isang saganang takal, siksik, liglig at
umaapaw ang ibubuhos sa inyong kan-
dungan. Sapagkat sa sukatang ginagamit
ninyo kayo susukatin."

39 Sinabi rin niya sa kanila ang isang
talinhaga: "Puwede nga kayang akayin ng
isang bulag ang isa pang bulag? Di ba't
kapwa sila mahuhulog sa kanal? 40 Hindi
higit sa kanyang guro ang alagad.
Magiging katulad ng kanyang guro ang
ganap na alagad.

41 Bakit mo tinitingnan ang puwing sa
mata ng iyong kapatid? At di mo pansin
ang troso sa iyong mata. 42 Paano mo
masasabi sa iyong kapatid: 'Kapatid,
pahintulutan mong alisin ko ang puwing sa
mata mo,' gayong hindi mo nga makita
ang troso sa mata mo? Mapagkunwari!
Alisin mo muna ang troso sa mata mo, at
saka ka makakakitang mabuti para alisin
ang puwing sa mata ng kapatid mo.

• 43 Hindi makapamumunga ng masa-
ma ang mabuting puno, at ang masamang
puno nama'y hindi makapamumunga ng
mabuti. 44 Nakikilala ang bawat puno sa
bunga nito. Hindi makapipitas ng igos
mula sa tinikan ni makaaani ng ubas mula
sa dawagan. 45 Naglalabas ang taong
mabuti ng mabuting bagay mula sa yaman
ng kabutihan sa kanyang puso; ang ma-
sama nama'y naglalabas ng masamang
bagay mula sa kanyang kasamaan. At

---

tangi at naiibang pagtrato sa mga kagrupo o kapartido kaysa mga nasa kalabang partido. Ugali na ng mga taong tulungan, irespeto at pagmabaitan ang kanilang mga kagrupo pero ayaw naman nilang tulungan ang mga nasa ibang grupo at hindi na isinasaalang-alang ang kanilang mga karapatan: para sa kanila'y masasama at mga makasalanan ang mga ito.

Inaanyayahan tayo ni Jesus na malampasan ang ganitong mga pagkakaiba: ang tao ang mahalaga, at kung kailangan ako ng aking kapwa, dapat kong kalimutan ang kanyang kulay o ang anumang tatak niya.

*Nagpapautang kayo sa mga makapagbabayad.* Minsan pang tinatalakay ang isang ugaling panlipunan: ang taong nakikipagkaibigan sa mga taong magagamit niya para makaangat sa lipunan at umiiwas sa lahat ng maaaring maging pabigat sa kanya pagkat sila'y mga taong walang impluwensiya: Lc 14:12.

*At magiging mga anak kayo ng Kataas-taasan.* Itinuturo sa atin ni Jesus ang daan para baguhin tayo at gawing larawan at kahawig ng Amang nasa itaas. Hinihingi niyang malampasan natin ang ating mga negatibong palagay tungkol sa iba at gibain ang mga pader na naghihiwalay sa atin sa isa't isa.

• 35. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 7:1. Nasa pagtulad sa Ama ang ating kaganapan. Ang kanyang pagkadiyos ay awa; ito ang kakayahan niyang makiramay sa karukhaa't dalamhati ng kanyang mga nilikha at pasaganain sila sa anumang maibibigay niya. Ang ugaling paghuhusga sa mga kapatid ang mismong kasalungat ng awa.

*Puwede kayang akayin ng isang bulag ang isa pang bulag?* Nakukuntento ang kayabangan natin kapag naihahambing natin ang ating sarili sa iba. At para lumitaw tayong mas magaling, nagsisimula tayo sa pagpuna at paghuhusga sa kanila. Hinahamon tayo ni Jesus na mga sariling kamalian muna ang tingnan. Sa pagiging makatotohanan sa sarili, magiging mas makatarungan ang pagtingin natin sa kalagayan ng ating kapwa.

• 43. *Hindi makapamumunga ng masama...* Ipinaliwanag na sa Mt 7:15 ang mga pananalitang ito. Subalit ibang kahulugan ang ibinibigay ni Lucas sa mga ito sa pagpapakahulugan nito ng malinis na konsiyensya. Dapat nating linisin ang ating isip at espiritu upang pagkatapos ay mamunga ng mabuti ang mabuting punong ito, na ibig sabihi'y mga salita at gawa ng katarungan at kabutihan.

mula nga sa puso umaapaw ang sinasabi
ng bibig.
46 Bakit ninyo ako tinatawag na 'Pangi-
noon, Panginoon,' at hindi n'yo naman
tinutupad ang sinasabi ko?
47 Ilalarawan ko sa inyo ang lumalapit sa
akin at nakikinig sa aking mga salita at
tumutupad nito. 48 May isang taong nagta-
tayo ng bahay, na humukay nang malalim
at sa batuhan inilagay ang mga pun-
dasyon. Pagdating ng baha, hinampas ng
agos ang bahay na iyon pero wala itong
lakas para yanigin iyon sapagkat mabuti
ang pagkakatatag niyon.
49 At kung may nakaririnig ngunit di
naman nagsasagawa, matutulad siya sa
nagtatayo ng bahay sa ibabaw ng lupa na
wala namang pundasyon. Hinampas ito ng
agos at kaagad bumagsak. Anong laki ng
pagkawasak ng bahay na iyon!"

**Pananampalataya ng isang pagano**

*(Mc 8:5; Jn 4:46)*

**7** • 1 Matapos ituro ni Jesus ang mga
ito sa mga tao, pumasok siya sa
Capernaum.
2 May isang kapitan na may katulong na
naghihingalo at pinahahalagahan niya ito.
3 Pagkarinig niya tungkol kay Jesus,
nagpapunta siya sa kanya ng mga Mata-
tanda ng mga Judio para pakiusapang
pumunta at pagalingin ang kanyang ka-
tulong. 4 Pagdating ng mga ito kay Jesus,
taimtim nila siyang pinakiusapan: "Mara-
pat lamang na pagbigyan mo siya; 5 mahal
nga niya ang ating bayan at siya ang
nagpatayo ng aming sinagoga."
6 Kaya kasama nilang pumunta si
Jesus. Nang hindi na siya kalayuan sa
bahay, nagpapunta naman sa kanya ng
mga kaibigan ang kapitan para sabihin:
"Ginoo, huwag ka nang mag-abala pa;
hindi nga siguro ako karapat-dapat para
tumuloy ka sa aking bahay. 7 Kaya hindi ko
man lang inakalang nararapat akong
lumapit sa iyo. Mag-utos ka lang at ga-
galing na ang aking katulong. 8 Mababa
nga lang ang ranggo ko pero may mga
sundalo sa ilalim ko. At kung iutos ko sa
isa, 'Umalis ka,' umaalis siya; at sa iba
naman, 'Halika,' at pumaparito siya. At
pag sinabi kong 'Gawin mo ito,' sa aking
katulong, ginagawa nga niya ito."
9 Humanga si Jesus pagkarinig niya
nito. Lumingon siya sa mga sumusunod sa
kanya at sinabi: "Sinasabi ko sa inyo, sa
Israel ma'y hindi ko natagpuan ang
ganitong pananalig!" 10 At nang magbalik
sa bahay ang mga sinugo, natagpuan
nilang magaling na ang katulong.

**Pinabangon ni Jesus ang anak ng isang biyuda**

• 11 Pagkatapos ay pumunta naman si
Jesus sa isang bayang tinatawag na Nain
at sinamahan siya ng kanyang mga alagad

---

*ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS*

• **7.1** Natamo ng kapitang ito ng isang dayuhang hukbo ang respeto ng mga Judio. Ang nakapagtataka'y hindi ang pagkakapag-abuloy niya sa pagtatayo ng sinagoga kundi ang pagtanggap nito ng mga Judio mula sa kanya. Siguradong mabuting tao siya. Pero alam na alam niya ang mga negatibong pala-palagay sa iba ng mga Judio kaya hindi siya nangahas na lumapit nang personal kay Jesus na usap-usapan ng lahat. Hanggang saan kapareho si Jesus sa pagmamataas ng kanyang mga kababayan? Pagbibigyan kaya niya ang kahilingan ng isang militar na Romano? Kaya mga kaibigan niyang Judio ang kanyang pinapunta kay Jesus.

Talaga ngang nababalisa ang lalaki: Papayag kayang pumunta si Jesus sa bahay ng isang pagano at "mahawa sa pagiging di-malinis"? (Jn 18:28). Subalit higit pa ang ginagawa ng kapitan: di na kailangang pumunta pa sa bahay niya si Jesus. Samantalang ipinagpipilitan ng ibang mga maysakit na mahipo man lang ng Guro sa paniwalang may angkin siyang kung anong kapangyarihang nagpapagaling, naunawaan naman ng taong ito na mismong kapangyarihan ng Diyos ang nakay Jesus at hindi na niya kailangang puntahan pa ang maysakit: Hindi magiging mas mahirap mag-utos mula sa malayo sa buhay na pumapanaw.

• 11. Kailanma'y hindi ipinalagay ninuman na may kapangyarihan sa kamatayan ang sinumang tao. Si Jesus lamang ang lumulupig sa kamatayan, at napakasimple ng pagkakagawa niya nito!

kasama ang maraming tao. 12 Habang
papalapit siya sa pintuan ng bayan,
tamang-tama namang inilalabas ang isang
patay – ang nag-iisang anak na lalaki ng
kanyang ina, at ito'y isang biyuda kaya
sinamahan siya ng di-kakaunting tao mula
sa bayan. 13 Pagkakita sa kanya, nahahabag
sa kanya ang Panginooon at sinabi: "Huwag
ka nang umiyak." 14 Lumapit siya at hinipo
ang kabaong; tumigil naman ang mga
maydala. At sinabi niya: "Binata, iniuutos
ko sa iyo, bumangon ka!" 15 Umupo nga ang
patay at nagsimulang magsalita; at ibinigay
siya ni Jesus sa kanyang ina. 16 Nasindak
ang lahat at nagpuri sa Diyos, at sinabi:
"Lumitaw sa atin ang isang dakilang
propeta at dinalaw ng Diyos ang kanyang
bayan." 17 Kayat kumalat ang balitang ito
tungkol sa kanya sa buong lupain ng mga
Judio at sa lahat ng karatig na lupain.

**Sinagot ni Jesus ang mga sugo ni Juan Bautista**

*(Mt 11:2)*

• 18 Ibinalita ng mga alagad ni Juan ang
lahat ng ito sa kanya kaya tinawag ni Juan
ang dalawa sa kanyang mga alagad 19 at
sinugo sila sa Panginoon para sabihin sa
kanya: "Ikaw na ba ang Dumarating o
maghihintay pa kami ng iba?" 20 Pagdating
ng mga taong iyon kay Jesus, sinabi nila:
"Ipinasasabi sa iyo ni Juan Bautista: Ikaw
na ba ang Dumarating o maghihintay pa
kami ng iba?"

21 Nang mga sandali namang iyo'y
marami siyang pinagaling sa mga sakit,
mga karamdaman at masasamang espi-
ritu, at binigyan niya ng paningin ang mga
bulag. 22 Kaya sumagot siya sa kanila:
"Bumalik kayo at ibalita kay Juan ang
inyong nakita at narinig: nakakakita ang

---

Ang ina ang kumakatawan sa nagdurusang sangkatauhan. "Magdurusa ka dahil sa mga anak mo", sinabi ito pagkatapos ng unang pagkakasala. Laging maglalamay ang sangkatauhan sa kanilang mga patay. Iiyak sila sa paglilibing ng kanilang mga kabataan pero sila rin ang patuloy na pumapatay sa mga ito. Pinapatay nila ang mga ito sa mga giyera at sa pagsaid sa mga likas na yaman ng daigdig na para sana sa mas maganda nilang kinabukasan. Pinapatay nila ang mga ito sa espiritu sa di pagtuturo ng pag-ibig at pagsasakripisyo ng sarili at sa pagwasak sa pinakamabubuti nilang adhikain.

*ANG MGA NAGDUDUDA*

• 18. Ibinalita na ni Juan Bautista ang nalalapit na pagdating ng Hatol ng Diyos. Pero ipinakulong ni Herodes si Juan at wala namang nangyari. Ipinakilala ni Juan si Jesus bilang pinakahihintay na Mesiyas, pero hindi naman binabago ni Jesus ang mundo. Kayat sa kulunga'y nagsimulang magduda si Juan. Mas magiging eksakto siguro kung ituturing natin ang tanong niya bilang isang mahigpit na paanyaya: "Kung ikaw nga ang siyang darating, bakit naman napakatagal?"

Nasaksihan ng mga alagad ni Juan ang mga pagpapagaling pero hindi mga pagpapagaling lamang ang lahat, kayat idinadagdag ni Jesus: *may mabuting balitang ipinahahayag sa mga dukha.* Sapagkat binubuhay ng tunay na pag-eebanghelyo ang pag-asa at nagbubunga ito ng pagbabago ng mga tao.

*Nakakakita ang mga bulag, nakalalakad ang mga pilay...* Ipinahayag ng mga propeta ang mga tandang ito (Is 35:5) na talagang bago at naiiba sapagkat dati'y karaniwan nang nagpapakilala ang Diyos bilang makapangyarihang tagapagligtas. Ipinaliliwanag ng mga pagpapagaling na ito ang pagpapalayang hatid ni Jesus: hindi pagpaparusa sa masasama (na malaking bahagi ng pangangaral ni Juan Bautista) kundi higit sa lahat ay isang pakikipagkasundong akma sa pagpapagaling sa isang daigdig ng mga makasalanan, ng mararahas at magagalitin.

*Napakapalad niyang hindi natitisod dahil sa akin.* At mapapalad ang mga hindi nagdududa sa pagliligtas ni Kristo matapos makita ang mga bunga ng pageebanghelyo. Mapapalad ang mga hindi nagsasabing napakabagal naman ng daang ito. Pinatutunayan muna ng Ebanghelyo ang pagiging mabunga nito sa kapangyarihan nitong magpatayo sa mga tao. Ang sumasampalataya ay isang taong ipinakipagkasundo. Nadidiskubre ng nakararanas kay Kristo ang kanyang sarili. At malayong matulad ang taong ito sa mga kaydaling nagiging mapagsamantala mula sa pagiging api, nagiging kasabwat sa kasamaan mula sa pagtuligsa sa masasama. Saanman may mga taong binago, namumulat ang buong pamayanan sa tunay nitong kalagayan at nagkakaisa sa mga gawang mapagpalaya.

Hindi mahalaga kung patuloy pa rin ang daigdig sa pagsuko sa mga puwersa ng kasamaan. Ang presensya ng mga taong malaya na ang oobliga sa iba pang mga tao na makita ang sarili ayon sa mabuti o masama. Ito ang nagpapalago sa daigdig.

Sa pamamagitan nito, sinasagot ni Jesus ang mga alagad ni Juan na pawang nagsasakripisyo ng sarili at may malasakit sa tagumpay ng simulain ng Diyos. Siguro'y masyado silang nakatuon sa paghahanap ng katarungan kaya hindi nila nakilala ang makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa mga gawa ni Jesus na tila napakasimple at nakapaordinaryo.

mga bulag, nakakalakad ang mga pilay,
lumilinis ang mga ketongin at nakakarinig
ang mga bingi, nagigising ang mga patay,
may mabuting balitang ipinahahayag sa
mga dukha. 23 At napakapalad niyang
hindi natitisod dahil sa akin."

• 24 Nang makaalis na ang mga sugo ni
Juan, nagsimulang magsalita si Jesus sa
mga tao tungkol kay Juan: "Ano ang
pinuntahan ninyo sa disyerto para makita?
Isang kawayang hinahampas-hampas ng
hangin? 25 Ano ang pinuntahan ninyo?
Isang lalaking magara ang bihis? Nasa
mga palasyo nga ang mga taong maga-
gara ang bihis at napakasarap ang pag-
kain. 26 Ano nga ba ang pinuntahan ninyo?
Isang propeta? Tama. At sinasabi ko sa
inyo na higit pa sa isang propeta. 27 Siya
ang binabanggit sa Kasulatan: *'Pinauna ko
sa iyo ang aking sugo upang ihanda ang
daan sa harap mo.'*

28 Sinasabi kong wala nang hihigit pa
kay Juan sa lahat ng mga anak ng babae
pero higit pa sa kanya ang pinakamaliit sa
kaharian ng Diyos."

(29 Tumanggap na ng binyag ni Juan
ang lahat ng taong nakaririnig kay
Jesus pati na ang mga publikano, at kini-
kilala nila ang Diyos. 30 Hinadlangan
naman ng mga Pariseo at mga guro ng
Batas ang kalooban ng Diyos sa di nila
pagpapabinyag kay Juan.)

31 "Ngayon, kanino ko ikukumpara ang
mga tao sa kasalukuyan, at sa ano sila
katulad? 32 Para silang mga batang naka-
upo sa mga plasa, at nagrereklamo ang
ilan sa kanila: 'Tinugtog namin ang plauta
para sa inyo at hindi kayo sumayaw, at
nang umawit naman kami ng punebre,
ayaw naman ninyong umiyak.

33 Ganito rin naman ang nangyari. Du-
mating si Juan Bautista na hindi kumakain
ng tinapay ni umiinom ng alak, at ang sabi
ninyo'y 'Nasisiraan siya ng bait!' 34 Duma-
ting naman ang Anak ng Tao na kumakain
at umiinom, at sinabi naman ninyong
'Narito ang taong matakaw at lasenggo,
kaibigan ng mga publikano at mga

---

• 24. *Nang makaalis na ang mga sugo ni Juan.* Nanatiling kasama ng kanilang guro ang marami sa mga alagad ni Juan at hindi kinilala si Jesus. Hindi sila sinisi ni Jesus kundi pinuri niya si Juan at inilagay ang sarili sa dapat kalagyan hinggil kay Juan.

*Higit pa sa isang propeta:* sapagkat kay Juan nagtatapos ang panahon ng mga propeta. Wala nang (ginagamit ng Ebanghelyo ang termino ng mga Judio: *sa lahat ng mga anak ng babae,* na wala na ang ibig sabihin) hihigit pa kay Juan. Para sa mga karaniwang tao, si Juan ang pinakadakila nang panahong iyon. Sang-ayon si Jesus sa kanila dahil dito: si Juan ang nagpakilala sa Tagapagligtas at sa kaharian ng Diyos.

*Higit pa sa kanya ang pinakamaliit sa Kaharian ng Diyos.* Sa pakahulugang pumasok ang mga alagad ni Jesus sa Kaharian na ipinahayag lamang ni Juan. Gaano man kabanal si Juan, hindi pa rin ipinagkaloob sa kanya ang kaalaman sa Diyos na nagniningning kay Jesus. Hindi naranasan ng dukhang propetang si Juan ang ganap na pakikipagkasundo sa maawaing Diyos na pribilehiyo naman ng mga alagad ni Jesus. Ang totoo'y binibigyang-diin ni Jesus ang kahigtan, hindi ng kanyang mga alagad kung ihahambing kay Juan, kundi ng kanyang misyon kung ihahambing sa misyon ni Juan.

Sinabi ni Juan na dapat ituwid ng bawat isa ang kanyang buhay. Iginigiit naman ni Jesus na walang saysay ang lahat nating pagsisikap kung hindi tayo naniniwala sa pag-ibig ng Ama. Nag-aayuno ang mga alagad ni Juan; ang mga alagad ni Jesus naman ay matututong magpatawad. Naakit ni Juan sa disyerto ang mga makapagwawaksi sa kanilang mga ka-ginhawahan; namuhay naman si Jesus sa piling ng mga tao at pinagaling niya ang kanilang mga sugat. Ang binyag ni Juan ay tanda ng pagiging handa ng mga tao na talikuran ang kanilang mga bisyo samantalang ibinibigay naman ng binyag ni Jesus ang Espiritu ng Diyos.

*Para silang mga batang nakaupo...* Ginagawa nila ang lahat nang wala sa panahon. Pinagsasabihan nila si Juan dahil sa labis na pagsasakripisyo at si Jesus naman sa kakulangan nito. Sa pamamagitan ng sagot na ito, itinuturo sa atin ni Jesus na huwag lamang la-ging batikusin ang Iglesya sa mga nagdaang panahon nito kundi pahalagahan din naman ang mga karanasan nito. May kanya-kanyang mga problema ang bawat henerasyon, at walang salinlahing makalalaya sa mga negatibong palagay at mga limitasyon ng kultura ng kanilang panahon.

Kasunod na dumating ni Juan si Jesus at higit kaysa kanya. Ngunit kinailangan niya si Juan. Mananatiling mababaw ang lahat ng pagsisikap na mag-ebanghelyo at hindi rin mag-uugat ang pagbabalik-loob kung ang lupa ay hindi naihanda ng mga kilusang magtataguyod ng katarungan sa daigdig at pag-aalay ng sarili.

makasalanan.' 35 Gayon pa ma'y nakilala
ng kanyang mga anak ang Karunungan."

**Si Jesus, ang babae at ang Pariseo**

• 36 Inanyayahan si Jesus ng isa sa mga
Pariseo na makisalo sa kanya kaya
pumasok siya sa bahay ng Pariseo at
humilig sa sopa para kumain. 37 Ngayon,
may isang babae sa bayang iyon na
itinuturing na makasalanan. Nang mala-
man nitong si Jesus ay nasa hapag sa
bahay ng Pariseo, nagdala ito ng paba-
ngong nasa sisidlang alabastro. 38 Tumayo
siya sa likuran, sa may paanan ni Jesus at
umiyak. Tumulo ang kanyang mga luha sa
mga paa ni Jesus at pinunasan niya ng
kanyang buhok, at hinagkan at pinahiran
ng pabango.
39 Nang makita ito ng Pariseong ku-
mumbida sa kanya, naisip nito: "Kung
propeta ang taong ito, malalaman niya
kung sino ang babaeng ito at anong uri ng
tao ang humihipo sa kanya – isa ngang
makasalanan!"

---

*ANG MGA MAKASALANAN*

• 36. May ilang maliwanag at simpleng prinsipyo sa relihiyon si Simong Pariseo:

Hati ang daigdig sa mabubuti at mga makasalanan. Ang mabubuti ang mga sumusunod; ang mga gumagawa naman ng mga pagkakasala ang mga makasalanan. Mahal ng Diyos ang mabuti at hindi niya mahal ang makasalanan. Lumalayo ang Diyos sa mga makasalanan. Mabuting tao si Simon kayat lumalayo si Simon sa mga makasalanan. At dahil hindi lumalayo si Jesus sa babaeng makasalanan, tiyak na hindi siya pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos.

Katakataka pero hindi katulad ng pag-iisip ni Simon ang pag-iisip ng Diyos. Tanging siya lamang ang mabuti kayat bale-wala sa kanya ke mabuti o masama sapagkat hangad niyang patawarin ang lahat. Hindi tinitimbang ng Diyos ang mabubuti at masasama nating gawa para tingnan kung alin ang mas mabigat: pambata lamang ang larong ito. Alam ng Diyos na nangangailangan ng panahon ang tao para masubok ang mabuti at masama, at para maging hinog tayo at tumatag sa ating paninindigan. Hinahayaan niya tayong magkasala sapagkat sa bandang huli'y mas makikilala natin ang ating kasamaan at tanging siya lamang ang kailangan natin. Kaya hindi mahirap sa Diyos na kalimutan ang ating mga pagkakasala't pagmamalabis, kung sa kabila naman ng mga ito o dahil sa mga ito ay mararating natin ang tunay na pag-ibig.

Hindi inasikaso ni Simon si Jesus ayon sa kaugaliang paraan ng pagtanggap sa mga panauhin nang panahong iyon. Noong panahong 'yon, humihigang patagilid ang mga tao sa mga sopang nakapalibot sa mesa ayon sa kaugalian ng mayayaman. Pero naiinip si Jesus: paano siya makikipag-usap sa kagalang-galang na taong ito na naniniwalang alam niya ang mga bagay ng Diyos pero manhid naman sa mga ito? At ang pagdating ng babaeng makasalanan ang hinihintay ni Jesus.

*Nagmamahal lamang nang kaunti* (47). Hindi palaging ganito. Marami ang maalab na nagmahal kay Jesus na hindi naman masyadong makasalanan. May panunuya ang sinasabi rito ni Jesus sa isang taong "napakadisente": Simon, akala mo'y kakaunti ang utang mo (at dito ka nagkakamali), kaya kaunti rin kung magmahal.

*Kaya pinatatawad ang marami niyang kasalanan* (47). May nakikitang kontradiksyon ang ilan sa bersong ito at b. 42. Sa 42, ang dakilang pag-ibig ay bunga ng mas malaking kapatawaran; sa 47 naman, ang dakilang pag-ibig ang nagkakamit ng kapatawarang ito. Ngunit hindi tinatangka ni Jesus na sabihin kung alin sa dalawa – ang pag-ibig o ang kapatawaran – ang una: sa katunaya'y magkasama ang dalawa. Pinaghahambing dito ni Jesus ang dalawang anyo ng relihiyon. Ang relihiyon ng mga Pariseo ay parang bookkeeping: inililista ng Diyos ang mabubuti at masasamang gawa upang pagkatapos ay mas magantimpalaan niya ang taong may mas maraming nakalistang mabubuting gawa. Ang tunay na relihiyon naman ay sa klase ng pag-ibig at pagtitiwala lamang nakatuon at kadalasa'y nagmamahal tayo katumbas ng pagkakaalam natin kung gaano tayo pinatawad ng Diyos.

*Pinatatawad ang iyong mga kasalanan* (48). Subukan nating intindihin ang iskandalong nalikha ng gayong mga salita. Sino pa nga ba ang minahal ng babae kundi si Jesus? At sino naman ang nakapagpapatawad ng kasalanan kundi ang Diyos.

*Posibleng ang babaeng ito'y si Maria na kapatid ni Marta, si Maria na nagpahid sa mga paa ni Jesus sa gabing bago ito mamatay (Jn 12:3). Malamang na minsan lang nangyari ang medyo kakaibang aksyong ito ng pagpapahid sa mga paa ni Jesus at naganap ito bago ang kanyang pagpapakasakit. Kung gayo'y maaaring inayos ni Lucas ang ilang detalye para buuin ang salaysay na ito na nagpapahiwatig sa lumipas ni Maria.*

*Sa pagsasalaysay ng parehong pangyayari, binibigyang-pansin nina Mateo, Marcos at Juan na nainis si Judas Iskariote (Jn 12:4) pero posibleng ibang mga dahilan ang nakaeskandalo kay Simon, na nagpatuloy kay Jesus: Bakit pinapayagan ni Jesus na sumunod sa kanya ang babaeng ito kasama ng kanyang mga apostol, kahit na nagsisi na ito sa lumipas niyang mga kasalanan at mga demonyo? Walang sinumang guro ng relihiyon ang makikipag-usap kailanman* sa isang babae sa publiko, ni hindi nga pumapasok ang mga babae sa mga sinagoga.

40 Ngunit nagsalita sa kanya si Jesus:
"Simon, may sasabihin ako sa iyo." Suma-
got ito: "Guro, magsalita ka." 41 At sinabi
niya: "May dalawang may utang sa isang
taong nagpapautang. Limandaang sala-
ping pilak ang utang ng isa at limampu
naman ang sa isa pa. 42 Ngunit wala silang
maibayad kaya kapwa niya sila pinata-
wad. Ngayon, sino sa kanila ang magma-
mahal sa kanya nang higit?"
43 Sumagot si Simon: "Sa palagay ko'y
ang pinatawad niya ng mas malaki." At
sinabi sa kanya ni Jesus: "Tama ang hatol
mo." 44 At paglingon niya sa babae, sinabi
niya kay Simon: "Nakikita mo ba ang
babaeng ito? Pumasok ako sa iyong bahay
at hindi mo ako binigyan ng tubig para sa
aking mga paa ngunit binasa niya ng
kanyang luha ang aking mga paa at
pinunasan ito ng kanyang buhok. 45 Hindi
mo ako hinagkan ngunit mula nang puma-
sok siya'y wala nang tigil ang kahahalik
niya sa aking mga paa. 46 Hindi mo pina-
hiran ng langis ang aking ulo ngunit binu-
san niya ng pabango ang aking mga paa.
47 Kaya sinasabi ko sa iyo, pinatatawad na
ang marami niyang kasalanan dahil nag-
mahal siya nang malaki. Ngunit nagma-
mahal lamang nang kaunti ang pinatata-
wad nang kaunti."
48 At sinabi naman ni Jesus sa babae:
"Pinatatawad ang iyong mga kasalanan."
49 At nagsimulang mag-isip ang mga nasa
hapag: "At nangangahas ang taong ito na
magpatawad ng mga kasalanan!"
50 Ngunit sinabi ni Jesus sa babae:
"Iniligtas ka ng iyong pananampalataya;
humayo ka sa kapayapaan."

### Ang mga babaeng sumunod kay Jesus

**8** • 1 Pagkatapos ay naglibot si Jesus
sa bawat lunsod at bayan na nanga-
ngaral at ibinabalita ang kaharian ng
Diyos. Kasama niya ang Labindalawa 2 at
ilang mga babae na pinagaling sa masa-
samang espiritu at mga karamdaman: si
Maria na tinaguriang Magdalena, na nilisan
ng pitong demonyo, 3 si Juana na asawa ni
Kusa na katiwala ni Herodes, at si Susana
at iba pang naglilingkod sa kanila mula sa
kanilang kaya.

### Ang talinhaga ng manghahasik
*(Mk 4:1; Mt 13:1)*

4 Napakakapal na tao ang nagkakati-
pon dahil pinupuntahan si Jesus ng mga
tao mula sa kani-kanilang mga bayan.
Kaya nagsalita siya sa talinhaga:
5 "Lumabas ang manghahasik para
maghasik ng kanyang binhi. Sa kanyang
paghahasik, may ilang butong nahulog sa
tabi ng daan at tinapak-tapakan at kinain
ng mga ibon sa langit. 6 Nahulog ang iba sa
batuhan, at nang sumibol ay nalanta dahil
sa kawalan ng halumigmig. 7 Nahulog ang
iba pang buto sa gitna ng tinikan, at sa

---

• **8.1** Tingnan ang paliwanag sa Mt 1:18 tungkol sa napakaabang kalagayan ng mga babae sa panahon ni Jesus. Subalit hindi man lang inalintana ni Jesus ang mga negatibong palagay na ito na sinasang-ayunan ng lahat noon. Itinuring ng ilang mga babae na tawag sa pagpapalaya sa kanilang mga sarili ang mga salita at saloobin ni Jesus. Kasama pa nga sila sa grupo ng mga taong malapit kay Jesus, na di pinapansin ang mga tsismis. Narito ang isang mahalagang patotoo tungkol sa kalayaan ng Ebanghelyo.

At hanggang ngayon, marami pa ring babae ang hawak sa leeg ng kanilang mga asawa, at humihingi pa ng permiso para sumali sa isang samahan, at ikinalulungkot nilang di mapaunlakan ang paanyaya ng Iglesya dahil ayaw silang pahintulutan ng kanilang mga asawa. Mahirap na makipag-usap sa kanila tungkol sa buhay-Kristiyano hangga't di nila nagagawa ang unang hakbang tungo sa pagpapalaya sa sarili sa paggamit ng personal na kalayaan, na di natatakot sa galit ng kanilang mga asawa.

*SI JESUS AT ANG KULTURA NG KANYANG PANAHON*

Makikita sa paanan ng krus si *Maria ng Magdala* (na isang bayan sa dalampasigan ng lawa ng Tiberias) kasama ni Mariang asawa ni Cleofas, na ina nina Jaime at Jose. Ang dalawang babaeng ito, kasama ni Juana, ang tatanggap ng unang pagbabalita ng Pagkabuhay (Lc 24:10).

Tunay na tao si Jesus kayat bahagi siya ng isang lahi at kultura: isang Judio siya ng kanyang panahon at naaangkop sa kulturang kanyang kinabibilangan ang kanyang Ebanghelyo. Pero hindi sinunod ni Jesus ang mga di-makataong ugali sa kanyang kultura. Hindi niya

sabay nilang paglaki, sinikil ito ng mga
tinik. 8 Nahulog naman ang iba pa sa
matabang lupa at nang sumibol ay nag-
bunga nang tig-iisang daan." Pagkasabi
nito'y sumigaw siya: "Makinig ang may
tainga."

• 9 At tinanong siya ng kanyang mga
alagad kung ano ang kahulugan ng talin-
hagang ito. 10 Kayat sinabi niya: "Sa inyo
ipinagkaloob na malaman ang mga lihim
ng kaharian ng Diyos, at sa iba nama'y sa
mga talinhaga lamang para *tumingin sila*
*at hindi makakita, makinig at hindi*
*makaunawa.*

11 Ito ang kahulugan ng talinhaga. Ang
binhi ay ang salita ng Diyos. 12 Ang mga
nasa tabi ng daan ay ang mga nakakarinig
nito pero agad namang dumarating ang
diyablo; inaagaw niya ang salita mula sa
kanilang isipan upang huwag silang ma-
nalig at maligtas. 13 Ang mga nasa batuhan
ay ang mga nakakarinig na masayang
tinatanggap ang salita. Ngunit wala silang
ugat kaya sandali silang nananalig at tumi-
tiwalag naman sa panahon ng tukso.

---

tinanggap ang mga negatibong pala-palagay ng mga Judio ng kanyang panahon tungkol sa mga babae, sa mga makasalanan ng bayan, mga pagano at iba pa. At hindi rin siya nakiisa sa kanilang pananaw tungkol sa Araw ng Pahinga. Ang kanyang Ebanghelyo ay lebadurang bumabago sa mga kultura para maging mas mabuti. Sa maraming bagay, ang paraan ng kanyang pamumuhay ay salungat sa agos ng mga kultura.

• 9. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 13:1-23.

*Ito ang kahulugan ng talinhaga.* Tinutulungan tayo ng talinhaga o paghahambing na maintindihan ang mga pangyayaring nakapalibot kay Jesus. Marami ang naging napakasigasig sa simula at pagkatapos nama'y nagsialis. Iilan lamang ang nagtagal at nagtaka sila: Paano darating ang Kaharian ng Diyos kung wala ni isang interesado?

Itinatala ng Ebanghelyo ang paliwanag ni Jesus tungkol sa bukid na hinasikan ng binhi. Ngunit mas higit pa ang dapat ipaliwanag. Una, pihadong nagulat ang mga nakikinig sa paghahambing ni Jesus ng kaharian ng Diyos sa isang bagay na inihasik. Napakarami na ang ginawang paghahasik sa kabuuan ng Banal na Kasaysayan, at isang pag-aani ang inaasahan ng mga kapanahon ni Jesus (tingnan Pag 14:15).

Tulad ng mga kapanahon ni Jesus, gusto rin nating umani, ibig sabihi'y tamasahin ang mga bunga ng paghahari ng Diyos gaya ng kapayapaang panlipunan, katarungan at kaligayahan. At marami ang nagtataka at napakasama pa rin ng mga tao pagkatapos ng dalawampung dantaon pagkarating ni Kristo.

Kung dumating man ang paghahari ng Diyos at nasa piling na natin ito, hindi ito nangangahulugang tatamasahin natin ang mga bunga nito. Kaharian ng Diyos kung saan naghahari ang Diyos, at naghahari ang Diyos kung saan siya kinikilala ng mga tao bilang siya, kung saan siya puwedeng maging Ama at kung saan matatanggap ng kanyang mga anak ang kanyang plano para sa kanila. Hindi lamang Diyos ang kilala ng alagad ni Kristo: kilala niya ang Ama at ang Anak, at sapat na ito para maging bagong tao siya.

Mula sa sandaling 'yon, lumalago at nagiging mabunga ang mga tao sa napakaraming paraan, at lumalago rin at nahihinog ang kamalayang panlipunan. Namumulat ang mga tao sa kanilang dignidad at pangkalahatang patutunguhan kahit na sa araw-araw ay parang lalong nagi-ging imposibleng maabot ang kanilang minimithi.

*KAHARIAN AT PAGHAHARI NG DIYOS*

*Arameo ang ginamit ni Jesus, isang lengguwaheng may iisang salita lamang para sa tatlong bagay na magkakaiba: kaharian o ang lugar kung saan naghahari ang Diyos, ang paghahari o ang mismong pagkilos ng Diyos bilang hari, ang pagkahari o ang pagiging hari ng Diyos.*

*Kadalasa'y ang kaharian mismo ang tinutukoy ni Jesus: "Hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Diyos." Sa ibang pagkakataon nama'y hindi tiyak ang pakahulugan niya tulad halimbawa sa Ama Namin. Dapat ba nating sabihin: "Mapasaamin ang Kaharian mo" o "Mapasaamin ang Paghahari mo"?*

*Sa mga talinhagang ito na ayon sa tradisyon ay mga talinhaga ng Kaharian magkasama ang dalawang kahulugan. Ang malaking balitang ipinahayag ni Jesus ay ang pagsapit ng panahon na ganap na naiiba sa mga panahon ng banal na kasaysayan na naranasan ng mga Judio. Tiyak na nasa kabuuan ng kasaysayan ng tao ang Diyos, lalo na sa kasaysayan ng Israel, pero dumarating siya ngayon sa ibang paraan. Una, dahil ngayon lamang ipinakikilala ni Jesus sa mga tao ang tunay na mukha ng Diyos. At pagkatapos ay sisimulan naman ni Jesus sa kanyang pagkabuhay na paghahari at bigyang-direksyon ang kasaysayan ng tao, dahil siya ang Panginoon ng mga buhay at mga patay.*

Ang paghahari ng Diyos ay nagsimula kay Jesus na nagpapakita ng tunay na mukha ng Diyos; at sa muli niyang pagkabuhay bilang Panginoon ng mga buhay at patay, magsisimula siyang maghari at siya mismo ang aakay sa kasaysayan ng tao.

Sa pagbasa sa mga sulat ni Pablo at sa lahat ng magagandang bagay na sinasabi niya tungkol sa Iglesya (lalo na sa Efeso), makikita natin na para sa kanya, ang Iglesya ay para na ring kaharian ng Diyos, o kaya'y ang lugar kung saan ito nagniningning sa daigdig.

14 Ang nahulog naman sa mga tinikan ay
ang mga nakakarinig at sa pagpapatuloy
nila'y sinikil naman ng mga kabalisahan,
ng kayamanan at ng mga kasiyahan sa
buhay kaya hindi sila nakapagbunga.
15 Ang nahulog naman sa matabang lupa
ay ang mga nakakarinig sa salita at iniin-
gatan ito nang may dakila't mabuting loob
at nagbubunga sila sa tiyaga.

16 Walang nagsisindi ng ilawan at tina-
takpan ito ng palayok o inilalagay sa ilalim
ng higaan. Ipinapatong ito sa patungan
para makita ng mga pumapasok ang
liwanag. 17 Walang nalilihim na di mabu-
bunyag ni natatakpan na di mahahayag at
malalantad. 18 Kayat isip-isipin ninyo ang
inyong naririnig dahil bibigyan pa nga ang
mayroon at ang walang-wala naman, kahit
na ang akala niyang kanya, ay aagawin sa
kanya."

**Ang ina at mga kapatid ni Jesus**

*(Mc 3:31; Mt 12:46)*

• 19 Pinuntahan naman siya ng kanyang
ina at mga kapatid pero hindi sila maka-
lapit sa kanya dahil sa dami ng tao. 20 May
nagsabi sa kanya: "Nakatayo sa labas ang
iyong ina at mga kapatid, at gusto kang
makita." 21 Sumagot siya at sinabi sa
kanila: "Ang mga nakikinig sa salita ng
Diyos at nagsasagawa nito, sila ang aking
ina at aking mga kapatid."

**Pagpapahupa sa unos**

*(Mc 4:35; Mc 8:18)*

22 Isang araw, sumakay si Jesus sa
bangka, kasama ang kanyang mga ala-
gad. Sinabi niya sa kanila: "Tumawid tayo
sa kabilang ibayo ng lawa." Kaya tumulak
nga sila. 23 Habang sila'y naglalayag,
nakatulog siya. At bumugso sa lawa ang
malakas na unos; napuno na ng tubig ang
bangka at nanganganib sila. 24 Lumapit
kay Jesus ang mga alagad at ginising siya
na ang sabi: "Guro, Guro, halos mama-
matay na tayo!" Kayat gumising si Jesus at
inutusan ang hangin at ang nagngangalit
na mga alon. Humupa ang mga ito at
nagkaroon ng katiwasayan.
25 At sinabi niya sa kanila: "Nasaan ang
inyong pananalig?" Nasindak sila at
nagulat, at kanilang pinag-usapan: "Sino
ito na nakapag-uutos sa mga hangin at
tubig, at sinusunod siya ng mga ito?"

**Ang inaalihan ng demonyo at ang mga baboy**

*(Mc 5:1; Mt 8:28)*

26 Naglayag sila papunta sa lupain ng
mga Geraseno sa kabilang ibayo ng Ga-
lilea. 27 Paglunsad ni Jesus sa lupa, sinalu-
bong siya ng isang lalaking inaalihan ng
demonyo na galing sa bayan. Matagal na
itong hindi nagdadamit at hindi na tuma-
tahan sa bahay kundi sa mga libingan.
28 Pagkakita nito kay Jesus, humiyaw
ito at nagpatirapa sa kanya, at sumigaw:
"Ano ang kailangan mo sa akin, Jesus,
Anak ng Diyos na Kataas-taasan? Ipina-
kikiusap kong huwag mo akong pahira-
pan." 29 Inutusan nga ni Jesus ang maru-
ming espiritu na lumabas sa taong iyon.
Maraming beses na itong inalihan at kahit
na ikadena siya ng mga tanikala at posas
sa kanyang mga paa, nilalagot niya ang
mga gapos na iyon at dinadala siya ng
demonyo sa ilang.
30 Tinanong siya ni Jesus: "Ano ang
pangalan mo?" Sumagot siya, "Hukbo"
dahil maraming demonyo ang pumasok sa
kanya. 31 Hiniling nila ngayon kay Jesus na
huwag silang utusang mapasakailaliman.
32 May malaki-laking kawan ng mga baboy
doon na nanginginain sa burol kaya
ipinakiusap ng mga demonyo na sa mga
iyon sila pahintulutang pumasok. At pina-
yagan sila ni Jesus. 33 Agad na lumabas
ang mga demonyo sa tao at pumasok sa
mga baboy, at patakbo namang nahulog
sa bangin ang kawan hanggang malunod
sa lawa.

• 19. Tingnan ang paliwanag sa Mc 3:31.

34 Nang makita ito ng mga tagapag-
alaga, tumakas sila at ipinamalita ito sa
bayan at mga bukid. 35 Kaya lumabas ang
mga tao para makita ang nangyari. Pag-
dating nila kay Jesus, nakita nilang naka-
upo sa paanan ni Jesus ang taong nilisan
ng mga demonyo. Nakadamit na ito at
matino kaya natakot sila. 36 At isina-
salaysay sa kanila ng mga nakakita kung
paanong pinagaling ang taong inalihan ng
demonyo. 37 Takot na takot ang mga
Gerasenong tagaroon kaya pinakiusapan
nilang lahat si Jesus na umalis.

Sumakay si Jesus sa bangka para bu-
malik. 38 Ipinakiusap naman ng lalaking
nilisan ng mga demonyo na sasama siya
kay Jesus pero pinauwi siya ni Jesus na
ang sabi: 39 "Umuwi ka sa iyong samba-
hayan at isalaysay ang mga ginawa sa iyo
ng Diyos." Umuwi nga ang lalaki at ipina-
hayag sa buong bayan ang mga ginawa sa
kanya ni Jesus.

### Ang dalagitang patay at ang babaeng may sakit

*(Mc 5:21; Mt 9:18)*

40 Sa pagbabalik ni Jesus, malugod
siyang tinanggap ng mga tao dahil hinihin-
tay siya ng lahat. 41 At may dumating na
isang lalaking nagngangalang Jairo na
isang pinuno ng sinagoga. Nagpatirapa
siya sa paanan ni Jesus na hinihiling na
pumunta ito sa kanyang bahay 42 dahil
naghihingalo ang kaisa-isa niyang anak na
babae na maglalabindalawang taong gu-
lang.

Habang papunta roon si Jesus, sinisik-
sik naman siya ng mga tao. 43 May isang
babae roon na mga labindalawang taon
nang dinudugo. Nalustay na niya ang lahat
niyang kabuhayan sa mga doktor pero
wala pa ring makapagpagaling sa kanya.
44 Lumapit siya sa may likuran ni Jesus at
hinipo ang laylayan ng damit nito at
karaka-raka'y huminto ang kanyang
pagdurugo.
45 Ngunit itinanong ni Jesus: "Sino ang
humipo sa akin?" Nang walang umamin,
sinabi ni Pedro: "Guro, sinisiksik ka't di-
nudumog ng mga tao!" 46 Ngunit sinabi ni
Jesus: "May humipo sa akin dahil na-
ramdaman kong may bisang lumabas sa
akin." 47 Nang makita ng babae na hindi
nalingid ang kanyang ginawa, nanginginig
siyang lumapit at nagpatirapa sa harap ni
Jesus. At isinalaysay niya sa harap ng mga
tao kung bakit niya siya hinipo at kung
paano siya gumaling kaagad. 48 Sinabi sa
kanya ni Jesus: "Anak, ang pananalig mo
ang nagligtas sa iyo: humayo ka sa
kapayapaan."

49 Nagsasalita pa si Jesus nang may
dumating mula sa bahay ng pinuno ng
sinagoga na ang sabi: "Kamamatay pa
lang ng iyong anak na babae; huwag mo
nang gambalain pa ang Guro." 50 Pagka-
rinig dito ni Jesus, sumagot siya: "Huwag
kang matakot; maniwala ka lamang at
siya'y maliligtas."

51 Sa pagpasok niya sa bahay, wala
siyang pinayagang sumama sa kanya li-
ban kina Pedro, Juan at Jaime at ang ama't
ina ng bata. 52 Nag-iiyakan ang lahat at
pinananaghuyan ang bata. Ngunit sinabi ni
Jesus: "Huwag kayong umiyak; hindi pa-
tay ang bata kundi natutulog lang." 53 Kaya
pinagtawanan nila siya sapagkat alam ni-
lang patay na ito. 54 Hinawakan naman ni
Jesus ang kamay ng bata at tinawag ito:
"Bata, bumangon ka." 55 Nagbalik ang
hininga nito at kaagad itong tumindig.
Kaya pinabigyan siya ni Jesus ng maka-
kain. 56 Namangha ang mga magulang
nito pero tinagubilinan niya sila na huwag
sabihin kaninuman ang nangyari.

### Ipinadala ni Jesus ang Labindalawa

*(Mt 10:5; Mc 5:6)*

9 1 Tinawag ni Jesus ang Labin-
dalawa at binigyan sila ng lakas at
kapangyarihan para supilin ang lahat ng
demonyo at magpagaling ng mga sakit.
2 Sinugo niya sila para ipahayag ang
kaharian ng Diyos at magbigay-lunas.

3 Sinabi niya sa kanila: "Huwag kayong magdala ng anuman sa inyong paglakad, ni tungkod, ni supot, ni tinapay, ni salapi; huwag kayong magkaroon ng tigalwang bihisan. 4 Sa alinmang bahay kayo nakituloy, doon kayo tumigil hanggang sa pagalis ninyo. 5 Kung may hindi tatanggap sa inyo, umalis kayo sa bayang iyon at ipagpag ang alikabok sa inyong mga paa bilang sakdal laban sa kanila."

6 Kaya nga lumabas sila at dumaan sa lahat ng bayan na nangangaral at nagpapagaling saanman.

7 Nabalitaan naman ng tetrarkang si Herodes ang lahat ng pangyayaring ito at litung-lito siya dahil may nagsasabing nabuhay mula sa mga patay si Juan. 8 Sinabi naman ng iba na nagpakita si Elias, at ng iba pa na isa sa mga propeta noon ang bumangon. 9 At sinabi ni Herodes: "Pinapugutan ko si Juan; sino nga kaya itong nababalitaan kong gumagawa ng mga iyon?" Kaya sinikap niyang makita siya.

**Pinarami ni Jesus ang tinapay**

*(Mc 6:30; Mt 14:13; Jn 6:1)*

10 Pagbalik ng mga apostol, isinalaysay nila kay Jesus ang kanilang mga ginawa. Isinama naman niya sila at umalis na silang lamang papunta sa bayan na tinatawag na Betsaida. 11 Pero nalaman ito ng mga tao at sinundan siya. Kaya tinanggap niya sila at nagsalita sa kanila tungkol sa kaharian ng Diyos; at pinagaling din niya ang mga nangangailangan ng lunas.

• 12 Nang humahapon na, lumapit sa kanya ang Labindalawa at sinabi sa kanya: "Paalisin mo na ang mga tao para makalakad sila papunta sa mga nayon at bukid sa paligid nang makapagpahinga at humanap ng makakain. Sapagkat nasa ilang na lugar tayo rito."

13 At sinabi sa kanila ni Jesus: "Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain." Ngunit sinabi nila: "Wala kaming anuman kundi limang tinapay at dalawang isda; o baka naman kami pa ang pupunta at bibili ng pagkain para sa lahat ng taong ito?"

14 May mga limanlibong kalalakihan doon. Kaya sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: "Paupuin ninyo sila sa mga grupong tiglilimampu. 15 Ganito nga ang kanilang ginawa at pinaupo ang lahat. 16 At kinuha ni Jesus ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit at binasbasan ang mga ito, pinagpira-piraso at ibinigay sa kanyang mga alagad para ipamahagi sa mga tao. 17 Kumain at na-

---

• **9**.12. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 6:35.

Isinasalaysay ang pagpaparaming ito ng tinapay sa apat na ebanghelyo, na tangi lamang sa iilang pangyayari sa Ebanghelyo. Bukod sa pagpaparaming ito, may iba pang ikinukuwento sa Mt 15:32 at Mc 8:1.

Kaya siguro marami ang salaysay tungkol dito ay dahil isa sa mga himala ni Jesus ang pagpaparami ng tinapay, na higit na nagpapakita ng kanyang ganap na kapangyarihan sa mga batas ng kalikasan (tingnan ang paliwanag sa Mc 8:1).

Alalahanin din natin na isang bayang dukha ang mga Judio sa panahon ni Jesus at masyadong marami para sa isang mataba ngunit limitadong lupain. Kinamkam na ng mga mananakop na Romano ang malaking bahagi ng likas na kayamanan, at pinatawan naman ng mga pulitikong tulad ni Herodes ng mabibigat na buwis ang bayan, na medyo mapapangatwiranan ng pangangailangang bigyan ng trabaho ang sobrang bilang ng manggagawa sa malalaking proyekto.

Napakaraming tao ang walang tiyak na makakain sa araw-araw, tulad ng nangyayari sa ngayon sa ating bansa. At nakibahagi sa ganitong kalagayan si Jesus at ang kanyang mga tagasunod. Sa tiwangwang na lugar na 'yon, nadama ni Jesus na pananagutan niya ang lahat niyang kapatid na naging mga bisita niya (tulad ng nangyari sa Lc 11:5) at kumilos siya ayon sa pananampalataya. Araw-araw, noong panahong 'yon at ngayon, marami siguro ang nagbahagi ng kahuli-hulihan nilang sentimo o pagkain sa mas dukha pa nilang kapwa sa paniwalang susuklian sila ng Diyos. Ganoon din naman ang ginawa ni Jesus. Pinatototohanan ng himalang ginagawa ni Jesus sa mga sandaling iyon ang pananampalataya ng di-mabilang na hamak na mananampalatayang marahil ay di masyadong deboto sa Iglesya pero marunong magtaya sa lahat ng natitira sa kanila.

Hindi mahalaga kay Jesus kung napukaw man ng kanyang himala ang isang sigasig na may maling direksyon na mauuwi sa pagkakahiwa-hiwalay ng kanyang mga tagasunod (tingnan Mc 6:45). Hindi sila pinakain ni Jesus para akitin sa kanyang Iglesya kundi para tuparin ang mga pangako ng Diyos sa mga dukha.

busog ang lahat; at tinipon nila ang mga
natirang pira-piraso – labindalawang bas-
ket.

**Pagpapahayag ni Pedro ng kanyang pananampalataya**

*(Mc 8:27; Mt 16:18)*

• 18 Minsan, mag-isang nagdarasal si
Jesus at naroon din ang mga alagad.
Tinanong niya sila: "Sino raw ako ayon sa
sabi ng mga tao?" 19 Sumagot sila: "Si
Juan Bautista raw; may iba namang
nagsasabing ikaw si Elias at may iba pang
nagsasabi na isang propeta noong una ang
nabuhay."

20 At sinabi ni Jesus sa kanila: "Ano
naman ang sinasabi ninyo kung sino ako?"
Sumagot si Pedro: "Ang Mesiyas ng
Diyos." 21 At inutusan sila ni Jesus na
huwag sabihin ito kaninuman.

• 22 Sinabi nga ni Jesus: "Kailangang
magtiis ng marami ang Anak ng Tao.
Itatakwil nga siya ng mga Matatanda ng
bayan, ng mga punong-pari at ng mga
guro ng Batas. Papatayin siya at muling
babangon sa ikatlong araw."

23 Sinabi naman ni Jesus sa lahat:
"Kung may gustong sumunod sa akin,
itakwil ang kanyang sarili at kunin ang

---

• 18. Nangyari ito malapit sa Cesarea ng Filipos, isang kilalang bakasyunan sa may dulong hilaga ng Palestina, sa paanan ng Bundok Hermon. Umalis si Jesus sa Galilea pagkat di siya ligtas doon. Gaya ng kanyang nakaugalian, pinauna niya ang Labindalawa sa mga bayang pupuntahan niya para ihanda ang mga ito sa kanyang pagdating.

*Sino raw ako ayon sa sabi ng mga tao?* At kayo, ano naman ang sinabi ninyo tungkol sa akin nang kasama nila kayo? Ano ang sinabi ninyo sa kanila kung sino ako? Unang sumagot si Pedro, na nakasisigurong di sila nagkamali sa pagpapakilala sa kanilang Guro bilang Mesiyas, ang Isinugo ng Diyos.

Hindi ikinaila ni Jesus na siya nga pero pinagbawalan niya silang sabihin ito mula noon. Sapagkat ayon sa mga tao, kailangang lipulin ng Tagapagpalaya ang kanyang mga kaaway. Basta na lamang bang matatawag ng mga apostol na Tagapagpalaya ang mamamatay sa isang krus?

*Sa paghahambing ng tekstong ito sa Mc 8:27 at Mt 16:13, nabubuo natin ang ganitong kongklusyon: pinagsama ni Mateo sa iisang kuwento ang dalawang magkaibang pangyayari kung saan nanguna si Pedro sa pagpapahayag ng kanyang pananampalataya. Ang unang pangyayari ang siyang isinasalaysay rito ni Lucas.*

Sa pangalawa nama'y nakilala ni Pedro si Jesus bilang Anak ng Diyos at tinanggap niya ang pangako – ito ang siyang ginugunita ni Mateo. Nangyari siguro ito pagkatapos ng pagpaparami ng tinapay: ihambing sa Juan 6:66-69. Puwede rin namang pagkatapos ng Pagkabuhay: ihambing sa Juan 21:15-17 na hindi ang pananampalataya ang binibigyang-diin kundi ang pag-ibig na nakikita ni Pedro kay Jesus. Tingnan din ang Galasya 2:7-8.

• 22. Bakit itinanong ni Jesus sa kanyang mga apostol ang mga tanong na kababasa lamang natin? Malinaw ang sinasabi ng Ebanghelyo: pagkat sumapit na ang panahon para ipahayag ni Jesus sa kanila ang kanyang pagpapakasakit. Dumating si Jesus hindi lamang para magturo sa mga tao kundi para buksan sa kanila ang pintuang tungo sa Pagkabuhay. Dahil alam na ngayon ng kanyang mga apostol na siya ang ipinangakong Tagapagligtas ng Israel, dapat nilang malamang walang kaligtasan kung hindi magagapi ang kamatayan (1 Cor 15:25). At matatamo ni Jesus ang tagumpay na ito kung malaya niyang pipiliin ang daan ng krus: Kailangang magtiis ng marami ang Anak ng Tao at itakwil ng mga nasa kapangyarihan.

Agad na idinadagdag ni Jesus na dapat tayong makibahaging lahat sa kanyang tagumpay sa kamatayan:

*Itakwil ang sarili:* Narito ang mahalagang pangunahing desisyon ng ating buhay. Kailangan tayong mamili sa pagsisilbi o pagsilbihan, pagsasakripisyo ng sarili para sa kapwa o pagsasamantala sa kanila. O gaya ng sinasabi ng isang kilalang panalangin: Loobin mo nawang higit kong naisin ang umaliw kaysa aliwin, ang umunawa kaysa unawain, ang magmahal kaysa mahalin.

*Kunin ang kanyang krus araw-araw.* Narito ang pagtanggap sa krus na iniaatang ng Panginoon sa bawat isa sa atin at hindi natin kailangang piliin sapagkat kakambal na natin ito sa ating buhay. Huwag nating kaladkarin ito na napipilitan lamang tayo kundi mahalin ito dahil ito ang gusto ng Panginoon para sa atin.

*Ang naghahangad na magligtas ng kanyang sarili...* Tinutukoy ni Jesus ang tunay at lihim na oryentasyon ng ating buhay. Napakalayo niya sa mga wala nang inaalala kundi umiwas sa mga "kasalanan" samantalang patuloy naman sa sarili nilang mga ambisyon at sa kanilang pagnanais na tamasahin ang buhay hangga't pupuwede. Ang mismong paghahangad man na mabuhay nang walang pakikipagsapalaran ay naghihiwalay sa atin sa daan ng Diyos.

*Ang ikahihiya ako.* Bukod sa krus na iniaatang sa atin sa araw-araw, hihingin sa atin ng Diyos na magpatotoo sa ating pananampalataya at dito'y kailangan tayong makipagsapalaran, kahit na mangahulugan lamang ito na pagtawanan tayo ng ating mga kasamahan at mga boss sa trabaho. Ngunit may mga

kanyang krus araw-araw para sumunod sa
akin. 24 Sapagkat ang naghahangad na
magligtas ng kanyang sarili ay mawa-
walan nito, at ang mawawalan ng kanyang
sarili alang-alang sa akin ang siyang ma-
kapagliligtas nito. 25 Ano ang pakinabang
ng tao tubuin man niya ang buong daigdig
at mawawala naman o mapapahamak ang
kanyang sarili? 26 Ang ikahihiya ako at ang
aking mga salita, siya man ay ikahihiya ng
Anak ng Tao pag dating niya sa kanyang
kaluwalhatian at sa kaluwalhatian ng Ama
at ng mga banal na anghel. 27 Totoong
sinasabi ko sa inyo na hindi daranas ng
kamatayan ang ilan sa mga naririto hang-
ga't hindi nila nakikita ang kaharian ng
Diyos."

**Pagbabagong-anyo ni Jesus**

*(Mc 9:2; Mt 17:1; Jn 12:28)*

• 28 Mga walong araw pagkasabi ni
Jesus ng mga salitang ito, isinama niya
sina Pedro, Juan at Jaime at umahon sa
bundok para manalangin. 29 At habang
siya'y nananalangin, nagbago ang anyo
ng kanyang mukha at puting-puting nag-
ningning ang kanyang damit. 30 May dala-
wang lalaki ring nakikipag-usap sa kanya,
sina Moises at Elias.

31 Napakita sila sa kaluwalhatian at pi-
nag-uusapan nila ang paglisan ni Jesus na
malapit nang maganap sa Jerusalem.
32 Antok na antok naman si Pedro at ang
kanyang mga kasama pero pagkagising
nila, nakita nila ang kanyang kaluwal-
hatian at ang dalawang lalaking nakata-
yong kasama niya.

33 Nang papalayo na ang mga iyon kay
Jesus, sinabi ni Pedro sa kanya: "Guro,
mabuti at narito tayo; gagawa kami ng
tatlong kubol, isa sa iyo, isa kay Moises at
isa kay Elias." Hindi niya alam ang
kanyang sinasabi. 34 Nagsasalita pa siya
nang may ulap na lumilim sa kanila; at
natakot sila pagpasok nila sa ulap. 35 At
narinig mula sa ulap ang salitang ito: "Ito
ang aking Anak, ang Hinirang; pakinggan
ninyo siya."

---

oras ding mangangahulugan ng pagharap sa kamatayan ang katapatan sa Ebanghelyo. Kung sa ilalim ng dahas nabubuhay ang isang bansa at pinapatay ang mga taong nagtataguyod sa karangalan at pagkakaisa, hindi malayong matukso ang mga Kristiyano na makuntento na lamang sa mga "espirituwal" na pagmimiting, at magsawalang-imik sa harap ng mga kasalanang panlipunang nakapaligid sa kanila. *Ang ikahihiya ako at ang aking mga salita:* kabilang na rito ang mga salitang nagpapahayag ng pagpapalaya sa mga inaapi at nag-aatas ng pakikiisa sa kanila.

• 28. Alalahanin natin ang pahayag ng Diyos na tinanggap ni Jesus sa simula ng kanyang ministeryo (Lc 3:21). Narito naman ngayon ang panibagong pagpapahayag ng Diyos na tinatanggap ni Jesus sa Pagbabagong-anyo: nagsisimula nga ang isang bagong yugto: ang Pasyon.

Dalawang taon nang nangangaral si Jesus pero walang pag-asang masusugpo ng Israel ang karahasang naghahatid sa kanya sa pagkawasak. Hindi makumbinsi ng mga salita at himala ang kanyang mga kababayan, kaya't kailangang harapin ni Jesus ang mga puwersa ng kasamaan. Mas magiging mabisa ang kanyang sakripisyo kaysa kanyang mga salita para pag-alabin ang pag-ibig at diwa ng pagsasakripisyo sa lahat ng mula noo'y magpapatuloy sa kanyang gawa ng pagliligtas.

Sa kanyang Pagbabagong-anyo, siniguro kay Jesus na malapit na siyang mamatay sa Jerusalem *(pinag-usapan nila ang pag-alis niya sa Jerusalem).* Binigyan din siya ng patikim ng Pagkabuhay. Tingnan ang paliwanag sa Mc 9:2.

*Isinama niya sina Pedro, Juan at Jaime:* may espesyal na lugar ang mga ito sa Labindalawa (Mc 1:29; 3:16; 5:37; 10:35; 13:3). Kahit na magkakasamang nabubuhay at nagtatrabaho ang Labindalawa, hindi parehong antas ang kanilang narating at di makasasama ang lahat kay Jesus sa Ulap.

*At umahon sa bundok para manalangin.* Posibleng sa isang gabi ng pagdarasal naganap ang pangyayaring inaasahan ni Jesus. Natutulog ang mga apostol nang gisingin sila ng Luwalhati ni Jesus na nagbagong-anyo.

*Nakita nila ang kanyang kaluwalhatian.* Ginugunita nito ang pagbabagong-anyo ng mukha ni Moises matapos makipag-usap sa Diyos (Ex 34:29-35). Pero sa pagkakataong ito'y kay Jesus mismo nanggagaling ang kanyang Luwalhati at pinagniningning pati ang kanyang damit.

*Pakinggan ninyo siya.* Si Jesus ang Propetang ibinalita ni Moises at kailangan siyang pakinggan ng lahat. Pero hindi ito nangangahulugan para sa atin ng pagtanggap ng mga bagong batas. Sa halip ay pinakikinggan natin ang nagpapakilala sa Ama sa atin at siyang nagtutulak sa ating makipagkasundo sa kanya. At para dito'y kailangan nating makinig nang mabuti sa kanya tulad ng ginawa ng mga apostol.

36 Pagkasalita ng tinig, nag-iisang na-
kita si Jesus. Nang mga araw na iyon,
sinarili nila ito at walang sinabi kaninuman
tungkol sa nakita nila.

### Pinagaling ni Jesus ang batang may epilepsi

*(Mc 9:14; Mt 17:14)*

37 Kinabukasan sila bumaba mula sa
bundok at sinalubong siya ng napaka-
kapal na tao. 38 May lalaking sumigaw
mula sa karamihan na ang sabi: "Guro,
pakitingnan mo nga ang aking anak, siya
pa naman ang kaisa-isa kong anak. 39 Ka-
pag inaalihan siya ng espiritu, agad itong
humihiyaw; pinangingisay siyang bumu-
bula ang bibig at matapos saktan ay saka
lamang nililisan nito. 40 Hiningi ko sa iyong
mga alagad na palayasin ito pero hindi nila
kaya."

41 Sumagot naman si Jesus: "Mga ligaw
at walang pananampalatayang tao! Gaano
pa katagal akong mananatili sa piling
ninyo at magtitiis sa inyo? Dalhin mo rito
ang iyong anak." 42 Papalapit pa lamang
ang bata nang hagipin siya ng demonyo at
pinangisay. Ngunit pinagsabihan ni Jesus
ang maruming espiritu at pinagaling ang
bata at saka ito ibinalik sa kanyang ama.
43 Lubos na namangha ang lahat dahil sa
kadakilaan ng Diyos.

Nang lubos na nagtataka ang lahat dahil
sa mga ginagawa ni Jesus, sinabi ni Jesus
sa kanyang mga alagad: 44 "Itanim
ninyong mabuti sa inyong pandinig ang
mga kataga kong ito: ibibigay ang Anak ng
Tao sa kamay ng mga tao." 45 Hindi nila
naintindihan ang pahayag na ito at nalingid
ito sa kanila upang hindi nila maunawaan.
At takot naman silang magtanong sa
kanya tungkol sa pahayag na ito.

• 46 Nangyari na ikinabahala nila kung
sino nga kaya sa kanila ang pinakadakila.
47 Alam ni Jesus ang pinagtatalunan nila
sa kanilang isipan kaya kumuha siya ng
isang bata at pinatayo sa tabi niya. 48 At
sinabi niya sa kanila: "Ako ang tinatang-
gap ng sinumang tumatanggap sa batang
ito sa ngalan ko, at ang nagsugo sa akin
ang tinatanggap ng sinumang tumatang-
gap sa akin. At isa pa: ang matagpuang
pinakamaliit sa inyong lahat ang siyang
dakila."

49 At nagsalita si Juan: "Guro, may na-
kita kaming nagpapalayas ng mga de-
monyo sa ngalan mo. Pero pinagbawalan
namin siya dahil hindi siya sumusunod na
kasama namin." 50 Ngunit sinabi ni Jesus
sa kanya: "Huwag ninyo siyang pagba-
walan dahil panig sa inyo ang hindi laban
sa inyo."

### Ayaw tanggapin si Jesus sa isang nayong Samaritano

• 51 Nang papalapit na ang panahon ng
pag-aakyat sa kanya, tahasang ipinasya ni
Jesus na pumunta sa Jerusalem. 52 Nag-
padala siya ng mga sugo para mauna sa
kanya at pumasok sila sa nayon ng mga

---

• 46. Tingnan ang paliwanag sa Mc 9:33

Isinulat ni Marcos na inakbayan ni Jesus ang isang bata: isang bagay na di pangkaraniwan para sa mga tao noong panahong 'yon dahil bale-wala ang tingin sa mga bata at walang ibang iminumungkahi ang mga guro sa relihiyon kundi ang lubos na parusahan ang mga ito. Ang huwaran ng relihiyon ay para bang isang seryosong tao na di tumatawa, di tumatakbo, di tumitingin sa mga taong mas mababa ang posisyon kaysa kanya lalo na sa mga babae at mga bata. Kadalasa'y sa mga taong bumabatikos sa binyag at unang komunyon ng mga bata makikita ang ganitong mentalidad.

Hindi sinasagot ni Jesus ang tanong ng mga apostol: Sino ang pinakadakila? Sapagkat hindi ang maging pinakadakila ang importante kundi ang maging pinakamalapit kay Kristo. At para matanggap si Kristo, kailangan siyang tanggapin sa katauhan ng mga pinakamaliliit.

• 51. Matapos alalahanin ang mga gawa ni Jesus sa Galilea, sinisimulan ni Lucas ang ikalawang bahagi ng kanyang ebanghelyo kung saan niya pinagsasama ang mga sawikain at mga salitang binigkas ni Jesus sa iba't ibang pagkakataon.

Ipinaaalaala sa atin ng unang talata na nasa pagitan ng dalawang probinsya ng Galilea at Judea ang Samaria. Mga Samaritano ang nakatira roon at di mga

Samaritano para ihanda ang kanyang
matutuluyan. 53 Pero ayaw nila siyang
tanggapin dahil papunta siya sa Jerusa-
lem. 54 Kaya sinabi sa kanya ng kanyang
mga alagad na sina Jaime at Juan:
"Panginoon, gusto mo bang tumawag
kami ng apoy na babagsak mula sa langit
para puksain sila?" 55 Lumingon si Jesus at
pinagwikaan sila, 56 at sa ibang bayan sila
nagpunta.

**Mga hinihingi ng pagsunod kay Jesus**

*(Mt 8:19)*

• 57 Habang naglalakad sila, may nag-
sabi kay Jesus: "Susunod ako sa iyo saan
ka man pumunta." 58 At sinabi sa kanya ni
Jesus: "May lungga ang mga asong-gubat
at may mga pugad ang mga ibon; ang
Anak ng Tao nama'y wala man lang
mahiligan ng kanyang ulo." 59 At sinabi
naman niya sa isa: "Sumunod ka sa akin."
Sumagot naman ito: "Pauwiin mo ako para
mailibing ko muna ang aking ama."
60 Ngunit sinabi sa kanya ni Jesus:
"Hayaan mong ilibing ng mga patay ang
kanilang mga patay; humayo ka naman at
ipangaral ang kaharian ng Diyos." 61 Sinabi
naman ng isa pa: "Susunod ako sa iyo,
Panginoon pero pauwiin mo muna ako
para makapagpaalam sa aking mga
kasambahay." 62 Sinabi sa kanya ni Jesus:
"Hindi bagay sa kaharian ng Diyos ang
humahawak ng araro at pagkatapos ay
lumilingon sa likuran."

---

Judio, at lubhang namumuhi sa isa't isa ang dalawang bayang iyon. Sa pagdaan sa Samaria ng mga Judiong taga-Galilea papuntang Jerusalem, makikita nilang sara ang lahat ng pintuan.

Sa kabanatang ito, ilang beses na tinutukoy ni Lucas ang kasaysayan ni Propeta Elias. Tinutukoy dito ni Lucas ang pangyayaring sinalaysay sa 2 H 1:9. Ayon sa kasaysayang ito (o alamat), pinuksa ng apoy ng Diyos ang mga bumale-wala sa propeta.

Sinasabihan dito ni Jesus ang kanyang mga apostol na huwag maging masyadong mapusok: di masasabing mas may sala ang mga Samaritanong ayaw tumanggap kay Kristo sa pagkakataong ito kaysa lahat ng nagsasara ng kanilang pintuan sa isang di-kilala. Bakit wawasakin ang maliit na bayang ito kung pagkatapos nama'y kailangan pa silang maghanap ng matutuluyan sa iba pang bayan? Mabuti pang magpatuloy na lamang nang di maantala.

*Gusto mo bang tumawag kami ng apoy mula sa langit...* Mabuti na lang at hindi tayo binigyang lahat ng Panginoon ng kapangyarihang gumawa ng mga himala. Tiyak na gagamitin lamang natin ito para sa mga personal na paghihiganti at ipagkakamali ang ating simulain sa simulain ng Diyos.

*MGA PAG-ALPAS – PAGLAYA*

• 57. Taliwas sa kinagawiang pag-intindi ni Jesus sa kalikasan ng tao, nakikita natin dito si Jesus na masyadong mapaghanap sa alagad na gustong sumabay sa kanya: hindi makapag-aaksaya ng panahon si Jesus sa paghubog ng mga taong hindi handang magsakripisyo ng lahat para sa Ebanghelyo.

Hindi alam ng una sa mga tagahangang iyon ni Jesus na nakatali pala siya sa kanyang kaginhawahan sa buhay. Lihim na umaasa naman siguro ang ikatlo na sa oras ng kanyang pagpapaalam, pakikiusapan siya ng kanyang mga kamag-anak na huwag gawin ang gayong kalokohan. Kayat hindi siya aalis na may maganda namang intensiyon: Gusto ko sana, pero...

Iba ang ikalawang kaso: kailangang madama ng mga apostol na malaya sila sa mga pananagutan sa kanilang pamilya at kapaligiran. Mahirap isiping malaya ang isang tao kung hindi pa siya nagkakaroon ng pagkakataong patunayan ito sa pagkilos sa paraang kaiba sa karaniwang naiintindiha't tinatanggap. Isipin natin si Francisco ng Assisi na namamalimos ng makakain sa sariling lunsod matapos mamuhay bilang anak ng isang mayamang pamilya.

Sa mga dantaon, halos ang pagpasok lamang sa mga ordeng relihiyoso ang tanging daan ng paglaya mula sa napakamakapangyarihang kapaligiran ng angkan para higit na makasunod sa daan ng Ebanghelyo. Sa ngayon ma'y kailangan ding lumaya kung minsan mula sa lahat ng klase ng obligasyong panlipunan na mabubuting bagay nga pero napakarami naman kayat nalilimutan tuloy natin ang kaisa-isang bagay na kailangan.

*Pauwiin mo muna ako para mailibing ang aking ama.* Nangangahulugan siguro ito na kailangan muna niyang ilibing ang yumao niyang ama. Puwede rin namang gustong alagaan ng alagad ang matanda niyang ama hanggang sa mamatay ito at mailibing.

*Ilibing ng mga patay ang kanilang mga patay.* Hindi natin maaasikaso ang mga pangangailangan ng lahat ng tao. Itinatalaga ng "mga buhay" ang kanilang sarili unang-una sa pag-eebanghelyo na sila lamang ang nakakaintindi. Tiyak na may ibang aako sa mga obligasyong panlipunan na di natin maasikaso.

*Ilibing ng mga patay ang kanilang mga patay.* Maliwanag na nagsasalita si Jesus gaya ng mga propeta. Sa pagpapahayag sa mabigat na katotohanang ito, hindi siya nagbibigay ng isang batas na kailangang sundin sa lahat ng pagkakataon.

• **10.**1 Tingnan ang paliwanag sa Mt 10:5 at Mc 6:7.

**Ipinadala ni Jesus ang pitumpu't dalawa**
*(Mt 10:5; Mc 6:7)*

**10** • 1 Pagkatapos nito, humirang ang
Panginoon ng iba pang pitumpu't
dalawa at isinugo silang dala-dalawa na
mauna sa kanya sa bawat bayan at lugar
na takda niyang puntahan. 2 Sinabi niya sa
kanila: "Marami nga ang aanihin at kaka-
unti naman ang mga manggagawa; idal-
angin ninyo sa panginoon ng ani na mag-
padala siya ng mga manggagawa sa
kanyang ani. 3 Lumakad na kayo. Isinu-
sugo ko kayong parang mga tupa sa gitna
ng mga asong-gubat. 4 Huwag kayong
magdala ng pitaka, bag o mga sandalyas.
At huwag ninyong batiin ang sinuman sa
daan.
5 Saanmang bahay kayo pumasok, sa-
bihin muna ninyo: 'Mapasatahanang ito
ang kapayapaan!' 6 Kung mapayapang tao
ang naroon, sasakanya ang inyong kapa-
yapaan. Kung hindi'y magbabalik sa inyo
ang inyong dasal. 7 At sa bahay na iyon
kayo manatili; kumain kayo at uminom na
kasalo nila sapagkat may karapatan ang
manggagawa sa kanyang sahod. Huwag
kayong magpapapalit-palit ng bahay.

• 8 Saanmang bayan kayo pumasok at
tanggapin nila kayo, kanin ninyo anumang
ihain sa inyo. 9 Pagalingin din ninyo ang
mga maysakit doon at sabihin ninyo sa
kanila: 'Palapit na sa inyo ang kaharian ng
Diyos.'

10 Saanmang bayan kayo pumasok at di
nila kayo tanggapin, lumabas kayo sa mga
liwasan nito at inyong sabihin: 11 'Pati na
alikabok mula sa inyong bayan na ku-
mapit sa aming mga paa ay ipinapagpag
namin sa inyo. Gayunman, alamin nin-
yong palapit na ang kaharian ng Diyos.'
12 Sinasabi ko sa inyo na magaan pa ang
sasapitin ng mga taga-Sodom kaysa
bayang iyon sa dakilang Araw.

---

Isinasalaysay ni Lucas ang misyon ng Pitumpu *(o Pitumpu't dalawa)* pagkatapos ng misyon ng Labindalawa (9:1).

*Labindalawa* ang mga apostol ayon sa bilang ng mga tribu ng Israel: nangangahulugan ito na sa simula'y sa bayang Israel ipinahayag ang Ebanghelyo. Sumunod naman ang misyon ng Pitumpu't dalawa (o Pitumpu): isinasagisag ng bilang na ito ang maraming bansang pagano. Kaya ipinagpapauna ng misyong ito ang gawaing pananagutan ng Iglesya hanggang sa katapusan ng mundo: ang pag-eebanghelyo sa lahat ng bansa (Mt 28:19).

Pag matagal na ang Iglesya sa isang lugar, agad nating ipinalalagay na lahat ay nagkaroon na ng pagkakataong tanggapin ang Ebanghelyo. Maling akala. Maging sa pinakamaganda mang sitwasyon, marami pa ring pamilya lalo na ang mga pinakadukha ang kung ilang taon nang naghihintay na madalaw sila ng mga misyonero.

Sino ba ang mga magmimisyon? Hindi mga pari o madre lamang kundi tanang may pananampalataya.

Sa pagdalaw sa mga tahanan, pagbibigay ng kapayapaan ang pinakaunang dapat gawin, o tumuloy bilang kaibigan sa ngalan ni Kristo at ng kanyang Iglesya. May panahon para makinig sa mga binibisita at para malaman ang kanilang mga pinoproblema. Sa gayon lamang tayo makapagbibigay sa kanila ng magandang sagot at masasabi sa kanila: *Palapit na sa inyo ang Kaharian.* Sangkaterba man ang problema mo, maniwala kang mas lumapit sa iyo ngayon ang Diyos para sa isang pakikipagkasundo. Ito ang panahon para makipagkasundo sa mga kamag-anak at mga kapitbahay, para pawiin na ang mga sama ng loob. Simulan mong gawin ang anumang magagawa mo at maniwala kang lulutasin ng Diyos ayon sa kanyang pamamaraan ang anumang hindi natin kaya.

*Pagalingin ang mga maysakit:* tingnan ang sumusunod.

Marami sa mga masayang tumatanggap sa mga misyonero ang hindi makapagtitiyaga: hindi sila sasapi sa isang pamayanang Kristiyano. Pero hindi naman ito nangangahulugan na nasayang ang pagsisikap ng mga misyonero. Maaalaala ng mga taong ito ang sandaling iyon ng grasya mula sa Panginoon at tutulungan sila nitong manatiling may kaunting pananampalataya sa pang-araw-araw na buhay. Sa ano't ano man, magkakaroon ng ilang ang puso ay hinipo ng Panginoon sa pagkakataong iyon para maging mga aktibong miyembro ng kanyang Iglesya.

Hinuhubog ng misyon ang mga misyonero at iminumulat din ang mga dinadalaw ng mga ito. Hinubog ni Jesus ang kanyang mga alagad hindi lamang sa pagbibigay sa kanila ng kanyang mga aral kundi sa pagsusugo sa kanila sa pagmimisyon. Ganito niya sinugo ang pitumpu ilang buwan matapos nila siyang makilala. Gayundin naman ngayon, ang mga bagong sumasampalataya ang kadalasa'y pinakamagaling para sa gawang pagmimisyon.

*PAGALINGIN ANG MGA MAYSAKIT*

• 8. *Pagalingin ang mga maysakit*, sabi ni Jesus. Nabanggit na natin na dumating si Jesus hindi para palusugin ang lahat ng maysakit kundi para maghatid

13 Sawimpalad ka, Corazin! Sawim-
palad ka, Betsaida! Kung sa Tiro at Sidon
nangyari ang mga himalang ginawa sa
inyo, matagal na sana silang nagdamit-
sako at naupo sa abo at nakapagbalik-
loob. 14 Kaya magaan pa ang sasapitin ng
Tiro at Sidon kaysa inyo sa araw ng pag-
hatol. 15 At ikaw naman, Capernaum, da-
dakilain ka kaya hanggang langit? Hindi!
Ibubulid ka sa impiyerno!

16 Ako ang dinidinig ng nakikinig sa
inyo at ako ang tinatanggihan ng tuma-
tanggi sa inyo. At ang nagsugo sa akin
ang tinatanggihan ng tumatanggi sa
akin."

**Pagpapasalamat ni Jesus sa Ama**
*(Mt 11:25)*

• 17 Tuwang-tuwang nagbalik ang Pi-
tumpu't dalawa at ang sabi: "Panginoon,
mga demonyo ma'y sumuko sa amin
dahil sa iyong pangalan." 18 Sinabi naman
ni Jesus: "Nakita kong bumagsak na
parang kidlat si Satanas mula sa langit.
19 Binibigyan ko kayo ng kapangyarihang
yumapak sa mga ahas at alakdan. Masu-
supil ninyo ang lahat ng kapangyarihan
ng kaaway, at walang anumang makapi-
pinsala sa inyo. 20 Subalit magalak kayo
hindi dahil sa pagsuko sa inyo ng mga
espiritu kundi sapagkat nasusulat sa
langit ang inyong mga pangalan."

21 Nang sandaling iyo'y nag-umapaw
sa galak sa Espiritu Santo si Jesus at
sinabi niya: "Pinupuri kita, Ama, Pangi-
noon ng langit at lupa, dahil inilihim mo
ang mga bagay na ito sa marurunong at
matatalino, at ipinamulat mo naman sa

---

sa atin ng pagliligtas. Dahil makasalanan tayo, nagaganap ang ating kaligtasan sa pamamagitan ng paghihirap at ng krus.

Hindi tinatangkang palitan ng mga isinugo ni Jesus ang mga manggagamot. Hindi nila ipinahahayag ang pananampalataya bilang daan para gumaling: pagpapababa ito sa pananampalataya. Pero totoong nagaalok din sila ng "paggaling" sa mga hindi pa nakakadiskubreng palapit na sa kanila ang *Kaharian ng Diyos* at ang kanyang awa.

Saanman may pamayanang Kristiyano, kailangan nilang alagaan at dalawin ang mga maysakit bilang tanda na ito ang pamilya ng lahat at may malasakit sila sa bawat isa. Ang ipinakikitang pagmamahal ng dumadalaw ay nagpapalakas-loob sa maysakit, nagbubunga ng tuwa at pasasalamat sa kanya kayat inihahanda siya sa isang malalim na pagbabago at sa kapatawaran ng mga kasalanan. (Tingnan din ang Jaime 5:13.)

Sa unang sulat ni Pablo sa mga taga-Corinto (12:9), nagsasalita siya tungkol sa iba't ibang regalong ibinibigay ng Espiritu sa pamayanang Kristiyano at pinagiiba niya ang kaloob na gumawa ng mga himala at ang magpagaling sa mga maysakit. Itong huli'y maaaring tungkol sa likas na kakayahang angkin na ng isang tao noon pa man.

Kailangang pahalagahan ng Iglesya ang lahat ng uri ng pag-aalaga sa mga maysakit. Tunay ngang dapat pahalagahan ang mga taong may kakayahang magdasal at magpatong ng mga kamay sa ulo ng maysakit. Pero dapat din namang makita ng mga doktor at ng mga nagtatrabaho sa ospital na ang kanilang kakayahan at trabahong mag-alaga sa mga pasyente ay isang pagsisilbi nila sa mga maysakit sa ngalan ng Diyos.

*At huwag ninyong batiin ang sinuman sa daan* na ibig sabihi'y huwag kayong *makituloy sa bahay ng inyong mga kakilala:* Katulad din ito ng pagdadala ng baon. Sa Kalinga lamang ng Ama kailangang umasa ang misyonero: alam niya kung paano hihipuin ang puso ng isa sa mga nakikinig sa Magandang Balita para tanggapin ang mga misyonero. Sapagkat talaga ngang mawawalan ng sigasig sa pagmimisyon ang misyonerong nakikitira sa piling ng mga kaibigang hindi naman nakakaintindi sa Kaharian.

• 17. Sa simula'y takot ang taong gumagawa at nangangaral para kay Kristo. Saka naman dumarating ang kaligayahan ng pagtatagumpay sa sarili, lalo na ang kagalakan ng paniniwala at paggawa sa kapangyarihan mismo ni Jesus. Nagpasalamat si Jesus sa ngalan ng pitumpu (o pitumpu't dalawa) at ng lahat ng misyonerong susunod pa sa kanila.

Ano *ang mga bagay na ito* na ibinunyag ng Diyos sa *mga maliliit* kundi ang mahiwagang puwersa ng Ebanghelyo na bumago sa mga tao at naglagay sa kanila sa katotohanan? Namangha ang mga apostol sa kapangyarihang nagmumula sa *Ngalan ni Jesus* (Mc 16:17). Binibigyang-diin ni Jesus ang pagkatalo ni Satanas, ang Kaaway, ang ama (o inahin) ng kasinungalingan, ng mga huwad na kalayaan at ng mga gintong tanikala.

Akala ng marurunong at matatalino na may alam sila pero hindi nila alam ang pinakamahalaga. Sapagkat ang Diyos na kanilang pinag-uusapan at tinutukoy ay isa lamang maling kopya ng tunay na Diyos na di nila kinikilala kay Jesus. Hindi rin nila alam kung saan papunta ang mundo sapagkat hindi nila nakikita kung paanong kumikilos ang kapangyarihan ng Diyos saanman ipinahahayag si Jesus.

Pumasok naman sa mga bagay na ito *ang maliliit.* Kailan lamang e isinakripisyong henerasyon ang tingin sa kanila. Sapagkat sa sali't salinlahi'y sanay na ang maliliit na magsakripisyo ng sarili para sa kanilang mga anak o sila ang isinasakripisyo ng mga kapangyarihan sa layuning paliligayahin daw sila pagkatapos. Nabu-

maliliit. Oo, Ama, naging kalugud-lugod
ito sa iyo. 22 Ipinagkatiwala sa akin ng
aking Ama ang lahat. Walang nakaka-
kilala kung sino ang Anak kundi ang
Ama, at kung sino ang Ama kundi ang
Anak at ang sinumang gustuhing pag-
bunyagan ng Anak."

23 Pagkatapos ay bumaling si Jesus sa
mga alagad at sinabi sa kanila nang sari-
linan: "Mapalad ang mga matang nakaka-
kita ng inyong nakikita. 24 Sinasabi ko sa
inyo na maraming propeta at hari ang
nagnais makita ang inyong nakikita pero
hindi nila nakita, at marinig ang inyong
naririnig pero hindi nila narinig."

**Ang mabuting Samaritano**

*(Mt 22:24; Mc 12:28)*

• 25 May tumindig na isang guro ng
Batas para subukin si Jesus. Sinabi niya:
"Guro, ano ang gagawin ko para makamit
ang buhay na walang hanggan?" 26 Suma-
got sa kanya si Jesus: "Ano ba ang nasu-
sulat sa Batas, at paano mo ito naiintin-
dihan?" 27 Sumagot ang guro ng Batas:
*"Mamahalin mo ang Panginoon mong*
*Diyos nang buo mong puso at nang buo*
*mong kaluluwa at nang buo mong lakas*
at nang buo mong pag-iisip. At nasusulat
din naman: *Mamahalin mo ang iyong*
*kapwa gaya ng iyong sarili."*

---

buhay sila hindi para sa kanilang sarili kundi para maghanda ng lugar para sa iba. Pero ngayon nasa maliliit na o mga hamak na mananampalataya ang lahat kung nasa kanila si Jesus sapagkat ipinagkatiwala na sa kanya ng Ama ang lahat.

Buung-buong ipinagkatiwala ng Diyos kay Jesus ang lahat dahil magkasalo ang Ama at si Jesus sa parehong buhay.

Isinasabuhay ng maliliit ang kanilang pananampalataya sa mga simpleng paraan pero alam nilang walang masasayang sa kanilang mga sakripisyo. Si Jesus *ang nagpapakilala ng kanyang Ama sa atin*, at sa pagkakilala natin sa kanya sa katotohanan, nakikibahagi tayo sa kanya sa pamamahala niya sa mga pangyayari. Mabisa ang ating mga hangarin at mga panalangin sapagkat sumapit na tayo sa sentro kung saan pinamamahalaan ng Diyos ang mga puwersang nagliligtas sa sangkatauhan: nasusulat na sa langit ang ating mga pangalan tulad ng mga nagtatrabaho para sa kawalang-hanggan.

Hindi pagpopropaganda ng Ebanghelyo ang pag-eebanghelyo, kundi pagpapatunay sa kapangyarihan nitong magpagaling sa mga tao mula sa kanilang mga demonyo. Pero hindi bunga ito ng ating sariling gawa. Kailangan nating tanggapin na wala tayong anumang kakayahan sa mga bagay na ito at dapat tayong magpasalamat sa Ama na siyang nagbigay-kakayahan sa atin para makita, marinig at maipahayag ang kanyang pagliligtas.

*Mapalad ang mga matang...!* Tigilan na ang pagkainggit sa mga kilalang tao, sa mga hari at mga propeta ng lumipas na panahon. Sa inyo itinoka ang mas magandang bahagi, sa inyong buhay ngayon at hindi naman sa mga hari ni propeta.

*ANG KAPWA*

• 25. *Sino ang aking kapwa?* Umaasa ang guro ng Batas na itatakda ang mga eksaktong limitasyon ng kanyang obligasyon. Sino nga ba ang dapat niyang asikasuhin? ang kanyang mga kamag-anak? mga kalahi? o baka naman ang lahat?

Makahulugan ang pagwawakas ni Jesus sa kanyang kuwento sa pamamagitan ng isa pang tanong na kaiba sa una: *Sino sa tatlong ito ang naging kapwa sa taong nahulog sa kamay ng mga tulisan?* Para bang sinabi niyang: "Huwag mo nang problemahin pa kung sino ang 'yong kapwa kundi pakinggan mo at patangay ka sa tawag na nadarama mo sa iyong sarili, at makipagkapwa ka, kapwa ng kapatid mong nangangailangan sa iyo. Hangga't itinuturing nating obligasyon ang Batas ng Pag-ibig, hindi ito ang magiging pag-ibig na gusto ng Diyos.

Hindi lamang pakikiramay sa kagipitan ng kapwa ang pag-ibig. Pansinin kung paano tumigil ang Samaritano kahit na mapanganib ang lugar na 'yon, kung paano niya binayaran ang mga gastos at nangakong sasagutin ang lahat ng maaari pang kailanganin. Sa halip na "magkawanggawa" lamang, iti-naya niya ang sarili nang walang anumang kundisyon o pagtatantya, at para sa isang estranghero pa.

Minsan namang sinabi ni Martin Luther King na di nakukuntento ang pagmamahal sa pakikiramay sa mga naghihirap: "Bilang simula, kailangan tayong maging mabuting Samaritano sa mga nabuwal sa daan. Subalit umpisa lamang ito. Sapagkat balang araw kailangan nating tanggapin sa ayaw man natin o sa gusto na ang daan pa-Jerico ay dapat gawin sa ibang paraan upang di palagi at patuloy na nagugulpi at napagnanakawan ang mga tao sa kanilang paglakad sa mga landas ng buhay."

Sa halimbawa ring ito, ipinakikita sa atin ni Jesus na kadalasa'y 'yon pang parang may mga katungkulan sa relihiyon o 'yong mga naniniwalang tumutupad sila sa Batas ang hindi marunong magmahal. Isa pang Samaritano na ibig sabihi'y isang dayuhang itinuturing na erehe o "heretic" ng mga Judio ang siya pang kumalinga sa taong sugatan.

Para sa mga Judio, ang mga kasapi sa Israel ang kapwa, ang kanilang mga kababayang may dignidad sa pakikibahagi sa parehong relihiyon. Sa katunaya'y galing sa "dugo at laman" ang kapatirang ito. Nguni't para kay Jesus, walang anumang diskriminasyon ang pakikipagkapatiran.

28 Noo'y sinabi ni Jesus sa kanya:
"Tama ang sagot mo. Gawin mo ito at
mabubuhay ka." 29 Pero gustong mangat-
wiran ng guro ng Batas kaya sinabi niya
kay Jesus: "At sino naman ang aking
kapwa?" 30 Sinagot siya ni Jesus: "May
isang taong bumaba mula sa Jerusalem
papunta sa Jerico at nahulog siya sa ka-
may ng mga tulisan. Hinubaran siya ng
mga ito at binugbog at saka iniwang halos
patay na. 31 Nagkataon namang may
isang paring pababa rin sa daang iyon.
Pagkakita sa kanya, lumihis ito ng daan.
32 Gayundin naman, may isang Levitang
napadaan sa lugar na iyon; nang makita
siya'y lumihis din ito ng daan.
33 Pero may isang Samaritano namang
naglalakbay na napadaan sa kinaroroo-
nan niya; pagkakita nito sa kanya, naawa
ito sa kanya. 34 Kayat lumapit ito, binu-
husan ng langis at alak ang kanyang mga
sugat at binendahan. Isinakay nito ang tao
sa sarili niyang hayop at dinala sa isang
bahay-panuluyan at inalagaan. 35 Kinabu-
kasan, dumukot ang Samaritano ng
dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng
bahay-panuluyan at sinabi: 'Alagaan mo
siya; sasagutin ko ang anumang karagda-
gang gastos pagbalik ko'."
36 At sinabi ni Jesus: "Sa palagay mo,
sino sa tatlong ito ang naging kapwa sa
taong nahulog sa kamay ng mga tuli-
san?" 37 Sagot ng guro: "Ang nagdalang-
habag sa kanya." Kaya sinabi ni Jesus sa
kanya: "Humayo ka't ganoon din ang
gawin."

**Sina Marta at Maria**

• 38 Sa kanilang paglalakbay, pumasok
si Jesus sa isang nayon at pinatuloy siya
ng isang babaeng nagngangalang Marta.
39 May kapatid siyang babae na tinata-
wag na Maria. Naupo ito sa may paanan
ng Panginoon at nakikinig sa kanyang
salita. 40 Abalang-abala naman si Marta
sa mga pagsisilbi kaya lumapit siya at
sinabi: "Panginoon, hindi mo ba napa-
pansing pinabayaan ako ng aking kapa-
tid na babae na magsilbing mag-isa?
Pakisabi mo naman sa kanya na tulu-
ngan ako."
41 Sumagot sa kanya ang Panginoon:

---

*PAKIKINIG*

• 38. Maraming bagay ang parang kinakailangan sa buhay ng pamilya: paglilinis, pagluluto, pag-aalaga ng mga anak. Sa pag-aasikaso sa mga ito, para na ring si Kristo ang siya nating inaasikaso. Subalit *isa lang naman ang kailangan* para sa lahat: ang makinig kay Kristo kapag nariyan siya. Kailangang isaisantabi ang lahat ng iba pa para dito.

Inihahandog ni Marta kay Jesus ang kanyang materyal na pagsisilbi samantalang gusto naman ni Jesus na bigyan siya ng mga kayamanang walang hanggan. Nagtatrabaho siya't nababahala kayat wala na siyang panahon para makapiling si Jesus. Ngunit iba ang pag-ibig. Si Jesus ang kapayapaan at hindi siya matatanggap ng hindi umaasikaso sa kanya sa kapayapaan. May paraan ng pagsisilbi at puspusang pagtatrabaho sa tahanan o sa pamayanan na nag-iiwang basyo pa rin sa tao. Ngunit gusto ni Jesus na matagpuan natin siya sa ating pang-araw-araw na gawain.

Puwede rin namang maging isang paraan ng pagkabalisa ang ating panalangin tulad ni Marta: kapag namomroblema tayo sa pag-iisip ng darasalin, kapag salita na lamang tayo nang salita sa paulit-ulit na pagsasabi sa Panginoon ng ating mga problema, kapag ninenerbiyos ang responsable sa selebrasyon at labis na pinoproblemang pagbutihin ang pagkanta at homiliya. Tayong lahat ay kailangang humanap ng isang paraan ng panalangin kung saan may panahon tayong mailagay ang sarili sa presensya ng Diyos bago simulan ang anumang panalangin. Kailangan tayong makinig, manahimik at maglaan ng panahon para sa tahimik na pagninilay sa salita ng Diyos. Kailangan nating patahimikin ang ating mga pagnanais upang sa Ama lamang natin ituon ang ating pagtingin, siya na nasa lihim. Nakapagtataka't sa ilang relihiyong di-Kristiyano'y natututo ang mga tao na ihatid sa kapayapaan at katahimikan ang kanilang espiritu at marating ang tunay na kapanatagan. Samantalang pumapasok naman tayo sa panalangin na dala-dala ang ating mga walang-saysay na pinagkakaabalahan at pagkatapos nama'y dala pa rin natin ang mga ito.

*Kung si Maria sa salaysay na ito ang siya ring Maria ng Magdala na sumama kay Jesus (Lc 8:2), puwede nating ipalagay ang sumusunod:*

Kabilang si Maria sa grupo ng mga alagad na kasama ni Jesus na pinatuloy ni Martang kanyang "kapatid o kamag-anak". Dahil hindi niya bahay iyon, hindi man lamang siya namomroblema sa paghahanda ng pagkain at nagreklamo si Marta. Noon pinuri ni Jesus si Maria hindi lamang dahil nakikinig ito sa kanya kundi dahil noon pa ma'y nagpasya na itong susunod sa kanya kasama ng kanyang mga apostol. Tulad ng mga apostol, pinili ni Maria ang mas magandang bahagi.

"Marta, Marta, abala ka't balisa sa ma-
raming bagay; 42 isa lang naman ang ka-
ilangan. Pinili nga ni Maria ang mainam na
bahagi na hindi kukunin sa kanya."

**Panginoon, turuan mo kaming manalangin**
*(Mt 6:9; 7:7)*

**11** • 1 Isang araw, nananalangin si
Jesus sa isang lugar at pagkatapos
niya'y sinabi sa kanya ng isa sa kanyang
mga alagad: "Panginoon, turuan mo
kaming manalangin kung paanong tinu-
ruan ni Juan ang kanyang mga alagad."
2 At sinabi ni Jesus sa kanila: "Kung
mananalangin kayo, sabihin ninyo:
Ama, sambahin ang ngalan mo,
dumating ang kaharian mo,
3 bigyan mo kami araw-araw ng pagka-
ing kailangang-kailangan namin,
4 patawarin mo kami sa aming mga
sala; tingnan mo't pinatatawad din namin
ang lahat ng may utang sa amin,
at huwag mo kaming dalhin sa tukso."

• 5 Sinabi rin sa kanila ni Jesus: "Ipala-
gay nating may kaibigan ang isa sa inyo
at pinuntahan mo siya sa hatinggabi at
sinabi: 'Kaibigan, pahiram nga ng tatlong
pirasong tinapay 6 dahil kararating lang
mula sa biyahe ng isa kong kaibigan at

---

• **11.**1 Marunong nang manalangin ang mga apostol at nagdarasal sila nang sama-sama gaya ng ginagawa ng lahat ng Judio sa mga sinagoga at sa mga takdang oras sa maghapon. Subalit sa pamumuhay nilang kasama ni Jesus, nadiskubre nila ang isang bagong paraan ng pamumuhay at pagsasama-sama, at naramdaman nila ang pangangailangang makipag-usap sa Ama sa ibang paraan. Hinintay ni Jesus na sila mismo ang humiling sa kanyang turuan niya silang manalangin. Tingnan Mt 6:9.

*PANALANGIN*

• 5. Inaanyayahan tayo ni Jesus na humingi nang may pagtitiyaga, na di kailanman nagsasawa hanggang sa Diyos na mismo ang "magsawa". Hindi laging ibibigay sa atin ng Diyos ang ating hinihingi at sa paraang hinihingi natin dahil hindi natin alam kung ano ang mabuti para sa atin. Pero bibigyan niya tayo ng *banal na espiritu* o mas malinaw na pagkaalam sa kanyang kalooban, kasama ang lakas ng loob para tuparin ito.

*Kumatok at bubuksan ang pinto para sa inyo.* Bilang paliwanag sa pangungusap na ito, narito ang isang pahina mula kay Padre Molinie:

"Kung hindi agad nagbubukas ang Diyos, hindi ito dahil gusto niya tayong maghintay. Kung dapat tayong magtiyaga sa panalangin, hindi ito dahil kailangan ang isang takdang bilang ng mga dasal kundi dahil may kung anong katangian o tonong kinakailangan sa pananalangin. Kung mailalahad natin ito sa bukana pa lamang, agad tayong diringgin.

"Ang panalangin ang daing ng Espiritu Santo sa atin tulad ng sinasabi ni Pablo. Pero kailangang ulit-ulitin ito upang makapagbukas ng daan sa ating pusong bato ang daing na ito gaya ng tikatik na patak ng tubig na bumubutas sa pinakamatigas na mga bato. Sa matiyagang pag-uulit sa Ama Namin o Aba Ginoong Maria, makaaasa tayong sasapit din ang araw na madarasal natin ito na lubos na katono ng gusto ng Diyos. Hinihintay niya mismo ang daing na ito na siya lamang makaaantig sa kanya sapagkat sa katunaya'y sa puso niya mismo ito galing.

"Hangga't hindi natin natutugtog ang notang ito o nahuhugot mula sa kaibuturan ng ating sarili, hindi magagapi ang Diyos. Hindi dahil ipinagtatanggol ng Diyos ang sarili kundi dahil siya ay wagas na kawalang-pagmamatigas at pagdaloy. At hangga't wala tayong pagkakahawig sa kanya, walang dadaloy na agos sa pagitan natin at niya. Nagsasawa nga ang tao sa pagdarasal, pero kung magtitiyaga siya sa halip na masiraan ng loob, unti-unti niyang maaalis ang kanyang pagmamataas. At sa pagiging pagod at talunan niya, higit pa ang kanyang nakakamit kaysa maari niyang naisin.

*MGA KAHILINGAN – ANG MGA SANTO*

Inaanyayahan tayo ni Jesus na matiyagang humingi hindi para pagbigyan ng Diyos ang mga gusto natin kundi para mas makapasok tayo sa kanyang mga isipan at kagustuhan. Hindi na nagiging maka-sarili ang matiyagang paghiling at nagiging panalangin ito, ibig sabihi'y itinataas tayo at inilalapit sa Diyos.

Walang sinasabi si Jesus tungkol sa pagsusumamo sa mga santo sapagkat kadalasa'y salungat na daan sa tunay na panalangin ang tinatahak ng nagsusumamo sa mga santo. Interesado ang taong 'yon hindi sa pagkadama sa awa ng Diyos kundi sa pagtatamo ng kung anong pakinabang. Bale-wala sa kanya kung kanino siya tumatawag basta't meron siyang isang magaling at awtomatik na tagapamahagi ng mga biyaya. Kayat nagsisimula ang paghahanap ng mga santo, mga simbahan at mga debosyon.

Isang pamilya ang Iglesya. Kung paano natin hinihingi sa ating mga kaibigan na ipanalangin tayo, gayundin naman tayo dapat tumawag sa ating mga kapatid na santo. Walang makapangangantiyaw sa atin kung minsa'y nagpapakita tayo ng pagtitiwala sa kanilang panalangin, lalo na sa panalangin ng mga santong mas hinahangaan natin pagkat alam natin ang kanilang mga buhay at mga gawa. Subalit hindi dapat ipagkamali ang "petisyong" ito sa mga santo sa matiyagang paghiling na nagpapapasok sa atin sa misteryo ng Diyos. Si Mariang Ina ng Diyos lamang ang tanging

wala akong maihain sa kanya.' 7 At sa-
sagutin ka siguro ng nasa loob: 'Huwag
mo na akong gambalain. Nakatrangka na
ang pinto at nakahiga na kami ng mga
bata; hindi na ako maaaring tumayo para
bigyan ka.' 8 Sinasabi ko sa inyo, kung
hindi man siya bumangon para magbigay
dahil sa pakikipagkaibigan, babangon pa
rin siya at ibibigay sa iyo ang lahat mong
kailangan dahil sa pagpupumilit sa
kanya.

9 Kaya sinasabi ko sa inyo: humingi at
kayo'y bibigyan, maghanap at matatag-
puan ninyo, kumatok at bubuksan ang
pinto para sa inyo. 10 Talaga ngang tuma-
tanggap ang humihingi, nakakatagpo ang
naghahanap at pinagbubuksan ang ku-
makatok.

11 Sino sa inyo ang amang magbibigay
ng ahas sa kanyang anak kung isda at
hindi ahas ang hinihingi nito? 12 Sino ang
magbibigay ng alakdan kung itlog ang
hinihingi? 13 Kaya kung kayo mang masa-
sama'y marunong magbigay ng mabu-
buting kaloob sa inyong mga anak, gaano
pa kaya ang Ama mula sa langit? Tiyak
na ibibigay niya ang banal na Espiritu sa
mga hihingi sa kanya."

**Si Jesus at si Beelzebul**

*(Mc 3:22; Mt 12:23; Mc 4:21; 9:40)*

• 14 Minsa'y nagpapalayas si Jesus ng
isang demonyo at ito'y pipi. Nang luma-
bas na ang demonyo, nakapagsalita ang
pipi at namangha ang mga tao. 15 Ngunit
sinabi ng ilan sa kanila: "Pinalalayas niya
ang mga ito sa tulong ni Beelzebul na
pinuno ng mga demonyo." 16 Gusto na-
man ng iba na subukin si Jesus at humingi
sila sa kanya ng isang tanda galing sa
langit.

17 Alam ni Jesus ang kanilang iniisip
kaya sinabi niya sa kanila: "Mabubuwag
ang bawat kahariang nagkakahati-hati at
magigiba roon ang mga sambahayan.
18 Ngayon, kung nagkakahati-hati si Sa-
tanas, paano magtatagal ang kanyang
kaharian? Di nga ba't sinasabi ninyo na
nagpapalayas ako ng mga demonyo sa
tulong ni Beelzebul? 19 Kung sa pama-
magitan ni Beelzebul ako nagpapalayas
ng mga demonyo, paano naman napala-
layas ng inyong mga kaanib ang mga ito?
Sila mismo ang nararapat sumagot sa
inyo.

20 Sa daliri ng Diyos ako nagpapalayas
ng mga demonyo kaya sumapit na sa
inyo ang kaharian ng Diyos. 21 Kung
sandatahang binabantayan ni Malakas
ang kanyang palasyo, hindi magagam-
bala ang kanyang mga pag-aari. 22 Pero
kung salakayin siya ng mas makapang-
yarihan sa kanya at talunin siya, maa-
agaw nito ang kanyang mga armas na
kanyang inasahan at ipamamahagi ang
kanyang mga ari-arian.

• 23 Laban sa akin ang di panig sa akin,
at nagpapangalat ang di nagtitipong ka-
sama ko.

---

nilalang na makasasabay sa atin sa panalangin sapagkat ginawa siya ng Diyos na ina natin, sapagkat inilagak ng Diyos sa kanya ang lahat niyang awang nakalaan para sa atin, sapagkat ibinuklod ng Diyos ang kanyang sarili sa kanya kayat sa pagtingin natin sa kanya, ang buhay na presensiya ng Diyos ang lagi nating natatagpuan.

• 14. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:22 at Mateo 12:23.

*Sa daliri ng Diyos* (b. 20). Pareho ring pananalita ang ginagamit sa Exodo 8:15 para sa kapangyarihan ng Diyos sa paggawa ng mga himala.

• 23. *Laban sa akin ang hindi panig sa akin...* Parang sinasalungat ng pariralang ito ang nasa Lc 9:50: *panig sa inyo ang hindi laban sa inyo.* Sa totoo'y inaamin ni Jesus sa Lc 9:50 na higit pa sa nakikitang grupo ng kanyang mga alagad ang kanyang pamilyang espirituwal. Ang nagtatrabaho para sa parehong layunin kahit na di kabilang sa Iglesya ay kailangang ituring na kaibigan.

Tinutukoy naman ni Jesus sa Lc 11:23 ang mga ayaw manindigang kasama niya at ng kanyang mensahe at gustong manatiling walang pinapanigan: hindi sila nakikiisa sa kanya at pagkatapos nama'y tutuligsain naman nila siya.

• 24 Kapag lumabas sa tao ang maruming espiritu, nagpapalabuy-laboy ito sa mga lugar na walang tubig sa paghahanap ng pahingahan. Pero wala siyang natatagpuan at sinasabi niya: 'Babalik ako sa inalisan kong tirahan.' 25 Pagdating niya, natatagpuan niya ito na nawalisan na at maayos pa. 26 Kaya naghahanap siya at nagsasama ng pito pang espiritung mas masama pa kaysa kanya; pumapasok ang mga ito at doon tumitira. Kaya mas masama ang huling kalagayan ng taong iyon kaysa dati."

• 27 Habang nagsasalita pa siya, isang babae mula sa dami ng tao ang malakas na nagsabi sa kanya: "Mapalad ang nagdala sa iyo sa kanyang sinapupunan at nagpasuso sa iyo." 28 Ngunit sumagot si Jesus: "Kaya talagang mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito."

• 29 Nang dumadagsa na ang mga tao, nagsimulang magsalita si Jesus: "Masamang lahi ang lahing ito; humihingi ito ng palatandaan pero walang ibang palatandaang ibibigay rito kundi ang palatandaan ni Jonas. 30 At kung paanong naging palatandaan si Jonas para sa mga taga-Ninive, gayundin naman ang Anak ng Tao para sa mga tao sa kasalukuyan. 31 Sa paghuhukom, babangon ang Reyna ng Timog kasama ng mga lalaki ng lahing ito at hahatulan sila. Sapagkat dumating siya mula sa kabilang dulo ng mundo para masaksihan ang karunungan ni Solomon at dito'y may mas dakila pa kay Solomon. 32 Sa paghuhukom, babangon ang mga lalaking taga-Ninive kasama ng salinlahing ito at hahatulan nila ito dahil nagbalik-loob sila sa pangangaral ni Jonas; at dito'y may mas dakila pa kay Jonas.

33 Walang nagsisindi ng ilaw para itago o para takpan ng kahon kundi inilalagay ito sa isang patungan para makita ng mga pumapasok ang liwanag.

Ang iyong mata ang lampara ng iyong katawan. Kung malinaw ang mata mo, nasa liwanag ang buo mong katawan; ngunit kung malabo, nasa dilim ang katawan mo. 35 Kaya mag-ingat na huwag maging dilim ang liwanag na nasa iyo. 36 Kung maliwanag naman ang buo mong katawan at wala ni anumang bahaging nasa dilim, magiging pawang maningning ito gaya ng biglang pagtanglaw sa iyo ng ilaw."

**Kawawa kayong mga Pariseo!**
*(Mt 23:1)*

• 37 Matapos magsalita si Jesus, inan-

---

• 24. Naniwala ang mga Judio na mas gustong tumira ng masasamang espiritu sa disyerto o kaya'y itinapon sila ng Diyos sa mga lugar na 'yon. Tinutukoy dito ni Jesus ang mga pansamantala lamang na naniniwala sapagkat hindi sapat ang pagsisisi nila sa lumipas nilang mga kasalanan; natuwa silang marinig ang salita pero hindi naman nila ginawa ang mahahalagang hakbang para mapagaling sana nila ang ugat ng kasamaan.

• 27. Ang totoo'y si Jesus ang pinupuri ng babae. Sa pagsasabi niyang "Pinagpala ang 'yong ina," ang ibig niyang sabihi'y "Sino ang makapagsasalitang kagaya mo?" Ngunit sumagot si Jesus: "Kung napakagaling ng aking mga salita, huwag mong purihin ang aking mga kamag-anak na maaari akong ipagmalaki kundi ang mga nakikinabang sa aking mga salita. At isa pa'y Salita ng Diyos ang mga ito."

Tungkol naman kay Mariang ina ni Jesus, nabanggit na nating siya ang pinakaunang naniwala (Lc 1:38); maligaya siya pagkat naniwala siya (Lc 1:45) at itinanim niya sa kanyang puso ang lahat ng salita at gawa ng Panginoon (Lc 2:51).

• 29. Bilang mga makasalanan, walang ibang tinanggap na tanda ng Diyos ang mga taga-Ninive kundi ang pagdating ni Jonas na nanawagan sa pagsisisi. Naniniwala ang mga kapanahon ni Jesus na "mabubuti" sila dahil sila ang bayan ng Diyos at hindi nila napapansing dumating na ang oras para magsisi sila.

*Hahatulan sila.* (b. 31) Napakahirap para sa atin na intindihin ang di paghuhusga ng Diyos sa sinuman! Tingnan ang Jn 5:22 at 5:27. Ang mga kapwa-tao natin ang siyang hihingi sa atin ng pagsusulit sa napakaraming yamang ipinagkatiwala sa atin ng Diyos para sa kapakanan ng lahat, na di naman nagbunga ng anuman dahil sa ating kasalanan.

• 37. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 23.

yayahan siya ng isang Pariseo na kumain
sa bahay nito. Pumasok siya at dumulog
sa hapag. 38 At nagtaka ang Pariseo nang
makitang hindi muna siya naghugas ng
kamay bago kumain. 39 Ngunit sinabi sa
kanya ng Panginoon: "Kayong mga
Pariseo, ugali ninyong linisin ang labas ng
mga baso't pinggan pero nag-uumapaw
naman sa kasakiman at kasamaan ang
inyong loob! 40 Mga hangal! Di ba't ang
maygawa ng labas ang siya ring may-
gawa ng loob? 41 Pero naglilimos lamang
kayo at sa akala ninyo'y malinis na ang
lahat.

42 Sawimpalad kayong mga Pariseo!
Nagbabayad nga kayo ng ikapu ng yerba-
buena at ng ruda at ng lahat ng gulay, at
pinababayaan naman ninyo ang kataru-
ngan at ang pag-ibig sa Diyos. Ito nga ang
dapat gawin nang di kinaliligtaan ang mga
iyon. 43 Sawimpalad kayong mga Pariseo!
Gusto ninyong mabigyan ng pangunahing
upuan sa mga sinagoga at mabati sa mga
liwasan. 44 Sawimpalad kayo, na parang
mga nakatagong libingan, na inaapakan
ng mga tao at di man lang nila namama-
layan."

45 Nagsalita ang isang guro ng Batas:
"Guro, iniinsulto mo rin kami sa pagsa-
sabi mo ng mga ito." 46 At sinabi ni Jesus:
"Sawimpalad din kayong mga guro ng
Batas! Napakabibigat na mga pasanin
ang ipinapapasan ninyo sa mga tao, at
hindi n'yo naman hinihipo ng kahit isang
daliri man lang ang pasanin. 47 Sawim-
palad kayong nagtatayo ng mga puntod
sa mga propetang pinatay ng inyong
mga ama. 48 Sa gayon ninyo inaamin at
sinasang-ayunan ang mga ginawa ng
inyong mga ama; iniligpit nila ang mga
propeta, at makapagtatayo na kayo
ngayon.

• 49 (Sinabi rin ng Karunungan ng
Diyos:) Nagsusugo ako sa kanila ng mga
propeta at mga apostol ngunit uusigin nila

---

Hindi hinihingi ng Biblia ang mga ritwal na paglilinis na ito na binabanggit din sa Marcos 7:3. Pero iginigiit ng mga guro ng Batas sa panahon ni Jesus na kailangan ang mga ito. Naghihimagsik ang kalooban ni Jesus sa mga bagong panrelihiyong obligasyong ito. Bakit hindi nila mas bigyang-pansin ang paglilinis na panloob?

Mababasang kasunod ang mga panunumbat ni Jesus sa mga Pariseo sa iba't ibang pagkakataon. Lahat ng salita at panunumbat na ito ni Jesus ay para rin sa atin na parang mga pantas o mga pastol o mga pinakamagaling sa Iglesya. Kung iisipi'y isang grasya ang malamang mabuti ang doktrina o matupad ang isang ministeryo o paglilingkod, o maging bahagi ng isang grupong mas seryoso sa pamumuhay-Kristiyano. Pero sa gawa'y mas pinahihirap ng lahat ng ito na tunay tayong maging mapagpakumbaba, at kadalasa'y hinahadlangan tayong lumagay sa pinakahuling lugar na sa atin dapat. Kaya tanging ang pagdalaw lamang ng Diyos ang makapagliligtas sa atin. Sa pagpapakilala niya ng sarili, siya at tanging siya lamang ang makapaghuhubad sa atin ng lahat ng kagalingang inaakala nating atin at walang iniiwan sa atin kundi ang pagkamulat sa ating mga kasalanan. Ito ang nangyari sa Pariseong si Pablo (o Saulo) noong makatagpo niya si Jesus (Gawa 9; Fil 3:4-11).

• 49. Sumulat na ang mga nauna kay Lucas sa salitang ito ni Jesus: Nagsusugo ako ng mga propeta... (na mababasa rin natin sa Mt 23:34) at sinimulan nila ang nasabing pangungusap sa mga pananalitang ito: *Sabi ng Karunungan,* na isang paraan ng pagtukoy kay Jesus. Nang isama ni Lucas ang mga linyang ito sa pangangaral ni Jesus, nalimutan niyang alisin ang mga salitang ito, na higit sanang nagpalinaw sa teksto.

Tingnan ang paliwanag sa Mt 23:34. Sinasabi ni Jesus na ang mga Pariseo at mga guro ng Batas ang magiging pinakaresponsable sa pag-uusig sa mga unang Kristiyano (sa mga *apostol at mga propetang* iyon na isusugo niya). Sinasabi rin niya na babagsak sa kasalukuyang salinlahi ang parusa para sa pag-uusig na ito kayat ipinahahayag niya ang pagkawasak ng bansang Judio sa taong 70 A.D.

Para rin sa ating mga pari at mga relihiyoso, mga institusyong Kristiyano at "mabubuting Kristiyano" ang babala ni Jesus, kapag ginagampanan natin sa Iglesya ang papel na katulad ng sa mga Pariseo at mga guro ng Batas sa relihiyon at lipunang Judio ng panahong 'yon.

At maging sa atin man, maaaring kumakatawan tayo sa isang relihiyong nakatali sa kapangyarihan, pinamumunuan ng pinakaedukadong klase ng mga tao, at naghahangad ng pagkilala't paggalang samantalang minamata na pala ang mga dukha at mga manggagawa. Ganito inihahanda ang pag-uusig sa mga propeta ng ating panahon. Sa maraming lugar kung saan sinisikil o pinapatay ang mga aktibong Kristiyano at pati ang mga relihiyoso, may mga "taong-simbahan" na kasangkot sa pag-uutos o pag-aapruba sa mga krimeng 'yon.

*Hindi na kayo pumasok at hinadlangan pa ninyo ang mga makapapasok.* Di ba't isa ito sa mga dahilan

at papatayin ang ilan sa kanila. 50 Kayat
papapanagutin ang salinlahing ito sa
dugo ng lahat ng propeta, sa dugong na-
buhos mula pa sa pagkatatag ng mundo,
51 mula sa dugo ni Abel hanggang sa dugo
ni Zacarias na nasawi sa pagitan ng altar
at ng santuwaryo. Oo, sinasabi ko sa inyo,
papapanagutin ang salinlahing ito.

52 Sawimpalad kayong mga guro ng
Batas na umagaw sa susi ng kaalaman.
Hindi na kayo pumasok at hinadlangan pa
ninyo ang mga makapapasok."

53 Pagkatapos ay umalis si Jesus at
sinimulan naman ng mga guro ng Batas at
mga Pariseo na mahigpit na makipagtalo
sa kanya. Pinapagsalita nila siya tungkol
sa maraming bagay 54 at pilit na sinisilo sa
anumang sinasabi niya.

**Deretsahan at walang-takot na pananalita**

*(Mc 3:28; Mt 10:19; 12:31; Mc 8:38)*

**12** • 1 Nang magkatipon ang libu-
libong tao hanggang magkata-
pakan na sila, sinimulang sabihin ni Jesus
sa kanyang mga alagad: "Mag-ingat
muna kayo sa lebadura ng mga Pariseo,
na walang iba kundi ang pagkukunwari.

2 Walang tinatakpan na di mabubun-
yag, walang natatago na di malalaman.
3 Kaya naman, ang sinabi ninyo sa dilim,
sa liwanag maririnig; at ang ibinulong
ninyo sa mga kuwarto, sa bubungan ipa-
hahayag.

4 Sinasabi ko naman ito sa inyo, mga
kaibigan ko: huwag ninyong katakutan
ang mga nakapapatay sa katawan at wala
nang anumang magagawa. 5 Ituturo ko sa
inyo kung sino ang dapat ninyong kata-
kutan: matakot kayo sa may kapang-
yarihang pumatay at may kapangyarihan
pang magbulid sa impiyerno. Oo, sina-
sabi ko sa inyo, ito ang katakutan ninyo.
6 Di ba't ipinagbibili nang dalawang pera
ang limang maya? Ngunit isa man sa
kanila'y di nalilimutan sa harap ng Diyos.
7 Bilang na pati ang lahat ng buhok sa
inyong ulo. Huwag kayong matakot; mas
mahalaga pa kayo kaysa maraming
maya.

8 Sinasabi ko sa inyo: sinumang kumi-
lala sa akin sa harap ng mga tao ay kiki-
lalanin din ng Anak ng Tao sa harap ng
mga anghel ng Diyos. 9 At ang ayaw ku-
milala sa akin sa harap ng mga tao'y hindi
rin kikilalanin sa harap ng mga anghel ng
Diyos.

10 Patatawarin ang sinumang magsa-
salita laban sa Anak ng Tao ngunit hindi
patatawarin ang lumait sa Espiritu Santo.
11 Dalhin man nila kayo sa harap ng mga
sinagoga at mga namumuno at mga may-
kapangyarihan, huwag kayong mabalisa
kung paano ninyo ipagtatanggol ang sarili
o kung ano ang inyong sasabihin. 12 Sa-
pagkat ang Espiritu Santo ang magtuturo
sa inyo sa oras na iyon ng dapat na sa-
bihin."

**Ang mayamang hangal**

• 13 Sinabi kay Jesus ng isa sa karami-

---

kung bakit napakaraming simpleng tao ang lumilipat sa ibang iglesya?

• **12.**1 *Walang natatago na di malalaman.* Maipaliliwanag ang pangungusap na ito sa iba't ibang paraan. Ang magiting na pagpapatotoo sa pananampalataya ang tinutukoy ni Jesus sa mga talatang ito. Dapat nating sabihin ang totoo na di inaalaala ang iisipin sa atin ng tao. Ang mga lagi na lamang nagsisikap makibagay at makitungo nang mahusay, at huwag mawalan ng mga kaibigan – sila ang tinutukoy rito ng pagkukunwari o kaplastikan.

*Huwag ninyong katakutan.* Tingnan ang paliwanag sa Mateo 10:28.

*Sinumang magsasalita laban sa Anak ng Tao:* Tingnan ang paliwanag sa Marcos 3:29.

*KASAKIMAN – PRODUKSYON*

• 13. *Sino ang nagtalaga sa akin bilang hukom ninyo?* Inilalaan ni Jesus ang kanyang awtoridad para sa mahahalaga: mas mahalaga ang pagsupil sa kasakimang nakatanim sa ating puso kaysa pagsisiyasat sa mga karapatan ng bawat isa.

*Iwasan ang bawat uri ng kasakiman.* Hindi ito nangangahulugan na mabubuhay na lamang tayong sinasang-ayunan ang kapurulan ng diwa at matinding paghihikahos, na ayos na para sa atin na sampung tao ang natutulog sa isang masikip na kuwarto, o

han: "Guro, sabihin mo nga sa aking
kapatid na hatian ako ng mana." 14 Ngunit
sinabi ni Jesus sa kanya: "Kaibigan, sino
ang nagtalaga sa akin bilang hukom o
tagapaghati ninyo?" 15 At sinabi niya sa
mga tao: "Mag-ingat kayo at iwasan ang
bawat uri ng kasakiman sapagkat mag-
karoon man ng marami ang tao, hindi sa
kanyang mga ari-arian nakasalalay ang
kanyang buhay."

16 At idinagdag ni Jesus ang isang talin-
haga: "May isang taong mayaman na ma-
raming tinubo sa kanyang lupain. 17 Kaya
nag-isip-isip siya: 'Ano ang gagawin ko?
Wala man lang akong mapagtipunan ng
aking ani.' 18 At sinabi niya: 'Ito ang gaga-
win ko, gigibain ko ang aking mga bodega
at magtatayo ako ng mas malalaki; doon
ko titipunin ang lahat kong trigo at ang iba
pa. 19 At masasabi ko na sa aking sarili:
Kaibigan, marami kang ari-ariang naka-
laan para sa maraming taon. Magpahinga
ka, kumain, uminom at magsaya.'

20 Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos: 'Ha-
ngal! Sa gabi ring ito, babawiin sa iyo ang
iyong buhay. Mapapasakanino na ang
iyong inihanda?' 21 Gayon din ang masa-
sabi sa sinumang nag-iimpok ng yaman
para sa kanyang sarili at walang tinutubo
para sa Diyos."

**Huwag mamroblema**

*(Mt 6:25)*

22 Sinabi naman ni Jesus sa kanyang
mga alagad: "Kaya nga sinasabi ko sa
inyo: huwag kayong mabalisa tungkol sa
inyong buhay – kung ano ang inyong
kakanin – o tungkol sa inyong katawan –
kung ano ang inyong idadamit. 23 Sa-
pagkat mas mahalaga ang buhay kaysa
pagkain at ang katawan kaysa damit.
24 Tingnan ninyo ang mga uwak! Hindi sila
naghahasik at di gumagapas, wala silang
bodega o kamalig ngunit pinakakain sila
ng Diyos. Lalo naman kayong mas maha-
laga kaysa mga ibon! 25 Sino sa inyo, sa

---

walang pagkakataong makapag-aral. Alam natin na hadlang ang lahat ng ito sa pagsulong ng mga tao sa pagkamulat sa kanilang dignidad at sa kanilang banal na bokasyon. Hindi naman tinutuligsa ni Jesus ang ating mga pagsisikap na makabuo ng isang mas makatarungang lipunan. Sapagkat nananawagan ang buong Biblia na bumuo tayo ng isang mas makataong pamayanan na di magkakatotoo kung iilan lamang ang may hawak sa yaman, edukasyon at mga pagdidi-sisyon.

Ngunit isang bagay ang paghahanap sa katarungan sapagkat kung wala ito'y walang kapayapaan ni pagkakabuklod; at ibang bagay rin naman ang pag-pansin sa meron ang iba para makibahagi sa kanilang kasakiman. Katarungan ang ipinagsisigawan natin ngayon pero kinabukasan nama'y ang pagkakaroon lamang ng mas marami ang siya nating pagkakaaba-lahan. Hindi tayo papagpapahingahin ng ganitong kasakiman kundi isasara pa nito sa atin ang pinto ng Kaharian (Mc 10:23; 1 Tim 6:8).

*Hindi sa mga ari-arian nakasalalay ang buhay.* Tiyakin mo lamang na sa kaabalahan mong makamit ang mga wala pa sa iyo e di mo makaligtaan ang makapagbibigay sa iyo ng buhay ngayon.

Sa bagay na ito, kailangan sana nating papagsalitain ang mga dukha, ang lahat ng kapatid nating nakalubog sa karukhaan ngunit patuloy pa ring nagpapakatao sa kanilang pamumuhay: buhay sila sa pinakamatinding ibig sabihin nito. Dapat ba natin silang kaawaan o kaya'y ibilang sa iilang nagtatamasa na ngayon sa Kaharian ng Diyos?

Isa sa pinakamalaking sagabal sa pagpapalaya ng mga sambayana'y ang sarili nilang kasakiman. Sa oras na pumayag silang makilahok sa mga malawakang boykot at di magkanya-kanyang lakad sa paghahanap ng sariling kapakanan, magsisimula silang mabuhay bilang sambayanan.

*Ano ang gagawin ko?* sabi ng mayaman. Pinaka-simple na ang ibahagi ang mga kayamanang ito sa lupa na nilikha para sa kapakanan ng lahat. Pero hindi: nagkakasakit siya sa pamomroblemang ingatan ang mga ito na hindi naman ginagamit. Ganito rin ang nangyayari sa kasalukuyan: hindi ang mabigyan ng mga kinakailangan ang lahat ng tao para mabuhay ang unang pinagkakaabalahan ng lipunan. Kasakiman ang puwersang nagpapatakbo sa ating ekonomiya. Kaya naman nasasayang ang produksyon at marami ang nabubuhay sa di-makataong kundisyon. Nagpaplano *ng mas malalaking bodega* ang mayaman sa talin-haga. Naghahanap ng mga market hanggang sa dulo ng daigdig ang prodyuser sa ngayon, at ang pina-kamagaling nilang paraa'y kumbinsihin ang mga tao na kailangan nila ang sangkaterbang mga bagay na hindi nila naisip kailanman.

Alam ng *tumutubo para sa Diyos* (o *yumaman sa harap ng Diyos*) kung paano makatatagpo ng kaliga-yahan sa kasalukuyang sandali. Saanman siya naroon, sinisikap niyang lumikha ng isang pagkakaugnay-ugnay ng mga panlipunang relasyon ng pagbibigayan at pagtanggap sa isa't isa kaysa maghangad at magka-mit ng mga bagay sa makasariling paraan.

pagiging balisa niya, ang makapagda-
dagdag sa kanyang taas? 26 Kaya nga,
kung hindi ninyo kaya ang ganyang kaliit
na bagay, bakit kayo nababalisa tungkol
sa iba pa?

27 Tingnan ninyo ang mga bulaklak sa
parang. Hindi sila nag-iikid o humahabi.
Ngunit sinasabi ko sa inyo: kahit si Solo-
mon sa lahat niyang karangyaan ay di
nadamitan nang tulad ng isa sa mga ito.
28 Kung dinadamitan ng Diyos nang ganito
ang damo – damong naroon ngayon at
susunugin bukas sa kalan – gaano pa
kaya kayo, mga maliit ang paniniwala!

29 Huwag na kayong maghanap ng
inyong kakanin at iinumin; huwag kayong
maligalig. 30 Ang mga bansa ng daigdig
ang nababahala sa mga bagay na ito
ngunit alam ng inyong Ama na kailangan
ninyo ang mga ito. 31 Kaya hanapin ninyo
ang kanyang kaharian at idadagdag sa
inyo ang mga ito.

• 32 Huwag kang matakot, munting ka-
wan, sapagkat ikinalugod ng inyong Ama
na ibigay sa inyo ang Kaharian. 33 Ipagbili
ninyo ang inyong mga ari-arian at magli-
mos. Gumawa kayo ng mga pitakang di
naluluma, kayamanang di mawawala na
nasa Diyos. Wala nga roong makalalapit
na magnanakaw o makasisirang kulisap.
34 Sapagkat kung nasaan ang inyong ka-
yamanan, naroon din ang inyong puso.

**Maging handa**

*(Mc 13:33; Mt 24:43; 6:19)*

• 35 Maghintay kayong bihis at handang
maglingkod, na may nakasinding mga

---

*IGLESYANG DUKHA TULAD NI JESUS*

• 32. *Huwag matakot, mumunting kawan.* Hindi tayo pinapaniniwala ni Jesus sa Ebanghelyo na sa paglipas ng panahon ay sasampalataya ang karamihan.

Alam nating mas malaki ang mundong di-Kristiyano kaysa Kristiyanong daigdig, at mas mabilis pa nga itong lumago. Samantalang iniiwan ng napakarami sa Kristiyanong daigdig ang pagsasabuhay ng relihiyon, nauunawaan nating isang tanda lamang at isang maliit na kawan ang Iglesya.

Nananawagan si Jesus sa bawat isa sa atin na huwag magpatali sa mga bagay ng daigdig. At ganito rin ang hinihingi niya sa kawan. Hindi ang pagtatayo ng makapangyarihang mga institusyon ang importante para sa Iglesya, ni ang pagkakaroon ng maseselang puwesto sa lipunan "para sa higit na luwalhati ng Diyos". Sapagkat lumilipas ang mundo at hinihintay naman natin ang pagdating ng Panginoon.

*Ipagbili ninyo ang inyong mga ari-arian.* Kumbinsido kaya ang mga karaniwang tao na nagawa na ito ng Iglesya? Nagagalak ang mga Kristiyano kapag tinutuligsa ng kanilang mga obispo at mga pari ang kawalan ng katarungan at ipinaaalaala sa kanila ang mga karapatan ng mga manggagawa't latak ng lipunan. Subalit hindi sapat na mangaral na lamang tayo sa iba. Hinihingi ng Diyos ang katarungan sa mundo at karukhaan sa kanyang Iglesya. Hindi diringgin ang ating panawagan sa katarungan hanggang hindi tinatanggap ng Iglesya para sa kanyang sarili ang buong Ebanghelyo.

*Ikinalugod ng Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian.* Ihambing ito sa Lc 10:23 at Mt 16:16. Kung gusto natin talagang mahalin ang Ama, kailangan nating isaisip sa lahat ng sandali na tayo ang pinili niya at hindi ang iba para maging maliit na kawan sa daigdig, na ang mahalaga ang hinahanap.

• 35. Pinalalawak ni Jesus ang talinhaga ng katulong na naghihintay sa pagdating ng kanyang amo. Ikinukumpara ang aliping ito sa mayamang abala sa pagkakaroon ng mahaba at maginhawang buhay. Nagtatrabaho naman ang katulong para sa Diyos.

*Mapalad ang mga lingkod na matatagpuang naghihintay sa panginoon* (37). Naghihintay sa Panginoon at nag-aalala sa daigdig sa kinabukasan. Nagbabantay siya, na ibig sabihi'y mulat sa katotohanan. Hindi tayo pumapayag na tawaging mabuti ang masama at masama ang mabuti, hindi natin pinatatawad ang sarili sa pagkunsinti sa masama at hindi tayo pinanghihinaan ng loob sa harap ng kawalang-katarungan.

*Dumarating ang Anak ng Tao sa oras na hindi ninyo inaakala* (40). Huwag araw ng kamatayan lamang ang ating isipin ni matakot sa paghuhukom ng Diyos kung nabubuhay tayo sa kanyang grasya. Sinasabi sa atin ni Jesus ang tungkol sa isang amo na umuuwing galing sa isang kasalan, napakasaya niya kayat binabaligtad niya ang dating kaayusan para pagsilbihan ang kanyang mga katulong. Kung maraming taon na tayong nagsisilbi sa Diyos, paanong di natin maaabot ang isa pang yugtong ito ng buhay-espirituwal kung saan parang walang pinagkakaabalahan ang Diyos kundi ang pagreregalo at pagpipiyesta sa atin?

*Sinabi sa kanya ni Pedro* (41). Para sa mga may tungkulin sa Iglesya ang bagong talatang ito.

*Matatagalan pang dumating ang panginoon ko* (45). Puwedeng maipagkanulo ng mga responsable ang kanilang misyon. Mas madalas na nagiging pagkakamali nila na wala silang ibang nakikita kundi

lampara. 36 Maging tulad kayo ng mga
taong naghihintay sa kanilang panginoon.
Pauwi siya mula sa kasalan at agad nilang
mabubuksan ang pinto pag dating niya at
pag katok. 37 Mapalad ang mga lingkod
na iyon na matatagpuang naghihintay sa
panginoon pagdating niya. Maniwala
kayo sa akin, isusuot niya ang damit pan-
trabaho at pauupuin sila sa hapag at isa-
isa silang pagsisilbihan. 38 Dumating man
siya sa hatinggabi o sa madaling-araw at
matagpuan niya silang ganito, mapalad
ang mga iyon! 39 Isipin ninyo ito: kung
nalaman lamang ng may-ari ng bahay
kung anong oras ng gabi ang dating ng
magnanakaw, hindi sana niya paba-
bayaang looban ang kanyang bahay.
40 Kaya maging handa kayo sapagkat
dumarating ang Anak ng Tao sa oras na
hindi ninyo inaakala."

41 Sinabi ni Pedro: "Panginoon, kanino
mo ba sinasabi ang talinhagang ito, sa
amin o sa lahat?" 42 Sumagot ang Pangi-
noon: "Isipin ninyo ito: may tapat at mata-
linong katiwala na pangangasiwain ng
panginoon sa kanyang mga tauhan para
bigyan sila ng rasyon sa tamang oras.
43 Kung sa pagdating ng kanyang pangi-
noon ay matagpuan siya nitong tumu-
tupad nang gayon, mapalad ang lingkod
na iyon. 44 Talagang sinasabi ko sa inyo,
pangangasiwain siya nito sa lahat nitong
ari-arian. 45 Ngunit maaari namang maisip
ng lingkod na iyon: 'Matatagalan pang
dumating ang panginoon ko' at simulang
pagmalupitan ang mga utusang lalaki at
babae, at kumain, uminom at maglasing.
46 Ngunit darating ang panginoon ng ling-
kod na iyon sa araw na di niya inaasahan
at sa oras na di niya nalalaman. Palala-
yasin niya ang katulong na ito at pakiki-
tunguhang gaya ng mga di-tapat.

47 Maraming hampas ang tatanggapin
ng katulong na nakaaalam sa kalooban
ng kanyang panginoon pero hindi nag-
handa ni sumunod sa kalooban niya.
48 Kaunti lang naman ang tatanggapin ng
walang nalalaman sa kalooban niya ngu-
nit gumawa ng mga bagay na dapat
parusahan. Hihingan nga ng marami ang
binigyan ng marami at hihingan nang higit
ang pinagkatiwalaan nang higit.

*(Mt 10:34; 5:25; 16:2)*

• 49 Dumating ako upang maghagis ng
apoy sa lupa, at ganoon na lamang ang

---

ang mahusay na takbo ng mga institusyon ng Iglesya at nalilimutan nilang darating si Kristo.

Dumarating ang Diyos sa bawat sandali sa mga pangyayaring di-inaasahang sumisira sa ating mga plano. Kaya hindi dapat masyadong umasa ang Iglesya sa pagpaplano ng kanyang mga gawain: sino ang nakaaalam kung ano ang inilalaan ng Diyos para sa atin bukas? Sa halip ay kailangang asikasuhin ng Iglesya ang kanyang panalangin at pagiging handa para mailagay siya ng Diyos sa pinakamagandang sitwasyon kapag inuga niya ang munti nating daigdig.

Maging gising para humanga, magalak at madiskubre ang presensiya ng Diyos at ang kanyang mga biyayang tumatanglaw sa ating buhay.

• 49. *Dumating ako upang maghagis ng apoy.* Dapat kaya nating isipin na may tiyak na tinutukoy ang apoy, gaya halimbawa ng pag-ibig, o Ebanghelyo o kaloob ng Espiritu Santo? Mas mabuting manatili tayo sa larawan ng apoy na nagpapadalisay, tumutupok sa lahat ng luma, nagbibigay ng init at nagpapasigla sa buhay. Ang apoy ng Paghuhukom ng Diyos na sumisira sa lahat ng ayaw pailalim sa pagpapabagong-anyo nito.

Dumating si Jesus hindi para lutasin ang mga problema ng bawat isa kundi para gawing muli ang mundo at palitawin mula sa mga guho nito ang mga hiyas na mananatili magpakailanman. Ngunit kailangang makibahagi sa gawang ito ng pagliligtas ang mga naghahangad makibahagi sa Luwalhati ng Ama, tulad ni Jesus. Saklaw ng gawang ito ang buong mundo at ang mga bagabag nito, karahasan, ang matitino o baliw na mga tagumpay nito.

*Dapat akong mabinyagan ng isang binyag.* Si Jesus ang pinuno at nangunguna sa mga haharap sa kamatayan bilang daan tungo sa pagkabuhay. Pagbibinyag *sa apoy* ang hakbang na ito na napakahirap kay Jesus at sa atin (tingnan Lc 3:16) na naghahatid sa atin sa maluwalhati at walang hanggang buhay. Para na ring ipinagpapauna ito kapag binibinyagan tayo bilang Kristiyano (Rom 6:3-5).

*Dumating ako para magbigay ng... paghihiwa-hiwalay.* Sumusunod dito ang mga salita ni Jesus na lubhang nakaliligalig sa mga naghahangad ng kapanatagan sa piling niya. Pinagwawatak-watak ni Jesus ang mga bansa (tingnan ang paliwanag sa Juan 10:1-4), mga pamilya at mga grupong panlipunan. Kadalasa'y relihiyon ang gustong gawing semento sa

pagnanais kong magliyab na sana ito!
50 Ngunit dapat akong mabinyagan ng
isang binyag, at ganoon na lamang ang
pagkabalisa ko hanggang di ito naga-
ganap! 51 Sa akala ba ninyo'y dumating
ako para magbigay ng kapayapaan sa
lupa? Hindi, sinasabi ko sa inyo, kundi
paghihiwa-hiwalay! 52 Sapagkat mula
ngayo'y magkakahati-hati ang limang
nasa isang sambahayan, tatlo laban sa
dalawa at dalawa laban sa tatlo; 53 mag-
kakahati-hati sila: ama laban sa anak na
lalaki at anak na lalaki laban sa ama, ina
laban sa anak na babae at anak na babae
laban sa ina, biyenang babae laban sa
kanyang manugang na babae at manu-
gang na babae laban sa biyenang ba-
bae."

• 54 Sinabi rin ni Jesus sa mga tao:
"Kapag nakita ninyong tumataas ang ulap
sa kanluran, kaagad ninyong sinasabi,
'Uulan,' at ganoon nga ang nangyayari.
55 At kung umiihip naman ang hangin
galing timog, sinasabi ninyong 'Magiging
napakainit,' at nangyayari nga ito. 56 Mga
mapagkunwari! Nabibigyan ninyo ng ka-
hulugan ang anyo ng lupa at langit pero
bakit hindi ninyo sinusuri kung ano ang
panahong ito?

57 At bakit hindi kayo mismo ang ma-
kapagpasya kung ano ang tama? 58 Sa
pagpunta mo sa maykapangyarihan ka-
sama ng kalaban mo, sikapin mong ma-
kipag-areglo sa kanya sa daan; baka iha-
rap ka sa hukom, at ibigay ka naman ng
hukom sa pulis para ipakulong sa bilang-
guan. 59 Sinasabi ko sa iyo: hindi ka ma-
kalalabas doon hanggang hindi mo naba-
bayaran ang kahuli-hulihang sentimo."

**Ang puno ng igos na walang bunga**

**13** • 1 Dumating naman ang ilang
tao na nagbalita kay Jesus ng
nangyari sa Templo. Ipinapatay nga ni
Pilato ang mga taga-Galilea at nahalo ang
kanilang dugo sa mga handog nila.
2 Sinabi ni Jesus sa kanila: "Sa akala ba

---

pagkakaisa ng bansa o kapayapaan sa pamilya. Totoo nga na bahagi ng kapayapaan at pagkakaunawaan ang pananampalataya pero inihihiwalay rin nito ang nabubuhay sa katotohanan mula sa lahat, kamag-anak man o kaibigan, na hindi puwedeng makibahagi sa lahat ng pinakamahalaga para sa tunay na sumasampalataya. Malimit ay napakasakit ang sugat at eskandalo ng pagkakawatak-watak na ito para sa ating mga kamag-anak kayat sila ang nagiging mga tagausig natin.

Hindi inihahatid ng Ebanghelyo ang daigdig na ito sa isang paraiso sa lupa kundi hinahamon itong lumago at mamunga. Inilalantad sa liwanag ng kamatayan ni Jesus ang anumang natatago sa mga puso (Lc 2:35); ibinubunyag din nito ang kasinungalingan at karahasang nagpapagalaw sa ating mga lipunan tulad ng ginawa nito sa lipunang Judio sa panahon ni Jesus.

• 54. *Kapag nakita ninyo ang ulap.* Sapat na ang mga palatandaang nakikita kay Jesus para maintindihan ng lahat na ngayon na ang oras na ibinalita ng mga propeta kung kailan dapat magbago ang mga tao at kilalanin ng Israel ang kanyang Tagapagligtas: lubhang huli na ang bukas (b. 57-59).

*Sa pagpunta mo sa maykapangyarihan.* Sa Ebanghelyo ni Mateo (5:23), pagkakasundo ng mga magkakapatid ang tinutukoy dito. Ginagamit naman ni Lucas ang pangungusap na ito tungkol sa ating pagbabalik-loob. Papunta tayo sa paghuhukom ng Diyos at gaya rin ito ng pagpunta sa mga maykapangyarihan; kaya dapat nating samantalahin ang panahong ibinibigay sa atin para ayusin ang ating sitwasyon. Huwag nating sayangin ang sandaling ito na maaari tayong maligtas sa Paghuhukom, sa paniniwala sa mensahe ni Kristo.

• **13.**1 *May nagbalita kay Jesus...* Tungkol sa isang pag-aalsa ng mga taga-Galilea sa patyo ng templo at ang agad na pagkilos ng mga bantay na Romano na nakapuwesto sa isang kalapit na kuta. Hindi nila iginalang ang sagradong pook na nakareserba lamang para sa mga Judio at nagpadanak sila ng dugo sa banal na lugar.

Hinihintay ng mga nagkukuwento ng pangyayari na magpapahayag si Jesus ng kanyang pakikiisa bilang makabayan at relihiyosong tao, sa harap ng pagpaslang na ito sa kanyang mga kababayan at sa pagkakasalang ginawa sa Diyos. Pero ayaw pansinin ni Jesus ang mga isyung ito: tulad ng dati, ipinapakita niyang mas nabubuhos ang pansin ng mga tao sa mga bagay na makatao kaysa makadiyos, at saka niya tinatawag ang kanilang pansin sa talagang importante: marahas na tao ang mga makabayang taga-Galileang iyon na tulad lamang ng mga sundalong Romanong pumatay sa kanila. Sa sandaling 'yon, tinatawag ng Diyos ang lahat sa pagbabago na kinasasandigan mismo ng pagkaligtas nila para mabuhay. Sa gayong karahas na sitwasyon, walang anumang malalabasan ang maliit at aping bayang Judio maliban sa pananampalataya. Gumagawa naman ito sa pamamagitan ng diwa ng pagpapatawad.

ninyo'y mas makasalanan ang mga taga-
Galileang iyon kaysa lahat ng mga taga-
Galilea dahil sila ang nagdusa? 3 Hindi. At
sinasabi ko sa inyo: kung hindi kayo
magbabago, mapapahamak din kayong
lahat.

4 Gayon din naman sa namatay na la-
bingwalong taong nabagsakan ng tore sa
Siloe, sa akala ba ninyo'y mas may utang
sila sa Diyos kaysa lahat ng naninirahan
sa Jerusalem? 5 Sinasabi ko: hindi, pero
kung hindi kayo magbabago, mapapaha-
mak din kayong lahat."

6 At sinabi ni Jesus ang talinhagang
ito: "May taong may isang puno ng igos
sa kanyang ubasan. At pumunta siya
para maghanap ng mga bunga pero wala
siyang nakita. 7 Kaya sinabi niya sa nag-
aalaga ng ubasan: 'Tatlong taon na
akong pumaparito sa paghahanap ng
mga bunga sa punong-igos na iyan at
wala akong nakita. Putulin mo iyan at
pampasikip lang sa lupa.' 8 Ngunit suma-
got sa kanya ang tauhan: 'Ginoo, paba-
yaan mo na siya ngayong taon. Mag-
huhukay ako sa paligid nito at lalagyan
ng pataba. 9 Baka sakaling mamunga
siya ngunit kung hindi'y saka mo siya
putulin."

**Panggagamot sa Araw ng Pahinga**

• 10 Nagtuturo siya sa isang sinagoga sa
Araw ng Pahinga, 11 at may isang babae
roon. Labingwalong taon na siyang may
espiritung nagbibigay-sakit; nagkaka-
kandakuba na siya at di makatingala.
12 Pagkakita sa kanya ni Jesus, tinawag
siya nito at sinabi: "Babae, lumaya ka sa
iyong sakit." 13 Ipinatong nito sa kanya
ang mga kamay at agad na nakatayo
nang tuwid ang babae at nagpuri sa
Diyos.

14 Nagalit ang pangulo ng sinagoga
dahil nagpagaling si Jesus sa Araw ng

---

*MGA PARUSA NG DIYOS*

Kung meron tayong kapitbahay na inaakala nating isang napakasamang tao at abut-abot ang kanyang mga "kamalasan" sa buhay, agad nating nasasabing pinarusahan siya ng Diyos. At kung tayo naman ang minamalas itinatanong natin: "Anong kasalanan ba ang nagawa ko para parusahan ng Panginoon?"

Kung madali para sa atin ang magsalita tungkol sa mga parusa ng Diyos, dahilan ito sa dalawang pagkakamali natin:

– una, akala nati'y kagaya ng katarungan ng tao ang katarungan ng Diyos at naniniwala tayong alam natin kung sino ang mga dapat niyang parusahan;

– ikalawa, lubos nating binabale-wala ang kabilang buhay at iniisip nating sa buhay na ito dapat parusahan (o gantimpalaan) ng Diyos ang mga tao.

Sa totoo'y nakatagpo na natin ang Ama sa kanyang Anak na si Jesus. Itinuturo sa atin ng paraan ng pagkilos ni Jesus na hindi gaya ng sa atin ang katarungan ng Diyos Ama. Ganap at lubos ang Ama: *pinasisikat niya ang araw sa masasama at mabubuti, at pinauulan sa mga matuwid at mga makasalanan* (Mt 5:45).

Totoo ngang binabalaan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda. Ngunit hindi laging pinagbabalik-loob ng Diyos ang mga makasalanan sa pagpapadala sa kanila ng mga kamalasan. Kung minsa'y isang di-inaasahang biyaya pa ang lumilito sa atin kayat napapahiya tayo at ating sinasabi: "Labis-labis pa rin ang pagkalinga sa akin ng Diyos sa kabila ng aking kagaguhan." Ganito ang nangyari kay Zakeo (Lc 19:1). Ganyan tayo binibigyan ng Diyos ng maraming babala para tingnan natin ang ating pamumuhay at malamang patungo tayo sa kapahamakan dahil sa iresponsabilidad at pagkamakasarili.

Sa totoo'y iisa lamang ang parusa ng Diyos, at ito'y ang maiwala siya magpakailanman.

Kaya bakit napakaraming nababanggit sa Matandang Tipan tungkol sa mga parusa ng Diyos? Sapagkat mga taong kulang pa sa katotohanan ng relihiyon ang kinakausap ng Biblia. Dahil hindi pa nila alam ang tungkol sa kabilang buhay, kailangang mangusap sa kanila tungkol sa mga parusa ng Diyos sa buhay na ito para maniwala sila sa katarungan ng Diyos. At siguradong pinarami rin ng Diyos ang mga tanda ng kanyang di-pagsang-ayon sa mga makasalanan para patatagin ang pag-asa ng mabubuti.

• 10. Ginagamit ng mga Judio ang salitang *kalagan* para sabihing pinatawad na ang sinuman sa kanyang kasalanan o parusa. Nangangahulugan din ito ng pagpapaalpas sa isang hayop sa pamatok nito. Si Jesus ang nagkakalag sa tao at nag-aanyaya sa ating sundan ang kanyang halimbawa.

Hindi tayo dapat magtaka sa galit ng pangulo ng sinagoga: kung hindi niya nagawang paginhawahin ang kapatid niyang may sakit, tiyak na naramdaman niyang nasapawan siya ng ginawa ni Jesus. Di ba't nagkakaganito rin tayo? Pero di kailanman naisip ni Jesus na humingi muna ng permiso sa mga nasa kapangyarihan para magligtas ng tao.

Pahinga kaya sinabi niya sa mga tao:
"May anim na araw para magtrabaho
kaya sa mga araw na iyon kayo pumarito
para mapagaling, hindi sa Araw ng Pa-
hinga!"
15 Sinagot siya ng Panginoon: "Mga
mapagkunwari, hindi ba kinakalagan ng
bawat isa sa inyo ang kanyang baka o
asno mula sa sabsaban nito sa Araw ng
Pahinga at inilalabas para painumin? 16 At
isang babae naman ang narito na anak ni
Abraham na labingwalong taon nang
iginapos ni Satanas. Di ba siya dapat
kalagan sa Araw ng Pahinga?"
17 Napahiya ang lahat niyang kalaban
pagkarinig sa kanya pero nagalak naman
ang mga tao sa lahat ng kahanga-
hangang ginagawa ni Jesus.

**Dalawang talinhaga**

*(Mt 13:31; Mc 4;30)*

• 18 Sinabi pa ni Jesus: "Ano ang katu-
lad ng kaharian ng Diyos? Sa ano ito
maikukumpara? 19 Tulad ito sa buto ng
mustasa na kinuha ng isang tao at iti-
nanim sa kanyang hardin: lumaki, naging
parang puno at *sumisilong sa kanyang
mga sanga ang mga ibon ng langit.*"
20 At sinabi niya uli: "Sa ano ko iku-
kumpara ang kaharian ng Diyos? 21 Ka-
tulad ito ng lebadura na kinuha ng isang
babae at ibinaon sa tatlong takal ng
harina hanggang umalsa ang buong
masa."

**Ang makipot na pintuan**

• 22 Dumaan si Jesus sa mga lunsod at
mga nayon, na nagangaral habang pa-
punta siya sa Jerusalem. 23 May nagtan-
ong sa kanya: "Panginoon, kakaunti nga
ba ang maliligtas?" At sinabi ni Jesus sa
mga tao: 24 "Magpumilit kayong pumasok
sa makipot na pintuan sapagkat sinasabi
ko sa inyo: marami ang gustong puma-
sok at di makapapasok. 25 Kapag tumin-
dig na ang may-ari ng bahay at naisara
na ang pinto, tatayo kayo sa labas na
kumakatok at magsasabing 'Panginoon,
buksan mo kami.' Sasagot naman siya sa
inyo: 'Hindi ko alam kung tagasaan
kayo.'
26 Kaya sasabihin ninyo: 'Kami ang ku-
main at uminom na kasalo mo, at sa
aming mga lansangan ka nangaral.'
27 Pero sasagutin niya kayo: 'Hindi ko
alam kung tagasaan kayo. *Lumayo sa
akin, kayong mga gumagawa ng ma-
sama.'* 28 Naroon ang iyakan at pag-nga-
ngalit ng mga ngipin pagkakita ninyo kina
Abraham, Isaac, Jacob at sa lahat ng pro-
peta sa kaharian ng Diyos, at ipagta-
tabuyan naman kayo sa labas. 29 At maki-
kisalo naman sa Kaharian ng Diyos ang
mga darating mula sa silangan, kanluran,
timog at hilaga. 30 Oo, may mga huli
ngayon na mauuna at may mga una na
mahuhuli."
31 Nang sandaling iyo'y dumating ang
ilang Pariseo at binalaan siya: "Umalis ka
rito at pumunta sa ibang lugar. Gusto
kang ipapatay ni Herodes." 32 Sinabi na-
man ni Jesus: "Puntahan ninyo ang mu-
sang na 'yon at sabihin sa kanya: 'Ngayon
at bukas ay nagpapalayas ako ng mga
demonyo at nagpapagaling at nasa ikat-
long araw ang katapusan ko.' 33 Subalit
dapat akong maglakad ngayon, bukas at
sa susunod na araw sapagkat hindi bagay
na mamatay sa labas ng Jerusalem ang
isang propeta.

---

• 18. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 13:31.
Sa pagtatapos ng kanyang ministeryo sa Galilea, nananawagan si Jesus sa pagkakaroon ng optimismo: kahit di gaano ang naging mga resulta, may naipunla na at tumutubo na ang Kaharian ng Diyos.

• 22. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 7:13.
*Kakaunti nga ba ang maliligtas?* Walang kuwentang tanong ito para kay Jesus. Ang dapat itinanong ay kung nakinig ang Israel sa tawag ng Diyos at kung tinatahak nito ang makitid na daang magliligtas dito.

*Ang mga darating mula sa silangan, kanluran, timog at hilaga* (b. 29). Sasampalataya sila mula sa lahat ng lupain at papasok sa Iglesya, samantalang karamihan naman sa mga Judio ang nananatili sa labas nito.

**Kawawa ka, Jerusalem**

• 34 Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay
mo ang mga propeta at binabato ang
mga sinugo sa iyo. Gaano kadalas kong
ginustong tipunin ang iyong mga anak
gaya ng pagyupyop ng inahin sa kan-
yang mga sisiw pero tumanggi ka nga.
35 Haya't, iniiwanan ang inyong bahay.
Sinasabi ko nga sa inyo na hindi na nin-
yo ako makikita hanggang di sumasapit
ang panahon na sabihin ninyo: *Mapalad
ang dumarating sa ngalan ng Pangi-
noon.*"

**14** 1 Isang Araw ng Pahinga, puma-
sok si Jesus sa bahay ng isang
pinuno ng mga Pariseo para kumain, at
minamanmanan naman nila siya. 2 Nasa
harap niya roon ang isang taong mina-
manas 3 kaya nagtanong si Jesus sa mga
guro ng Batas at mga Pariseo: "Puwede
bang magpagaling sa Araw ng Pahinga o
hindi?" 4 Hindi sila umimik kaya hina-
wakan ni Jesus ang maysakit, pinagaling
ito at saka pinauwi.
5 Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila:
"Kung mahulog sa balon ang anak o ang
baka ng isa sa inyo, di ba't agad niya itong
iniaahon kahit na Araw ng Pahinga?" 6 At
hindi nila siya nasagot.

**Ang mga unang puwesto**

• 7 May talinhaga siyang sinabi nang
mapuna niyang pinipili ng mga inimbita
ang mga unang puwesto: 8 "Kung anya-
yahan ka sa isang kasalan, huwag kang
lumagay sa unang puwesto. Baka may
kinumbidang mas importante kaysa iyo,
9 at darating ang kumumbida sa inyong
dalawa para sabihing 'Ibigay mo sa kanya
ang puwestong ito.' Kaya mapapahiya
ka't pupunta sa huling puwesto.
10 Sa halip, kung anyayahan ka, sa hu-
ling puwesto ka pumunta sapagkat pag
dating ng kumumbida sa iyo, sasabihin
niya sa iyo: 'Kaibigan, lumapit ka pa.'
Kaya mapararangalan ka sa harap ng
lahat ng inanyayahan. 11 Sapagkat iba-
baba ang lahat ng nagpapakataas at ita-
taas ang nagpapakababa."

• 12 Sinabi naman ni Jesus sa nag-an-

---

• 34. Tingnan ang paliwanag sa Mateo 23:37.

Dumating si Jesus hindi para "magligtas ng mga kaluluwa" gaya ng paniwala ng marami ngayon. Sa halip ay nagbukas siya ng mga bagong daan para sa pamayanan ng mga bansa at para sa mga tao. Kung nakinig lamang ang mga Judio, hindi sana lumubha ang mga hidwaang panlipunan at pampulitika na humantong sa pag-aalsa noong taong 66 A.D. at sa pagkawasak ng Jerusalem noong 70 A.D.

• **14.7**. Pinalalawak dito ni Jesus ang isang kasabihan sa Biblia na nag-aanyaya sa ating maging simple sa mga pagtitipong panlipunan (Kas 25:6-7). Sa paggamit niya nito, itinuturo niya sa atin ang bagong paraan ng pamumuhay at pagsasamahang nababagay sa mga anak ng Diyos. Sa anumang larangan ng gawain ng tao, pabayaan na lamang natin ang iba na sila ang maghanap sa unang puwesto habang tinatapakan nila ang kapwa. Alam naman natin na hindi ang nakikita ang mahalaga. Tinawag tayo ng Diyos na magtrabaho para sa pamayanan at para sa kanya. Alam niya kung paano itataas ang mga mababang-loob at ilagay sila sa gusto niyang paglagyan sa kanila.

At saka pagpunta natin sa Kaharian ng langit mula sa Iglesya dito sa lupa, magkakaroon ng mga pagkakaiba sa mga nasa unang puwesto; at hindi nangangahulugan na mas mauuna tayo sa ating mga kasamahang hindi nagsisimba o sa mga nakagawian na nating tuligsain. Baka maging mas mababa pa kaysa isang matandang tindera ng diyaryo ang isang naging papa, obispo o kilalang "Katoliko".

• 12. Hangad nating lahat na mapalapit sa mga mas mataas kaysa atin dahil iniisip nating mas may mapapala tayo kung konektado sa mga nakatataas sa atin kaysa mga mas mababa sa atin. Itinuturing pa nga nating simula ng magandang edukasyon ang turuan ang mga batang lumayo sa mga kasamahan nilang may "masasamang ugali" (sabihin na natin ang totoo – 'yong mga hindi naman makatutulong sa kanilang magkaroon ng magandang lugar sa lipunan).

Isa sa mga pangunahing sanhi ng kawalang-katarungan ang itinuturo ng babala ni Jesus. May bahagi tayong lahat sa kasalanan sa pagdidisisyon natin kung kanino mas kapaki-pakinabang na makisama. Kaya naman nagsisikap ang lahat na makaakyat sa mas mataas at lagi na lamang naiiwan ang mahihina na nag-iisa at walang kalaban-laban.

Tiyak na magtataka tayo kung makita nating mas binibigyan pa ng atensyon ng mga opisyal ng gobyerno ang mga nakadamit nang simple, o makita kayang unang nabigyan ng tubig at kuryente ang pinaka-

yaya sa kanya: "Kung maghahanda ka ng
tanghalian o hapunan, huwag mga kaibi-
gan mo o mga kapatid mo o mga kamag-
anak o mayayamang kapitbahay ang
iyong kumbidahin, baka kumbidahin ka
rin nila at susuklian ka. 13 Kung magha-
handa ka, mga dukha, mga bale-wala,
mga pilay at mga bulag ang kumbidahin
mo. 14 At magiging mapalad ka dahil hindi
ka nila masusuklian ngunit sa pag-
kabuhay ng mga mabuti ka susuklian."

**Minsa'y may naghanda**

*(Mt 22:1)*

• 15 Nang marinig ito ng isa sa mga
kasalo, sinabi niya kay Jesus: "Mapalad
ang makakasalo sa bangkete ng kaha-
rian ng Diyos!"
16 Sumagot si Jesus: "May isang taong
naghanda ng isang malaking bangkete at
marami siyang kinumbida. 17 Sa oras ng
handaan, pinapunta niya ang kanyang
katulong para sabihin sa mga imbitado:
'Tayo na't handa na ang lahat.' 18 Ngunit
parang sabay-sabay namang nagdahilan
ang lahat. Sinabi ng una: 'Bumili ako ng
bukid at kailangan kong pumunta para
tingnan iyon. Pasensya ka na.' 19 Sinabi
naman ng isa: 'Bumili ako ng limang
pares na bakang pang-araro at pasu-
subukan ko ang mga ito. Pasensya ka na'
20 Sinabi ng isa pa: 'Bagong kasal ako
kaya hindi ako makakapunta.'
21 Pagbalik ng katulong, ibinalita niya
ang lahat ng ito sa kanyang panginoon.
Galit na galit ang maysambahayan at
sinabi sa kanyang katulong: 'Pumunta ka
agad sa mga liwasan at mga lansangan ng
lunsod, at papasukin mo rito ang mga
dukha, mga bale-wala, mga bulag at mga
pilay.'
22 At pagkatapos ay sinabi ng katulong:
'Nagawa na ang ipinag-utos mo at may
lugar pa rin.' 23 Sumagot sa kanya ang
panginoon: 'Lumabas ka sa mga daan at
mga bakuran at pilitin mong pumasok ang
mga tao para mapuno ang bahay ko.
24 Sapagkat sinasabi ko sa inyo: walang
sinuman sa mga ginoong iyon na kinum-
bida ko ang makatitikim ng aking handa'."

**Ang katumbas ng pagsunod kay Jesus**

*(Mt 10:37)*

• 25 Habang naglalakad ang napakara-

---

pobreng mga baryo kaysa lugar ng mga maykaya, o makitang pumupunta sa mga baryo ang mga doktor para doon manggamot.

*ANG PAGDADAHILAN*

• 15. Madalas mabanggit sa Matandang Tipan ang bangketeng ihahanda ng Diyos para sa mabubuting tao, sa kanyang mga lingkod, sa pagdating niya para itatag ang kanyang Kaharian. Malimit din namang tinatalakay ni Jesus ang temang ito dahil ang bangkete ang kumakatawan sa pagkakabuklod ng mga banal. Malaki ang pagkakahawig ng talinhagang ito sa isinasalaysay sa atin ni Mateo sa 22:1.

Mapalad ang makakasalo sa bangkete ng Kaharian ng Diyos, sabi ng kausap ni Jesus. Hindi siguro nito naisip na para makibahagi sa piyestang walang hanggan, kailangang sumagot muna sa tawag ng Diyos na nag-aanyaya sa ating magkabuklod sa Iglesyang kanyang pamayanan at itayo ang isang mas mapagmahal na daigdig.

Hindi makakasalo ng iba sa Kaharian ng Diyos ang lumalayo ngayon sa kanyang mga kapatid.

Ibinibigay sa atin ang mga dahilan kung bakit hindi pinagbigyan ng mga imbitado ang tawag sa Panginoon nang tawagin niya silang magtayong kasama niya ng isang mas nagkakabuklod na daigdig. Bumili ako ng bukid... bagong kasal ako... Magagandang dahilan ang lahat ng ito. Subalit hindi dapat maging salungat ang mga pangangailangang pampananalapi ng pamilya sa pampamayanang pagkilos ni hadlangan ang pakikilahok natin sa pamayanang Kristiyano. Kadalasa'y ang mga may mataas na pinag-aralan pa ang nagiging paralisado at ayaw kumilos dahil sa mga hinihingi ng isang "masayang tahanan" na may edukadong mga anak. Sa pakikilahok lamang ng mabuting Kristiyano sa buhay ng Iglesya, naaabot niya ang mas malawak na kultura at pakikipag-ugnayan sa lahat ng klase ng tao. Mabuti ang lahat ng ito. Ngunit kung hindi natin didisiplinahin ang ating sarili, mawawalan tayo ng interes sa Kaharian ng Diyos.

*Papasukin ang mga dukha*... pilitin pumasok ang mga tao sa aking Iglesya, obligahin din silang gampanan sa lipunan ang papel na angkop sa kanila. Ang mga dukha at mga latak ng lipunan ang inaasahan ng Diyos para panatiliin sa daigdig ang mga paghahangad ng kapayapaa't katarungan, para gisingin ang konsiyensya ng "mabubuting" iyon na napakakomportable naman.

• 25. Iniisip ni Jesus ang mga tao na matapos

ming tao na kasama ni Jesus, humarap
siya sa kanila at sinabi: 26 "Kung may
dumating sa akin na di nagtatakwil sa
pag-ibig sa kanyang ama at ina, at asawa
at mga anak, at mga kapatid na lalaki at
babae, at maging sa kanyang sarili, hindi
siya puwedeng maging alagad ko. 27 At
hindi puwedeng maging alagad ko ang di
nagpapasan ng kanyang krus sa pagsu-
nod sa akin.

28 At paano kung may magbalak mag-
tayo ng silungan ng bantay sa bukid? Di
ba't uupo muna siya at tatantyahin ang
gastos para malaman kung may sapat
siya para maipatapos iyon? 29 Sapagkat
kung mailagay niya ang pundasyon at
hindi naman niya iyon maipatapos, pag-
tatawanan lamang siya ng lahat: 30 'Hayan
ang nagsimulang magtayo at hindi na
maipatapos.'

31 At paano kung may haring maki-
kipagharap sa ibang hari? Di ba't uupo
muna siya para mag-isip kung kaya niya
at ng sampung libong kasama niya na
harapin ang dumarating na may dala-
wampung libo? 32 At kung hindi naman,
malayo pa ang isa ay magpapadala na
siya ng mga sugo para makipag-areglo.
33 Gayon din sa inyo. Hindi puwedeng
maging alagad ko ang di tumatalikod sa
lahat ng kanya.

34 Mabuti nga ang asin pero kung ma-
walan ito ng lasa, paano ito paaalatin?
35 Wala na itong silbi sa lupa o sa tambakan
man ng dumi kaya itinatapon na lamang
ito sa labas. Makinig ang may tainga."

**Ang nawawalang tupa**

*(Mt 18:12)*

**15** 1 Lumapit kay Jesus ang lahat ng
kolektor ng buwis at mga makasa-
lanan para makinig. 2 Kaya nagbulung-
bulungan ang mga Pariseo at mga guro ng
Batas: "Tinatanggap niyan ang mga
makasalanan at nakikisalo sa kanila."
3 Kaya sinabi ni Jesus ang talinhagang ito
sa kanila:

• 4 "Kung may sandaang tupa ang isa
sa inyo at mawala ang isa sa mga ito,
hindi ba niya iiwan ang siyamnapu't
siyam sa ilang para hanapin ang na-

---

• 25. Iniisip ni Jesus ang mga tao na matapos maging masigasig para sa kanya at iwan ang kanilang mga personal na ambisyon para italaga ang sarili sa gawa ng Ebanghelyo'y bumalik naman sa paghahanap ng mas "normal" na buhay at mas may seguridad ayon sa tingin ng karaniwang tao. Kailangan ni Jesus ang mga alagad na pinaninindigan ang kanilang komitment at naniniwala siyang talagang kayang itaya ng tao ang buhay para sa kanya.

Itinuturo sa atin ng dalawang kasunod na talinhaga na isang seryosong bagay ang maging alagad ni Kristo: mas mabuti pang huwag na tayong magsimula kung hindi naman tayo nahahandang magpatuloy hanggang sa wakas.

Itinuturo sa atin ng dalawang kasunod na talinhaga na isang seryosong bagay ang maging alagad ni Kristo: mas mabuti pang huwag na tayong magsimula kung hindi naman tayo nahahandang magpatuloy hanggang sa wakas.

Bakit ang ganitong paghahambing *sa haring makikipagharap sa digmaan?* Sapagkat sa totoo'y isang hari ang nagpapalaya sa sarili para maglingkod sa gawa ng Ebanghelyo, at bibigyan siya ng Diyos ng lubos na kasiyahan na di kayang ibigay sa kanya ninuman (tingnan Mc 10:30). Pero dapat din niyang malaman na laban sa "may-ari ng mundong ito" ang labanan, laban sa demonyong magpapahinto sa kanya sa pamamagitan ng napakaraming pagsubok na di-inaasahan. Kung hindi niya ganap na ipinaubaya ang sarili, tiyak na babagsak ang alagad at magiging mas masahol pa siya kaysa kung hindi siya nagsimula.

*Hangga't di tumatalikod sa lahat.* Hinihingi ni Jesus sa ilan na iwan ang kanilang mga mahal sa buhay at ang kanilang mga problema sa pamilya. Ipinakikita niya sa lahat na hindi sila kailanman magiging malaya sa pagsagot sa mga tawag ng Diyos kung ayaw nilang lubos na magbago ng pananaw tungkol sa relasyon ng pamilya, sa paggamit ng kanilang panahon at sa pamumuhay nila sa piling ng kanilang mga kasamahan.

*Ang di nagtatakwil sa pag-ibig sa kanyang ama o mga anak.* Nasa Mt 10:37 ito. Idinadagdag naman ni Lucas: at sa kanyang asawa.

*TUPANG ITIM*

• **15.**4 Bakit nagrereklamo ang mga Pariseo? Hindi dahil sa pagmamahal sa relihiyon kundi dahil sa naramdaman nilang nababale-wala sila: kung nakikisama si Jesus sa mga makasalanan at tinatrato ang mga itong kapantay nila, ano'ng napala nila sa mga

wawala hanggang matagpuan niya ito?
5 At pag natagpuan ito'y masaya niya
itong pinapasan sa balikat, 6 at pagdating
sa bahay ay tatawagin niya ang mga
kaibigan at mga kapitbahay at sasabihin
sa kanila: 'Matuwa kayong kasama ko
sapagkat natagpuan ko na ang nawawala
kong tupa.' 7 Sinasabi ko sa inyo: mag-
kakaroon din ng higit na kagalakan sa
langit para sa isang makasalanang nag-
sisisi kaysa siyamnapu't siyam na ma-
tuwid na di nangangailangan ng pag-
sisisi.
8 Kung may sampung baryang pilak
ang isang babae at nawala ang isa sa mga
ito, hindi ba siya magsisindi ng ilaw, mag-
wawalis sa bahay at hahanaping mabuti
hanggang matagpuan ito? 9 At pagkakita
rito'y tatawagin ang mga kaibigang babae
at mga kapitbahay: 'Matuwa kayong ka-
sama ko sapagkat natagpuan ko ang
nawawala kong baryang pilak.' Sinasabi
ko sa inyo na ganito rin sa mga anghel ng
Diyos, magkakaroon ng kagalakan para
sa isang makasalanang nagsisisi."

**Ang waldas na anak**

• 11 Sinabi pa rin ni Jesus: "May isang
taong may dalawang anak na lalaki.
12 Sinabi ng bunso sa kanyang ama: 'Itay,
ibigay na ninyo sa akin ang parte ko sa
mana.' At hinati sa kanila ng ama ang ari-
arian.
13 Pagkaraan ng ilang araw, tinipon ng
bunsong anak ang lahat ng kanya at nag-
lakbay sa malayong lupain. Doon niya

---

pagsunod nila sa mga kautusan? Ngunit dumating si Jesus hindi para magbigay ng mga premyo kundi para magligtas. Sinisikap iligtas ng taong nagmamahal ang kanyang kapwa sa halip na ibagsak ito at husgahan.

Mapalad ang tupang hinanap ni Kristo na iniwan ang iba pang siyamnapu't siyam. At kawawa ang mga matuwid na hindi nangangailangan ng kapatawaran ng Diyos!

Sa malalaking siyudad ngayon, parang iisang tupa na lamang ang natitira sa Iglesya. Kaya bakit hindi ito lumalabas, na ibig sabihi'y iwan ang kanyang mga kita, mga pribilehiyo o mga debosyong medyo parang negosyo, para hanapin ang siyamnapu't siyam na nawawala? Ang iwan ang kawili-wiling grupo ng mga sumasampalataya na walang problema, ang tumingin sa ibayo ng mga binagong seremonya natin, at maging handang pulaan gaya ni Jesus.

*Matuwa kayong kasama ko* sa halip na pulaan ang mga bumabalik.

Sino ang *nagsisindi ng ilawan,* ang nagwawalis ng bahay at naghahanap kundi ang Diyos mismo? Pero bilang pagrespeto sa Diyos, hindi binabanggit ng mga Judio ng panahon ni Jesus ang pangalan ng Diyos at ang mga salitang tulad ng *mga anghel o langit* ang ginagamit nila.

*ANG KASALANANG ORIHINAL*
*ANG WALDAS NA AMA*

• 11. May tatlong tauhan sa talinhagang ito: ang *Amang* kumakatawan sa Diyos, ang *panganay na anak* para sa Pariseo. Pero sino naman ang bunsong anak: ang Makasalanan o ang *Tao*?

Hangad ng tao ang kalayaan at madalas ay iniisip niyang inaagaw ito sa kanya ng Diyos. Nagsisimula siya sa paglayo sa kanyang amang hindi niya naiintindihan ang pagmamahal at nagiging pabigat sa kanya ang presensya. Matapos niyang lustayin ang manang iyon na di niya pinahalagahan, sinira niya ang kanyang dangal at nagpaalila sa ibang tao at nakahihiyang gawain (di-malinis na hayop para sa mga Judio ang baboy).

Pero nagbalik ang anak. Pagkamulat niya sa kanyang pagkaalipin, nakumbinsi siyang may inilalaang mas magandang kapalaran ang Diyos para sa kanya, kayat tinatahak niya ang daan pauwi. Sa kanyang paguwi, nadiskubre niyang ibang-iba pala ang Ama sa ipinapalagay niya tungkol dito: naghihintay ang ama at siya pang tumatakbo para salubungin siya. Nabawi niya ang kanyang dangal at binubura ang alaala ng nawala niyang mana. At ipinagdiwang ang *bangkete* na maraming beses nang binabanggit ni Jesus.

Naiintindihan natin sa wakas na Ama ang Diyos. Hindi niya tayo inilagay sa lupa para mangolekta ng mga kagalingan at mga premyo kundi para madiskubreng mga anak niya tayo. Ngunit ang totoo'y ipinanganak tayong makasalanan. Mula pa sa simula ng ating buhay, napatatangay na tayo sa ating mga pagnanasa at sa masasamang halimbawa ng kapaligirang ating kinalakhan. At saka hangga't hindi ang Diyos ang mangunguna sa pagpapakilala ng sarili sa atin, maiisip lamang natin ang kalayaan bilang pagsasariling hiwalay sa kanya.

Hindi nabibigla ang Diyos sa ating mga kasamaan dahil nang likhain niya tayong malaya, tinanggap din niya ang panganib na maaari tayong mabuwal. Hindi niya ginagawang kanya ang pagbubukud-bukod natin sa mga matuwid at mga makasalanan, kasama ang paniwalang nararapat gantimpalaan ang ilan at parusahan naman ang iba. Taliwas dito'y sinasamahan tayo ng Diyos sa lahat ng ating karanasan tungkol sa mabuti at masama hanggang puwede na niya tayong tawaging mga anak, salamat sa kanyang bugtong na Anak na si Jesus. Pansinin ang kahanga-hangang pangungusap na ito: *Nagkasala ako laban sa langit at*

winaldas ang sa kanya sa maluwag na
pamumuhay. 14 Nang maubos na ang
lahat sa kanya, nagkaroon ng matinding
taggutom sa lupaing 'yon at nagsimula
siyang maghikahos. 15 Kaya pumunta siya
at namasukan sa isang tagaroon, at inu-
tusan siyang mag-alaga ng mga baboy sa
bukid nito. 16 At gusto sana niyang punuin
kahit na ng kaning-baboy ang kanyang
tiyan pero wala namang magbigay sa
kanya.

17 Noon siya natauhan at nag-isip:
'Gaano karaming arawan sa bahay ng
aking ama na labis-labis ang pagkain at
namamatay naman ako dito sa gutom.
18 Titindig ako, pupunta sa aking ama, at
sasabihin ko sa kanya: 'Itay, nagkasala
ako laban sa langit at sa harap mo.
19 Hindi na ako karapat-dapat pang tawa-
ging anak mo; ituring mo na akong isa sa
iyong mga arawan.'

20 Kaya tumindig siya papunta sa
kanyang ama. Malayo pa siya nang ma-
tanaw ng kanyang ama at naawa ito,
patakbo nitong sinalubong ang anak,
niyakap at hinalikan. 21 Sinabi sa kanya
ng anak: 'Ama, nagkasala ako laban sa
langit at sa harap mo; hindi na ako kara-
pat-dapat pang tawaging anak mo.'

22 Pero sinabi ng ama sa kanyang mga
utusan: 'Madali, dalhin ninyo ang dati
niyang damit at ibihis sa kanya; suutan
ninyo ng sinsing ang kanyang daliri at ng
sapatos ang kanyang mga paa. 23 Dalhin
at katayin ang pinatabang guya, kumain
tayo at magsaya 24 sapagkat namatay na
ang anak kong ito at nabuhay, nawala at
natagpuan.' At nagsimula silang mag-
diwang.

25 Nasa bukid noon ang panganay na
anak. Nang pauwi na siya at malapit na sa
bahay, narinig niya ang tugtugan at
sayawan. 26 Tinawag niya ang isa sa mga
utusan at tinanong kung ano ang nang-
yari. 27 Sinabi nito sa kanya: 'Nagbalik ang
kapatid mo kaya ipinapatay ng iyong ama
ang pinatabang guya dahil nabawi niya
siyang buhay at di naano.'

28 Nagalit ang panganay at ayaw purna-
sok kaya lumabas ang ama at nakiusap
sa kanya. 29 Sumagot naman siya sa ama:
'Maraming taon na akong nagsisilbi sa
inyo at kailanma'y di ko nilabag ang in-
yong mga utos pero kailanma'y di ninyo
ako binigyan ng kahit na isang kambing
na mapagpipiyestahan namin ng aking
mga kabarkada. 30 Ngunit dumating la-
mang ang anak ninyong ito na lumustay
sa inyong kayamanan sa mga babaeng
bayaran, at ipinakatay pa ninyo ang pina-
tabang guya.'

31 Sinabi sa kanya ng ama: 'Anak, lagi
kitang kasama at sa iyo rin ang lahat ng
akin. 32 Pero dapat lamang na magdiwang
at magsaya dahil namatay na ang kapatid
mo at nabuhay, nawala at natagpuan'."

**Ang tusong katiwala**

16 • 1 Sinabi rin ni Jesus sa kanyang
mga alagad: "May katiwala ang

---

*sa harap mo.* Sa ating pagkakasala, ang Diyos na siyang Katotohanan at Kabanalan ang ating nilalabag. Pero siya rin ang Amang nagmamalasakit sa anak. Nagkakasala ang anak *sa harap* niyang nagpapalabas ng kabanalan mula sa pagkakamali.

Ganito ang ating Diyos at Ama na nagpapalabas ng mabuti mula sa masama, na lumilikha sa atin araw-araw nang hindi natin ito namamalayan habang patuloy tayo sa ating mga daan, na siyang naghahanap ng mga makasalanang puwede niyang punuin ng kanyang mga yaman.

Pero walang anumang naintindihan sa lahat ng ito ang panganay na anak, ang taong tumutupad nang may pusong sara. Nagsisilbi siya sa pag-asang gagantimpalaan o kaya'y kikilalanin man lamang siyang higit sa iba. Kayat hindi niya matanggap ang mga makasalanan o makibahagi kaya sa piyesta ni Kristo sapagkat sa totoo'y hindi siya marunong magmahal.

*PERA AT MGA KAIBIGAN*

• **16.1** Hindi interesado si Jesus sa paghuhusga sa mga maling gawa ng mayordomo kundi ang katalinuhan nito para tiyakin ang kinabukasan ang kanyang binibigyang-diin. Nadiskubre ng taong ito sa paglipas ng panahon na mas nagtatagal ang mga kaibigan kaysa pera. Gayundin naman, sa pagtataguyod ng isang bagong pamumuhay, kailangang alisin

isang mayaman, at isinumbong sa kanya na nilulustay ng katiwala ang kanyang kayamanan. 2 Ipinatawag niya ito at sinabi sa kanya: 'Ano itong naririnig ko tungkol sa iyo? Magsulit ka sa akin ng iyong pangangasiwa dahil hindi ka na makapangangasiwa.'

3 At inisip ng katiwala: 'Tatanggalin ako ngayon sa pangangasiwa ng aking panginoon. Ano ang gagawin ko? Kulang ako ng lakas para magbungkal ng lupa, nahihiya naman akong magpalimos. 4 Ah, alam ko na ang gagawin ko. At pagkatanggal sa akin sa pangangasiwa, may mga magpapatuloy sa akin sa kanilang mga bahay.'

5 Kaya tinawag niyang isa-isa ang mga may-utang sa kanyang panginoon. Tinanong niya ang una: "Magkano ang utang mo sa aking panginoon?' 6 Sumagot ito: 'Sandaang galon ng langis.' Sinabi ng katiwala: 'Narito ang resibo mo; maupo ka agad at isulat mo: Limampu.' 7 Tinanong naman niya ang ikalawa: 'At ikaw, magkano ang utang mo?' Sumagot siya: 'Sanlibong takal ng trigo.' Sinabi ng katiwala: 'Narito ang iyong resibo at isulat mo: Walundaan."

8 Hinangaan ng panginoon ang matalinong paggawa ng di-matuwid na katiwala. Mas matalino nga ang mga taong makamundo sa pakikitungo sa mga gaya nila kaysa mga tao ng liwanag. 9 Kaya sinasabi ko sa inyo: gamitin ninyo ang di-matuwid na Perang-diyos para magkaroon ng mga kaibigan para sa pagkaubos nito'y tanggapin naman nila kayo sa walang hanggang mga tahanan.

10 Ang mapagkakatiwalaan sa maliliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malalaki, at ang di mapagkakatiwalaan sa maliliit ay di rin mapagkakatiwalaan sa malalaki. 11 Kung hindi kayo mapagkatiwalaan sa di-matuwid na pera, sino ang magtitiwala sa inyo ng tunay na kayamanan? 12 Kung hindi kayo mapagkatiwalaan sa mga bagay ng iba, sino pa ang magbibigay sa inyo ng atin na mismo?

• 13 Walang katulong na makapagsisilbi sa dalawang amo; siguradong kamumuhian niya ang isa at mamahalin naman ang isa pa, o magiging matapat sa isa at mapababayaan ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera."

14 Naririnig ng mga Pariseo ang lahat ng ito. Sakim sila kaya pinagtatawanan nila siya. 15 At sinabi ni Jesus sa kanila: "Ginagawa ninyo ang lahat para magmukhang mabuti sa paningin ng mga tao ngunit alam ng Diyos ang inyong mga puso. At kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos ang mataas sa mga tao.

---

ng mga anak ng liwanag ang kinang ng salapi bilang Pinakamabuti sa lahat. Sapagkat para bang ang pagtatago ng pera sa isang ligtas na lugar ang pinakamagandang paraan para masiguro ang ating buhay at kinabukasan. Ngunit sinasabi sa atin ni Jesus na gamitin natin ang pera at ipagpalit ito nang walang alinlangan sa mga bagay na mas mahalaga: halimbawa'y ang magandang pagsasamahan.

Hindi tayo ang mga may-ari kundi mga mayordomo lamang ng ating kayamanan na dapat nating pamahalaan para sa kapakanan ng lahat. Hindi masama ang pera hangga't ginagamit natin ito bilang paraan ng pagpapalitan. Subalit tinatawag itong *di-matuwid* ni Jesus (ginagamit natin dito ang salitang marumi) sapagkat hindi pera ang tunay na kabutihang nagpapaging matuwid sa atin sa harap ng Diyos. At dahil imposibleng mag-ipon ng pera nang hindi nababawasan ang tiwala sa Ama at nakakasakit ng kapwa.

Ang pera ay bagay na nakakamit at naiwawala rin ng tao. Hindi siya nito ginagawang mas mabuti o higit kaninuman. Kaya hindi ito bahagi *ng atin na mismo* (12).

*ANG MAYAYAMAN*

• 13. *Pinagtatawanan siya ng mga Pariseo.* Sa mga ebanghelista, higit na pinapansin ni Lucas ang di pagkakatugma ng tunay na relihiyon at *pagmamahal sa pera.* Mapangangatwiranan ng mga Pariseo ang kanilang pagmamahal sa pera sa pagbanggit ng ilang salitang galing sa Biblia. Noong unang panahon itinuring ng mga Judio na biyaya ng Diyos ang kayamanan. Dahil wala silang alam sa kabilang buhay, itinuring nilang makatarungan lamang na gantimpalaan ng Diyos ng kalusugan at pera ang mga tapat sa kanya. Ito ang dahilan kaya iniingatan nila

• 16 Hanggang kay Juan ang panahon
ng Batas at Mga Propeta; mula noo'y
ipinangangaral na ang kaharian ng Diyos,
at pinag-aagawan ito ng bawat isa.

17 Madali pang lumipas ang langit at
lupa kaysa isa mang kudlit ng Batas.

18 Nakikiapid ang sinumang nagpapa-
alis sa kanyang maybahay at nag-aasawa
ng iba; at nakikiapid din ang nag-aasawa
sa babaeng pinaalis ng asawa nito.

**Ang mayaman at si Lazaro**

• 19 May isang mayaman na nakabihis
ng magarang damit at pinong linen at
parang piyesta ang kanyang buhay sa
araw-araw. 20 Nakahandusay naman sa
may pintuan niya ang isang dukhang nag-
ngangalang Lazaro. Tadtad siya ng mga
sugat 21 at gusto sana niyang kainin ang
mumong nahuhulog sa hapag ng ma-
yaman; sa halip ay mga aso ang lumalapit

---

ang pambihirang alaala ni Haring Solomon kahit na nagwakas ang buhay nito sa pagpapakita ng kawalang-pagsasaalang-alang sa relihiyon. Ngunit sa paglipas ng panahon, nakita nilang isang panganib pala ang pera at kadalasa'y pribilehiyo ito ng mga walang pananampalataya at mga walanghiya (Slm 49, Job).

At sa sandaling magkapera ang tao, agad siyang naniniwala na nasa kanya na ang katotohanan. Kaya pakiramdam ng mga Pariseo e may karapatan silang humusga at magpasya sa mga bagay ng Diyos. Pagkatapos naman ng mga ito'y lagi nang may mga Kristiyanong kabilang sa mga grupong may malaking impluwensya, nagpaplanong palawakin ang Kaharian ng Diyos sa pagkakamal ng salapi at pagmomonopolya sa kapangyarihan. Pumapayag ang mga ito sa isang kaayusang pangmoralidad na nagkukubli ng kanilang mga pribilehiyo pero sinasakal naman nila ang mga pagpapahalaga ng Ebanghelyo sa katarungan, kababaang-loob at karukhaan. Nagagawa nilang hawakan sa leeg ang Iglesya pero sa katagala'y inihahatid nila sa kanilang sarili at sa Iglesya mismo ang pagtatakwil ng mga dukha at mga taong tapat.

Bakit sa loob ng Iglesya'y napakaraming Kristiyanong may hamak na pinagmulan ang naaalangan sa harap ng mga mayayaman? Nasanay na silang makitang mga mayayaman ang namumuno sa mga organisasyong pansimbahan. At nasanay na rin silang tanggapin ang salita ng Diyos mula sa kanila, sa kabila ng mga babala ni Jesus.

*ANG BATAS*

• 16. Narito ang tatlong kasabihan ni Jesus na walang pagkakaugnay sa isa't isa kundi ang parehong pagtukoy ng mga ito sa *Batas*. Ang mga batas na ibinigay ng Diyos sa mga Judio sa panahon ng Matandang Tipan ang tinutukoy ng Batas. Kayat ang *Batas at Mga Propeta* ay isang paraan ng pagtukoy sa Biblia. Ginagamit dito ni Jesus ang salitang ito para tukuyin ang panahon ng Matandang Tipan, o lahat ng naghanda para sa kanyang pagdating.

*Wala isa mang kudlit ng Batas ang mapapawi.* Sinasabi nito na may kanyang dahilan ang lahat ng napapaloob dito, kahit na sinasabi ni Jesus na kasama niyang dumating ang pinakasusi at takdang panahon. Kinailangan ito para ihanda ang kanyang pagdating pero hindi na magiging gaya ng dati ang pagtupad dito (tingnan Mt 5:17-20).

Para sa mga Judiong tumutupad sa *Batas* lalo na para sa mga sumunod kay Juan Bautista, isa pang hakbang ang kailangan para maniwala sila kay Jesus at sa gayo'y *masakop ang Kaharian ng Diyos* (Lc 7:24). Sa kabila ng mga panlabas na anyo, mas madali pa ring sundin ang mga gawaing panrelihiyon at tuparin ang mga batas at mag-ayuno kaysa maniwala at magtaya ng sarili para sa hindi alam, sa pagsunod kay Jesus na ipinako.

*ANG IMPIYERNO*

• 19. Tinatalakay ng talinhagang ito ang pagkakahati ng daigdig sa mayaman at dukha. May nakamamatay na batas ng pera na nagtutulak sa mayaman na mabuhay nang hiwalay sa kapwa: pagbabahay, transportasyon, dibersyon, pagpapagamot. Ang pader na itinayo ng mayaman sa buhay na ito ang magiging bangin pagkamatay niya at walang sinumang makapagliligtas sa kanya.

*Isang pulubing nagngangalang Lazaro.* Pinangangalanan ni Jesus ang pobre, pero hindi ang mayaman. Kayat binabaligtad niya ang kaayusan ng kasalukuyang lipunan kung saan itinuturing na tao at may pangalan ang mayaman pero hindi ang karaniwang manggagawa. Makikita rin natin na pagkamatay ni Lazaro, nagkaroon siya ng maraming kaibigan: ang mga anghel at si Abraham na ama ng mga sumasampalataya. Ngunit wala namang kaibigan ang mayaman, ni abogado para areglughin ang kanyang kalagayan – pag-iisa at pangungulila ang impiyerno.

May ilang gustong malaman kung ano nga ba ang kasalanan ng mayama't pinarusahan siya sa impiyerno. Dahil ba ipinagkait niya kay Lazaro kahit ang mga mumong nalalaglag sa kanyang mesa? Pero hindi ganito ang sinasabi ng Ebanghelyo. Ang tanging sinasabi nito'y hindi nakita ng mayaman na nakahandusay si Lazaro sa may pintuan niya. *Alalahanin mong tinanggap mo na sa buhay mo ang mabuti sa iyo.*

Sa maraming bansa, hindi lamang inagaw ng iilang may maraming pribilehiyo ang hapag sa lahat ng may karapatang dumulog: ang kapangyarihan, ang mga batas at ang kultura, kundi inorganisa pa nila ang ekonomiya ng bansa sa paraang nakabubuti sa kanila. Winasak pa nila ang mga industriya ng bansa at mga oportunidad sa hanapbuhay. Nakapamumuhay silang parang mga hari dahil sa ekonomiya ng kanilang bansa na hindi makatayo sa sarili, habang isinusumpa nila ang milyun-milyong Lazaro sa kawalang-hanapbuhay

sa kanya at hinihimuran ang kanyang
mga sugat. 22 At namatay ang dukha at
dinala siya ng mga anghel sa piling ni
Abraham. Namatay rin naman ang maya-
man at inilibing. 23 Nang nasa impiyerno
na siya, tumingala siya sa kanyang
pagdurusa at natanaw sa malayo si Abra-
ham at si Lazaro sa piling nito. 24 Kaya
sumigaw siya: 'Amang Abraham, maawa
ka sa akin at utusan mo naman si Lazaro
na isawsaw niya sa tubig ang dulo ng
kanyang daliri para paginhawahin ang
aking dila dahil lubha akong naghihirap sa
lagablab na ito.'

25 Sumagot si Abraham: 'Anak, alala-
hanin mong tinanggap mo na sa buhay
mo ang mabuti sa iyo at kay Lazaro na-
man ang masasama. Kaya siya ngayon
ang nasa ginhawa at ikaw ang nagdurusa.
26 At isa pa'y malawak na kabundukang di
matatawid ang itinakda sa pagitan natin.
Kaya hindi makatatawid ang mga may
gustong pumunta riyan galing dito, at
hindi rin naman makatatawid ang mula
riyan papunta rito.'

27 Sumagot ang mayaman: 'Kaya ipina-
kikiusap ko sa iyo, Ama, na papuntahin
mo si Lazaro sa bahay ng aking ama,
28 kung saan naroon ang lima kong
kapatid para babalaan sila upang di sila
mapunta sa lugar na ito ng pagdurusa.'
29 Sumagot si Abraham: 'Nasa kanila si
Moises at ang mga propeta, makinig sila
sa mga ito.' 30 Sinabi niya: 'Hindi gayon,
Amang Abraham; kung isa sa mga patay
ang pupunta sa kanila, magsisisi sila.'

31 Sinabi ni Abraham: 'Kung hindi nila
pakikinggan si Moises at ang mga
propeta, bumangon man ang isa sa mga
patay ay hindi pa rin sila maniniwala'."

**17** • 1 Sinabi ni Jesus sa kanyang mga
alagad: "Hindi maaaring walang
katitisuran at magpapabagsak sa tao ng-
unit sawimpalad ang taong naghahatid
nito! 2 Mas makabubuti pa sa kanya na
talian ng gilingang-bato sa leeg at ihagis
sa dagat kaysa tisurin at pabagsakin ang
isa sa maliliit na ito.

3 Mag-ingat kayo. Kung magkasala
ang kapatid mo, pagsabihan mo siya, at
kung magsisi'y patawarin mo. 4 At kung
pitong beses siyang magkasala sa iyo sa
isang araw at pitong beses din siyang
bumalik sa iyo na nagsisisi, patawarin
mo siya."

5 Sinabi ng mga apostol sa Panginoon:
"Dagdagan mo ang aming pananam-
palataya." 6 Sumagot ang Panginoon:
"Kung may pananampalataya kayong
sinlaki ng buto ng mustasa, masasabi
ninyo sa punong malaigos na iyan:
'Mabunot ka at sa dagat ka matanim,' at
susundin kayo nito.

---

kaya patuloy na isinasaisantabing parang latak hanggang mamatay sa gutom at pagdarahop.

Napananatiling malayo ang makabagong Lazaro sa mga bahay ng mayayaman sa pamamagitan ng mga guwardiya, mga aso at mga alambre. Gusto sana niyang kainin ang mga mumong natitira sa bangkete pero kakaunti naman ang nalalaglag sa lupa ng kanyang inang-bayan matapos gastahin ang lahat sa pagangkat ng mga produkto o matapos ideposito na sa mga bangkong banyaga. Nasa gitna ng mga guho at kamunduhan si Lazaro: ipinagbibili ang sarili o nagiging mandurukot, manloloko hanggang sa maaga niyang pagkamatay. Sa sandaling 'yon, makakakita siya ng magmamahal sa kanya: sa piling ni *Abraham at ng mga anghel*. At sa wakas ay magkakaroon siya ng inang-bayan kung saan wala nang puwedeng mangagaw, magbantay o gumulpi sa kanya sa ngalan ng sarili nilang Seguridad.

Samantala lubos namang nagsisikap ang mayaman hindi para magpasarap sa buhay kundi para kumbinsihin ang sarili na tama siya: hanggang ang Iglesya ang dapat mangatwiran para sa kanya. At ang baluktot niyang pag-iisip na ito ang nagdadala sa kanya sa impiyerno matapos maitanim sa kanyang puso ang poot o paghamak sa lahat ng nagpapahayag sa mga hinihingi ng katarungang itinuro ni *Moises at ng Mga Propeta*, o ng Biblia.

Sa hangad na parehong mailigtas ang mayayaman at mga dukha, hinihingi ng Ebanghelyo sa atin na gumawa para alisin ang banging naghihiwalay sa kanila. Nasa buhay na ito ang panahon para gibain ang mga pader ng pagkakahiwa-hiwalay.

• **17.1**. Tingnan ang paliwanag sa Mt 18:1-9 at Mc 11:20.

7 Ipagpalagay nang may katulong na
nag-aararo o nag-aalaga ng mga tupa ang
isa sa inyo. Ano'ng sasabihin niya rito
pagbalik nito galing sa bukid? Sasabihin
kaya niya: 'Halika na't dumulog sa ha-
pag'? 8 Sa halip ay sasabihin niya: 'Ihanda
mo ang aking pagkain; magbihis ka't
pagsilbihan ako habang kumakain ako't
umiinom, at saka ka na kumain at umi-
nom.' 9 Dapat kaya kayong tumanaw ng
utang-na-loob sa utusang iyon dahil gina-
wa nito ang iniutos? 10 Gayundin naman
sa inyo. Pagkagawa ninyo sa lahat ng
iniutos sa inyo, sabihin ninyo: 'Mga kara-
niwang utusan kami; ginawa lang namin
ang dapat naming gawin'."

**Ang sampung ketongin**

• 11 Habang papunta si Jesus sa Jeru-
salem, dumaan siya sa hangganan ng
Samaria sa Galilea. 12 At pagpasok niya sa
isang nayon, may sampung lalaking may
ketong ang lumabas para salubungin
siya. 13 Tumayo ang mga ito sa malayo at
tumawag nang malakas: "Jesus, Guro,
maawa ka sa amin." 14 At sinabi naman sa
kanila ni Jesus: "Umalis kayo at humarap
sa mga pari." At nangyari na gumaling
sila habang naglalakad. 15 Isa sa kanila
ang agad na nagbalik nang makita niyang
gumaling siya, at pasigaw niyang pinuri
ang Diyos. 16 Nagpatirapa siya sa paanan
ni Jesus, sa pagpapasalamat sa kanya.
Isa siyang Samaritano.

17 Kaya sinabi ni Jesus: "Di ba't sampu
ang gumaling? Nasaan ang siyam?
18 Wala bang bumalik para magpuri sa
Diyos kundi ang dayuhang ito?" 19 At
sinabi sa kanya ni Jesus: "Tumayo ka,
iniligtas ka ng iyong pananampalataya."

**Ang pagdating ng kaharian ng Diyos**

*(Mt 24:17)*

• 20 Tinanong siya ng mga Pariseo kung
kailan darating ang paghahari ng Diyos at
sumagot siya: "Hindi lantaran ang pagda-
ting ng kaharian ng Diyos; 21 di masasa-
bing 'Narito o naroon,' nasa inyo na nga
ang kaharian ng Diyos."

22 Sinabi ni Jesus sa mga alagad:
"Darating ang panahon na pananabikan
ninyong makita ang isa sa mga araw ng
Anak ng Tao at di naman ninyo makikita.
23 At may magsasabi sa inyo 'Narito siya,
naroon.' Huwag kayong pupunta, huwag
maghahanap. 24 Sumisiklab nga ang kid-

---

• 11. Sampung ketongin ang pinagaling pero isa lamang sa kanila ang sinabihang: *Iniligtas ka ng iyong pananampalataya.* Sapagkat siya lamang ang may kakayahang sumagot mula sa puso. Samantalang pinoproblema ng iba ang pagtupad ng mga hinihingi ng batas, wala naman siyang ibang iniisip kundi magpasalamat sa Diyos kung saan siya mismo natagpuan ng grasya ng Diyos. Ito ang pananampalatayang nagliligtas at bumabago sa atin.

Sa maraming humihingi ng paggaling at mga biyaya sa Diyos: ilan kaya ang makararating sa tunay na pagmamahal sa Diyos?

• 20. *Kailan darating ang paghahari ng Diyos?* Dumarating ito hindi bilang rebolusyon o pagbabago ng panahon kundi gumagawa ito sa mga taong tumanggap na sa Magandang Balita. Tinatamasa na ng mga sumasampalataya ang Kaharian.

Narito ang mga salita ni Jesus tungkol sa wakas ng Jerusalem at sa pangalawa niyang pagdating (Mc 13:14). Hindi dapat pag-usapan ang wakas ng daigdig sa bawat sandali ng ligalig. Binibigyan tayo ni Jesus ng dalawang paghahambing: ang *kidlat* na makikita sa lahat ng lugar, at ang mga *buwitre* na walang palyang pumupunta kung saan may bangkay. Sa ganito ring paraan walang-salang malalaman ng lahat kung kailan babalik si Kristo (b. 37).

Subalit mahuhuling hindi handa ng pagdating niyang ito ang mga hindi umaasa rito (tulad noong panahon ni Noe). Agad na ibubukod ng Paghuhukom ang mga pinili sa mga isinumpa – walang naghiwalay sa kanila sa pang-araw-araw na buhay – sa dalawang magkasamang gumigiling, kukunin ang isa, iiwan ang isa pa.

*Sa Mateo 24:17, ang pagtukoy sa lalaking nasa labas ng kanyang bahay ay kaugnay ng wakas ng Jerusalem, at nangangahulugan ito rito na kailangan siyang biglang tumakas. Ngunit may iba pa itong kahulugan sa tekstong ito: pagdating ng wakas ng mundo huli na ang mamroblemang iligtas ang sariling buhay o mga ari-arian.*

*Saan ito mangyayari?* (37): walang k'wentang tanong tulad ng nasa Lc 17:20, sapagkat hindi babalik ang Panginoon para hanapin ang kanyang bayan at dalhin sa isang pisikal na lugar. Sa araw na 'yon, walang-salang dadalhin ang mabubuti sa presensiya ng Diyos.

lat at nagniningning mula sa isang dako
ng langit hanggang sa kabila, gayundin
naman ang Anak ng Tao sa araw ng
kanyang pagdating. 25 Subalit kailangan
muna niyang magtiis ng marami at itakwil
ng mga tao sa kasalukuyan.
26 Tulad ng nangyari sa panahon ni
Noe, gayundin sa mga araw ng Anak ng
Tao. 27 Kumakain sila at umiinom, nag-
aasawa ang mga lalaki at mga babae,
hanggang sa araw na pumasok si Noe sa
daong at dumating ang Baha na pumuksa
sa lahat. 28 Tulad sa panahon ni Lot: ku-
makain sila at umiinom, nagtitinda at
namimili, nagtatanim at nagtatayo. 29 At
nang lumabas si Lot mula sa Sodom,
nagpaulan ang Diyos mula sa langit ng
apoy at asupre na pumuksa sa lahat.
30 Ganito rin sa araw na ibubunyag ang
Anak ng Tao.
31 Sa araw na iyon, huwag nang buma-
ba pa sa bahay ang nasa terasa para
kunin ang kanyang mga gamit at huwag
nang umuwi pa ang nasa bukid. 32 Alala-
hanin ninyo ang asawa ni Lot. 33 Sinu-
mang nagsisikap umangkin sa kanyang
sarili ay mawawalan nito, at sinumang
mawawalan ay magsisilang nito sa bu-
hay.
34 Sinasabi ko sa inyo: kung may da-
lawa sa isang higaan sa gabing iyon, da-
dalhin ang isa at iiwan ang isa pa; 35 kung
may dalawang babaeng magkasamang
gumigiling, dadalhin ang isa at iiwan ang
isa pa." 37 At itinanong naman nila: "Saan,
Panginoon?" Sumagot siya. "Kung na-
saan ang katawan, doon nagtitipon ang
mga buwitre."

**Manalangin at huwag masiraan ng loob**

**18** • 1 Dapat laging manalangin at hu-
wag masiraan ng loob – ito ang
sinabi ni Jesus sa kanila sa isang talin-
haga. 2 Sinabi niya: "Sa isang lunsod, may
isang hukom na walang takot sa Diyos at
walang pakialam sa mga tao. 3 May isa
ring biyuda sa lunsod na iyon na madalas
pumunta sa kanya at sinasabi: 'Igawad
mo sa akin ang katarungan laban sa aking
kalaban.' 4 Matagal siyang umayaw pero
naisip niya pagkatapos: 'Wala man akong
takot sa Diyos at walang pakialam sa tao,
5 igagawad ko pa rin ang katarungan sa
biyudang ito na bumubuwisit sa akin at
baka masiraan pa ako ng ulo sa pag-
punta-punta niya'."
6 Kaya idinagdag ng Panginoon: "Pa-
kinggan ninyo ang sinabi ng di-matuwid
na hukom. 7 Di ba't igagawad ng Diyos
ang katarungan sa kanyang mga hinirang
na araw-gabing tumatawag sa kanya?
Pababayaan ba niya sila? 8 Sinasabi ko sa
inyo, agad niyang igagawad sa kanila ang
katarungan. Ngunit pag dating ng Anak
ng Tao, makakakita kaya siya ng pana-
nampalataya sa lupa?"

---

• **18.**1 Kung may makatarungang Diyos, bakit hindi niya iginagawad ang katarungan? (Slm 44:24; Hb 1; Zac 1:2; Pag 6:10). Ang sagot ni Jesus: "May sapat ba kayong pananampalataya sa paghahangad ninyo at paghinging maggawad ng katarungan ang Diyos? Walang dudang maggagawad siya ng katarungan pero dapat kang maghintay."

*Isang hukom na walang pakialam sa mga tao.* Ganito ang tingin sa Diyos ng maraming tao pagkakita nila sa di-makatarungan at malabo sa buhay. Pero kung marunong tayong manalangin nang may tiyaga, unti-unti nating madidiskubre na hindi naman pala napakalabo ang lahat ng ito gaya ng ating inaakala. At makikilala natin sa mga pangyayari ang mukha ng Diyos na nagmamahal sa atin.

*Araw-gabing tumatawag sa kanya.* Si Jesus na nagbibigay-diin sa responsabilidad natin sa daigdig ang siya ring nag-aanyaya sa ating araw-gabing tumawag sa Diyos. Bakit napakadaling magkahati-hati ang mga tao (o bakit natin sila hinahati) na mga nagdarasal at mga gumagawa?

*Makakakita kaya ng pananampalataya sa lupa?* Pinagtitibay ni Jesus ang isang opinyon ng mga Judio ng kanyang panahon. Sa mga huling araw bago sumapit ang Paghuhukom, magiging napakalakas ng puwersa ng kasamaan kayat *manlalamig ang pag-ibig ng karamihan* (Mt 24:12; Lc 21:36).

Sa totoo'y parang sa kabiguan nagwawakas ang Matandang Tipan dahil sa unang pagdating ni Jesus sapagkat iilan lamang ang naniwala sa kanya at mas marami ang nagpadala sa pagkalito, sa mga huwad na tagapagligtas at sa karahasang nagpadali sa pagbagsak ng bansa apatnapung taon pagkamatay ni Jesus.

**Ang Pariseo at ang kolektor ng buwis**

• 9 Sinabi rin ni Jesus ang talinhagang
ito tungkol sa ilang taong kumbinsido na
mabuti sila at minamata naman ang iba:
10 "Dalawang tao ang umakyat sa Templo
para manalangin: Pariseo ang isa at
publikano naman ang isa pa. 11 Nakata-
yong nananalanging mag-isa ang Pariseo.
Sinabi niya: 'O Diyos, salamat at hindi
ako gaya ng ibang mga tao – mga mag-
nanakaw, mandaraya, nakikiapid, o gaya
ng kolektor ng buwis na iyan. 12 Dalawang
beses akong nag-aayuno isang linggo,
nagbibigay ako ng ikapu sa lahat kong
ari-arian.'

13 Nasa likuran naman ang kolektor ng
buwis at hindi man lang makatingala sa
langit. Dinadagukan niya ang dibdib sa
pagsasabing 'O Diyos, kaawaan mo ako
na isang makasalanan.'

14 Sinasabi ko sa inyo na ito ang umu-
wing nasa grasya ng Diyos ngunit hindi
ang isa. Sapagkat ibababa ang lahat ng
nagpapakataas at itataas naman ang
nagpapakababa."

15 May nagdala kay Jesus ng maliliit na
bata para mahipo niya ang mga ito.
Pinagsabihan naman sila ng mga alagad
pagkakita nila rito. 16 Ngunit pinalapit ni
Jesus ang mga bata at sinabi: "Hayaan
ninyong lumapit sa akin ang mga bata, at
huwag pigilan. Sa mga tulad nga nila ang
kaharian ng Diyos. 17 Talagang sinasabi
ko sa inyo: hindi papasok sa kaharian ng
Diyos ang di tumatanggap dito gaya ng
isang maliit na bata."

**Si Jesus at ang mayamang pinuno**

*(Mc 10:17; Mt 19:16)*

18 Tinanong siya ng isang pinuno:
"Mabuting Guro, ano ang dapat kong
gawin para makamit ang buhay na wa-
lang hanggan?" 19 Sinabi sa kanya ni Je-
sus: "Bakit mo ako tinatawag na mabuti?
Walang mabuti kundi ang Diyos lamang.
20 Alam mo ang mga utos: *Huwag makia-
pid, huwag papatay, huwag magnakaw,
huwag sumaksi nang di totoo, igalang
ang iyong ama at ina.*" 21 Sumagot siya:
"Sinusunod ko na ang lahat ng ito mula
pagkabata."

22 Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya

---

• 9. Determinado ang *mga Pariseong* tuparin ang Batas ng Diyos at madalas silang nag-aayuno at nagkakawanggawa. Sayang at inangkin nila ang karangalan ng uliran nilang pamumuhay. Akala nila'y hindi na nila kailangan ang awa ng Diyos kundi ang mabubuti na nilang gawa ang oobliga sa kanyang gantimpalaan sila.

Inaamin naman ng publikano na makasalanan siya sa harap ng Diyos at ng tao, at naghihintay lamang siya ng kapatawaran. Nasa katotohanan siya at umuuwi siyang nasa grasya ng Diyos (sinasabi ng teksto: *ginawa siyang matuwid*, ibig sabihi'y ipinakipagkasundo siya ng Diyos). Pero umaalis naman ang Pariseo kung paano siya dumating, bilanggo ng pagkabilib sa sarili at sara sa grasya ng Diyos.

Nagsalita si Jesus *para sa ilang kumbinsido na mabuti sila* (9). Tinatawag ng Biblia na matuwid ang mga kalugud-lugod sa Diyos dahil tinutupad nila ang kanyang kalooban. Kaya sa Mt 1:19 at Lc 1:6, sinasabing matuwid sina Jose at Zacarias o magagaling na tao. Sa maraming bahagi ng Biblia, masyadong binibigyang-halaga ang mga bagay na panlabas: ang tumutupad sa Batas ang siyang matuwid. Binibigyangdiin naman sa ibang parte ng Biblia ang katapatan ng kalooban ng taong matuwid na kaibigan ng Diyos tulad ni Abraham (Gen 15:6).

Sinasabi naman ni Jesus na hindi maaangkin ninuman na sa kanyang sarili at sa sariling kabutihan nagmumula ang pagkamatuwid o tunay na kabanalan sapagkat tinatanggap lamang ng mga anak ng Diyos ang lahat mula sa Ama (Jn 5:19).

Kailangan nating aminin na nitong mga huling salinlahi, kadalasa'y ipinangangaral ang moralidad-Kristiyano ayon sa pamamaraan ng mga Pariseo. Para bang pinahalagahan ang magandang panlabas na asal ng mga tao, at hinahayaan silang maniwala na maging karapat-dapat silang maligtas kung gagawa sila ng mabuti. Hindi gaanong binigyang-pansin na sa grasya ng Diyos nagmumula ang kaligtasan, sa Diyos na tumatawag sa sinumang naisin niya at nagbibigay ng tunay na kabanalan.

Malimit na ipinagdarasal ng "mabubuti" ang pagbabalik-loob ng "mga makasalanan". At nakakalimutan nilang kailangan din nila ang patawad ng Diyos at posibleng tumatanggap din ng grasya ng Diyos ang mga makasalanan sa gitna mismo ng kanilang mga pagkakasala. Iba pang anyo ng Pariseismo ang paghuhusga sa isang dalagang-ina o babaeng nakikiapid, ang kaugaliang pagsasalita tungkol sa mga nagsisising tupa na kailangang-kailangan tayo ng mga ito. At nakakalimutan nating sa Iglesya pala'y pantay-pantay ang lahat. At kung ngayo'y minamata ng mga "aktibo

rito: "May isa pang kulang sa iyo. Ipagbili
mo ang lahat ng iyo para ibigay sa mga
dukha at magkakaroon ka ng kayamanan
sa Langit. At saka ka bumalik para su-
munod sa akin." 23 Nalungkot ang tao
nang marinig ito dahil napakayaman
niya. 24 Nang makita ito ni Jesus ay sinabi
niya: "Napakahirap ngang pumasok sa
kaharian ng Diyos ang may mga kaya-
manan. 25 Madali pa para sa kamelyo ang
lumusot sa butas ng karayom kaysa pu-
masok sa kaharian ng Diyos ang isang
mayaman." 26 Sinabi ng mga nakikinig:
"Kung gayo'y sino ang maliligtas?" 27 At
sinabi ni Jesus: "Posible para sa Diyos
ang imposible para sa tao."

28 Nagsalita naman si Pedro: "Iniwan
na nga namin ang amin para sumunod sa
iyo." 29 At sinabi niya sa kanila: "Talagang
sinasabi ko sa inyo: walang nag-iwan ng
bahay o asawa o mga kapatid o mga
magulang o mga anak nang dahil sa ka-
harian ng Diyos 30 na walang gantimpala.
Sobra-sobra pa nga ang tatanggapin niya
sa panahong ito at buhay na walang
hanggan naman sa darating na pana-
hon."

31 Ibinukod ni Jesus ang Labindalawa at
sinabi sa kanila: "Pupunta tayo ngayon sa
Jerusalem at matutupad ang lahat ng
sinulat ng mga propeta tungkol sa Anak
ng Tao. 32 Ibibigay siya sa mga pagano;
pagtatawanan, iinsultuhin at luluraan.
33 Pagkahagupit sa kanya, papatayin siya
at babangon siya sa ikatlong araw."
34 Hindi naman nila naintindihan ang mga
ito; bagay itong lingid sa kanila kaya hindi
nila malaman ang kanyang sinasabi.

**Ang bulag ng Jerico**

*(Mc 10:46; Mt 20:23)*

35 Nang malapit na si Jesus sa Jerico,
may isang bulag doon na nakaupo sa tabi
ng daan at nagpapalimos. 36 Nang marinig
niya ang maraming taong nagdaraan, iti-
nanong niya kung bakit. 37 At may nag-
sabi sa kanya: "Sina Jesus na taga-Naza-
ret ang dumaraan." 38 Kaya sumigaw siya:
"Jesus, Anak ni David, maawa ka sa
akin." 39 Pinagsabihan siya at pinatahimik
ng mga nauuna pero lalo naman niyang
nilakasan ang sigaw: "Anak ni David,
maawa ka sa akin."

40 Kaya tumigil si Jesus at ipinadala
ang bulag sa kanya, at nang malapit na ay
itinanong: 41 "Ano'ng gusto mong gawin
ko sa iyo?" Sinabi nito: "Panginoon, ma-
kakita sana ako." 42 At sinabi ni Jesus:
"Manumbalik ang paningin mo, iniligtas
ka ng iyong pananalig." 43 Agad siyang
nakakita at niluluwalhati ang Diyos na
sumunod kay Jesus. At nagpuri rin sa
Diyos ang lahat ng nakakita rito.

**Si Jesus at si Zakeo**

**19** • 1 Pumasok si Jesus sa Jerico at
dumaan sa siyudad. 2 At may isang
taong nagngangalang Zakeo. Pinuno siya
ng mga kolektor ng buwis at napaka-
yaman. 3 Sinikap niyang makita kung
sino si Jesus pero pandak siya at hindi
niya magawa dahil sa dami ng mga tao.

---

mulat at may paninindigang" Kristiyano ang mga Kristiyanong ayon sa kanila'y kuntento na sa "pagkain ng ostiya" at hindi ginagawa ang lahat nilang ginagawa o kapag ipinapalagay ng iba na sila ang mabubuti dahil mga dukha ang kanilang pinahahalagahan, hindi pa rin tayo nakaalis sa Pariseismo.

*ANG KAPANGYARIHAN NI JESUS*

• **19.1**. Si Zakeo ang itinuturo ng bawat isa sa Jerico: paano makapagbabalik-loob ang klase ng taong tulad niya na bihasa sa maruruming negosyo. Anong parusa ang ipadadala sa kanya ng Diyos? Ngunit sa halip na parusahan siya, dumalaw pa ang Diyos sa bahay niya.

Ipinapakita ni Jesus na ginagabayan siya ng Espiritu noong makita niya si Zakeo sa gitna ng napakaraming tao at naintindihan niya sa sandaling 'yon na higit sa lahat ay dumating siya sa Jerico sa araw na 'yon para iligtas ang isang mayaman.

Alam ni Zakeo na kinaiinggitan siya at kinamumuhian. Subalit hindi naman siya talagang masama: marumi man ang kanyang mga kamay pero hindi pa rin niya naiwala ang diwa ng kabutihan, at lihim siyang humahanga sa propetang si Jesus. Binibigyang-pansin ng Diyos ang kanyang mabubuting pagnanais. Ang

4 Kaya patakbo siyang umuna at umakyat sa isang punong-malaigos para makita si Jesus pagdaan doon. 5 Pagdating ni Jesus sa lugar na iyon, tumingala siya at sinabi sa kanya: "Zakeo, bumaba ka agad. Sa bahay mo nga ako dapat tumigil ngayon."

6 Nagmamadali siyang bumaba at tuwang-tuwang tinanggap si Jesus. 7 Inireklamo naman sa isa't isa ng lahat ng nakakita rito: "Sa bahay ng isang lalaking makasalanan siya nakituloy." 8 Ngunit tumayo si Zakeo at sinabi sa Panginoon: "Panginoon, ibibigay ko sa mga dukha ang kalahati ng aking mga ari-arian; at kung may nadaya ako, apat na beses ko siyang babayaran." 9 At sinabi sa kanya ni Jesus: "Dumating ngayon ang kaligtasan sa sambahayang ito dahil anak nga ni Abraham ang taong ito. 10 At dumating ang Anak ng Tao para hanapin at iligtas ang nawawala."

**Ang sampung salaping ginto**

*(Mt 25:14)*

• 11 Malapit na ngayon si Jesus sa Jerusalem at akala ng mga taong kasama niya'y agad na ipakikita ang kaharian ng Diyos. Kaya sa kanilang pakikinig ay isa pang talinhaga ang inilahad sa kanila ni Jesus. 12 Sinabi niya: "May isang maharlikang tao na pumunta sa malayong lupain para mahirang na hari at saka siya babalik. 13 Tinawag niya ang sampu niyang katulong at binigyan sila ng tig-iisang baryang ginto at sinabi sa kanila: 'Ipagnegosyo ninyo ito hanggang sa aking pagbalik.'

14 Namumuhi sa kanya ang kanyang mga kababayan kaya nagsugo sila ng ilang kinatawan para sabihin: 'Ayaw naming maghari sa amin ang taong ito.'

15 Gayon pa ma'y bumalik siya pagkahirang bilang hari. Ipinatawag niya ang mga katulong na binigyan niya ng baryang ginto para malaman kung magkano ang tinubo ng bawat isa. 16 Humarap ang una at sinabi: 'Panginoon, tumubo ng sampu pa ang barya mong ginto.'

17 Sumagot siya: 'Magaling, mabuting utusan; dahil naging matapat ka sa maliit na bagay, mapamamahala kita sa sampung lunsod.' 18 Dumating ang ikalawa at sinabi: 'Panginoon, tumubo ng lima pa ang iyong baryang ginto.' 19 Sinabi nito sa kanya: 'Mamamahala ka sa limang lunsod.'

20 Dumating ang isa pa at sinabi: 'Panginoon, narito ang iyong baryang ginto. Binalot ko ito sa isang panyo at

---

pagmamagandang-loob sa kanya ni Jesus ang nagpalabas sa makatao at mabubuting katangiang kinukuyom niya sa kanyang konsiyensya.

Sinasabing tuwang-tuwa niyang tinanggap si Jesus: kagalakang nagpapatunay sa pagbabagong nangyari sa kanya. Pagkatapos nito'y hindi magiging mabigat sa kanya ang ituwid ang masasama niyang gawa. At magbabahagi siya at makikibahagi sa pagpapairal ng katarungan.

Galit ang bayan, at sa ganito'y tinutularan nila ang mga Pariseo. Naniniwala silang dapat makiisa sa kanilang simulain ang propetang si Jesus kahit sa kanilang galit. Pero hindi lider ng masa si Jesus; parehong bale-wala sa kanya ang di pagkaunawa ng mga tao at ng mga Pariseo. Minsan pang ipinakita ni Jesus ang kanyang kapangyarihan: winasak niya ang kasamaan sa pamamagitan ng pagliligtas sa makasalanan.

• 11. Nagpupunta sa Jerusalem ang mga taga-Galilea para ipagdiwang ang Paskuwa at sumama sa kanila si Jesus. Alam niyang naghihintay sa kanya ang kamatayan pero kumbinsido naman silang ihahayag siyang hari at tagapagpalaya ng Israel.

Sa kanyang talinhaga, inaanyayahan sila ni Jesus na magkaroon ng ibang pag-asa. Maghahari siya sa pagbabalik niya mula sa malayong lupain, o mula sa kamatayan, sa wakas ng kasaysayan. Samantala, pamamahalaan naman ng kanyang mga alagad ang mga yamang bigay niya sa kanila, na dapat nilang paramihin. Hindi sila dapat magpaupu-upo na lamang habang hinihintay nila ang kanyang pagbabalik, sapagkat sasamantalahin ng kanyang mga kaaway ang kanyang pagkawala. Makikibahagi sa kanyang tagumpay ang mga lingkod ni Jesus ayon sa kanilang pagtatrabaho.

May malaking kaugnayan sa talinhaga ng mga talento (Mt 25:14) ang pahinang ito. Tingnan natin ang dalawang pagkakaiba:

Una, sa simula at sa katapusan: tinutukoy ni Jesus ang buhay-pulitikal ng kanyang bansa. Umaasa ang

itinago. 21 Natatakot ako sa iyo dahil ma-
paghanap kang tao, kinukuha mo ang di
mo idineposito at inaani ang di mo ini-
hasik.'

22 Sinabi sa kanya ng panginoon: 'Ma-
samang utusan, sa sarili mong mga salita
kita hahatulan. Alam mo palang mapag-
hanap ako, na kinukuha ko ang di ko
idineposito at inaani ang di ko inihasik,
23 bakit di mo idineposito sa bangko ang
aking baryang ginto? At makukubra ko
sana iyon pati na ang interes pagbabalik
ko.' 24 At sinabi niya sa mga naroon:
'Kunin sa kanya ang baryang ginto at
ibigay sa may sampu.' 25 Sumagot sila: 'E,
Panginoon, may sampung baryang ginto
na siya.'

26 'Sinasabi ko sa inyo: bibigyan ang
meron pero aalisan ang wala, kahit na ang
meron siya ay kukunin sa kanya. 27 Ngunit
dalhin ninyo rito ang aking mga kaaway
na ayaw akong maghari sa kanila at pata-
yin sa harap ko'."

**Ang pagpasok ni Jesus sa Jerusalem**

*(Mc 11:1; Mt 21:1; Jn 12:12; Mt 24:2)*

28 Pagkasabi nito, umuna si Jesus sa
kanila pa-Jerusalem. 29 Nang malapit na
siya sa Betfage at sa Betania, sa tabi ng
Bundok ng mga Olibo, sinugo niya ang
dalawa sa kanyang mga alagad:
30 "Pumunta kayo sa katapat na nayon.
Pagpasok ninyo roon, may makikita
kayong nakataling asno na di pa nasa-
sakyan ninuman. Kalagan iyon at dalhin
sa akin. Kung may magtanong sa inyo
bakit inyo iyon kinakalagan, sabihin
ninyong 'Kailangan ito ng Panginoon'."

32 Lumakad nga ang mga pinapunta at
nakita nila ang lahat ayon sa sinabi sa
kanila. 33 Nang kinakalagan na nila ang
asno, tinanong sila ng mga may-ari:
"Bakit ninyo kinakalagan ang asno?"
34 At sumagot sila: "Kailangan ito ng
Panginoon." 35 Dinala nila ito kay Jesus
at sinapinan ito ng kanilang mga bala-
bal, at saka pinasakay si Jesus. 36 Sa
kanyang paglakad, inilatag naman ng
mga tao sa daan ang kanilang mga ba-
labal.

37 Nang palusong na siya mula sa
Bundok ng mga Olibo, labis na nagalak
ang lahat niyang alagad at nagsimulang
magpuri sa Diyos nang malakas sa pag-
alaala sa lahat ng himalang kanilang
nakita, 38 at kanilang sinabi: "*Pinagpala*
*ang dumarating* na Hari *sa ngalan ng*
*Panginoon*. Kapayapaan sa langit at
luwalhati sa kaitaasan!"

39 Sinabi kay Jesus ng ilang Pariseo sa
pulutong: "Guro, pagsabihan mo ang
iyong mga alagad." 40 At sumagot siya:
"Sinasabi ko sa inyo: kung hindi sila iimik,
mga bato ang siyang sisigaw."

41 Nang malapit na siya at kita na ang
lunsod, iniyakan ito ni Jesus: 42 "Kung
nalalaman mo lamang sana sa araw na ito
ang daan sa kapayapaan! Ngunit ngayo'y
hindi mo ito nakikita. 43 Sasapit sa iyo ang
mga araw na magkakampo sa paligid mo
ang iyong mga kaaway, kukubkubin ka at
sisikilin sa lahat ng dako. 44 Iguguho ka
nila sa iyong mga anak, at walang iiwang
magkapatong na bato sa iyo. Sapagkat
hindi mo nalaman ang panahon ni ang
pagdalaw ng iyong Diyos."

45 Pumasok si Jesus sa patyo ng Tem-
plo at pinalayas ang mga nagtitinda, 46 at
sinabi niya: "Nasusulat: '*Magiging bahay-*
*dalanginan ang aking bahay*,' pero

---

kanyang bayan sa Imperyong Romano at kailangang maging kalugud-lugod ang mga hari nito sa gobyernong Romano na nagbibigay ng proteksyon sa mga ito.

Ikalawa, binibigyang-diin ang katarungan ng Diyos: tumatanggap ang bawat isa ayon sa nararapat sa kanya. Hindi bagay na pantay-pantay na maipamahagi ang kaligayahan ng Langit. Makikilala ng bawat isa ang Diyos at makikibahagi sa kanyang mga yaman ayon sa kakayahan niyang magmahal sa buong buhay niya. Bawat hakbang natin sa daan ng pagsunod, pagsasakripisyo at kababaang-loob ay nagpapalakas sa ating kakayahang tumanggap mula sa Diyos at mapagbago niya.

ginawa ninyong *pugad ng mga mag-*
*nanakaw*!"
47 Araw-araw na nangangaral si Jesus
sa Templo. Hangad siyang patayin ng
mga punong-pari at mga guro ng Batas,
kasama ang mga Matatanda ng bayan.
48 Ngunit wala silang magawa dahil taim-
tim na nakikinig sa kanya ang buong
bayan.

20 1 Isang araw, nagtuturo siya sa
mga tao sa Templo at ipina-
pahayag ang mabuting balita. At lumapit
naman ang mga punong-pari at mga guro
ng Batas kasama ang mga Matatanda.
2 Tinanong nila siya: "Sabihin mo sa amin
kung ano bang karapatan meron ka para
gawin ang mga ito? Sino ang nagtalaga sa
iyo para gawin ito?" 3 Sumagot naman si
Jesus: "May itatanong ako sa inyo,
sabihin ninyo sa akin: 4 sa Diyos ba galing
ang pagbibinyag ni Juan o sa tao?" 5 At
napag-isip-isip nila: "Kung isasagot
nating galing sa Langit, sasabihin niya:
'Bakit di kayo naniwala sa kanya?' 6 At
kung sasabihin naman nating sa tao
lamang galing, babatuhin tayo ng buong
bayan dahil kumbinsido sila na propeta si
Juan." 7 Kaya sinabi nila na hindi nila
alam. 8 At sinabi naman ni Jesus sa
kanila: "Hindi ko rin sasabihin sa inyo
kung ano ang karapatan ko para gumawa
ng mga ito."

**Mga kasamang mamamatay-tao**

*(Mc 12:1; Mt 21:33)*

• 9 At sinimulan niyang sabihin sa
bayan ang talinhagang ito: "May taong
nagtanim ng ubasan at pinaupahan ito sa
mga magsasaka, at saka matagal na
naglakbay sa malayo. 10 Nang panahon
na, pinapunta niya ang isang katulong sa
mga magsasaka para partihan nila siya
ng bunga ng ubasan. Ngunit sinunggaban
nila ito at pinaalis na walang dala. 11 Nag-
padala ang may-ari ng isa pang katulong
pero sinunggaban din nila ito at minura at
pinaalis na walang dala. 12 Nagpapunta pa
siya ng ikatlo at pinalayas din nila itong
sugatan.
13 Kaya inisip ng may-ari ng ubasan:
'Ano ngayon ang gagawin ko? Ipadadala
ko ang aking minamahal na anak, siguro
nama'y igagalang nila siya.' 14 Ngunit
nang makita siya ng mga magsasaka,
nag-usap-usap sila: 'Ito ang tagapag-
mana, patayin natin siya at mapapasaatin
ang mana.' 15 Kaya pinalayas nila siya sa
ubasan at pinatay. Ano ngayon ang
gagawin ng may-ari ng ubasan? 16 Da-
rating siya at lilipulin ang mga magsa-
sakang ito at ibibigay ang ubasan sa iba."
Sinabi ng mga nakikinig: "Huwag
nawa!" 17 Tinitigan sila ni Jesus at sinabi:
"At ano ang Kasulatang ito: *Naging panu-*
*lukang-bato ang tinanggihan ng mga*
*tagapagtayo.* 18 *Magkakabali-bali ang*
*mahulog sa batong ito at madudurog ang*
*mabagsakan nito.*"
19 Dadakipin na sana siya ng mga guro
ng Batas at mga punong-pari sa sandaling
iyon pero takot sila sa bayan. Naunawaan
nga nila na sila mismo ang pinatatamaan
ni Jesus sa talinhagang ito.

**Buwis para sa Cesar**

*(Mc 12:13; Mt 22:15)*

20 Inabangan naman nila si Jesus.
Nagpadala sila ng mga espiya na nag-
kunwaring tapat para siluin siya sa
kanyang pananalita at maibigay sa ka-
pangyarihan at sa hukuman ng gober-

---

• **20.**9. Maraming beses na nagharap si Jesus at ang sambayanan ng Jerusalem. Sinasabi ni Lucas sa 20:19: *Takot sila sa bayan*. Pero totoo nga bang mas masahol pa sa atin ngayon ang mga Judio nang panahong iyon, ang kanilang mga guro ng Batas at mga pari? Hindi kaya tayo nagkakamali kapag nangangarap tayo ng isang Iglesyang walang pag-uusig at mga kontrobersya?

Napakabigat na pasanin lalo na sa ilang lugar ang hatid ng mga komersiyal tungkol sa pagiging Kristiyano at kinikilala ang pananampalataya bilang daan sa masarap na pamumuhay nang magkaroon ng masa-

nador. 21 Tinanong siya ng mga ito: "Guro,
alam namin na matapat ka sa pagsasalita
at pagtuturo; hindi ka napapadala sa iba
kundi itinuturo mo ang daan ng Diyos
ayon sa katotohanan. 22 Kaya ayon ba sa
Batas na magbayad ng buwis sa Cesar o
hindi?"

23 Nang makita ni Jesus ang kanilang
pandaraya, sinabi niya sa kanila: 24 "Ipa-
kita ninyo sa akin ang isang denaryo. Sino
ang nakalarawan dito, na narito rin ang
kanyang pangalan?" Sumagot sila: "Ang
Cesar." 25 Kaya sinabi niya sa kanila:
"Kaya ibigay ninyo sa Cesar ang para sa
Cesar, at sa Diyos ang para sa Diyos."

26 At hindi nila siya masilo sa kanyang
sinabi sa harap ng bayan. Namangha pa
sila sa kanyang sagot at tumahimik.

**Mabubuhay ang mga patay?**

*(Mk 12:18)*

• 27 Lumapit noon ang ilang Sadduseo
na mga taong tutol sa pagkabuhay. 28 At
itinanong nila kay Jesus: "Guro, isinulat ni
Moises para sa amin: 'Kung may magka-
kapatid na lalaki at mamatay na walang
anak ang isa sa kanila, kailangang kunin
ng kanyang kapatid ang kanyang asawa
para magpasibol ng supling sa kanyang
kapatid.' 29 Ngayon, may pitong magka-
kapatid na lalaki. Nag-asawa ang panga-
nay at namatay na walang anak. 30 Kinuha
ng pangalawa ang biyuda, 31 at pagkata-
pos ay ng pangatlo naman, pero hindi
nagkaanak ang pito. Namatay sila 32 at sa
bandang huli'y namatay rin ang babae.
33 Sa pagkabuhay, kanino sa pito siya
maituturing na asawa? Ang pito nga ang
umangkin sa kanya."

34 Sinagot sila ni Jesus: "Nag-aasawa
ang mga taong nasa daigdig na ito, lalaki
man o babae. 35 Ngunit hindi na mag-
aasawa ang mga ituturing na karapat-
dapat sa kabilang-buhay at sa pagka-
buhay ng mga patay, lalaki man o babae.
36 Hindi na nga sila mamamatay. Kapan-
tay na sila ng mga anghel at mga anak
sila ng Diyos matapos silang ibangon.
37 Tiyak na may pagkabuhay ng mga
patay; ipinahiwatig ito kahit na ni Moises

---

yang pamilyang may nakangiting mga anak na konsumerista. Tunay na hindi kailangang danasin ng lahat ang mga oposisyong nakaharap ni Jesus. Ngunit pinili niya para sa kanyang sarili ang daang ito ng krus sapagkat ito ang haywey ng Diyos.

• 27. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 12:8.

May sariling ekspresyon si Lucas sa pagsasalita tungkol sa muling pagkabuhay sa mga berso 34-36. Sapagkat sa mga bansang iyon na may kulturang Griyego (at para sa kanila nagsusulat si Lucas), marami ang naniniwalang likas sa tao ang pagiging imortal ng kaluluwa. Nililinaw ni Lucas para sa kanila na hindi likas ang kabilang buhay; isa itong regalo ng Diyos para *sa karapat-dapat pumasok dito.*

*Mga anak sila ng Diyos matapos niya silang ibangon.* Ayon sa pananalitang Hebreo, sinasabi ng teksto na mga anak sila ng Diyos dahil mga *anak sila ng pagkabuhay.* Hindi muling pagkabuhay at pagbabalik sa buhay na alam natin ang pagkabuhay na ito. Gawa ito ng Espiritu ng Diyos na bumabago at nagpapabanal sa mga binubuhay niya. Kaya ang mga binuhay ang mga anak ng Diyos sa isang paraang mas totoo kaysa mga anak ng daigdig na ito: pinalaya mula sa kasalanan, muli silang ipinanganak ng Diyos.

*Nabubuhay ang lahat para sa kanya.* Nagsimula silang mabuhay nang makilala sila ng Diyos at tawagin sila. Hindi sila maglalaho dahil inilabas na sila ng Diyos mula sa daigdig na ito para papasukin sa kanya.

Marami ang nasisiyahan sa matandang paniwala sa reinkarnasyon. Sinasabi nito na pagkatapos ng buhay na ito, muli tayong ipapanganak at ayon sa ating mga gawa'y tatamasahin natin ang mas mataas o mas mababang kalagayan kaysa kasalukuyan. Pagkatapos siguro ng maraming buhay, mararating din natin ang buhay sa langit. Pananaw na nakagagaan ng loob! Walang paghuhukom at makapamumuhay tayo sa kasalukuyan nang walang pakikipagsapalaran, tulog (Lc 12:20; 12:37; 1 Tes 5:6) sa halip na nagsisikap pumasok sa *makipot na pintuan* (Lc 13:24).

Tanging sa tulong lamang ng ating Kaaway lalago ang huwad na pag-asang ito maging sa mga Kristiyano. Madaling maunawaan na magkasamang umuunlad ang katawan at kaluluwa at iisang tao lamang. Hindi "makapapasok" sa katawan ng isang bagong silang na sanggol ang kaluluwa ng isang matanda. Mas magiging madali pa kaysa rito ang baguhin at muling hubugin ang kanyang katawan sa pagputol sa mga bahaging hindi kasya sa katawan ng sanggol.

Pero hindi kailangan ang argumentong ito. Itinuturo sa atin ng Biblia na ang buhay na ito ang tangi nating pagkakataon. *Minsan lang namamatay ang tao at hinuhukuman (Heb 9:27).*

sa kabanata ng palumpong nang tawagin
niyang *Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac
at Diyos ni Jacob* ang Panginoon. 38 Hindi
siya Diyos ng mga patay kundi ng mga
buhay, at buhay na kasama niya silang
lahat."

39 Nagsalita ang ilang guro ng Batas:
"Guro, talaga ngang tama ang iyong
sinabi." 40 Mula noo'y wala nang nangahas
na magtanong pa sa kanya.

41 Sinabi ni Jesus sa kanila: "Ano't
sinasabing anak ni David ang Mesiyas?
42 Sinasabi nga ni David sa aklat ng Mga
Salmo: '*Ang sabi ng Panginoon sa aking
Panginoon: Umupo ka sa aking kanan
43 hanggang ilagay ko ang iyong mga
kaaway sa ilalim ng iyong mga paa.*'
44 Kung tinatawag siya ni David na *Pangi-
noon*, puwede bang anak siya ni David?"

• 45 Nakikinig ang buong bayan nang
sabihin niya sa kanyang mga alagad:
46 "Mag-ingat kayo sa mga guro ng Batas
na gustong lumakad nang nakabarong at
batiin ng mga tao sa liwasan at mabigyan
ng pangunahing lugar sa mga handaan at
sa sinagoga. 47 Nang-uubos sila ng mga
bahay ng mga biyuda at nagdarasal nang
mahaba para may idahilan. Napakatindi
ng magiging hatol sa mga ito."

**Ang abuloy ng biyuda**

*(Mc 12:41)*

**21** 1 Tumingin si Jesus at may ma-
yayaman na naghuhulog ng kani-
lang abuloy sa kabang-yaman. 2 At nakita
rin niya ang isang pobreng biyuda na
naghulog ng dalawang barya. 3 At sinabi
niya: "Talagang sinasabi ko sa inyo na
pinakamahalaga sa lahat ang inihulog ng
dukhang biyudang ito. 4 Naghulog nga
silang lahat sa kabang-yaman mula sa
sobra nila pero inihulog naman niya mula
sa kanyang kasalatan ang buo niyang
kabuhayan."

**Mga tanda bago mawasak ang Jerusalem**

*(Mc 13:1; Mt 24:1)*

• 5 May ilan namang nag-uusap tungkol
sa Templo, at sinabi nila na may maga-
gandang bato ito at mamahaling pala-
muti. Sinabi naman ni Jesus: 6 "Darating
ang mga araw na walang matitirang mag-
kapatong na bato sa lahat ng inyong na-
kikita; iguguho ang lahat." 7 Nagtanong
sila sa kanya: "Guro, kailan ito mangya-
yari at ano ang tanda na sumapit na ito?"

8 Sumagot si Jesus: "Mag-ingat kayo at
baka kayo madaya. Maraming aangkin sa
aking pangalan sa pagsasabing 'Ako ang
Mesiyas; ako siya,' at 'Palapit na ang
panahon.' Huwag kayong sumunod sa
kanila. 9 Sa pagkabalita ninyo sa digmaan
at mga kaguluhan, huwag kayong mali-
galig; mangyayari muna ito pero hindi pa
ito ang wakas."

10 At sinabi niya sa kanila: "Magdi-
digmaan ang mga bayan at maglalaban-
laban ang mga kaharian. 11 Magkakaroon
din ng malalakas na lindol sa maraming
lugar, magkakaroon ng taggutom, mag-
kakaroon ng mga kakila-kilabot na bagay
at ng malalaki ring kababalaghan sa
langit. 12 Pero bago sumapit ang lahat ng

---

• 45. *Nang-uubos sila ng mga bahay ng mga biyuda.* Tinutukoy marahil nito ang mga guro ng Batas na nakikituloy sa ilang relihiyosang biyuda at pagkatapos ay sa mga ito umaasa.

• **21**.5. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 13:1 at Mateo 24:1.

*Sapagkat matindi ang sasapit na kapahamakan sa lupain* (23). Mas malinaw na ibinabalita ni Lucas kaysa kina Mateo at Marcos ang pagkawasak ng bansang Judio.

*Hanggang mabuo ang mga panahon ng mga bansa* (24). Hinahati ni Lucas sa dalawang panahon ang kasaysayan. Ang isa'y para sa Matandang Tipan at siya ring panahon ng Israel. Pero pagkarating ni Jesus, nagsisimula naman ang mga panahon ng mga bansa. Pinapasinayaan ng pagkawasak ng bansang Judio at ng pagkakawatak-watak ng mga tagaroon ang isa pang yugtong ito. Sa panahong ito magiging kasaysayan ng pag-eebanghelyo at pagtuturo ng Iglesya sa mga bansa ang Banal na Kasaysayan. Matatawag nating panahon ng Bagong Tipan ang panahong ito na nagwawakas sa malubhang krisis at magsasara sa kabuuan ng kasaysayan ng tao.

ito, dadakipin kayo at uusigin; ibibigay
kayo sa mga sinagoga at dadalhin sa mga
kulungan at ihaharap sa mga hari at mga
gobernador dahil sa aking pangalan.
13 Sasapit ito sa inyo para makapagpa-
totoo kayo sa akin.

14 Isaisip ninyo na huwag ikabalisa ang
pagtatanggol sa inyong sarili 15 dahil ako
mismo ang magbibigay sa inyo ng mga
salita at karunungang di matatagalan o
masasagot ng lahat ninyong kaaway.

16 Ipagkakanulo kayo ng inyong mga
magulang, mga kapatid, mga kamag-
anak at mga kaibigan, at papatayin nila
ang ilan sa inyo. 17 At kamumuhian kayo
ng lahat dahil sa aking pangalan. 18 Su-
balit hindi maaano isa mang buhok sa
inyong ulo. 19 Sa inyong pagpapakatatag,
ang mga sarili ninyo mismo ang inyong
makakamit.

20 Kung makita ninyong nakubkob na
ng mga hukbo ang Jerusalem, alamin
ninyong sumapit na ang kanyang pagka-
wasak. 21 Kaya tumakas pa-bundok ang
mga nasa Judea, umalis ang mga nasa
lunsod, at huwag nang bumalik doon ang
mga nasa bukid.

22 Sapagkat ito ang mga araw ng
paghihiganti sa kanya para matupad ang
lahat ng nasa Kasulatan. 23 Sawimpalad
ang mga nagdadalantao o mga inang
nagpapasuso sa mga araw na iyon.
Sapagkat matindi ang sasapit na kapa-
hamakan sa lupain at ang galit sa bayang
ito. 24 Mamamatay sila sa tabak, dadal-
hing bihag sa lahat ng bansa, *at yuyura-
kan ng mga bansang pagano ang Jerusa-
lem* hanggang mabuo ang panahon ng
mga bansa.

**Ang pagdating ng Anak ng Tao**

25 Magkakaroon ng mga tanda sa araw,
buwan at mga bituin. Sa lupa'y manga-
ngamba ang mga bansa dahil sa ugong at
alon ng dagat, at wala silang magagawa.
26 Hihimatayin ang mga tao dahil sa takot
at pagkabahala sa mga sasapitin ng sanli-
butan sapagkat mayayanig ang mga
puwersa ng sanlibutan. 27 At makikita nila
ang Anak ng Tao na dumarating na nasa
ulap na may Kapangyarihan at ganap na
Luwalhati.

**Mga tanda ng panahon**

28 Kung magsimula nang maganap ang
mga ito, tumindig kayo at tumunghay
dahil palapit na ang inyong katubusan."

29 At sinabi ni Jesus sa kanila ang isang
talinhaga: "Tingnan ninyo ang punong-
igos at ang ibang mga puno. 30 Pagkakita
ninyong nagdadahon na ang mga ito,
alam ninyong malapit na ang tag-init.
31 Gayundin naman, pag napansin ninyo
ang mga ito, alamin ninyong malapit na
ang paghahari ng Diyos. 32 Talagang sina-
sabi ko sa inyo na hindi lilipas ang
salinlahing ito at mangyayari ang lahat ng
ito. 33 Lilipas ang langit at lupa ngunit hindi
lilipas ang aking mga salita.

• 34 Mag-ingat kayo't baka bumigat ang

---

• 34. *Magbantay.* Matapos magsalita tungkol sa nalalapit na wakas ng Jerusalem (b. 28-32), nagsasalita naman si Lucas tungkol sa araw na tatapos sa kasaysayan ng tao sa pagdating ni Kristong Hukom (b. 34-36).

*Magbantay.* Hindi lamang para sa mga makaaalam ng araw na iyon ang imbitasyong ito kundi para sa lahat sa buong kasaysayan ng Iglesya.

*Magbantay at manalangin:* Mula sa panloob na disposisyon ng Kristiyano na laging gising at handa, dumadako tayo sa isang kaugalian ng Iglesya: mga pagtatanod at pananalangin na nagpapatuloy habang natutulog ang daigdig (tingnan Ef 6:18).

*Para maging marapat...* Ang pananalangin at mga pagtatanod ay para humingi ng tulong sa Diyos sa mabibigat na pagsubok na mauuna bago dumating si Kristo. Para makaiwas sa mga pagkakamali at mga panlilinlang (2 Tes 2:9), para manatiling banal at walang bahid sa harap ng Diyos (1 Tes 3:13). Nasasaad sa Ama Namin ang parehong alalahanin ng mga naghihintay sa pagdating ng Kaharian: "Huwag mo kaming ipahintulot sa tukso at iadya mo kami sa lahat ng masama."

Sa totoo'y hindi lamang tayo sa mga pagbagsak iniaadya ng pananalangin at pagtatanod. Kung mas mulat ang mananampalataya, mas nakikibayani ang Iglesya sa pagpapalago at pagpapabunga sa plano ng Diyos at pagpapadali sa pagdating ng Panginoon.

inyong mga isip sa mga bisyo, pagla-
lasing at mga intindihin sa buhay. At baka
bigla kayong datnan ng araw na iyon.
35 Babagsak itong parang bitag sa lahat ng
nasa lupa. 36 Kaya lagi kayong magbantay
at manalangin para maging marapat na
makatakas sa lahat ng mangyayaring ito
at makaharap sa Anak ng Tao."

37 Nagtuturo si Jesus sa Templo kung
araw, at sa gabi nama'y umaalis siya at
magdamag sa Bundok ng mga Olibo. 38 At
maaga siyang pinupuntahan ng buong
bayan sa Templo para makinig sa kanya.

**Pakana laban kay Jesus**

*(Mc 14:1; Mt 26:1)*

22 1 Malapit na ang Piyesta ng mga
Tinapay na Walang Lebadura na
tinatawag na Paskuwa. 2 At humahanap
pa ng paraan ang mga punong-pari at
mga guro ng Batas kung paano maili-
ligpit si Jesus sapagkat natatakot sila sa
bayan.

3 Ngunit pumasok si Satanas kay Judas
na tinatawag na Iskariote na isa sa Labin-
dalawa. 4 At pumunta siya para makipag-
usap sa mga punong-pari at sa mga
pinuno ng bantay sa Templo kung paano
ibibigay si Jesus sa kanila. 5 Kaya natuwa
sila at nagpasyang bigyan siya ng pilak.
6 Sumang-ayon siya at mula noo'y nag-
hanap na siya ng pagkakataon para ma-
ibigay si Jesus sa kanila nang walang mga
tao.

• 7 Sumapit ang Piyesta ng mga Tina-
pay na Walang Lebadura, kung kailan
dapat katayin ang mga tupang pam-
paskuwa. 8 Kaya pinapunta ni Jesus sina
Pedro at Juan sa pagsasabi sa kanila:
"Lumakad kayo at ihanda ang Paskuwang
ating kakanin." 9 Sinabi nila sa kanya:
"Saan mo gustong ihanda namin?" 10 Su-
magot siya: "Pagpasok ninyo sa lunsod,
sasalubungin kayo ng isang lalaking may
pasang isang bangang tubig. Sundan
ninyo siya sa bahay na pupuntahan niya,
11 at sabihin ninyo sa may-ari ng bahay:
'Ipinasasabi sa iyo ng Guro: Nasaan ang
kuwarto para pagsaluhan namin ng aking
mga alagad ang Hapunang Pampas-
kuwa?' 12 At ituturo niya sa inyo ang isang
malawak na silid sa itaas na may kagami-
tan. Doon kayo maghanda."

13 Lumakad sila at natagpuan ang lahat
ayon sa sinabi sa kanila, at inihanda nila
ang Paskuwa.

**Ang huling hapunan ng Panginoon**

*(Mc 14:2; Mt 26:17)*

• 14 Pag dating ng oras, lumapit siya sa
hapag kasama ang mga apostol. 15 At
sinabi niya sa kanila: "Pinanabikan kong
kanin ang Paskuwang ito na kasalo ninyo
bago ako magdusa. 16 At sinasabi ko sa
inyo: hindi na ako muling kakain nito
hanggang di ito matupad sa kaharian ng
Diyos."

---

• **22**.7. *Saan mo gustong ihanda namin ito?* Ito ang unang inaasikaso ng mga naglalakbay sa Jerusalem: ang humanap ng bahay na makakainan ng korderong isinakripisyo.

*Sasalubungin kayo ng isang lalaki.* Kadalasa'y mga babae ang nagdadala ng tapayan ng tubig kayat madaling makilala ang lalaking may tapayan. Alam ni Jesus na ipagkakanulo siya ni Judas kaya ayaw niyang ituro kaagad ang lugar na kakainan nila ng hapunan. Posibleng doon siya dakpin. Kaya isang propetikong kutob lamang ang kanyang pinanghawakan: ang Ama ang nagtakda ng lugar ng huling hapunan. Ang totoo'y bahay iyon ng isang lalaking mayaman na alagad ni Jesus sa Jerusalem. Malamang na ito rin ang bahay na pinagtipunan ng mga apostol pagkamatay ni Jesus at pinagsimulan ng Iglesya.

• 14. Tingnan ang paliwanag sa Marcos 14:12. *Lumapit si Jesus sa hapag,* o "humilig" o "humigang patagilid" gaya ng sinasabi sa Ebanghelyo ayon sa kaugalian sa mga bangkete ng mga maykaya; humihigang patagilid sa mga sopang nakapalibot sa hapag ang mga kumbidado.

Mahirap matiyak kung sa pagsasalu-salo sa korderong pampaskuwa nagsimula ang huling hapunang ito ni Jesus at nagwakas sa Eukaristiya, o kung ang eukaristiya lamang ang ipinagdiwang ni Jesus at hindi pinagsaluhan ang Paskuwa. Alinman dito ang nangyari, gustong ituro sa atin ng Ebanghelyo na kung ano ang pagsasalu-salo sa korderong pampaskuwa para sa bayang Israel, gayundin naman ang eukaristiya para sa Iglesya.

*Pagkatanggap sa kalis.* Sa hapunang pampas-

[17] At pagkatanggap sa kalis nagpa-
salamat siya at sinabi: "Kunin ninyo ito at
pagsaluhan. [18] Sinasabi ko nga sa inyo:
hindi na ako iinom mula ngayon ng galing
sa ubas hanggang dumating ang kaharian
ng Diyos." [19] Kumuha rin siya ng tinapay,
nagpasalamat, pinira-piraso ito at ibini-
gay sa kanila habang sinasabi: "Ito ang
aking katawan (na ibinibigay dahil sa
inyo; gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa
akin." [20] Pagkatapos ng hapunan, gayon
din ang ginawa niya sa kalis habang sina-
sabi: "Ang kalis na ito ang bagong tipan
sa aking dugo na ibinubuhos dahil sa
inyo.).
[21] Kasama ko naman sa hapag ang ka-
may ng nagtataksil sa akin. [22] Puma-
panaw ang Anak ng Tao ayon sa itinakda
pero sawimpalad ang taong nagkakanulo
sa kanya." [23] At nagsimula silang mag-
tanungan kung sino sa kanila ang maka-
gagawa nito.

**Huling pakikipag-usap kay Jesus**

*(Mc 10:42; Jn 13:1)*

• [24] Nagsimula sila noong magtalu-talo
kung sino sa kanila ang kikilalaning pina-
kadakila. [25] Kaya sinabi niya sa kanila:
"Sinusupil ng mga naghahari ang kani-
lang mga bansa at nagpapatawag na
'Tagatangkilik' ang mga nakapangyayari
sa kanila. [26] At huwag kayong maging ga-
nito; maging gaya ng pinakahuli ang pi-
nakadakila sa inyo at maging gaya ng
nagsisilbi ang pinuno. [27] Sino ba ang mas
dakila, ang nasa hapag o ang nagsisilbi?
Di ba't ang nasa hapag? At nasa piling
ninyo ako gaya ng nagsisilbi.
[28] Kayo ang nanatiling kasama ko sa
aking mga pagsubok [29] kaya itinatakda ko

---

kuwa, apat na kalis ang sunud-sunod na iniaabot sa namumuno sa pagdiriwang. Pagpapalain niya ang mga iyon at ipapasa naman ng mga kasama sa pagdiriwang.

*Hindi na ako iinom mula ngayon ng galing sa ubas.* Inaalaala na para sa mga Judio ipinagpapauna na ng hapunang pampaskuwa ang bangkete sa Kaharian ng Diyos. Sa gabing 'yon, nagkakatotoo ito para kay Jesus sa isang espesyal na paraan.

*Ito ang aking katawan.* Ang konsagradong tinapay ba ang sagisag ng katawan ni Kristo o ito mismo ang katawan ni Kristo? Marami nang malalaking kontrobersya tungkol dito ang namagitan sa mga Katoliko at mga Protestante. Para sa Katoliko, tunay na katawan ni Kristo ang tinapay; para naman sa Protestante, wala ang pisikal na presensya ng katawan ni Kristo sa tinapay at pawang sagisag lamang. Kapwa nagsisikap ang dalawa na magkaunawaan tungkol dito.

Sinasabi ng Iglesya na parehong larawan at katotohanan ang konsagradong tinapay. Hindi isang pisikal o materyal na presensya ang presensya ng katawan para masabi nating "Narito ngayon sa mesa si Jesus." Narito nga ang katawan ni Kristo pero sa pamamagitan ng isang tanda o sakramento ng tinapay at alak. Tinatang-gap natin sa komunyon ang katawan ni Kristong nabuhay (isa pa itong dahilan para isipin na hindi ito materyal na presensya kundi ibang klase, di nangangahulugang di-kasintotoo, pero naiiba). Isang mahiwagang katotohanan ng pagniniig ang kanyang presensya para sa nananampalatayang nangungumunyon. Hindi para gawing mas naririto si Jesus ang pangunahing layunin ng eukaristiya kundi para sariwain at patatagin ang komunyon o pagkakabuklod ni Jesus at ng mga nakikisalo sa hapag ng Panginoon.

*Dugo na ibinuhos dahil sa inyo.* Ibinibigay sa atin ni Jesus ang kahulugan ng kanyang kamatayan. Siya ang magiging Lingkod ni Yawe na ibinalita ni Isaias (53:12) na siyang aako sa mga kasalanan *ng marami.* Kaya sinasabi ni Jesus sa mga ebanghelyo nina Mateo at Marcos: "Ang aking dugong ibinuhos para *sa marami.*" Ang mga Kristiyano ang unang bumubuo sa maraming ito, kaya nababasa natin dito: *ibinubuhos dahil sa inyo* gaya ng nasusulat sa 1 Cor 11:24.

*Ang bagong tipan.* Tingnan ang paliwanag sa Marcos 14:12.

*Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin.* Sa mga salitang ito itinatatag ni Jesus ang eukaristiya kung paanong ipagdiriwang ito ng Iglesya. *Bilang pag-alaala sa akin:* hindi para gunitain ang isang patay. Sa Piyesta ng Paskuwa inaalaala ng mga Judio ang pagkilos ng Diyos na nagligtas sa kanila mula sa Ehipto; inaalaala naman natin sa eukaristiya ang pagkilos ng Diyos na nagligtas sa atin sa pamamagitan ng sakripisyo ng kanyang Anak.

*Mga salitang wala sa maraming matatandang manuskrito ang nasa parentesis ng b. 20-21, at marahil ay hindi Ebanghelyo ni Lucas.*

• 24. Matapos isalaysay ang Huling Hapunan (Mc 14:12), inilalahad ni Lucas ang ilang sinalita ni Jesus pagkakain kung saan namaalam si Jesus sa kanyang mga apostol. Sa totoo'y nag-iisa si Jesus, putol na ang ugnayan niya at ng kanyang mga alagad. Parang wala silang natutuhan sa loob ng maraming buwan, at sa katapusan ng Huling Hapunang ito na walang iba kundi ang unang Eukaristiya, mga makalupang kaabalahan ang tangi nilang sinasabi.

Nag-aagawan ang mga apostol para sa unang

ang pagkahari ninyo, gaya ng itinakda sa
akin ng aking Ama. 30 Kakain kayo at
iinom sa aking hapag sa aking kaharian,
at luluklok kayo sa mga trono at mama-
mahala sa labindalawang tribu ng Israel.

31 Simon, Simon, hiningi ni Satanas na
salain kayong tulad ng trigo 32 pero ipi-
nagdasal kita nang di bumagsak ang
iyong pananampalataya. At pagbabalik-
loob mo naman, patatatagin mo ang
iyong mga kapatid." 33 Sinabi naman ni
Pedro: "Panginoon, handa akong suma-
ma sa iyo sa kulungan man at kama-
tayan." 34 Ngunit sinabi sa kanya ni Jesus:
"Sinasabi ko sa iyo, Pedro: bago tumilaok
ang tandang ngayon, tatlong beses mo
akong itatatwa."

35 Tinanong sila ni Jesus: "Nang isugo
ko kayong walang pitaka, bag o sandal-
yas, nagkulang ba kayo ng anuman?" Su-
magot sila: "Hindi." 36 At sinabi ni Jesus:
"Ngayon naman, magdala ang may pita-
ka, gayon din ang may bag; at kung may
walang tabak, ipagbili niya ang kanyang
balabal para bumili. 37 Sapagkat sinasabi
ko sa inyo na matutupad sa akin ang
Kasulatang ito: '*Ibinilang siya sa masa-
sama.*' Halos tapos na ang mga sinulat
tungkol sa akin."

38 Sinabi nila: "Panginoon, heto ang da-
lawang tabak." Sumagot siya: "Tama na!"

**Getsemane**

*(Mc 14:32)*

• 39 Lumabas si Jesus at pumunta siya
tulad ng dati sa Bundok ng mga Olibo;
kasama rin niya ang mga alagad. 40 Pag-
dating sa lugar, sinabi niya sa kanila:
"Manalangin kayo upang di madala sa
tukso."

41 Lumayo siya sa kanila na mga isang
pukol ng bato ang layo, lumuhod at nana-
langin: 42 "Ama, kung gusto mo, alisin mo
sa akin ang kalis na ito. Gayunma'y
huwag ang kalooban ko kundi ang sa iyo
ang masunod." 43 At napakita sa kanya
ang isang anghel mula sa langit at pi-
nalakas siya.

44 Simbigat ng kamatayan ang kanyang
nadama kaya nanalangin siya nang mas
taimtim pa; ngunit pinawisan siya ng ma-
lalaking patak ng dugo na pumatak sa
lupa. 45 Matapos manalangin, tumayo siya
at bumalik sa mga alagad na nakita
niyang natutulog dahil sa lungkot. 46 Sina-
bi niya sa kanila: "Bakit kayo natutulog?
Bumangon at manalangin upang di ma-
dala sa tukso."

---

puwesto sa Kaharian. Ano kayang paniwala ang meron pa sila tungkol sa Kaharian? Habang naghahapunan, si Jesus ang naglingkod na parang utusan sa bahay (Jn 13:1).

Hindi nasisiraan ng loob si Jesus sa pagkakitang hindi niya katono ang mga apostol habang papaikli na ang kanyang panahon. Ipinaubaya na niya sa Ama ang kanyang buhay at gawa. Kung waring mabigo man siya, alam niyang pagkamatay niya, kasama niyang mabubuhay ang kanyang gawa. Kaya sinisiguro niya sa kanyang mga apostol ang kanyang mga pangako.

*Luluklok kayo...* Napakahirap para sa atin ang intindihin ang katapatan ni Jesus sa kanyang mga tao. Lahat ng kanya ay para ibahagi sa mga nagtalaga ng sarili sa kanyang gawa. *Ang labindalawang tribu ng Israel* o ang buong bayan ng Diyos. Kaya hinihingi ni Jesus sa ating lahat na galing sa maraming bansa na tanggapin ang pananampalataya ng mga apostol.

Naniniwala si Pedro na magiging mas matatag siya kaysa iba dahil siya ang lider. Subalit ang hinaharap na misyon ni Pedro ang nakikita ni Jesus. Kayat sa kabila ng pagkadapa ni Pedro, gusto pa rin siyang bigyan ni Jesus ng isang natatanging grasya para mapatatag niya ang iba. Ganito ang pamamaraan ni Jesus: *Inililigtas niya ang naliligaw,* at sa pagkakita niya kay Pedro sa walang-lunas na kahinaan ng tao, ginagamit niya si Pedro para bigyan ang Iglesya ng katatagan na di mahahangad ng anumang lipunan ng tao. Dahil nga rin sa mga Papa na mga kahalili ni Pedro ang pagpapatuloy ng Iglesya sa loob ng mga dantaon.

At sa huli'y gumagamit si Jesus ng mga paglalarawan para sabihing nalalapit na ang krisis na maraming beses nang ibinalita: hindi ito gaanong naintindihan ng mga apostol kaya naghanap sila ng mga tabak.

• 39. Lumalabas na ipinagdiwang ni Jesus ang Paskuwa sa isang bahay sa timog-kanluran ng matandang siyudad ng Jerusalem. Bumaba siya sa hagdan-hagdang kalye na dating ilog ng Tiropeon, umahon sa baryo ng Ofel na matandang siyudad ni David para makababa sa Batis ng Kidron, na halos laging tuyo. Mula roon, umakyat siya siguro sa Bundok

47 Nagsasalita pa siya nang dumating
ang isang grupo ng mga tao. At ang lala-
king nagngangalang Judas na isa sa
Labindalawa ang nangunguna sa kanila.
Lumapit ito kay Jesus para halikan siya.
48 Sinabi ni Jesus: "Judas, ano't isang
halik para ipagkanulo ang Anak ng
Tao?"

49 Nang malaman ng mga kasama ni
Jesus ang maaaring mangyari, sinabi nila
sa kanya: "Panginoon, gagamitin ba
namin ang tabak?" 50 At tinaga ng isa sa
kanila ang katulong ng Punong-pari at
naputol ang kanang tainga nito. 51 Ngunit
nagsalita si Jesus: "Tama na." At hinipo
niya ang tainga ng katulong at pinagal-
ing.

52 Sinabi ni Jesus sa dumating na mga
punong-pari, mga pinuno ng mga bantay
sa Templo at Matatanda: "Isa ba akong
tulisan at pumarito kayong may mga
tabak at pamalo? 53 Nasa Templo ako
araw-araw sa piling ninyo at hindi ninyo
ako dinakip; ngunit narito na ang oras
ninyo at ang kapangyarihan ng kadi-
liman."

**Paglilitis kay Jesus, pagtatatwa ni Pedro**

*(Mc 14:53; Mt 26:57)*

• 54 Pagkadakip sa kanya, dinala nila
siya at ipinasok sa bahay ng Punong- pari;
sinundan naman siya ni Pedro sa malayo.

55 Nagsiga sila sa gitna ng patyo, at
nakiupo si Pedro sa gitna nila. 56 Nakita
siya ng isang aliping babae habang na-
kaupo siya na naliliwanagan ng apoy,

---

ng Mga Olibo na tinawag nang ganoon dahil puno ng mga punong-olibo ang kanlurang paahong bahagi nito. Nagpunta si Jesus sa isang hardin na tinatawag na Getsemane, na ibig sabihi'y "pisaan ng langis". Malamang na pag-aari ito ng isa sa mga alagad ni Jesus dahil madalas siyang magpunta roon (Jn 18:2).

Wala sa ilang matatandang kopya ng Ebanghelyo ang mga berso 43 at 44. Siguro'y inalis ang mga ito sapagkat marami ang naeskandalo sa patotoong ito sa "kahinaan" ni Kristo.

*Simbigat ng kamatayan ang kanyang nadama.* Hinaharap ni Jesus ang isang napakabigat na larawan ng kasalanan ng mundo na dumagan sa kanya sanhi ng presensya ng Amang Banal. Lubha tayong nagkakamali kung iniisip nating maiintindihan ang nadama ni Jesus bago siya namatay, ayon sa sikolohiya ng karaniwang tao na nangangamba para sa sariling buhay. Pero sa kasaysayan ng Iglesya, may matatagpuan tayong ilang tao na dahil sa grasya ng Diyos ay umabot sa isang paraan ng pagdama, paghihirap at pag-unawa at pagmamahal na lubhang kaiba sa ating karanasan. Sa pamamagitan nila medyo naiintindihan natin kung ano ang naging paghihirap ni Jesus.

*Isang anghel mula sa langit.* Kung minsa'y binabanggit ng Biblia ang isang anghel para sabihing kumikilos ang Diyos sa isang mahiwagang paraan sa pagpapalakas-loob, pagtuturo at pagpaparusa... Ipinaaalala sa atin ng anghel na ito ang dumating para palakasin ang loob ni Elias (1 H 19:4). Dapat nating maintindihan na binigyan ng Diyos si Jesus sa mga sandaling iyon ng supernatural na tulong pagkat kung wala ito'y tiyak na mauubusan siya ng lakas bilang tao.

*Pinawisan siya ng dugo.* Alam ng mga doktor ang sintomas na ito at matinding tensiyon at pagdurusa ang ipinakikita nito. Ang siyentipikong pagsusuri sa tela ng Turin ay nagpapatunay sa detalyeng ito ni Lucas.

Ang oras at paraan ng pag-aresto kay Jesus ay angkop lamang sa mga gumagawa ng masama, na ibinubunsod ng Puwersa ng Kadiliman. May mga pagkakataong para bang naglaho na sa lupa ang lahat ng pag-asa at katarungan.

*BAKIT NILA SIYA PINATAY?*

• 54. Tungkol sa dalawang paglilitis kay Jesus na isa'y panrelihiyon at pulitikal naman ang isa pa, tingnan ang paliwanag sa Marcos 14:53.

Ang paraan ng paglilitis at paghahatol ng kamatayan kay Jesus ay di gaanong naiiba sa nangyari sa maraming aktibo at martir na Kristiyano. Hindi kailanman krimen sa alinmang bansa ang higit na pagpapahalaga sa pakikitungo sa mga dukha at pagtuturo sa mga taumbayan upang maging malaya sila at responsable. Subalit sapat nang dahilan ito sa anumang panahon para maghatid ng mga pag-uusig.

Nabanggit na natin na nangaral si Jesus sa gitna ng napakahirap na sitwasyon dahil nasakop ang kanyang bansa ng mga manlulupig na Romano kayat anumang mensahe niya tungkol sa kalayaa'y pinagdududahang subersibo.

Tiyak na sobra-sobra ang mga dahilan para mamuhi kay Jesus ang mga tao. Pero itinatala ng Ebanghelyo na sa pinakamahalagang bahagi ng kanyang aral nakatuon ang mga akusasyon sa kanya. Hinatulan nila si Jesus sapagkat hangad niyang magpakadiyos: *uupo sa kanan ng Diyos ang Kristong Anak ng Diyos sapagkat sa totoo'y galing siya sa Diyos.*

Ang mga punong pari noo'y galing sa mayayamaning angkan na nag-aagawan sa puwesto dahil mapakikinabangan nila ang pera ng Templo. Kilala si Anas at ang kanyang mga anak (at ang kanyang manugang na si Caifas) sa pagpapatahimik sa mga protesta sa pamamagitan ng mga batuta ng kanilang mga guwardiyang bumubuo ng isang ilegal na grupong

tinitigan siya nito at sinabi: "Kasama rin ni Jesus ang taong ito." 57 Pero tumanggi si Pedro: "Babae, hindi ko siya kilala."

58 Pagkalipas ng ilang sandali, may lalaki namang nakakita sa kanya at sinabi nito: "Isa ka rin sa kanila." Ngunit sumagot si Pedro: "Hindi, Pare." 59 Pagkaraan ng mga isang oras pa, may buong tapang namang nagsabi: "Kasama niya talaga siya; taga-Galilea siya, a."

60 Ngunit sinabi ni Pedro: "Kaibigan, wala akong alam sa sinasabi mo." Nagsasalita pa siya nang tumilaok ang tandang. 61 At lumingon ang Panginoon at tinitigan si Pedro. Kayat naalaala niya ang salitang sinabi sa kanya ng Panginoon: "Bago tumilaok ang tandang, tatlong beses mo akong itatatwa." 62 At lumabas si Pedro na buong kapaitang umiiyak.

63 Pinagtatawanan naman at hinahampas si Jesus ng mga nagbabantay sa kanya. 64 Piniringan nila siya at tinatanong: "Sino ang humampas sa iyo? Hulaan mo." 65 At marami silang insultong pinagsasabi sa kanya.

66 Kinaumagahan, nagkatipon ang Matatanda ng bayan, ang mga punong-pari at mga guro ng Batas, at iniharap siya sa kanilang kapulungan. 67 Sinabi nila sa kanya: "Sabihin mo sa amin kung ikaw ang Kristo." Sumagot si Jesus: "Kung sasabihin ko sa inyo, hindi kayo maniniwala; 68 at kung tatanungin ko kayo, hindi kayo sasagot. 69 Pero mula ngayon, *uupo ang Anak ng Tao sa kanan ng Kapangyarihan ng Diyos.*"

70 Sinabi nilang lahat: "Kung gayon, ikaw ba ang Anak ng Diyos?" Sumagot si Jesus: "Sinasabi ninyo; ako nga." 71 Sinabi nila: "Ano pang patotoo ang hahanapin natin? Tayo na mismo ang nakarinig sa sarili niyang bibig."

**Si Jesus sa harap ni Pilato**

*(Mt 27:1; Mk 15:1; Jn 18:28)*

**23** • 1 At tumindig silang lahat at dinala si Jesus kay Pilato. 2 Doon nila siya sinimulang paratangan: "Napatunayan naming ginugulo ng taong ito ang aming bayan; tumututol siya sa pagbubuwis sa Cesar at sabi niya'y siya ang Kristong Hari."

3 Tinanong siya ni Pilato: "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?" Sumagot si Jesus: "Ikaw ang nagsasabi." 4 Nagsalita si Pilato sa mga punong-pari at sa mga tao: "Wala akong nakikitang kasalanan sa taong ito." 5 Pero nagpumilit sila at sinabi: "Nangangaral siya sa buong lupain ng mga Judio at ginugulo ang bayan. Galing pa siya sa Galilea at ngayo'y narito na siya."

6 Nang marinig ito ni Pilato, itinanong niya kung taga-Galilea nga ang tao. 7 Nang malaman niya na tagaroon si Jesus at saklaw ni Herodes, ipinadala niya siya kay Herodes na nagkataon namang nasa Jerusalem din nang mga araw na iyon.

8 Tuwang-tuwa si Herodes nang makita niya si Jesus dahil matagal na niya itong gustong makita; marami ang nabalitaan niya tungkol kay Jesus at umaasa siyang gagawa ito ng himala sa harap niya. 9 Kaya matagal niyang tinanong si Jesus pero hindi ito sumagot.

10 Naroon naman ang mga punong-pari at mga guro ng Batas, at walang tigil na nagpaparatang sa kanya. 11 Pagkatapos ay hinamak at ininsulto si Jesus ni Herodes at ng kanyang mga sundalo. At

---

militar. Lumalabas sila ritong kahanay ng mga Pinuno ng mga Judio o Mga Matatanda na mula sa pinakamayayamang angkan.

• **23.1** Ayaw hatulan ni Pilato si Jesus, isang dahilan nito ang pagkapoot niya sa mga paring Judio kaya ipinadala niya si Jesus kay Herodes. Sa pagsusuot kay Jesus ng damit-hari, itinuring siya ni Herodes na isang baliw na nagpapanggap na hari.

*Sa araw ding iyon naging magkaibigan sina Herodes at Pilato.* Sapagkat sa kabila ng kanilang pagkakaiba, nakita nilang kabilang sila sa iisang klase ng mga taong may kapangyarihan para paglaruan ang buhay ng isang karaniwang tao.

ipinabalik niya siya kay Pilato matapos
bihisan ng damit-hari. 12 At sa araw ring
iyon naging magkaibigan sina Herodes at
Pilato na dating magkaaway.

13 Tinawag ni Pilato ang mga punong-
pari, ang Matatanda at ang bayan, 14 at
sinabi sa kanila: "Iniharap ninyo sa akin
ang taong ito na parang isang nanggu-
gulo sa bayan. Pagkatanong ko ngayon
sa kanya sa harap ninyo, wala akong
nakitang batayan ng inyong mga para-
tang sa kanya. 15 At ni si Herodes, haya't
ipinabalik niya siya sa akin. Maliwanag
na walang nagagawa ang taong ito para
hatulan ng kamatayan. 16 Kaya paka-
kawalan ko siya matapos maipaha-
gupit."

• 18 Pero sabay-sabay na nagsigawan
ang mga tao: "Patayin ang taong iyan at si
Barabbas ang pakawalan!" 19 Ibinilanggo
ang taong iyon dahil sa pagpatay at sa
isang pag-aalsang nangyari sa lunsod.

20 Gusto ni Pilatong pakawalan si Jesus
kaya muli siyang nagsalita sa kanila.
21 Pero nagpatuloy sila sa pagsigaw:
"Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus!"
22 Ikatlong beses niyang sinabi sa kanila:
"Anong masama ang ginawa niya? Wala
akong nakitang dahilan para ipapatay
siya. Kaya ipahahagupit ko siya at paka-
kawalan."

23 Pero patuloy silang sumigaw nang
malakas at hininging ipako siya sa krus at
lalo pang lumakas ang kanilang sigawan.
24 Kaya ipinasya ni Pilato na gawin ang
kanilang hinihingi. 25 Pinakawalan niya
ang taong kanilang hinihingi na nabi-
langgo dahil sa paghihimagsik at pag-
patay, at ipinaubaya si Jesus sa kanilang
kagustuhan.

**Ang daan ng krus**

*(Mt 27:32; Mk 15:16)*

26 Nang dalhin siya nila, pinilit nila ang
isang nagngangalang Simon na taga-
Cirene na galing sa bukid at ipinapasan
dito ang krus para dalhing kasunod ni
Jesus.

• 27 Napakaraming tao ang sumusunod
sa kanya, kasama ang mga babaeng
nananaghoy at tumatangis dahil sa
kanya. 28 Lumingon sa kanila si Jesus at
sinabi: "Mga kababaihan ng Jerusalem,
huwag ako ang inyong iyakan kundi para
sa inyong mga sarili at sa inyong mga
anak kayo umiyak. 29 Sapagkat palapit
na ang panahon na sasabihin: 'Mapa-
palad ang mga baog, ang mga babaeng
di nagkaanak at mga dibdib na di nag-
pasuso.' 30 At sasabihin nila sa mga bun-
dok, '*Bumagsak kayo sa amin,*' at sa
mga burol, '*Tabunan ninyo kami.*' 31 Sa-
pagkat kung ganito ang ginagawa sa
kahoy na sariwa, ano pa kaya ang ga-
gawin sa tuyo?"

32 Dinala ring kasama ni Jesus ang da-
lawa pang kriminal para bitayin. 33 Du-
mating sila sa lugar na tinatawag na
Kalbaryo, at doon nila siya ipinako sa
krus kasama ng mga kriminal, isa sa

---

• 18. Malamang na isang terorista si Barrabas na nanggugulo sa mga Romanong maniniil. Namumuhi sa gayong klase ng tao ang mga punong- paring naghahangad magkaroon ng kapayapaan sa mga Romano. Pero sila pa ang humimok sa bayan na hingin ang kalayaan ni Barrabas. At pinakinggan naman sila ng bayan kahit na namumuhi ang mga ito sa mga pari. Kaya pumalpak tuloy ang plano ni Pilato – gusto sana niyang palayain si Jesus.

• 27. *Ano pa kaya ang gagawin sa tuyo?* Itinuro ni Jesus na mabunga ang sakripisyong tinatanggap; pero ipinagdadalamhati niya sa mga sandaling iyon ang mga walang-saysay na pagdurusa ng isang bayang pinalampas ang pagkakataon at mawawasak dahil sa sarili nilang kagagawan.

Para rin sa lahat ng nagpapawalang-saysay sa dugo ni Kristo para sa kanilang sarili ang salitang ito.

Si Lucas lamang ang tanging ebanghelistang nagbibigay-pansin sa pakikiramay na ito ng napakaraming tao, lalo na ng mga babae. Taliwas sa pagpipilit ni Mateo sa pananagutan ng bayang Judio, gusto namang bigyang-diin ni Lucas na marami ang napukaw ng hatol kay Jesus. Ipinaaalaala ng mga salita ni Jesus ang sinabi na niya tungkol sa pagkawasak ng bayang Israel (Mc 13).

kanan at isa sa kaliwa. 34 (At sinabi ni
Jesus: “Ama, patawarin mo sila sapagkat
hindi nila nalalaman ang kanilang gina-
gawa.”) At *pinaghati-hatian sa sugal ang
kanyang mga damit.*

35 Naroon ang mga tao na nakatingin.
Pinagtatawanan naman siya ng mga
pinuno: “Nailigtas niya ang iba, iligtas din
niya ngayon ang kanyang sarili kung siya
ang Kristo, ang Hinirang.”

36 Pinagtawanan din siya ng mga sun-
dalong lumapit para painumin siya ng
alak na may halong suka. 37 Sinabi nila:
“Kung ikaw ang Hari ng mga Judio, iligtas
mo ngayon ang iyong sarili.” 38 May naka-
sulat nga sa wikang Griyego, Latin at He-
breo sa kanyang ulunan: “Ito ang Hari ng
mga Judio.”

• 39 Ininsulto rin siya ng isa sa mga kri-
minal na nakapako sa krus: “Di ba't ikaw
ang Kristo? Iligtas mo ang iyong sarili pati
kami.” 40 Pero pinagsabihan iyon ng isa
pang kriminal: “Wala ka bang pitagan sa
Diyos, ikaw na gayon ding pagdurusa ang
dinaranas? 41 At bagay ito sa atin sapag-
kat tinatanggap lamang natin ang narara-
pat sa ating mga ginawa. Ngunit wala
naman siyang nagagawang masama.”
42 At sinabi pa niya: “Jesus, alalahanin mo
ako pagdating mo sa iyong kaharian.”
43 Sumagot si Jesus: “Talagang sinasabi
ko sa iyo: sa araw na ito, makakasama
kita sa Paraiso.”

44 Nang mag-aalas dose na, nagdilim
sa buong lupain hanggang alas tres –
45 naglaho ang araw. At napunit naman sa
gitna ang kurtina ng Templo. 46 Malakas
na sumigaw noon si Jesus: “Ama, sa mga
kamay mo ipinagkakatiwala ko ang aking
espiritu.” At pagkasabi nito, nalagot ang
kanyang hininga.

47 Nang makita ng kapitan ang nang-
yari, ipinahayag niya ang katotohanan;
sinabi niya: “Talaga ngang matuwid ang
taong ito.” 48 Umuwi naman ang lahat ng
nagkakatipon sa panooring ito, na dina-
dagukan ang kanilang dibdib pagkakita
sa nangyari. 49 *Nakatayo sa malayo ang
lahat niyang kakilala* pati ang mga ba-
baeng sumunod sa kanya mula sa Galilea,
at nasaksihan nila ang lahat ng ito.

50 May isang lalaki na nagngangalang
Jose, kagawad siya ng Sanhedrin; isa
siyang taong butihin at matuwid. 51 Hindi
siya sumang-ayon sa pasya at gawa ng
iba. Hinihintay ng lalaking ito na taga-
Arimatea na bayan ng Juda ang kaharian
ng Diyos. 52 Kaya humarap siya kay Pi-
lato at hiningi ang katawan ni Jesus.
53 Ibinaba niya ito at binalot sa telang
linen, at saka inilagay sa isang libingang
inuka sa bato na hindi pa napaglilibingan
ng sinuman.

54 Araw ng Paghahanda noon at nagsi-
simula na ang Araw ng Pahinga. 55 Su-
munod kay Jose ang mga babaeng nag-
lakad mula sa Galilea na kasama ni

---

• 39. Inilagay ng mga pinuno ng mga Judio si Jesus sa dapat nitong kalagyan, dahil ipinasya nitong pasanin ang ating mga kasalanan. Tiningnan ng dalawang lalaki ang dumating para makibahagi sa kanilang kapalaran at mamamatay na kasama nila.

*Makakasama kita sa Paraiso.* Ano ba ang Paraiso? Kulang tayo sa tamang mga salita para sabihin kung ano ang kabilang buhay. Sa panahon ni Jesus, inihambing ng mga Judio ang Lugar ng Mga Patay sa isang malawak na lupaing nahahati sa mga rehiyong pinagbubukud-bukod ng di-malalampasang mga harang. Ang *impiyerno* ang isa sa mga rehiyong iyon, reserbado ito para sa masasama at walang makalalabas mula roon. Iba naman ang *Paraiso* kung saan makakapiling ng mabubuti ang mga unang ninuno ng banal na bayan na naghihintay sa panahon ng pagkabuhay.

*Makakasama kita*, ang sabi ni Jesus, na ibig sabihi'y kasama ng Tagapagligtas na sa loob ng isang araw at kalahati'y nasa kapayapaa't kagalakan ng Diyos bago mabuhay. Binibigyang-kapanatagan tayo ng pangungusap na ito tungkol sa ating kapalaran pagkamatay natin, kahit na hindi natin malalaman kung ano ang mangyayari sa atin bago ang Muling Pagkabuhay. Hindi tayo makadarama ng pamamanhid o titigil sa pag-iral gaya ng sinasabi ng ilan kundi mapapasaatin ang lahat, kapiling si Jesus na dumating para makibahagi sa kamatayan at pamamahinga ng kanyang mga kapatid (tingnan Fil 1:23 at Pag 14:13).

Jesus. Tiningnan nila ang libingan at ang
pagkakalagay sa kanyang katawan. 56 At
saka sila umuwi at naghanda ng mga
pabango at mira. At nagpahinga sila sa
Araw ng Pahinga, ayon sa kautusan.

**Nabuhay ang Panginoon**

*(Mc 16:8; Mt 28:1)*

**24** • 1 Sa unang araw ng sanlinggo,
maagang-maagang nagpunta sa
libingan ang mga babae, dala ang mga
pabangong inihanda nila. 2 Nang makita
nilang naigulong na ang bato sa libingan,
3 pumasok sila pero hindi nila nakita roon
ang katawan ng Panginoong Jesus.

4 At habang nalilito sila dahil dito, da-
lawang lalaking may nakasisilaw na damit
ang napakita sa kanila. 5 Sumubsob sa
lupa ang mga babae sa takot ngunit
kinausap sila ng mga ito: "Bakit sa piling
ng mga patay ninyo hinahanap siyang
nabubuhay? 6 Wala siya rito, binuhay siya.
Alalahanin ninyo ang sinabi niya sa inyo
nang nasa Galilea pa siya: 7 'Kailangang
ibigay ang Anak ng Tao sa kamay ng mga
makasalanan, ipako sa krus at mabuhay
sa ikatlong araw'." 8 At naalaala nila ang
sinabi ni Jesus.

9 Pagbabalik nila mula sa libingan, ibi-
nalita nila ito sa Labing-isa at sa lahat.
10 Sila sina Maria Magdalena, Juana at
Mariang ina ni Jaime. At gayon din ang
sinabi sa mga apostol ng iba pang mga
babaeng kasama nila. 11 Pero hindi sila
naniwala sa kanila kundi inakala nilang
guniguni lamang ang lahat ng ito. 12 Ga-
yon pa man, tumindig si Pedro at tumak-
bo sa libingan; yumuko siya at ang mga
telang linen lamang ang nakita, at umu-
wing nagtataka sa nangyari.

**Ang daan pa-Emmaus**

*(Mc 16:12)*

• 13 Nang araw ring iyon, dalawa sa
mga alagad ang naglalakad pa-Emmaus
na isang nayong mga labinlimang kilo-

---

• **24.**1 *Ang Panginoong Jesus.* Panginoon ngayon si Jesus. Sa paggamit sa titulong ito na bihira sa ibang bahagi ng Ebanghelyo pero madalas gamitin sa mga unang taon ng Iglesya, ipinakikita sa atin ni Lucas na ang Jesus na Muling Nabuhay ay pumasok na sa isang uri ng buhay na kaiba sa kanyang mortal na buhay. Alalahanin natin ang mga sumusunod:

1) Wala isa man sa mga Ebanghelyo ang naglalarawan sa pagkabuhay ni Jesus: isa itong pangyayari na hindi makikita.

2) Sa dalawang bagay nasasalalay ang pangangaral ng mga apostol tungkol kay Jesus na Muling Nabuhay: ang libingang walang laman at ang mga pagpapakita (tingnan ang paliwanag sa Mt 28:1).

3) Bago sinulat ang mga Ebanghelyo, may lista na ng mga pagpapakitang ibinibigay ang unang sulat ni Pablo sa mga taga-Corinto noong taong 57 (1 Cor 15:3).

4) Kahit nagkakaisa ang apat na Ebanghelyo tungkol sa mahahalagang bagay, nagkakaiba naman sila sa pagkakasunod ng mga pagpapakita ni Jesus at sa mga lugar na pinangyarihan ng mga ito. Walang binabanggit si Lucas tungkol sa mga pagpapakita sa Galilea samantalang ipinahihiwatig naman ni Mateo na sa Galilea nangyari ang lahat ng importante at doon din naganap ang Pag-akyat sa langit. Inilalahad naman ni Pablo ang isang pagpapakita kay Pedro pero wala siyang binabanggit na pagpapakita kay Maria Magdalena. Medyo nililinaw ng isang malalim na pag-aaral sa mga tekstong ito ang mga di-pagkakatugmang ito: ayaw nilang sabihin ang lahat, at kung minsa'y mas gusto nilang baguhin ang mga detalye tungkol sa lugar o panahon ng pangyayari para iakma sa hinihingi ng kanilang libro at para na rin sa pagtuturo.

5) Tungkol naman sa pag-akyat ni Jesus, hindi ito isang "biyahe" ni Jesus sa langit. "Nasa langit" na siya o nakibahagi na sa Luwalhati ng Ama mula pa sa sandali ng muli niyang Pagkabuhay. Pinakahuli lamang sa mga pagpapakita ni Jesus ang Pag-akyat sa langit (tingnan ang paliwanag sa Mga Gawa 1:9).

• 13. Pauwi lamang ang dalawang alagad na ito para bumalik sa kanilang trabaho matapos maglaho ang kanilang mga pag-asa. Pero nakaugalian nang tawagin silang *"mga manlalakbay"* ng Emmaus.

Bayang naglalakbay ang bayang Judio, ang bayang Israel dahil hindi sila kailanman nagkaroon ng pagkakataong magpahinga sa daan. Napakaraming yugto meron ang kanilang paglalakbay: ang paglabas mula sa Ehipto, ang pagsakop sa Lupa, ang mga pakikipaglaban sa mga mananakop, ang pagbubuo sa isang kulturang base sa relihiyon. Lagi na lamang nilang iniisip na malulutas ang kanilang problema sa oras na marating nila ang kanilang minimithi. At lagi rin naman nilang dapat na makitang sa mas malayo pa sila dinadala ng daan.

Mga manlalakbay din si Cleofas at ang kanyang kasamahan dahil sa pagsunod nila kay Jesus na inakala nilang siyang *tutubos sa Israel.* Pero sa huli'y kamatayan lamang ni Jesus ang nangyari. At lumitaw si Jesus sa sandaling iyon, at itinuro niya sa kanila na

metro mula sa Jerusalem. 14 Pinag-uusapan nila ang mga nangyari. 15 Sa kanilang pag-uusap at pagtatalakayan, lumapit si Jesus at nakisabay sa paglakad nila 16 pero parang may kung anong hadlang sa kanilang mga mata at hindi nila siya nakilala.

17 Tinanong niya sila: "Ano ba ang pinag-uusapan ninyo sa daan?" Tumigil silang mukhang malungkot. 18 Sumagot ang isa sa kanila na nagngangalang Cleofas: "Bakit, mukhang ikaw lang ang kaisa-isahan sa Jerusalem na di alam ang mga nangyari roon nitong mga ilang araw?"

19 Itinanong niya: "Ano?" Sumagot sila: "Tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Sa paningin ng Diyos at ng buong baya'y isa siyang propetang makapangyarihan sa gawa at salita. 20 Ngunit isinakdal siya ng aming mga punong-pari at mga pinuno para mahatulang mamatay at ipinako siya sa krus. 21 Umaasa pa naman kaming siya ang tutubos sa Israel ngunit ikatlong araw na ngayon mula nang mangyari ang lahat ng ito.

22 Sa totoo'y ginulat kami ng ilang babaeng kasama namin. Maaga silang pumunta sa libingan 23 pero hindi nila nakita ang kanyang katawan kaya dumating sila at sinabi sa amin na nakakita pa raw sila ng aparisyon ng mga anghel na nagsabi sa kanila na buhay siya. 24 Nagpunta rin sa libingan ang ilan sa amin at natagpuan nga nila ang sinasabi ng mga babae pero hindi nila siya nakita."

25 Sinabi sa kanila ni Jesus: "Mga hindi makaunawa at mapupurol ang isip para maniwala sa lahat ng ipinahayag ng mga propeta. 26 Di ba't kailangang magdusa nang ganito ang Mesiyas bago pumasok sa kanyang Luwalhati?" 27 At sinimulan niyang ipaliwanag sa kanila ang lahat ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa kanya, mula kay Moises hanggang sa lahat ng Propeta.

28 Nang malapit na sila sa nayong pupuntahan nila, parang magpapatuloy pa

---

walang makapapasok sa Kaharian nang hindi dumadaan sa kamatayan.

*Cleofas* (b. 18): ang asawa ni Mariang ina nina Jaime at Jose (tingnan Jn 19:25 at Mc 15:40).

*Hindi nila siya nakilala* (b. 16). Siguro'y iba ang itsura ni Jesus gaya ng sinasabi sa Jn 20:14 at 21:4. Ganito rin ang sinasabi ni Marcos (16:12). Pero gusto ring ipaunawa ni Lucas na ang mga mismong mata na ayaw kumilala kay Jesus ang makakakita sa kanya pag sapit nila sa pananampalataya (b. 31).

*Mula kay Moises... sa lahat ng Propeta* (b. 27). Alalahanin nating isang paraan ng pagtukoy sa Biblia ang salitang "si Moises at ang Mga Propeta". Inaanyayahan sila ni Jesus na lumipat sila mula sa pananampalataya o pag-asa ng Israel para sa isang masayang hinaharap para sa buong bansa tungo sa pananampalataya mismo sa kanya sa pagtanggap sa misteryo ng pagtatakwil sa kanya at ng kanyang Pasyon.

*Ang lahat ng sinasabi ng Kasulatan tungkol sa kanya* (b. 27). Hindi lamang ang lahat ng tekstong nagpapahayag ng kanyang Pasyon at Pagkabuhay tulad ng Is 50; Is 52:13; Zac 12:11; Slm 22; Slm 69 ang natagpuan ni Jesus kundi lahat ng tekstong nagsasaad ng plano ng Diyos tungkol sa kasaysayan ng tao.

Ganito rin ang nangyayari ngayon sa ating mga sumasampalataya sa madalas nating pagrereklamo at pagpapakita ng kawalang-pasensya. Pero hindi tayo iniiwang mag-isa ni Jesus. Hindi siya nabuhay para lamang umupo sa langit, kundi nangunguna siya sa sangkatauhang naglalakbay, at hinihila niya tayo tungo sa pinakahuling araw na makikipagtagpo siya sa atin.

Pero kasabay rin natin siyang naglalakad, at sa pagbagsak ng ating mga pag-asa, iyon naman ang sandali na nadidiskubre natin ang kahulugan ng Muling Pagkabuhay.

Kaya ginagawa para sa atin ng Iglesya ang ginawa ni Jesus para sa dalawang alagad. Una'y ibinibigay nito sa atin ang interpretasyon ng Mga Kasulatan: hindi ang makapagsaulo ng maraming teksto ang importante para maunawaan ang Biblia kundi ang madiskubre ang mga hiblang nag-uugnay sa iba't ibang pangyayari at ang maunawaan ang plano ng Diyos tungkol sa kasaysayan ng tao. Sa unang aral niya tungkol sa Biblia, itinuro ni Jesus na *kailangang magdusa ang Kristo*.

Ipinagdiriwang din naman ng Iglesya ang Eukaristiya. Pansinin kung paanong sinasabi ni Lucas: Kumuha siya ng tinapay, nagpasalamat, pinira-piraso, ibinigay. Ang apat na salitang ito ang ginagamit ng mga sumasampalataya para tukuyin ang Eukaristiya. Makalalapit tayo kay Jesus sa pag-uusap natin at pagninilay sa kanyang salita; madarama natin ang kanyang presensya sa ating mga pagsasama-sama bilang magkakapatid, pero *nagpapakilala siya* sa ibang paraan sa pagsasalo natin sa tinapay na kanyang katawan.

siya ng paglakad. 29 Pero pinilit nila siya:
"Manatili kang kasama namin dahil dapit-
hapon na at lumulubog na ang araw."
Kaya pumasok siya at sumama sa kanila.
30 Nang nasa hapag na siyang kasalo nila,
kumuha siya ng tinapay, nagpuri at
piniraso ito at ibinigay sa kanila.

31 At noo'y nabuksan ang kanilang
mga mata at nakilala nila siya, at nawala
siya sa kanilang paningin. 32 Nag-usap
sila: "Hindi ba't nag-aalab ang ating puso
nang kinakausap niya tayo sa daan at
ipinaliliwanag sa atin ang mga Kasula-
tan?"

33 Noon di'y tumayo sila at nagbalik sa
Jerusalem. Nakita nila roon na magka-
kasama ang Labing-isa at ang iba nilang
kasamahan. 34 Sinabi ng mga iyon sa
kanila: "Totoo ngang binuhay ang Pangi-
noon at napakita siya kay Simon." 35 At
isinalaysay naman nila ang nangyari sa
daan at kung paano nila siya nakilala sa
pagpipiraso ng tinapay.

**Napakita si Jesus sa mga apostol**

*(Jn 20:19)*

• 36 Habang pinag-uusapan nila ang
mga ito, tumayo siya mismo sa gitna nila
(at sinabi sa kanila: "Huwag kayong
matakot, sumainyo ang kapayapaan!").
37 Nagulat nga sila at natakot, at akala'y
nakakakita sila ng kung anong espiritu.
38 Ngunit sinabi niya sa kanila: "Bakit
kayo naliligalig at pumapasok ang alinla-
ngan sa inyong isipan? 39 Tingnan ninyo
ang aking mga kamay at mga paa, ako
nga siya. Hipuin ninyo ako at unawain
ninyo na walang laman at mga buto ang
isang espiritu, at nakikita ninyo na meron
ako." (40 Matapos masabi ito, ipinakita
niya sa kanila ang kanyang mga kamay
at paa.)

41 Hindi sila makapaniwala sa labis na
galak at nagtataka pa rin kaya sinabi
niya sa kanila: "May makakain ba kayo
rito?" 42 At binigyan nila siya ng isang
pirasong inihaw na isda (at pulot-puk-
yutan). 43 Kinuha niya iyon at kumain sa
harap nila.

**Mga huling tagubilin**

• 44 Sinabi niya sa kanila: "Sinabi ko na
sa inyo ang mga ito nang kasama ninyo
ako: kailangang matupad ang lahat ng

---

• 36. Mula sa araw ng muli niyang pagkabuhay, isinilang na muli si Jesus sa maluwalhating buhay. "Nasa Luwalhati na siya ng Ama" pero gusto niyang makapiling ang kanyang mga alagad sa iba't ibang pagkakataon para kumbinsihin sila na hindi mas mababang klase ng buhay ang bago niyang kalagayan, na parang nagmumulto lamang siya, kundi isang "super-buhay".

• 44. Sinasamantala ni Jesus ang mga pagtatagpong ito para linawin sa kanyang mga apostol ang kahulugan ng kanyang maikli at maningning na misyon. Inililigtas niya tayo sa kasalanan, na walang iba kundi ang pagsasaayos na muli sa kasaysayan at pagbubuo ng sambayanan.

*Kailangang matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin.* Kailangang magkatotoo ang ibinalita ng mga propeta tungkol sa isang tagapagligtas na itatakwil ng kanyang bayan at siyang magpapasan sa kasalanan ng kanyang bayan. Anong kasalanan? Ang mga kasalanan ng lahat siyempre, pero pati ang karahasan ng buong lipunang Judio sa panahon ni Jesus. Ang kasalanang ito ang dinala niya sa krus.

Ang totoo'y hindi lamang kay Jesus nakalaan ang daang ito ng kamatayan at muling pagkabuhay kundi pati na sa kanyang bayan. Sa mismong oras na ito, kailangang tanggapin ng Israel na sakop ng Imperyong Romano ang mamatay sa kanyang mga makamundong ambisyon: awtonomiya, pambansang da-ngal, ang kahigtan ng mga Judio sa ibang mga tao pagdating sa relihiyon… para muling mabuhay bilang bayan ng Diyos na nakakalat sa mga bansa at maging tagapaghatid ng kaligtasan. Pero hindi pumasok ang Israel sa daang ito kaya umaasa si Jesus na gagampanan ng kanyang Iglesya ang papel na ito: mangaral sa lahat ng bansa sa kanyang pangalan.

*Pagsisisi at kapatawaran sa ngalan niya.* Hindi basta pagbabagumbuhay ang pagbabalik-loob ng Kristiyano. Nangangahulugan ito ng pagbabago sa tao sa kaibuturan mismo ng kanyang sarili sa pagkadiskubre niya sa labis-labis na pag-ibig ng Diyos. Dito nagsisimula ang ating pagbabago. Pero hindi lamang ito pagwawaksi sa mga kasinungalingan, mga paglalasing at pagnanakaw. Hindi magkakatotoo ang ating pagbabalik-loob hanggang hindi natin nalalaman ang lahat ng puwersa, sagabal, kaugalian at batas na nagpapaging iresponsable at marahas sa atin, sa pagiging kasabwat natin mismo sa ganitong sitwasyon dahil sa pagkamakasarili at lalo na sa kaduwagan. Kaya ang pangangaral sa *mga bansa* ay nangangahulugan

nasusulat tungkol sa akin sa Batas ni Moises, Mga Propeta at Mga Salmo."

45 At binuksan niya ang kanilang isipan
para maunawaan nila ang mga Kasulatan.
46 Sinabi niya: "Ganito ang nasusulat:
kailangang magdusa ang Mesiyas at pagkamatay niya'y buhayin sa ikatlong
araw. 47 Sa ngalan niya ipahahayag sa
lahat ng bansa ang pagsisisi at ang kapatawaran ng mga kasalanan – sa Jerusalem kayo magsisimula. 48 Kayo ang
magiging mga saksi sa mga ito. 49 Ipadadala ko naman ngayon sa inyo ang ipinangako ng aking Ama kaya manatili kayo sa lunsod hanggang mabihisan kayo ng lakas mula sa itaas."

50 At lumabas sila ni Jesus hanggang sa
may Betania, at itinaas niya ang kanyang mga kamay at binasbasan sila.
51 At habang binabasbasan niya sila, humiwalay siya sa kanila (at dinala sa langit.
52 Sinamba naman nila siya.). Nagbalik sila sa Jerusalem na puspos ng galak
53 at lagi sila sa Templo na nagpupuri sa Diyos.

---

din ng edukasyon ng mga bansa at pati na ng buong lipunang pandaigdigan. Hindi pansampung taon lamang ni pansandaang taon.

*Mga saksi kayo sa mga ito.* Ang kanyang mga apostol ang ginagawa ni Jesus na mga opisyal na saksi ng kanyang Ebanghelyo at sila rin ang magpapasya sa tunay na pananampalataya.

*Manatili kayo sa lunsod.* Hindi dapat planuhin ng mga apostol ang pagmimisyon. Habang hinihintay nila ang oras na itinakda ng Ama para ibigay sa kanila ang *lakas na mula sa itaas,* mas mabuting ilaan nila ang sarili sa pagpapalakas ng kapatiran at pagpapaalab ng damdamin ng komunidad ng mga disipulo.

*Ipadadala ko sa inyo ang ipinangako ng aking Ama.* Wala nang hihigit pa sa pagpapahayag ni Jesus sa kanyang makadiyos na kapangyarihan at sa kaisahan ng tatlong persona ng Diyos.

*Humiwalay siya.* Ito ang pinakahuli sa mga pagpapakita ni Jesus sa grupo ng mga alagad.

At dito nagwawakas ang unang aklat ni Lucas. Mababasa natin ang pangalawa niyang libro, ang Aklat ng Mga Gawa ng Mga Apostol, kasunod ng mga Ebanghelyo. At nagsisimula iyon kung saan nagtatapos ang Ebanghelyong ito.